

PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA TULAD NG PAGKALAT NG LEBADURA

HARVESTIME INTERNATIONAL INSTITUTE

Ang kursong ito ay bahagi ng **Harvestime International Institute**, isang programang inihanda upang mabigyang kakayahan ang mga mananampalataya tungo sa mabisang pagaanang espirituwal.

Ang batayang paksa ng pagsasanay na ito ay ituro ang mga itinuro ni Jesus, kung paanong ang mga mangingisda, kolektor ng buwis at iba pa, ay binago Niya at naging mga mabubungang Cristiano at ang mga ito ay naghatid ng ebanghelyo sa kanilang daigdig na may kapahayagan ng kapangyarihan.

Ang manwal na ito ay isang kurso na kabilang sa ilang mga *modules* ng kurikulum na gumagabay sa mga mananampalataya mula sa pagmamasid, tungo sa pagsasagawa, pagpaparami, at pagsasangkot upang maabot ang ebanghelisasyon.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga dagdag ng mga kurso, sumulat sa:

NILALAMAN

Paano Gamitin ang Manwal na ito	I
Mga Mungkahi Para sa Sama-samang Pag-aaral	II
Pambungad Ng Kurso	1
Mga Layunin ng Kurso	3

UNANG BAHAGI: HUMAYO

Pambungad Sa Unang Bahagi	4
1. Panghihikayat ng Kaluluwa Tulad ng Pagkalat ng Lebadura.	5
2. Ang Utos	18
3. Ang Mensahe	30
4. Ang Mga Mensahero	41
5. Paghahatid Ng Mensahe	52
6. Mga Tatanggap ng Mensahe	58
7. Mga Pamamaraan: Mga Prinsipyo ng Bagong Tipan.	69
8. Mga Pamamaraan: Mga Talinghaga sa Bagong Tipan	81
9. Mga Pamamaraan: Personal na Panghihikayat ng Kaluluwa	89
10. Mga Pamamaraan: Ang Pagharap Sa Mga Kahirapan	102
11. Mga Pamamaraan: Pagsuyod Na Ebanghelismo	110
12. Mga Paraan: Pangmaramihan Na Panghihikayat Ng Kaluluwa.	121
13. Mga Pagpapasiya o Mga Disipolo?	142
14. Pagpapalano Para Sa Panghihikayat Ng Kaluluwa	154
15. Pakikipagtulungan Para Sa Panghihikayat Ng Kaluluwa	163

IKALAWANG BAHAGI: SA IYONG PAGHAYO

Pambungad Sa Ikalawang Bahagi	174
16. Ang Pambungad Para Sa Pagpapagaling At Pagpapalaya	175
17. Mga Bagay Na Naka-aapekto Sa Kagalingan.	204
18. “Sa Iyong Paghayo, Magpagaling”	228
19. “Sa Iyong Paghayo, Magpalaya”	247

IKATLONG BAHAGI: HABANG IKAW AY NAROON

Pambungad Sa Ikatlong Bahagi	285
20. Pagtatanim Ng Iglesya: Ang Modelo	287
21. Pagtatanim Ng Iglesya: Mga Paraan	294
22. Pagtatanim Ng Iglesya: Ang Pagpaparami	312

<u>APENDISE:</u> Ang Huling Pananalita .	.	.	.	.	.	321
Mga Sagot sa Pansariling Pagsusulit .	.	.	.	.	.	324

PAANO GAMITIN ANG MANWAL NA ITO

PORMAT NG MANWAL

Mga Layunin: Ito ang mga layuning na dapat maabot sa pagaaral ng kabanata. Basahin muna ang mga ito bago simulan ang aralin.

Susing Talata: Ang talatang ito ang nagbibigay diin sa kaisipan ng kabanata. Isaulo ito.

Nilalaman ng Kabanata: Pagaralan ang bawat seksyon. Gamitin ang iyong Biblia sa pagtingin sa mga reperensya na hindi nalimbag sa manwal.

Pansariling-Pagsusulit: Isagawa ang pagsusulit na ito pagkatapos pagaralan ang kabanata. Sikaping sagutin ang mga tanong na hindi ginagamit ang Biblia o ang manwal na ito. Pag natapos na ang Pansariling-Pagsusulit, ihambing ang inyong mga sagot sa Seksyon ng mga Sagot sa dulo ng aklat.

Para sa Dagdag na Pag-aaral: Ang seksyon na ito ay tutulong sa iyo na ituloy ang iyong pagaaral ng Salita ng Diyos, palaguin ang inyong kakayahang magaral, at iangkop ang iyong natutuhan sa buhay at ministryo.

Pangwakas na Pagsusulit: Kung ang pag-enrol mo sa kursong ito ay upang makaipon ng credits, kailangang kumuha ka ng Pangwakas na Pagsusulit para sa kursong ito. Sa pagtatapos ng kursong ito, kumpletuhin ang pagsususlit at ibalik ito ayon sa tagubilin upang mabigyan ng grado.

DAGDAG NA KAILANGANG GAMIT

Kakailanganin mo ang salin sa Tagalog- Ang Biblia

MGA MUNGKAHI PARA SA SAMA-SAMANG PAG-AARAL

UNANG PAGTITIPON

Pasimula: Magsimula sa panalangin at pagpapakilala. Magkilanlan at ilita ang mga magaaral.

Ilatag ang mga Pamararaan sa Grupo: Tiyakin kung sino ang mangunguna sa mga pagtitipon, ang oras, ang lugar, at petsa para sa mga sesyon.

Praise and Worship: Anyayahan ang presensya ng Espiritu Santo sa inyong mga sesyon ng pagsasanay.

Ipamahagi ang mga Manwal sa mga Magaaral: Ipabatid ang paksa ng manwal, pormat, at mga layunin ng kurso na nakatala sa mga paunang pahina ng manwal na ito.

Ibigay ang Unang Takdang-Aralin: Babasahin ng mga magaaral ang mga itinakdang kabanata at gawin ang Pangsariling-Pagsusulit bago maganap ang unang pagtitipon. Ang bilang ng kabanata na masasakop kada pagtitipon ay naka depende sa haba, nilalaman ng mga kabanata at kakayahan ng grupo.

PANGALAWA AT MGA SUMUSUNOD NA MGA PAGTITIPON

Pasimula: Manalangin. Tanggapin at irehistro ang sinumang bagong magaaral at bigyan sila ng manwal. Ilista ang mga present. Magdaos ng Praise and Worship.

Pagbabalik-Aral: Magbigay ng maikling kabuuan ng mga pinagralan sa nakaraang pagtitipon.

Aralin: Talakayin ang bawat seksyon ng kabanata na ginagamit ang mga **PAMAGAT NA NAKATITIK NG MALAKING MGA LETRA** bilang balangkas ng pagtuturo. Hayaang magtanong o mag-komentaryo ang mga magaaral sa kanilang mga napagalaran na. Iangkop ang mga aralin sa buhay at mga ministeryo ng iyong mga magaaral.

Pangsariling-Pagsusulit: Balikan ang Pangsariling-Pagsusulit na natapos na ng mga magaaral. (Bigyang-pansin: Kung hindi mo nais na tingnan ng mga magaaral ang mga sagot sa Pangsariling-Pagsusulit, maaari mong alisin ang mga pahina ng mga sagot sa dulo ng manwal.

Para sa Dagdag na Pagaaral: Maaari mong gawin ng sama-sama o isahan ang mga proyekto .

Pangwakas na Pagsusulit: Kung ang iyong grupo ay nag-patala para magkaroon ng credit, kailangan ang Pangwakas na Pagsusulit. Magpa-kopya para sa bawat magaaral at pangasiwaan ng pagtatapos ng kurso.

II Module: Panghihikayat

Kurso: Panghihikayat Ng Kaluluwa Tulad Ng Pagkalat Ng Lebadura

PAMBUNGAD

- Halos ikatatlong bahagi ng populasyon ng mundo ay hindi pa nakakarinig ng mensahe ng Ebanghelyo.
- Kahit sa isang libong grupo ng mga tao ang hindi pa napapasok para Sa Panginoong Jesu Cristo.
- Maraming mga tribo ang hindi pa nakatatanggap ng kanilang unang misyonero.
- May higit kumulang na 1,700 na mga lengguwahe na walang nakasulat na Salita Ng Dios.
- Ang populasyon ng mundo ay madodoble sa loob ng 50 mga taon.

Kung ating iisipin ang mga estatistika na katulad nito sa mga terminong pagtupad sa Dakilang Utos Ni Jesu Cristo para dalhin ang Ebanghelyo ng Kaharian Ng Dios sa bawa't nilalang, ating napagtatanto na tayo ay nahaharap sa malaking gawain. Ang kursong ito ay nasulat para pakilusin at ihanda ang mga mananamaplataya para matupad ang dakilang hamon. Ito ay malaking gawain, ngunit hindi imposible.

Karamihan sa mga kurso ng panghihikayat ng kaluluwa ay nakatuon sa utos na “humayo” sa lahat ng mundo kasama ang Ebanghelyo. Kanilang binibigyan ng tuon ang pangangaral at pagtuturo ng mensahe ng Ebanghelyo. Ang kursong ito ay naiiba dahil ito ay nakatuon din kung ano ang sinabi Ni Jesus na gawin “sa iyong paghayo” at ang halimbawa ng Iglesia sa Bagong Tipan kung ano ang gagawin “habang ikaw ay nandoon.” Ang kurso ay nahahati sa tatlong mga bahagi:

Unang Bahagi, ang pamagat ay “Humayo.” Ito ay nakatuon sa utos na ibinigay Ni Jesus na ipangaral ang Ebanghelyo ng Kaharian Ng Dios sa lahat ng nilalang. Kasama dito ang panuto sa mensahe na dapat ibahagi, ang mga mensahero, kung paano ipahahatid ang Ebanghelyo, at ang mga tatanggap ng mensahe. Ang paraan ng panghihikayat ng kaluluwa ay itinuro rin, na binigyan diin ang mga ginamit sa panahon ng Bagong Tipan. Ang parehong paraan ng personal at pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa ay tinalakay, na may tiyak na panuto kung paano haharapin ang mga kahirapan at ang pagsubaybay na pagkalinga sa mga bagong nahikayat. Ibinigay din ang panuto sa pagpapalano at pagpapakilos sa espirituwal na kayamanan at pakikipagtulungan sa iba para sa panghihikayat ng kaluluwa.

Ikalawang Bahagi, ang pamagat ay “Sa iyong paghayo.” Sa Ebanghelyo ng Bagong Tipan, hindi kailanman inutusan Ni Jesus ang kahit sino na ipangaral ang Ebanghelyo ng wala ang paguutos na sila ay magministeryo ng pagpapagaling at pagpapalaya. Sinabi Niya sa kanila “Sa inyong paghayo... pagalingin ang may sakit, palayasin ang mga demonyo...” (Mateo 10:1,7-8). Habang ang maraming tao ay lumalapit para sa pagpapagaling at pagpapalaya, ang espirituwal na pag-aani ay nagsimulang dumami ng napakabilis na kinailangan ng bagong manggagawa. Hindi nagtagal ang 70 mga disipolo ay kinailangan at pinahayo para

mangaral, magturo, at magpalaya. Ang pagpapakita ng kapangyarihan na ito “ sa kanilang paghayo” ang nagdulot ng mabilis na pagkalat ng Ebanghelyo sa buong mundo. Dahil sa kadahilanan na ito, ang ikalawang bahagi ng kursong ito ay nakatuon sa ministryo ng pagpapagaling at pagpapalaya na dapat kasama ng pangangaral at pagtuturo ng Ebanghelyo.

Ikatlong Bahagi ay nakatuon sa halimbawa ng ipinahayag sa Iglesya sa Bagong Tipan kung ano ang dapat gawin “ habang ikaw ay nandoon.” Iminumungkahi nito na ang panghihikayat ng kaluluwa ay hindi lubos hanggat ang isang iglesya ay naitatag sa grupo ng mga bagong mananampalataya. Ang panghihikayat ng kaluluwa na walang pagtatatag ng lokal na iglesya ay katulad ng pagsilang ng isang bata sa mundo at hindi angkinin ang responsabilidad para sa kasunod na pag-aalaga sa kanila. Ang tao ay hindi dapat na ituring na “nahikayat” hanggat siya ay hindi siya kumikilos na bahagi ng lokal na pagtitipon ng iglesya. Para magawa ito, mayroon dapat na lokal na iglesya.. Ang isang lugar ay hindi dapat ituring na nahikayat hanggat hindi nakapagtatag ng isang iglesya dito.

Ang tatlong-bahagi ng panghihikayat ng kaluluwa ay tinatawag na” panghihikayat ng kaluluwa tulad ng pagkalat ng lebadura” dahil ikakalat nito ng mabilis ang Ebanghelyo sa buong mundo kung paano ang lebadura ay mangalat sa isang tumpok ng masa ng tinapay. Maaaring kakaunti at nakatago ang lebadura, ngunit ang lakas nito ay walang hangganan.

MGA LAYUNIN NG KURSO

Pagkatapos pag-aralan ang kursong ito ikaw ay may kakayahan na:

- Ibigay ang kahulugan ng panghihikayat ng kaluluwa tulad ng pagkalat ng lebadura
- Ipaliwanag ang utos ng panghihikayat ng kaluluwa.
- Ibuod ang mensahe ng panghihikayat ng kaluluwa.
- Kilalanin ang mga mensahero ng panghihikayat ng kaluluwa.
- Kilalanin ang mga tatanggap ng mensahe.
- Ihatid ang Ebanghelyo sa iba.
- Ibuod ang mga prinsipyo ng Bagong Tipan tungkol sa panghihikayat ng kaluluwa.
- Ibuod ang mga talinghaga ng Bagong Tipan tungkol sa panghihikayat ng kaluluwa.
- Gumawa ng personal na panghihikayat ng kaluluwa.
- Harapin ang mga kahirapan na iyong hinaharap sa panghihikayat ng kaluluwa .
- Abutin ang buong lugar sa pamamagitan ng “saturation evangelism” (pagbababad sa panghihikayat ng kaluluwa.)
- Gumawa ng pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa.
- Subaybayan at alagaan ang bagong mga nahikayat.
- Gumawa ng plano para sa panghihikayat ng kaluluwa.
- Makipagtulungan sa iba sa panghihikayat ng kaluluwa.
- Ibuod kung ano ang itinuturo ng Biblia tungkol sa pagpapagaling at pagpapalaya.
- Ipaliwanag ang mga pabagu-bago na umaapekto sa kagalingan.
- “ Sa iyong paghayo, pagalingin.”
- “ Sa iyong paghayo, palayain.”
- Ilarawan ang halimbawa ng Bagong Tipan sa pagtatayo ng iglesya.
- Sundin ang mga paraan ng Bagong Tipan sa pagtatayo ng mga iglesya.
- Sundin ang mga paraan ng Bagong Tipan sa pagpaparami ng mga iglesya.

PAMBUNGAD SA UNANG BAHAGI

“HUMAYO”

Ang unang bahagi ay nakatuon sa utos na “humayo” sa lahat ng mundo at hikayatin ang bawa’t buhay na nilalang.

Sa bahaging ito iyong natututunan ang tungkol sa utos na ibinigay Ni Jesus na ipangaral ang Ebanghelyo ng Kaharian at tanggapin ang panuto sa mensahe na dapat maipamahagi, ang mensahero ng Ebanghelyo, paano ibabahagi ng Ebanghelyo, at kanino ito dapat na ibahagi.

Matututo ka ng maraming mga paraan ng panghihikayat ng kaluluwa, na nakatuon sa mga ginamit sa panahon ng Bagong Tipan. Ang parehong personal at pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa ay tinalakay, na may tiyak na panuto kung paano harapin ang mga kahirapan sa panghihikayat at pagsubaybay ng bagong mga nahikayat.

Ang panuto ay ibinigay din sa pagpapalano at pakikipagtulungan sa iba para sa layunin ng panghihikayat ng kaluluwa.

At ngayon... ikaw ba ay handa na “HUMAYO”?

UNANG KABANATA

ANG PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA TULAD NG PAGKALAT NG LEBADURA

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng “panghihikayat ng kaluluwa tulad ng lebadura.”
- Ipaliwanag ang “kahulugan ng nawala.”
- Ipaliwanag ang “kahihinatnan ng nawala.”
- Kilalanin ang anim na mga hakbang ng proseso ng panghihikayat ng kaluluwa.

SUSING TALATA:

At muling sinabi niya, sa ano ko itutulad ang kaharian ng Dios?

Tulad sa lebadura na kinuha ng isang babae, at itinago sa tatlong takal na harina, hanggang sa ito’y nalebadurang lahat. (Lucas 13:20-21)

PAMBUNGAD

Tinatalakay ng aralin na ito ang pangangailangan ng panghihikayat ng kaluluwa, ipinapaliwanag ang proseso ng panghihikayat ng kaluluwa., at ibinibigay ang kahulugan ng mga termino na mahalaga para maunawaan mo sa pagsisimula ng iyong pag-aaral ng paksang ito. Sa panahon ng Lumang Tipan nang ang templo ay itinatag, ang tunog ng martilyo, lagari, palakol, o anumang kasangkapan na bakal ay hindi narinig habang ito ay itinatayo (I Mga Hari 6:7)

Ang katahimikan kung saan ang natural na mga bato ay nailagay sa kanyang lugar ay natural na halimbawa ng dakilang espirituwal na katotohanan. Isang “mas dakila kay Solomon” ay nagtatatag ng gusali isang dakilang espirituwal na templo. Ang espirituwal na templong ito ay gawa sa “buhay na mga bato” na inilatag ng Panginoon Jesu Cristo. Ang templong ito ay naitayo ng tahimik, kung saan ang bawa’t bato ay lubos na magkakaakma. Ito ay nangyari sa pamamagitan ng tahimik ngunit makapangyarihang proseso ng “panghihikayat ng kaluluwa na mistulang lebadura.”

PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA NA KATULAD NG LEBADURA

At muling sinabi niya, sa ano ko itutulad ang kaharian ng Dios?

Tulad sa lebadura na kinuha ng isang babae, at itinago sa tatlong takal na harina, hanggang sa ito'y nalebadurang lahat. (Lucas 13:20-21)

Ipinahahayag ng talatang ito na Ang Dios ay gumagawa na walang maraming kasunod na ingay at publisidad. Iyong maaasahan na ang Kaharian ay lalaganap sa pamamagitan ng panlabas katulad ng paglupig ng kawal at pagsakop ng kontinente. Ngunit ang pagkalat ng Kaharian Ng Dios ay katulad ng isang buobuo na lebadura na masa ng tinapay. Ang lebadura ay maaaring kakaunti at nakatago, ngunit mayroong walang hanggang kakayahan. Katulad ng lebadura, ang kapangyarihan ng Kaharian ay hindi panlabas sa halip ay panloob.

Sa ibang halimbawa, inihambing Ni Jesus ang paglaganap ng Kaharian Ng Dios sa isang buto ng mustasa:

...Sa ano tulad ang kaharian ng Dios? at sa ano ko itutulad?

Tulad sa isang butil ng mostasa na kinuha ng isang tao, at inihagis sa kaniyang sariling halaman; at ito'y sumibol, at naging isang punong kahoy; at humapon sa mga sanga nito ang mga ibon sa langit. (Lucas 13:18-19)

Sa nakaraan na talinghaga, inihambing Ni Jesus ang pananampalataya sa isang butil ng mustasa. Sinabi niya na walang imposible sa kahit na maliit na pananampalataya. Katulad ng paraan kung paano ang lebadura ay kumakalat, isang maliit na butil ng mustasa ay lumago sa isang malaking puno. Ang halimbawa na ito ay naglalarawan ng tahimik, subalit makapangyarihan at mabisang paraan ng pagsulong ng Kaharian.

Maraming bagong mga paraan na makatutulong sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. Ang mga ito ay tinatawag na “teknolohiya.” Kasama dito ang mga bagay katulad ng mga imprenta, mga “computer”, mga radio, telebisyon, “audio at video tapes”, at “satellites”. Ang bagong paraan ng paglalakbay ay nakatutulong din sa mga tao na makapaglakbay ng mabilis pata ipalaganap ang Ebanghelyo. Ang lahat ng mga bagong teknolohiya ay kagamit-gamit ngunit ang tunay na kapangyarihan ng Ebanghelyo ay mananatiling panloob. Ang ibig sabihin natin nito ay ang kapangyarihan ng Ebanghelyo mismo. Ito ang inilalarawan ng talinghaga ng lebadura at ng butil ng mustasa.

Ang Ebanghelyo ng Kaharian Ng Dios ay darami para lumaganap sa buong “tipak ” ng mundo dahil sa panloob na kapangyarihan ng Kaharian na katulad ng lebadura sa masa ng tinapay. Ang ibig sabihin nito ay ang paglaganap ng Ebanghelyo ay hindi limitado kung saan ang tao ay hindi sumusulong sa teknolohiya. Kahit sa maliit na pananampalataya, ang Kaharian ay susulong. Ito ang panghihikayat ng kaluluwa na mistulang lebadura.

ANG KAHULUGAN NG PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

Ang salita para sa “panghihikayat ng kaluluwa o “panghihikayat” ay galing sa salitang Griego na “evangelion.” May apat na uri ng payak na salita. Ang ibig sabihin ng isang

salita ay “mabuting balita,” ang ibig sabihin ng dalawang salita “ ipahayag ang mabuting balita,” at ang isa ay tumutukoy sa “evangelista” o tao na gumagawa ng pagpapahayag.

Hindi lamang ang ibig sabihin ng panghihikayat ng kaluluwa ay serye ng pagtitipon o mga “church service”. Ang panghihikayat ng kaluluwa ay hindi katulad ng “revival”. Ang “revival ay pagkilos Ng Panginoon sa Iglesya. Ang tuon sa “revival” ay sa presensiya ng Panginoon sa panunumbalik ng buhay ng Kanyang mga anak. Ang panghihikayat ng kaluluwa ay pagkilos ng iglesya para sa Panginoon.. Ang tuon sa panghihikayat ng kaluluwa ay sa karanasan ng bagong kapanganakan. Ang simula ng espirituwal na buhay. Ang muling pagbabago ay resulta ng “revival”, gayun man, inihahanda nito ang mga puwersa ng panghihikayat ng kaluluwa na resulta ang “bagong nilalang Kay Cristo” kaya nga ang dalawa ay mahigpit na magkaugnay sa termino ng espirituwal na buhay.

Ang Panghihikayat ng kaluluwa ay:

... “ pagpapahayag ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo sa paraan na ang lalake at babae ay may balidong pagkakataon na tumanggap Kay Jesu Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon at maging responsable na kaanib ng Kanyang Iglesya.”

Ating siyasatin ng detalye ang kahulugan nito. Ang “Ebanghelyo” ay mensahe na dapat na ibahagi. Ang pangunahin na mensahe Ng Ebanghelyo ay ibinuod sa I Corinto 15:1-5, subalit ang “Ebanghelyo ng Kaharian” ay aktuwal na kasama ang lahat ng itinuro Ni Jesus (Mateo 28:18-20). Ang pagkahikayat batay sa Biblia ay galing sa katotohanan. Ang Ebanghelyo ay pagtatagpo sa pagitan ng katotohanan at hindi makatuwiran, Si Cristo at ang mga makasalanang, at ang Langit at Impiyerno.

Ang Ebanghelyo ng Kaharian Ng Dios ang dapat na ibahagi, hindi ang mga tradisyon ng mga tao o pinaniniwalaan ng denominasyon. Ang layunin ay hindi para tuligsain ang sistema ng politika o ibang mga relihiyon. Ang layunin ay hindi baguhin ang lipunan, subalit makita ang pagbabago ng mga tao sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Ebanghelyo.

Ang layunin ay hindi rin ang “mabuting mga gawa” ng edukasyon, medical, o pagaalaga at programa ng pagpapakain. Ang mga ito ay makabubuti sa pagtupad ng Dakilang Utos kung ito lamang ay ginawa sa konteksto ng panghihikayat ng kaluluwa. Ang pagpapahayag ng Ebanghelyo ay dapat na maging layunin kung hindi ang mga ito ay magiging programa lamang ng panlipunan.

Si Jesus ay nagministeryo sa pisikal na mga pangangailangan sa pagpapakain ng maraming tao, pagpapagaling, at pagpapalaya. Subalit ang mga gawain na ito ay ginawa sa konteksto ng panghihikayat ng kaluluwa. Kasama nito ang pagtuturo at pangangaral ng Ebanghelyo.

Ang ibig sabihin ng “maipahayag ang Ebanghelyo” ay maibahagi sa paraan na mag-aakay sa mga tao para tanggapin Si Jesu Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon. Kung iyong ibinahagi ang Ebanghelyo sa paraan na ito, ikaw ay nanghihikayat ng kaluluwa. Kung ikaw ay manghihikayat ng kaluluwa, dapat kang makipagugnayan sa mga

espirituwal na nawawala sa kasalanan, kaya nga ang panghihikayat ng kaluluwa ay dapat mangyari kung nasaan ang mga makasalanan.

Ang ibig sabihin ng “Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo” ay ang mensahe ay dapat na maipahayag hindi lamang sa berbal na pamamaraan, subalit sa pamamagitan ng pagpapakita ng kapangyarihan. Sinabi ni Pablo:

At ang aking pananalita at ang aking pangangaral ay hindi sa mga salitang panghikayat ng karunungan, kundi sa patotoo ng espiritu at ng kapangyarihan:

Upang ang iyong pananampalataya ay huwag masalig sa karunungan ng mga tao, kundi sa kapangyarihan ng Dios. (I Corinto 2:4-5)

Ang ibig sabihin din ng “Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo” ay ang pagpahid ng Espiritu Santo ay dapat nasa pagpapahayag ng Ebanghelyo, dahil kailangan ang gawa Ng Espiritu para makahikayat

Walang taong makalalapit sa akin, maliban na ang Amang nagsugo sa akin ang sa kaniya’y magdala sa akin; at siya’y aking ibabangon sa huling araw. (Juan 6:44)

Ang ibig sabihin ng “pagtanggap” ay ang mga nakikinig ay tumutugon sa mensahe. Ang impormasyon na walang paganyaya ay panuto. Ito ay pangangaral, ngunit hindi panghihikayat ng kaluluwa. Mayroon dapat na pagkakataon na tumugon sa tunay na panghihikayat ng kaluluwa . Ang pagbibigay ng iyong testimonyo tungkol sa iyong pagkahikayat ay paraan ng panghihikayat ng kaluluwa na tinatawag na “pagsaksi”, subalit hindi ito panghihikayat ng kaluluwa. Ang pagsaksi ay hindi panghihikayat. Ang pagsaksi ay mahalaga, ngunit hindi ito kasiguruhan ng kaligtasan. Ang tunay na panghihikayat ng kaluluwa ay pagpapakilala sa mga tao Kay Cristo sa paraan na makikita nila ang pangangailangan ng personal na pagpapasiya. Ang resulta ng panghihikayat ng kaluluwa sa karanasan ng pagiging “born again” na tinatawag na “pagkahikayat o “kaligtasan.”

Ang “pagtanggap Kay Jesu Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon” ay hindi lamang pagtugon para tanggapin ang kaligtasan ngunit isang proseso na nag-aakay tungo Kay Jesus na maging Panginoon ng buhay ng tao. Ito ay nagpapahiwatig na ang bagong nahikayat ay naging disipolo at naging responsable na kaanib ng Iglesya. Pansinin na ito ay Kanyang Iglesya,” ang ibig sabihin ay tunay na katawan Ni Cristo, hindi lamang tiyak na denominasyon o organisasyon.

Ang ibig sabihin ng isang “balidong pagkakataon” ay ang mensahe ay dapat na mapanatili na sapat sa paraan na ito ay nauunawaan ng pangkaraniwang karamihan ng mga tao. Ang ibig sabihin nito ay naipahayag na angkop sa lengguwahe, edukasyon, at antas ng kultura ng bawa’t isa. Ang ibig sabihin din nito ay hindi natin dapat na ipalagay na ang tao o nayon ay nahikayat dahil tayo ay nakapangaral minsan sa lugar. Ang pagsaksi ay dapat na mapanatili ng mahaba at sapat na maunawaan para magkaroon ng pagkakataon na tumugon. Ang bawa’t isa, isang pamilya, tribo, o bansa ay masasabing

nahikayat kung nakatagpo nila ang Ebanghelyo, sapat para magkaroon ng pagakataon na tumugon dito na may pananampalataya. Ang “balidong pagkakataon” ay nagpapahiwatig din ng makapangyarihan na mensahe na nagbibigay ng pagkakataon para sa mga tao na makita ang pagpapahayag ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng pagpapagaling at pagpapalaya.

ANG PANGANGAILANGAN NG EBANGELISMO

Bakit kailangan na mahikayat ang mundo? Para masagot ang tanong na ito kailangan na maunawaan mo ang dalawang bagay: Ang kahulugan at kahihinatnan ng nawawala.

ANG KAHULUGAN NG NAWALA:

Basahin ang tungkol sa paglikha sa tao sa Genesis mga kabanata 1 at 2. Pagkatapos basahin ang kabanata 3 tungkol sa kung paano ang kasalanan ay pumasok sa mundo. Nang sina Adan at Eva ay unang nilikha, sila ay may lubos, likas na walang kasalanan. Pagkatapos na sila ay nagkasala ang likas ay nasira. Nang sina Adan at Eva ay nagsimulang dumami at nagkaroon ng mga anak, ang mga bagong dagdag sa lahi ng sangkatauhan ay ipinanganak na may pangunahin na likas na kasalanan. Ang tao ay hindi na mabuti kung paano ito nilikha Ng Dios. Ang kanyang natural na pag-iisip at mga ginagawa ay masama.

Inilarawan ng Genesis 4:1-6:4 ang kasaysayan ng kasalanan sa pagsisimula nito para lumaganap sa buong mundo. Nakatala sa mga kabanatang ito ang unang pagpatay, ang unang panloloko, at kung paano ang kasamaan ng tao ay lumago hanggang ang bawa’t pag-iisip, gayun din naman ang gawa, ay masama. Sa wakas, ang buong mundo ay sumobra na ang kasalanan na Ang Dios ay aktuwal na nagsisi dahil ginawa Niya ang tao. (Genesis 6:5-6).

Dahil sa mabilis na paglago ng kasalanan, nagpasiya Ang Dios na gunawin ang mundo sa pamamagitan ng baha ngunit nagligtas ng isang matuwid na tao, si Noe, at ang kanyang pamilya. (Basahin nag kuwento ni Noe at ang baha sa Genesis 6: 8-9:17). Pagkatapos ng baha, ang pamilya ni Noe ay nagsimulang dumami. Halos mabilis ang pagkakaroon ng muling kasalanan. Ito ang dahilan kung bakit ang lahat ng mga tao ay tinawag ng mga “makasalanan”:

Sapagkat ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos. (Roma 3:23)

Ang lahat ng tao na hindi nagsisi sa kasalanan at nakaranas ng bagong kapanganakan na inilarawan Ni Jesus sa Juan kabanata 3 at itinuring na “nawala” dahil naiwala nila ang likas na walang kasalanan na dating pagkalikha Ng Dios sa tao. Maaari nating masabi na sila ay “hindi ligtas”o “hindi mananampalataya” dahil hindi sila naligtas mula sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng paniniwala Sa Panginoon Jesu Cristo bilang Tagapagligtas.

KAHIHINATNAN NG NAWALA:

Dahil sa dating kasalanan nina Adan at Eva, ang kamatayan ay pumasok sa mundo at dahil dito hindi naglaon ang bawa't isa ay pisikal na namatay. Pagkatapos ng kamatayan darating ng paghuhukom:

At kung paanong itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang paghuhukom. (Hebreo 9:27)

Pagkatapos ng kamatayan tatayo tayo sa harapan Ng Dios para sa paghuhukom. Ang mga tao na hindi nagsisi sa kanilang mga kasalanan ay haharap sa ikalawang kamatayan. Sila ay walanghangan na mahihiwalay mula Sa Dios sa “espirituwal na mamamatay” Ang kanilang kahihinatnan ay Impiyerno:

Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; datapuwat ang kaloob na walang bayad ng Dios ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na Panginoon. (Roma 6:23)

At nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit na nangakatayo sa harapan ng luklukan; at nangabuksan ang mga aklat: at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay: at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa.

At kung ang sinoman ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay, ay ibinulid sa dagatdagatang apoy. (Apocalipsis 20:12,15)

Kung tunay mong mauunawaan ng kahihinatnan ng nawala, iyong mapagtatanto na kailangang kailangan ang panghihikayat ng kaluluwa.

Kung ang mga tao ay hindi maabot ng Ebanghelyo, sila ay mamamatay sa kasalanan at nakaukol sila sa Impiyerno.

ANG PROSESΟ NG PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

Ang panghihikayat ng kaluluwa ay proseso na kasama ang presensiya at pagpapahayag ng Ebanghelyo, paghimok, pagtanim, pagkalubos, at pakikilahok. Siyasatin natin ang proseso na ito:

PRESENSIYA: “Presensiya” ang panghihikayat ng kaluluwa ay nagpapakita ng mga katangian Ni Jesus sa pamamagitan ng pagpapakita ng ugali at pagmamalasakit ng Kristiyano. Ang mundo ay hindi maaabot para Kay Jesus ng walang tunay na presensiya ng Kristiyano. Ang mga mananampalataya ay kailangang makapagsimula ng kaugnayan, makiisa, at maglingkod sa mga hindi mananampalataya. Hindi ka makahihimok ng mga makasalanan kung wala kang pakikitungo sa kanila.

PAGPAPAHAYAG:

Maraming mananampalataya na nanatiling “secret service” na mga Kristiyano, na sinasabi. Iniisip nila na ang kanilang presensiya sa mga hindi mananampalataya ay sapat para matupad ang Dakilang Utos na panghihikayat ng buong mundo. Subalit ang utos ni Jesus ay dapat natin ipahayag ang Ebanghelyo sa pamamagitan ng pangangaral, pagtuturo at pagsaksi. Dapat din natin na ipakita nag kapangyarihan ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng pagpapagaling at pagpapalaya. Ito ang mga paraan na ang Ebanghelyo ay naipahahayag.

PAGHIMOK:

Hindi nagtatapos ang proseso ng panghihikayat ng kaluluwa sa pagpapahayag ng Ebanghelyo. Ang Ebanghelyo ay dapat na maipahayag sa paraan na ang mga tao ay mahihimok para maging mga mananampalataya Ni Jesu Cristo.

PAGTATANIM:

Ang bagong mga mananampalataya na nahimok na sumusnod Kay Jesus ay dapat na “maitanim” sa pagtitipon ng iglesia o isang iglesia ang dapat na “maitanim” sa isang grupo ng bagong mga mananampalataya.

PAGKALUBOS:

Bilang resulta ng pagtatanim, ang mga nahikayat ay espirituwal na nagiging ganap sa kontekto ng local na iglesia. (Ang espirituwal na kaganapan ay tinatawag na “kaganapan” sa Biblia).

PAKIKILAHOK:

Ang proseso ng panghihikayat ay husto kung ang bagong mga mananampalataya ay mismong naging aktibo sa gawain ng panghihikayat ng kaluluwa at magsimula na espirituwal na manganak.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ibigay ang kahulugan ng “panghihikyat ng kaluluwa tulad ng lebadura.”

3. Ano ang ibig sabihin ng “ang kahulugan ng nawala”?

4. Ano ang ibig sabihin ng “ang kahihinatnan ng nawala”?

5. Itala ang anim na mga hakbang sa proseso ng panghihiakyat ng kaluluwa.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Sa pambungad na kabanatang ito iniharap sa iyo ang kahulugan ng “panghihikayat ng kaluluwa”:

Panghihikayat ng kaluluwa: Ang panghihikayat ng kaluluwa ay pagpapahayag ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo sa paraan na ang mga lalake at babae ay may balidong pagkakataon na tumanggap Kay Jesu Cristo bilang Tagapagligtas at Panginoon at maging reponsable na mga kaanib ng Kanyang Iglesya.

Narito ang ilan sa mga termino na dapat mong mapag-aralan:

“Pagdadala ng Ebanghelyo:

Ang mga terminong ito ay ginagamit sa prosesos ng panghihikayat ng kaluluwa.

“Nahikayat”:

Pang-isaan, isang pamilya, tribo, o bansa ay maaaring masabi na nahikayat kung sila ay nakarinig ng Ebanghelyo na sapat na magkaroon ng pagkakataon na tumugon dito sa pamamagitan ng pananampalataya. Kasama sa buong proseso ng panghihikayat ng kaluluwa ay isama ang nahikayat sa lokal na pagtitipon ng iglesya o ang pagtatatag ng iglesya sa isang grupo ng mga bagong mananampalataya.

“Ebanghelista”:

Ang isang ebanghelista ay may natatanging kaloob ng pangunguna mula Sa Dios kung saan ang kakayahan ng pagbabahagi ng Ebanghelyo sa mga hindi mananampalataya sa paraan na ang lalake at babae ay tutugon at maging responsable na kaanib ng katawan Ni Cristo. Ang ibig sabihin ng salitang “ebanghelista” ay “ang nagdadala ng mabuting balita.” Kahit ang mga mananampalataya ay walang natatanging kaloob ng pangunguna ng isang ebanghelista, ang lahat ay dapat gumawa ng gawa ng isang ebanghelista.

Pagsaksi:

Ang pagbabahagi ng isang mananampalataya ng kanyang personal na karanasan Kay Jesus Cristo sa hindi mananampalataya.

Personal na Panghihikayat ng kaluluwa:

Ang personal na panghihikayat ng kaluluwa ay ang pagbabahagi ng Ebanghelyo sa hindi ligtas na tao ng isang mananampalataya.

Pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa:

Ang pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa ay tinatawag din na “grupo” na panghihikayat ng kaluluwa. Ito ay pagbabahagi ng Ebanghelyo sa isang grupo ng mga tao. Kasama dito ang mga gawain na katulad ng pangmaramihan na krusada, “evangelistic rallies”, at konsiyerto na Ebanghelyo.

Panghihikayat ng kaluluwa ng layko:

Ang tinutukoy ng terminong ito ay ang gawain ng panghihikayat ng kaluluwa na ginagawa ng isang layko (mga tao na hindi “full-time” na naglilingkod sa iglesia).

“Saturation” na panghihikayat ng kaluluwa.

Ang tinutukoy ng “Saturation” na panghihikayat ng kaluluwa ay “saturating” ang isang tiyak na heograpiyang lugar para ang bawa’t tao ay maabot ng Ebanghelyo.

Nahikayat:

Ang isang nahikayat ay isang tao na tumanggap Kay Jesu Cristo bilang Tagapagligtas. Siya ay nahikayat mula sa lumang buhay na makalasan tungo sa buhay Kay Jesus.

Disipolo:

Ang isang disipolo ay isang nahikayat na matatag na sa pangunahin ng pananampalatayang Kristiyano at may kakayahan na magtindig ng bagong hikayat at gawin silang disipolo. Ang ibig sabihin ng salitang “disipolo” ay mag-aaral, isang estudyante, ang isang tao na natututo sa pagsunod.

Pagsubaybay:

Ang pagsubaybay ay ang proseso ng pagsasanay sa bagong nahikayat para madala sila sa kaganapan Kay Cristo, na ang dulot ay pagtatag ng espiritu, paglago, at pagpaparami. Ito ay tinatawag din na “discipleship” dahil kasama dito ang pagdala sa bagong nahikayat at gawin silang disipolo Ng Panginoon Jesus Cristo.

2. Sa panahon ng Lumang Tipan, sinabi Ng Dios kay Abraham na sa pamamagitan niya ang lahat ng bansa sa mundo ay mapagpapala. Subalti kasama sa pagpapalang ito ay dakilang responsabilidad. Kinailangan ni Abraham na iwan ang kanyang bansa, ang kanyang sariling mga tao, at ang sangbahayan ng kanyang ama na magtungo sa lupain na ipinakita Ng Dios sa kanya. (Genesis 12:1)

Sa una, si Abraham ay nagtungo sa lugar na tinatawag na Haran at nanatili doon (Genesis 11:31). Siya ay natukso na manatili sa Haran, ngunit para matanggap ang pagpapala kailangan niyang sumunod Sa Dios at lisanin ang lugar na ito. Si Abraham ay hindi magiging ama ng dakilang bansa at matupad ang kanyang sariling ambisyon sa iisang panahon. Ang pagtawid sa hangganan ng lunsod ng Haran at magtungo sa pagtupad ng plano Ng Dios ay malaking pagpapasiya kay Abraham.

Alm mo ba kaya ka naging mananampalataya ngayon dahil sa pagpapasiya ni Abraham? Dahil umalis si Abraham sa Haran, siya ay pinagpala Ng Dios. Sa pamamagitan ni Abraham ang lahat ng lalake at babae sa lahat ng mga bansa sa lahat ng lugar ay pinagpala ng Ebanghelyo. Dahil sa pagsunod na ito sila ay pinagpala dahil sa kaligtasan sa pamamagitan Ni Jesu Cristo mula sa pamilya ni Abraham.

Katulad ni Abraham, kung nakatanggap ka ng pagpapala nakatanggap ka rin ng malaking responsabilidad. Para sa mga napagpala ng kaligtasan at Ng Espiritu Santo, ang panghihikayat ng kaluluwa ay hindi pagpili. Ito ay isang obligasyon (Mga Gawa 1:8).

“Spititually speaking”, ang bawa’t mananampalataya ay haharap sa bandang huli ng kanilang “Haran” sa buhay. Ang espirituwal na “Haran” na ito ay lugar kung saan ka pinapupunta Ng Dios, “ nakalaan ka ba na tanggihan ang iyong sariling ambisyon para sa pakinabang ng Ebanghelyo? Nakalaan ka bang iwan ang iyong sariling bayan, ang iyong mga kababayan, ang iyong sambahayan kung hilingin ko ito? Hindi mo matutupad ang iyong sariling ambisyon at pagpapalain ang mga bansa sa iisang panahon. Dapat mong tawirin ang guhit at iwan ang Haran.

3. Sinasabi ng Biblia na “ang kakaunting lebadura ay kayang mapaalsa ang buong tipak” (Galacia 5:9). Iyong natutunan sa aralin an ito na ang Kaharian Ng Dios ay mapaparami katulad ng lebadura. Ang kasamaan ay dumarami rin katulad nito. Pag-aralan ang sumusunod na mga talata: Mateo 16:6-12; Marcos 8:15; I Corinto 5:6-8. Sa Bagong Tipan, ang lebadura ay tumutukoy sa kumakalat na katangian ng Ebanghelyo o pagtalikod (kalagayan na panghihina) ng Iglesia. Sa Lumang Tipan, ang lebadura ay para bagang magkatulad na kahulugan. Ito ay hindi pinahihintulutan sa ibang paghahandog, kung paano ito kumakatawan sa kasamaan. Sa ibang mga paghahandog, katulad ng paghahandog ng pagpapasalamat, ito ay pinahihintulutan.

4. Kung ikaw ay pastor o lider ng iglesia, gamitin ang sumusunod na mga tanong para itaya ang kasalukuyan na kalagayan ng panghihikayt ng kaluluwa sa iyong “fellowship”. Isulat ang iyong mga sagot sa ibang pahina ng papel:

- (1) Sino ang may responsabilidad sa panghihikayat ng kaluluwa sa inyong iglesia?
- (2) Ilan ang mga tao na nahikayat at naging bahagi ng inyong pagtitipion sa iglesia sa nakaraang limang tao?
- (3) Ano ang kasalukuyan na ginagawa ng inyong iglesia sa pagabot sa hindi pa naligtas? Tiyakin mo ang iyong sagot.
- (4) Ano ang mga programa sa inyong iglesia sa kasalukuyan ang hindi na epektibo sa pagdadala ng mga bagong hikayat?
- (5) Paano tumutulong ang inyong iglesia para madiskubre ng mga kaanib ang kanilang espirituwal na mga kaloob at gamitin ang mga ito sa gawain ng panghihikayat ng kaluluwa?

(6) Ano ang maaaring gawin ng inyong iglesia para maabot ang inyong komunidad ng Ebanghelyo?

(7) Ano ang plano ng inyong iglesia para maabot ang inyong bansa ng Ebanghelyo?

(8) Ano ang plano ng inyong iglesia para maabot ang ibang bansa ng Ebanghelyo?

(9) Sa loob ng limang taong nagdaan, gaano kadalas magbigay ang inyong iglesia ng tiyak na pagsasanay para sa personal na panghihikayat ng kaluluwa para sa mga kaanib?

(10) Gaano kadalas sa inyong mga gawain ang pagbibigay tuon sa panghihikayat ng kaluluwa, halimbawa, mga mensahe na ang layunin ay pag-abot sa hindi pa ligtas, pagbibigay ng pagkakataon na tumugon sa Ebanghelyo, at iba pa.

(11) Kailan ang huling pagkakataon na ang inyong iglesia ay nakilahaok sa pangmaramihang panghihikayat ng kaluluwa, katulad ng krusada, “rally”, o konsiyerto, at iba pa?

Tayain ang iyong mga sagot at alalahanin ang mga sumusunod:

(1) Kung walang tiyak na responsable para sa pagpapalano ng panghihikayat ng kaluluwa sa inyong iglesia, posible ba na magtakda ng isang tao para dito?

(2) Kung ang bilang ng mga taong nahikayat at naging bahagi ng inyong pagtitipon sa iglesia sa huling limang taon ay mababa, paano ito mababago sa pamamagitan ng pagbibigay tuon sa panghihikayat ng kaluluwa?

(3) Ano ang madaling magagawa ng inyong iglesia para maabot ang mga hindi pa ligtas?

(4) Ano ang kasalukuyang mga programa na hindi mabisa na maaaring alisin para magbigay ng pagkakataon para sa mga bagong paraan ng panghihikayat ng kaluluwa?

(5) Paano ang inyong iglesia ay makatutulong para ma diskubre ng mga kaanib ang kanilang espirituwal na mga kaloob at magamit ang mga ito sa gawain ng panghihikayat ng kaluluwa? (Ang kurso ng Harvestime International Institute na “*Mga Paraan ng Pagpapakilos sa Mga Tao*” ay maaaring makatulong sa iyo sa gawain na ito.)

(6) Ano ang maaaring simulan ng inyong iglesia para maabot ang inyong komunidad ng Ebanghelyo?

(7) Ano ang maaaring gawin ng inyong iglesia para maabot ang inyong bansa ng Ebanghelyo?

(8) Ano ang maaaring gawin ng inyong iglesia para maabot ang ibang bansa ng Ebanghelyo?

(9) Gaano kaaga makapagbibigay ng pagsasanay ang inyong iglesia sa panghihikayat ng kaluluwa sa mga kaanib ng iglesia? (Magagamit mo ang kursong ito para sanayin ang

inyong mga kaanib. Alamin ang tiyak na oras at kung sino ang magtuturo sa mga sesyon.)

(10) Paano mo mabibigyan ng pagkakataon sa inyong regular na pagtitipon ang mga hindi pa ligtas upang tumugon sa Ebanghelyo?

(11) Ano ang magagawa ng inyong iglesya tungkol sa pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa? Maaari ka bang magplano ng “rally” o konsiyerto o makasama sa ibang iglesya para magkaroon ng “evangelistic crusade”?

IKALAWANG KABANATA

ANG UTOS

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Kilalanin ang limang mga prinsipyo kung saan nakabatay ang utos.
- Kilalanin ang tatlong mga bagay na kinakailangan para matupad ang utos sa panghihikayat ng kaluluwa.

SUSING TALATA:

Pagka aking sinabi sa masama, Oh masamang tao, ikaw ay walang pagsalang mamamatay, at ikaw ay hindi nagsasalita upang magbigay alam sa masama ng kaniyang lakad; ang masamang yaon ay mamamatay sa kaniyang kasamaan, ngunit ang kaniyang dugo ay sisiyasatin ko sa iyong kamay. (Ezekiel 33:8)

PAMBUNGAD

Ang mga tao ay nakikilahok sa panghihikayat ng kaluluwa sa iba't ibang mga dahilan. Ang bagong mga nahikayat ay kadalasang masigasig sa panghihikayat ng kaluluwa dahil sa tuwa sa kanilang bagong pagkahikayat. Ang ibang mga tao ay napilitan sa panghihikayat ng kaluluwa dahil sa konsiyensiya. Ang iba ay nakilahok dahil sa paaralan o programa ng pagsasanay kung saan sila ay hinihiling na makilahok.

Ang batayan ng panghihikayat ng kaluluwa sa Biblia ay dahil utos ito Ng Panginoong Jesu Cristo. Ang isang “utos” ay isang pagtatalaga o bilin mula sa isang tao tungo sa iba. Ang paksa ng aralin na ito ay ang utos sa panghihikayat ng kaluluwa

ANG UTOS NG PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

Ang utos ng paghihikayat ng kaluluwa na ibinigay Ng Panginoon Jesus Cristo sa Kanyang tagasunod ay batay sa mga prinsipyo na itinuro ng Salita Ng Dios. Ang mga ito ay prinsipyo ng mga utos, kalagayan, pagmamalasakit, kompetensiya, at katuparan.

UTOS:

Ang unang batayan ng kautusan ng panghihikayat ng kaluluwa ay ang prinsipyo ng utos. Ang panghihikayat ng kaluluwa ay utos Ni Jesus sa ilang mga talata na nakilalang “Dakilang Utos.” Ang mga sumusunod na reperensiya ay tungkol sa utos ng panghihikayat ng kaluluwa. Ang lahat ng mga talata ay nagpapaliwanag ng Gawain,

ngunit ang bawa't isa ay magkakaiba. Hindi ito sumasalungat, ngunit tumutulong sa iba sa pagpapahayag ng iba't ibang aspeto ng kautusan.

Nakasulat sa Mateo at Juan ang kapangyarihan para sa gawain ng panghihikayat ng kaluluwa. Ang Mateo, Marcos at Lucas ay nagpapaliwanag ng lawak ng misyon. Ang Mateo, Lucas, Juan at Mga Gawa ay ipinahayag Ang Espiritu Santo bilang kapangyarihan para matupad ang gawain. Binanggit ni Marcos ang mensahe at idinagdag ni Lucas ang mga detalye. Ang mga reperensiyang ito ay nagpapahayag na kasama sa kautusan ng panghihikayat ng kaluluwa ang pagsasanay ng disipulo, pangangaral ng Ebanghelyo sa bawa't nilalang, pangangaral tungkol sa pagsisisi at ang pag-alis ng mga kasalanan ng buong mundo, pagpapatawad at nananatiling mga kasalanan, at pagsaksi tungkol Kay Jesus:

Dahil dito magsiyaon nga kayo at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:

Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. (Mateo 28:19-20)

At sinabi niya sa kanila, Magsiyaon kayo sa boong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal.

Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; datapuwa't ang hindi sumasampalataya ay parurusahan.

At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya: mangagpapalabas sila ng mga demonio sa aking pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika.

Sila'y magsisihawak ng mga ahas, at kung magsiinom sila ng bagay na makamamatay, sa anomang paraan ay hindi makasasama sa kanila; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga may-sakit, at sila'y magsisigaling. (Marcos 16:15-18)

At sinabi niya sa kanila, ganyan ang pagkasulat, na kinakailangang maghirap ang Cristo, at magbangong muli sa mga patay sa ikatlong araw;

At ipangaral sa kaniyang pangalan ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa lahat ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem.

Kayo'y mga saksi ng mga bagay na ito. (Lucas 24:46-48)

Sinabi ngang muli sa kanila ni Jesus, kapayapaan ang sumainyo: kung paanong pagkasugo sa aking ng Ama, ay gayon din naman sinusugo ko kayo.

At nang masabi niya ito, sila'y hiningahan niya, at sa kanila'y sinabi, Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo:

Sinomang inyong patawarin ng mga kasalanan, ay ipinatatawad sa kanila; sinomang hindi ninyo patawarin ng mga kasalanan, ay hindi pinatatawad. (Juan 20:21-23)

Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa boong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa. (Mga Gawa 1:8)

Ang kahalagahan ng utos na ito ay pinatotohanan ng mga sumusunod na mga talata:

Pagka aking sinabi sa masama, Oh masamang tao, ikaw ay walang pagsalang mamamatay, at ikaw ay hindi nagsasalita upang magbigay alam sa masama ng kaniyang lakad; ang masamang yaon ay mamamatay sa kaniyang kasamaan, ngunit ang kaniyang dugo ay sisiyasatin ko sa iyong kamay. (Ezekiel 33:8)

Sapagkat ang sinomang magmakahiya sa akin at sa aking mga salita, ay ikahihiya siya ng Anak ng tao, pagparito niyang nasa kaniyang sariling kaluwalhatian, at sa kaluwalhatian ng Ama, at ng mga banal na anghel. (Lucas 9:26)

KALAGAYAN:

Ang kautusan para sa panghihikayat ng kaluluwa ay ibinigay din dahil sa kalagayan ng bukid na anihin ng mundo. Nakikita natin ang mga daan ng tao na nawala sa kasalanan, walang pag-asa, tungo sa walang-hanggan, na walang Dios. Ang mahigpit na kalagayan ng anihin ay dapat magudyok sa atin na kumilos. Sinabi Ni Jesus na ang anihin ay hinog na ngunit ang mga manggagawa ay kakaunti:

At sinabi niya sa kanila, sa katotohana'y marami ang aanihin, datapuwat kakaunti ang mga manggagawa: kaya't idalangin ninyo sa Panginoon ng aanihin, na magpadala siya ng mga manggagawa sa kaniyang aanihin. (Lucas 10:2)

Hindi бага sinasabi ninyo, May apat na buwan pa, at saka darating ang pagaani? Narito, sa inyo'y aking sinasabi, Itanaw ninyo ang inyong mga mata, at inyong tignan ang mga bukid, na mapuputi na upang anihin. (Juan 4:35)

PAGMAMALASAKIT:

Ang kautusan ng panghihikayat ng kaluluwa ay nakatuon din sa prinsipyo ng pagmamalasakit. Ang panghihikayat ng kaluluwa ay dapat gawin ng may pusong nahahabag para sa mga naliligaw na kaluluwa. Si Pablo ay puno ng banal na pagkahabag

para sa mga naliligaw. Siya ay nakalaan na isumpa Ng Dios para lamang ang mga Hudyo na kanyang mga kapatid ay maligtas. Siya ay nagtungo sa kanila kahit siya ay binabalaan na patayin at nang siya ay nagdusa sa kanilang mga kamay.

Ang pagkahabag Ni Jesus ang dahilan kung bakit Siya ay nakahanda na humarap sa krus ng Kalbaryo. Si Jesus ay tumangis sa pagkabulag ng mga liderato ng relihiyon sa Jerusalem. Kung mayroon na mas maraming luha ng pagkahabag sa ating mga mata, marahil ay kakaunti ang pagtangis sa Impiyerno ng mga naliligaw. Ang argumento ay hindi makapagliligtas ng mga kaluluwa. Ang isa ay maaaring may katotohanan, kung ito ay hindi sinasabi ng may pag-ibig at pagkahabag ito ay makamamatay sa halip na makabuhay. Ang pagkahabag ay nagdadala ng walang kapaguran na panghihikayat ng kaluluwa, dahil ang pag-ibig ay mapagpahinuhod, lahat ay binabata, at hindi nagkukulang (I Corinto 13: 4,7,8). Ang ganitong mapagmahal na kahabagan ay ibinigay Ng Espiritu Ng Dios. Ito ay bunga ng Espiritu Santo na lumalago mula sa presensiya Niya na nasa iyong puso.

KOMPETENSIYA:

Ang kautusan ng panghihikayat ng kaluluwa ay nakatuon din sa prinsipyo ng kompetensiya. Kung hindi natin aabutin ang ating mga kalapit bansa na nangangailangan ng pagbabago, ang ibang ka kompetensiya sa politika at relihiyon na puwersa ay makaaabot sa kanila.

Narito, ang mga araw ay dumarating sabi ng Panginoong Dios, na ako'y magpapasapit ng kagutom sa lupain, hindi kagutom sa tinapay o kauhawan man dahil sa tubig, kundi sa pagkarinig ng mga salita ng Panginoon.

At sila'y magsisilaboy sa dagat at dagat, at mula sa hilaga hanggang sa silangan; sila'y magsisitakbo ng paroo't parito upang hanapin ang salita ng Panginoon, at hindi masusumpungan. (Amos 8:11-12)

Kahit ang espirituwal na pagkagutom ay nagdadala para magsaliksik sa katotohanan, ito ay maaaring magdulot ng pagtanggap sa masamang sistema ng politika, kulto, kapangyarihan ng nakapagpapahirap na relihiyon kung ang puwang ay hindi mapupunan.

Ang prinsipyo ng kompetensiya ay itinuro Ni Jesus sa talinghaga kung saan ang kalaban ay nagtatanim ng dawag (damo) sa bukirin ng anihin. Kung hindi tayo magtatanim at bungkalin ang mabuting butil sa Salita Ng Dios, ang kalaban ay magtatanim ng dawag ng kasamaan. Ang kompetisyon ng ganitong masamang espirituwal na tinik at mga damo na sumasakal sa Salita Ng Dios ay nakasasagabal sa paglaganap ng Ebanghelyo.

KATUPARAN:

Ang kautusan ng paghihikayat ng kaluluwa ay nakatuon din sa prinsipyo ng katuparan (ang wakas) ng lahat ng bagay. Sinabi Ni Jesus ang paghihikayat ng kaluluwa sa pangmalawakan ay paghahanda sa kalagayan ng Kanyang pagbabalik sa lupa at ang wakas ng panahon na alam natin:

At ipangangaral ang evangeliong ito ng kaharian sa boong sanglibutan sa pagpapatotoo sa lahat ng mga bansa; at kung magkagayo'y darating ang wakas. (Mateo 24:14)

PAANO MATUTUPAD ANG KAUTUSAN

Ang Iglesia ang kinatawan ng Kaharian Ng Dios sa mundo at inutusan na dalhin ang mensahe ng Ebanghelyo sa lahat ng mga tao sa lupa. Kung ating titingnan ang mga dapat unahin, programa at mga gawain ng isang pangkaraniwang iglesia ngayon, para bagang, maiisip natin na nakalimutan o nalito tayo tungkol sa ating misyon bilang mga mananampalataya.

Tayo ay abala, ngunit abala na ano ang ginagawa? Gaano kadami ang mga programa, pagtitipon, at mga gawain na aktuwal na nagbubunga ng bagong mga nahikayat? Marami tayong marangyang ebanghelista na mayroong kaakit-akit ang mga sermon at nakatutuwang kuwento. Sa panahon ng Biblia, isang pampublikong sermon ang nagbunga ng tatlong libong nahikayat. Ngayon para bagang tatlong libong sermon na kakaunti ang resulta na nahikayat.

Tatlong bagay ang kinakailangan para matupad ang kautusan ng panghihikayat ng kaluluwa:

ITO AY DAPAT NA UNANG PRAYORIDAD:

Ang panghihikayat ng kaluluwa ay dapat na unang prayoridad. Dapat natin unahin na gawin ang panghihikayat ng kaluluwa sa bawat tao sa mundo. Ang ating pangangaral, pag-aaral, pagpapalano, paggawa ng programa, pagtuturo, pagsasanay- lahat ng bagay ay dapat naka-sentro sa layunin na ito.

Ang Iglesia ay dapat na maging estasyon ng pagpapadala sa halip na lugar para sa pagpapahinga at paglalaro. Ang lahat ng gawain sa iglesia ay dapat nakatutulong sa pagpapakilos sa mga taong umaabot ng kaluluwa. Ang mga lider ng Iglesia ay dapat mapakilos ang Katawan Ni Cristo, nagbibigay ng inspirasyon at pagsasanay sa mga mananampalataya para gawin ang panghihikayat ng kaluluwa.

ITO AY DAPAT NA KINASIHAN NG KAPANGYARIHAN NG ESPIRITU SANTO:

Ang panghihikayat ng kaluluwa ay hindi mahina o niyutral na gawain sa Bagong Tipan. Ito ay may kapangyarihan na pagtatagpo sa Espiritu Santo at sa mga puwersa ng kasamaan. Ang Espiritu Santo at ang Kanyang bunga, mga kaloob, at kapangyarihan, ay dapat na maging totoo sa ating mga buhay. Ang Salita ay dapat na maipamuhay at maituro na may pagpapakita ng kapangyarihan. Ang Ebanghelyo ay dapat na maipahayag, hindi ihinihingi ng paumanhin, pinalalabnaw, binabago, o pagbabalat kayo. Ang pinaggagalingan ng bawat espirituwal na kaloob ng bawat kaanib ng Katawan ay dapat na mapakilos para matapos ang gawain ng panghihikayat ng kaluluwa. Dapat natin

ipagpalit ang ating likas na karnal para makatulad Ni Cristo ang ating ugali na magbibigay sa atin na maging saksi sa katotohanan ng Ebanghelyo.

ITO AY DAPAT SUMUNOD SA HALIMBAWA NG BAGONG TIPAN:

Para matupad natin ang kautusan na ito, dapat tayong magsimula na gumawang muli ng halimbawa ng Bagong Tipan sa panghihikayat ng kaluluwa: Ang bawa't isa, sa lahat ng dako, araw-araw ay sumasaksi at umaabot ng mga kaluluwa. Sa panahon ng Bagong Tipan, ang panghihikayat ng kaluluwa ay dapat na maging bahagi ng pang araw-araw na pamumuhay. Ang bawa't denominasyon, bawa't lokal na iglesya, bawa't Kristiyanong lider, bawa't tahanan, at bawa't isa ay dapat na kumikilos sa gawain.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Isulat ang limang prinsipyo kung saan ang kautusan ng panghihikayat ng kaluluwa ay naka batay.

3. Kilalanin ang tatlong bagay na kinakailangan para matupad ang kautusan ng panghihikayat ng kaluluwa.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Ang tawag ng panghihikayat ng kaluluwa ay hindi pagpili o mungkahi. Ito ay utos. Pag-aralan ang sumusunod na tsart kung saan pinaghambing ang iba't ibang talaan sa Biblia ng Dakilang Utos. Tingnan ang bawa't reperensiya sa iyong Biblia. Pansinin ang kapangyarihan na mayroon ka para matupad ang utos. Obserbahan ang lawak ng iyong ministryo, ang mensahe nito, at ang gawain kung saan ka makatutulong sa proseso ng pagpaparami.

Reperensiya	Ang Kapangyarihan	Ang Lawak	Ang Mensahe	Ang Gawain
Mateo 28:19-20	“Ang lahat ng kapangyarihan”	Lahat ng mga Bansa	Ang lahat na iniutos Ni Jesus	Mga disipolo na humayo, pagba bautismo, pag-tuturo.
Marcos 16:15	Sa pangalan Ni Jesus	Sa lahat ng mundo,sa bawa't nilalang.	Ang Ebanghelyo magpagaling ng may sakit	Humayo at mangaral,
Lucas 24:46-49	Sa pangalan Ni Jesus	Sa lahat ng mga bansa simula sa Jerusalem	Pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan	Pangangaral, pagpapahayag, pagsaksi
Juan 20:21	Ipinadala Ni Jesus kung paano Siya ipinadala Ng Ama.	(Ang lawak ng ministryo, ang mensahe, at ang mga gawain ay dapat na katulad ng “Kay Jesus”)		
Mga Gawa 1:8	Kapangyarihan ng Espiritu Santo	Jerusalem, Judea, Samaria, at sa dulo ng daigdig	Cristo	Saksi

2. Naibigay nang maliwanag ang kautusan sa panghihikayat ng kaluluwa sa Salita Ng Dios, bakit maraming Kristiyano ang atubili na tuparin nag dakilang utos? Narito ang karaniwang sagabal sa panghihikayat ng kaluluwa.

KULANG SA KAKAYAHAN:

Maraming tao ang hindi nanghihikayat ng kaluluwa dahil nararamdaman nila na kulang sila sa kakayahan na gumawa nito. Maaaring kulang sila sa pormal na edukasyon o pagkaunawa tungkol sa Biblia at mga paraan ng panghihikayat ng kaluluwa. Ang ibang mga tao ay hindi tunay na kulang sa kakayahan, ngunit may mahinang tingin sa kanilang sarili o maling pagpapakumbaba.

Palaging tandaan na Ang Dios ay tumatawag sa ordinaryong mga tao para gumawa ng dakilang mga bagay. Basahin ang kuwento ni Gideon sa Mga Hukom 6 hanggang 8. Nang Si Gideon ay tinawag para tuparin ang dakilang misyon Ng Dios, siya ay nagtatago dahil siya ay natatakot sa kalaban. Ang kanyang tugon ay “ Paano ko magagawa ito? Ang aking lipi ay pinakamahina at kakaunti sa mga pamilya.”

Si Moises ay may katulad na tugon nang siya ay tinawag na manguna sa bansang Israel. Sinabi niya” Sino ako? Hindi ako marikit mangusap , kahit ng panahong nakaraan, kahit mula ng magsalita Ka sa iyong lingkod; sapagka’t ako’y kimi sa pangungusap at umid sa dila” (Exodo 3-4). Si propeta Jeremias ay sinasabi na siya ay isang bata at walang kakayahan na magamit Ng Dios (Jeremias 1:4-9).

Ang mga tao na sa kanilang pakiramdam ay kulang sa kakayahan sa panghihikayat ng kaluluwa ay dapat humiling Sa Dios ng karunungan na Kanyang ipinangako (Santiago 1:5). Dapat nilang maunawaan na ginagamit Ng Dios ang walang likas na kakayahan para Siya ang makatanggap ng kaluwalhatian (I Corinto 1:27-29).

WALANG HALAGANG PAGSUSUMIKAP:

Maraming tao ang walang ginagawa dahil ang pakiramdam nila ay ang kanilang lakas ay hindi mahalaga dahil ang anihin ay napakalaki. Ano ang magagawa ng isang tao sa milyon na naligaw sa kasamaan ng kadiliman? Iyong matatandaan na ang kawal ni Gideon ay pinaliit ang bilang para Ang Dios ang makakuha ng kaluwalhatian sa halip na ang tao. (Hukom 7). Ang Dios ay nalulugod sa paggamit sa mga hindi mahalagang kakayahan at gamitin ang mga ito sa Kanyang mga layunin. Iyong matututunan sa dako roon ng pag-aaral na ito kung paano ang nag-iisang tao, pag-abot, at pagsasanay sa isang tao bawa’t taon, ay literal na makapagtatayo ng libo-libong mga mananampalataya sa isang maikling panahon. Ang isang liwanag ay hindi lumalagos sa kadiliman, ngunit ang maraming maliliit na apoy, na ilawan ng paisa-isa, sa pagtagal ay magdudulot ng malaking liwanag.

TAKOT:

Ang tao ay natatakot na sila ay tanggihan ng kanilang sinasaksihan. Kung hindi sila bihasa sa mga paraan ng panghihikayat ng kaluluwa, katatakutan nila ang hindi alam. Sila ay natatakot na mapahiya sa sitwasyon na hindi nila kayang dalhin o tanong na hindi nila masagot. Ang takot sa panghihikayat ng kaluluwa ay kadalasan nag-uugat sa mga tanong na katulad nito:

-Ano ang aking sasabihin? Iyong matututunan ang mensahe na dapat sabihin sa Ikatlong Kabanta ng kursong ito.

- Paano ko sasabihin ito? Iyong matututunan kung paano ibahagi ang mensahe sa Ika-limang kabanata ng kursong ito.

- Paano ko haharapin ang mga kahirapan? Ang Ika-sampung kabanata ng kursong ito ay ipinaliwanag kung paano haharapin ang mga kahirapan na maaaring lumabas sa iyong panghihikayat ng kaluluwa.

-Paano kung hindi ko masagot ang tanong? Kung hindi mo masagot ang tanong, aminin mo. Sabihin sa tao na iyong pag-aaralan ang marami pang tungkol dito at bumalik ka sa kanya at sabihin ang sagot.

-Paano kung nakasakit ako ng damdamin? Ang kadalasan na nakasakit ng damdamin ng tao ay ang hindi tapat na paguusap tungkol Sa Dios, ngunit ang pagkukunwari na alam lahat ang mga sagot, galit, o pakikipagaway. Kung ikaw ay mapagmahal at tapat sa iyong pakikitungo sa mga tao at nakasakit ka pa ng damdamin, iyong tandaan: Ikaw ang asin ng lupa. Sa natural na mundo , kung ang asin ay ipinahid sa sugat ito ay nagiging sanhi ng hindi magandang reaksiyon sa una, ngunit ang resulta ay kagalingan. Ganito rin ang katotohanan sa espirituwal na mundo.

-Paano kung ako ay nabigo? Mas mabuti na sumubok at nabigo kaysa hindi sumubok kailanman. Ang tagumpay at pagkabigo ay hindi pangunahin na alalahanin ng panghihikayat ng kaluluwa. Ikaw ay tinawag na maging tapat. Tatlong uri ng pagkabigo ang natala sa talinghaga ng maghahasik (Marcos 4:1-20) Hindi magtatagal sa kabanatang ito, sinasabi ni Marcos na ang mismong lupa, na inihanda Ng Espiritu Santo, na nagbubunga ng butil hindi ang maghahasik. Hindi ito dapat gamitin na dahilan para umiwas sa tawag para sa pagtatalaga, gayunman. Tayo ay tinawag na mangisda para sa mga kaluluwa ng tao at hulihin sila, hindi lamang sila maimpluwensiyahan!

PAGKAKAHIWALAY:

Kadalasan ang panghihikayat ng kaluluwa ay naaantala dahil wala tayong pakikipag-ugnayan sa mga hindi mananamalataya. Kung ang lahat ng iyong mga kaibigan at kakilala ay mga Kristiyano, hindi mo madadala ang naliligaw. Hindi ka makakaabot ng mga hindi mananampalataya kung hindi ka nakikitungo sa kanila.

HINDI SAPAT:

Hindi sapat na panahon at motibasyon ay naka aantala sa mga tao sa pagtupad ng kautusan ng panghihikayat ng kaluluwa. Laging tandaan, gayunman... Humanap ka ng panahon kung ano ang nais mong gawin, at ano ang iyong nadarama na dapat unahin. Kung wala kang panahon na magbahagi ng Ebanghelyo, siguro hindi mo nais na gawin ito o hindi mo nadarama na ito ay dapat unahin. Kailangan mong magtaya ng iyong mga prayoridad.

Ang kawalan ng motibasyon ay kadalasang mga resulta ng kawalan ng karanasan. Napansin mo ba kung paano ang bagong mga Kristiyano ay palaging masigasig sa pagbabahagi ng kanilang pananampalataya? Dahil ang kanilang karanasan ay sariwa at nakatutuwa. Kung hindi ka mag-iingat, mawawala ito sa iyo paglaon kung hindi mo pananatiliin ang sariwa at mahalagang kaugnayan Sa Panginoon.

ESPIRITUWAL NA KAGANAPAN:

Sinabi ni Pablo sa mga mananampalataya na sila ay dapat may kakayahan na makapagturo sa Ebanghelyo sa iba, ngunit dahil sa espirituwal na kahinaan hindi nila kayang gawin ito (Hebreo 5:12). Ang espirituwal na kahinaan ay nakikita kung ang mga mananampalataya ay may alitan sa kanilang mga sarili (I Corinto 3:1-3). Kung ikaw ay abala sa pakikipaglaban sa iyong kapatid Kay Cristo, walang kang panahon sa panghihikayat ng kaluluwa.

3. Ngayon an iyong napag-aralan ang karaniwan na mga dahilan na nakaaantala sa panghihikayat ng kaluluwa, basahin ang sumusunod na mga salaysay at lagyan ng tsek ang naglalarawan sa iyong nadarama:

KULANG SA KAKAYAHAN:

- _____ Hindi **Ko** alam ang aking sasabihin sa iba.
- _____ Hindi **Ko** nauunawaan ng mabuti ang Biblia.
- _____ Hindi **ako** mahusay na makipag-usap sa iba.

WALANG HALAGANG PAGSUSUMIKAP:

- _____ Nadarama **ko** na hindi ako makagagawa ng pagbabago dahil ako ay nag-iisa.
- _____ Ang gawain ng panghihikayat ng kaluluwa ay napakalaki at ako ay nalulula.

TAKOT:

- _____ Natatakot **ako** na makasakit ng damdamin ng iba.
- _____ Natatakot **ako** baka ako mabigo.
- _____ Natatakot **ako** hindi ko alam kung paano sagutin ang tanong.
- _____ Natatakot **ako** na mapahiya.
- _____ Hindi **ko** alam ang aking sasabihin.

PAGKAKAHIWALAY:

- _____ Wala **akong** pakikipagunayan sa mga hindi mananampalataya.

HINDI SAPAT:

- _____ Wala **akong** panahon na gagamitin sa panghihikayat ng kaluluwa.
- _____ Wala **akong** motibasyon sa panghihikayat ng kaluluwa.

ESPIRITUWAL NA KAGANAPAN:

_____ Hindi **ko** nadarama na ako ay espirituwal na ganap para magbahagi ng Ebanghelyo sa iba.

_____ Kadalasan, **ako** ay may problema sa ibang mga kapatid sa Panginoon.

4. Repasuhin ang mga bagay na iyong nilagyan ng tsek sa itaas. Sa tabi ng bawa't bagay na iyong nilagyan ng marka ilagay kung maiaayos mo ang mga balakid sa pamamagitan ng pagsasanay, pag-aaral, paggawa, o sa pagbabago ng iyong prayoridad.

5. Anong mga bagay sa listahan ang nakaaantala sa iyo? Paano mo mapagtatagumpayan ang mga ito?

IKATLONG KABANATA

ANG MENSAHE

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng salitang “Ebanghelyo ng Kaharian”.
- Ibuod ang pangunahin na mga elemento ng Ebanghelyo.
- Isulat ang apat na mga paraan na ang Ebanghelyo ay pandaigdigan.
- Ipaliwanag kung bakit ang Ebanghelyo ay makapangyarihan.

SUSING TALATA:

Sapagkat ibinigay ko sa inyo una sa lahat, ang akin namang tinanggap: na si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan,

At siya’y inilibing; at siya’y muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan. (I Corinto 15:3-4)

PAMBUNGAD

Ang Dios ay may natatanging plano sa pagabot sa mundo ng Ebanghelyo. Ipinahayag Ni Jesus ang planong ito nang sinabi Niya sa Kanyang mga disipolo ...

Datapuwa’t tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo’y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa boong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa. (Mga Gawa 1:8)

Ipinahayag ng talatang ito ang ilan sa mga bagay na tungkol sa plano Ng Dios sa panghihikayat ng kaluluwa:

- Si Jesu Cristo ang nilalaman ng mensahe.
- Ang mga disipolo ang mensahero ng Ebanghelyo na binigyan ng makapangyarihang kakayahan Ng Espiritu Santo.
- Ang buong mundo ang tatanggap ng mensahe.

Sa aralin na ito iyong matututunan ang tungkol sa nilalaman ng mensahe ng Ebanghelyo. Sa Ika-apat na kabanata iyong matututunan ang tungkol sa mga mensahero ng Ebanghelyo na mga mananamaplataya na binigyang kapangyarihan Ng Espiritu Santo. Sa Ika-limang kabanata ipinalililwanag kung paano ang mga mensahero ay magpapahayag ng mensahe at ang Ika-anim na kabanata ay tungkol sa mga tao na tatanggap ng mensahe.

ANG EBANGHELYO NG KAHARIAN

Sinabi Ni Jesus:

At ipangangaral ang evangeliong ito ng kaharian sa boong sanglibutan sa pagpapatotoo sa lahat ng mga bansa; at kung magkagayo'y darating ang wakas. (Mateo 24:14)

Ang mensahe ng panghihikayat ng kaluluwa ay ang Ebanghelyo ng Kaharian. Ang ibig sabihin ng aktuwal na salitang “Ebanghelyo” ay “mabuting balita.” Kung ating pinag-uusapan ang salitang Ebanghelyo base sa Biblia, ito ay tumutukoy sa mabuting balita ng Kaharian Ng Dios at kaligtasan sa pamamagitan Ni Jesu Cristo.

Sa Roma 1:1 ang Ebanghelyo ay tinawag na “Ebanghelyo Ng Dios.” Sa Roma 2:16 ito ay tinawag na “Ebanghelyo ni Pablo.” Sa Roma 1:16 ito ay Ebanghelyo Ni Cristo.” Walang pagsasalungatan ang mga talata dahil ang Dios ang may akda ng Ebanghelyo, Si Cristo ang tema, at ang tao ang tatanggap.

ANG PANGUNAHING ELEMENTO NG EBANGHELYO

Sa I Corinto 15:1-4, ang pangunahing mga elemento ng Ebanghelyo ay ibinigay ni Pablo:

Ngayo'y ipinatalastas ko sa inyo, mga kapatid, ang evangelio na sa inyo'y aking ipinangaral, na inyo namang tinanggap, na siya naman ninyong pinananatilihan,

Sa pamamagitan naman nito'y ligtas kayo kung matiyaga ninyong iingatan ang salitang ipinangaral ko sa inyo, maliban na kung kayo'y nagsipanampalataya nang walang kabuluhan.

Sapagka't ibinigay ko sa inyo una sa lahat ang akin namang tinanggap: na si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan,

At siya'y inilibing; at siya'y muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan. (I Corinto 15:1-4)

Ang pangunahing mensahe ng Ebanghelyo ay Si Cristo ay namatay para sa ating mga kasalanan ayon sa Biblia, Siya ay inilibing, at muling nabuhay ayon sa Biblia. Sa payak na katuturan, ang Ebanghelyo ay maaaring ibuod sa mensahe ng Juan 3:16:

Sapagkat gayon na lang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan. (Juan 3:16)

Sa malawak na kahulugan, kasama dito ang lahat na itinuro Ni Jesus sa Kanyang mga disipolo.

Dahil dito magsiyaon kayo, at gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa...na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo. (Mateo 28:18 at 20)

Ang tao ay dapat na masabihan ng tungkol sa Kaharian, mahamon na pumasok, at masanay kung paano mamuhay bilang residente ng Kaharian.

Ang Ebanghelyo na ating ipinangangaral ay hindi ebanghelyong sosyal para mabago ang lipunan, subalit Ebanghelyo Ng Dios para maligtas ang mga makasalanan. Kasama dapat sa mensahe ng Kaharian ang tawag sa pagsisisi mula sa mga kasalanan:

Pagkatapos nang madakip si Juan, ay napasa Galilea si Jesus na ipinangangaral ang evangelio ng Dios.

At sinasabi, Naganap na ang panahon, at malapit na ang kaharian ng Dios: kayo'y mangagsisi, at magsisampalataya sa evangelio. (Marcos 1:14-15)

Mula noon ay nagpasimulang mangaral si Jesus, at magsabi, Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng langit. (Mateo 4:17)

(Kung hindi mo nauunawaan ang pangunahing prinsipyo ng Kaharian Ng Dios, pag-aralan mo ang kurso ng Harvestime International Institute na "*Pamumuhay na Pinaghaharian Ng Dios*".)

ANG MENSAHE AY PARA SA LAHAT

Ang pinakamahalagang salita sa Ebanghelyo ay "ang sinoman." Ito ay ginamit Ni Jesus (Juan 3:16), Pablo (Roma 10:13), at Juan (Apocalipsis 22:17). Ang Ebanghelyo ay para sa lahat ng tao, sa lahat ng lahi, kultura, tribo, at mga bansa. Ito ay isang panlahatan na mensahe dahil sa apat na mga dahilan:

1. Ang kasalanan ay panlahatan: Roma 3:23
2. Ang alok ng kaligtasan ay panlahatan: I Timoteo 2:4
3. Ang utos na magsisi ay panlahatan: Mga Gawa 17:30
4. Ang paanyaya sa mga mananampalataya ay panlahatan: Roma 10:9-11

ANG KAPANGYARIHAN NG EBANGHELYO

Mayroong makapangyarihang mensahe ang Ebanghelyo: Sinabi ni Pablo:

Sapagkat hindi ko ikinahihiya ang evangelio: sapagkat siyang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawat sumasampalataya; una'y sa Judio, at gayon din sa Griego.

Sapagka't dito ang katuwiran ng Dios ay nahahayag mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya: gaya ng nasusulat, Ngunit ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya.

Sapagka't ang poot ng Dios ay nahahayag mula sa langit laban sa lahat ng kasamaan at kalikuan ng mga tao, na mga sinasawata ang katotohanan ng kalikuan;

Sapagka't ang nakikilala tungkol sa Dios ay hayag sa kanila; sapagka't ito'y ipinahayag ng Dios sa kanila. (Roma 1:16-19)

Ipinahayag ng mga talatang ito kung bakit makapangyarihan ang Ebanghelyo. Ito ay makapangyarihan dahil ito ay :

- Ipinahahayag nito ang Kapangyarihan Ng Dios sa tao.
- Ito ay nagdudulot ng kaligtasan sa lahat ng tao, hindi isinasaalang-alang ang lahi, kulay, o kredo.
- Ipinahahayag nito ang maaaring alam ng tao tungkol Sa Dios.
- Ipinahahayag nito ang paghuhukom at poot Ng Dios laban sa kasalanan.
- Ipinahahayag nito ang katuwiran ng Dios.
- Ipinakikita nito kung paano maging inaring ganap (pinatawad, pinanumbalik ang tamang kaugnayan Sa Dios) sa pamamagitan ng pananampalataya.
- Ito ang batayan ng pananampalataya kung saan tayo namumuhay.

ANG PAGPAPAKITA NG KAPANGYARIHAN

Ang Ebanghelyo ay dapat na maipangaral at maituro, ngunit kasama dapat ang pagpapakita ng Kaharian Ng Dios na kumikilos. Sinabi Ni Jesus sa Kanyang mga disipolo:

At samantalang kayo'y nangangalakad, ay magsipangaral kayo, na mangagsasabi, Ang kaharian ng langit ay malapit na.

Mangagpagaling kayo ng mga may sakit, mangagpabangon kayo ng mga patay, mangaglinis kayo ng mga ketong, mangagpalabas kayo ng demonio: tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay ninyong walang bayad. (Mateo 10:7-8)

Ang mensahe ng Kaharian ay hindi lamang sa salita. Ang pagpapakita ng kapangyarihan Ng Dios ay dapat kasama sa berbal na pagpapahayag. Ito ay nakita sa halimbawa na sinimulan Ni Jesus:

At nililibot ni Jesus ang lahat ng mga bayan at mga nayon, na nagtuturo sa mga sinagoga nila, at ipinangangaral ang evangelio ng kaharian, at pinagagaling ang sarisaring sakit at ang sarisaring karamdaman. (Mateo 9:35)

Datapuwa't nang maalaman ng mga karamiha'y nagsisunod sa kaniya: at sila'y tinanggap niyang may galak at sinasalita sa kanila ang tungkol sa kaharian ng Dios, at pinagagaling niya ang nangagkakailangang gamutin. (Lucas 9:11)

Ang pagpapakita ng kapangyarihan – mga himala at pagpapagaling- ay ang Kaharian Ng Dios na kumikilos. Ito ay dapat na bahagi ng mensahe ng panghihikayat ng kaluluwa. Sinabi ni Pablo:

Sapagkat ang kaharian ng Dios ay hindi sa salita, kundi sa kapangyarihan. (I Corinto 4:20)

PANSARILING PAG-SUSULILT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ibigay ang kahulugan ng “Ebanghelyo ng Kaharian.”

3. Ano ang pangunahing mga elemento ng Ebanghelyo?

4. Itala ang apat na paraan kung bakit ang Ebanghelyo ay panlahatan?

5. Ipaliwanag kung bakit ang Ebanghelyo ay makapangyarihan?

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Para sa dagdag na pag-aaral tungkol sa Kaharian Ng Dios, pag-aralan ang kurso ng *“Pamumuhay Na Pinaghaharian Ng Dios.”*

2. Basahin ang II Mga Hari 4:29-37. Ito ay kuwento kung paano binuhay ni Eliseo ang isang bata mula sa patay. Basahin ang “background” ng kuwento sa II Mga Hari 4:8-17. Ang batang ito ay “miracle baby” na sagot sa panalangin ni Eliseo at kahilingan ng babaeng Sunamita na may ginawang kabutihan sa propeta. Ang talaan ng kamatayan ng bata ay ibinigay sa mga talata 18-20. Ang tunay na dahilan ng pagkamatay ay hindi ibinigay. Posible na ito ay isang uri ng “stroke” dahil idinaing ng bata ang kanyang ulo. Ang kuwentong ito ay natural na halimbawa mula sa espirituwal na katotohanan tungkol sa panghihikayat ng kaluluwa ay maaaring manggaling. Ang panghihikayat ng kaluluwa ay katulad ng pagkabuhay ng patay dahil iniligtas ang mga tao mula sa walang-hanggang kahihinatnan ng espirituwal na kamatayan. Sinasabi ng Biblia na ang kaluluwa na nagkasala ay mamamatay, at ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan, at ang mga makasalanan ay patay sa pagsuway at kasalanan. Ang sumusunod na espirituwal na pag-angkop ay maaaring makuha sa kuwento sa II Mga Hari 4. Para makabuhay ng patay...

I. Dapat Mayroon Kang Pananampalataya:

- A. (Mga talata 20-21) Hindi tinanggap ng ina ang pagkamatay ng bata. Ang kalimitan ay tumangis, tumawag ng propesional na magdadalamhati, at ihanda ang katawan para paglamayan.
- B. Sa halip (talata 21) inihiga niya sa higaan ni Eliseo, isinara ang pinto, at umalis para papuntahin ang propeta. Para maunawaan ito, dapat mong basahin ang pangyayari sa I Mga Hari 17:17-24 kung paano binuhay ni Eliseo ang bata mula sa kamatayan. Ang pagdala ng bata sa silid ng propeta ay isang gawa ng pananampalataya, muling tinawag ang paggawa ng himala ni Elias. Hindi niya hinintay ang propeta na dalhin niya ito. Dinala niya ang bata sa silid at inaasahan ang katulad na himala.
- C. Ang Dios ay bumubuhay ng patay mula sa simula. Dalhin ang mga hindi ligtas na mga tao, kung ano sila, sa lugar ng himala.
- D. (Mga talata 22-23) Pansinin ang pananampalataya nang sinabi niya bilang sagot sa kanyang asawang lalake, “ Maaayos ito.”
- E. Sa iyong pagsisimula ng pagkilos na may pananampalataya, ito ay lumalakas. Nang siya ay malapit na sa propeta, ang kanyang pananampalataya ay lumakas. (Talata 26). Nang ipinadala ni Eliseo ang kanyang alipin,

Tinanong siya ni Gehazi, hindi na niya sinabi na “maayos ito.” Sinabi niya, “mabuti na.”

- II. Dapat Kang Magmadali: Pansinin ang talata 22 sinabi ng babae, “ Para ako ay makatakbo.” Dapat kang tumakbo para mabuhay ang patay dahilal ang mga kaluluwa ay namamatay sa kasalanan.
- III. Dapat Kang Sumira sa Tradisyon:
- A. (Talata 23) Tinanong siya ng kanyang asawang lalake, “ Ano ang iyong ginagawa?” Hindi nakaugalian ang oras na pumunta sa propeta. Hindi bagong buwan o sabbath.
 - B. Maaaring ikaw ay sumira sa tradisyon para maka panghikayat ng kaluluwa sa pagpapakita ng kapangyarihan. Maaaring sabihin ng mga tao sa iyo na , “Hindi ganito ang paggawa namin ng mga bagay.”
- IV. Dapat Mayroon Kang Kahabagan:
- A. (Mga talata 25-27) Ang patay ay hindi kailanman mabubuhay na muli ni “Gehazis” na walang habag. Nang ang babae ay naghahanap ng buhay, wala siyang habag at maaaring paalisin niya.
 - B. Ang propeta ay nagpakita ng pagmamalasakit. Itinanong niya, “ Maayos ba kayo ng iyong asawang lalake at ng bata?”
 - C. May mga tao na nakikipaglaban para “makaabot sa itaas” tungo sa atin. Sila ay naguguluhan at nahuhulog sa aming mga paa, ngunit itinataboy natin sila palayo. Ipinadadala natin sila sa hindi Kristiyanong tagapayo, mga ipinagbabawal na gamut,o “rehabilitation centers”.
- V. Dapat Kang Pumunta Kung Nasaan Sila:
- A. (Mga talata 29-31) Para tulungan ang mga patay sa kasalanan, dapat kang pumunta kung nasaan sila kung paano si Elias pumunta sa bata.
 - B. Hindi tayo magpapadala ng walang kapangyarihan na tao (katulad ni Gehazi) o kapalit (kinatawan ng kamanggagawa). Para buhayin mula sa kamatayan ng kasalanan, Si Jesus ay pumarito sa mundo. Siya ay nagtungo kung nasaan tayo.
 - C. Hindi maaari sa ina ang kapalit. Ang namamatay na mga lalake at babae ay hindi mapapanatag kung hindi sa kapangyarihan Ng Dios na may kakayahan na magbigay ng hininga ng bagong buhay sa patay na kaluluwa.
 - D. Nang sinabi ng babae ang kanyang pangangailangan, una sinugo ni Eliseo si Gehazi para magministeryo sa bata. Ngunit ang patay ay hindi mabubuhay ni “Gehazi”—kahit nga hawak niya ang tungkod ng Dios. Si Gehazi ay nauna kay Eliseo at sa babae, at inilapat ang tungkod Ng Dios sa bata, subalit walang nangyari.

- E. Kung nais mo na mabuhay na muli ang patay, dapat mong sundan ang halimbawa ng Maestro. Basahin ang I Mga Hari 17:17-24, Si Elias na maestro ni Eliseo, ay nagbigay ng halimbawa sa pagbuhay ng patay na bata. Kung sinundan ni Eliseo ang halimbawa ni Elias hindi niya isusugo si Gehazi na dala ang kanyang tungkod para subukan ang kanyang gawain.
- F. Inisip ni Eliseo na ang kapangyarihan Ng Dios ay kikilos kahit wala ang kanyang presensiya at kakayahan. Ginagamit natin ang doktrina o praktikal na katotohanan at inilalatag sa espirituwal na patay, ngunit hindi tayo personal na nakikilahok, subalit wala tayong bisa sa mga naliligaw na kaluluwa katulad ng nagawa ng tungkod ni Eliseo.
- G. Ang letra ng kautusan na walang Espiritu ay hindi kailanman makakabuhay ng patay na tao. Ang buhay ay hindi dadaloy hanggat ang liderato ay naglalagay ng walang malasakit na kamay at tungkod sa patay na lalake at babae.

VI. Dapat Malaman Mo Ang Masamang Kalagayan:

- A. (Talata 31) Si Gehazi ay hindi naniniwala na ang bata ay talagang patay. Pagbalik niya sinabi niya na “ang bata ay hindi magising.” Subalit ang bata ay hindi natutulog. Siya ay patay. Si Gehazi ay hindi naniniwala ngunit sinasabi niya na natutulog lamang.
- B. (Talata 32) Alam ni Eliseo na ang bata ay patay na.
- C. Ang mga mananampalataya na naliligaw sa kasalanan ay hindi lamang basta natutulog. Ito ay masama ang kalagayan. Ito ay espirituwal na kamatayan, at sila ay hindi kailanman mabubuhay hanggat hindi natin nababatid ito.

VII. Hindi Ka Dapat Matalo Ng Pagkabigo:

(Talata 31 ... “ Ang bata ay hindi nagising.”) Nabigo sa unang pagsubok na buhayin ang bata. Kung ikaw ay nabigo sa pagsubok, huwag kang susuko. Huwag mong sabihin na dahil sa pagkabigo ikaw ay hindi tinawag sa gawain. Ang aralin ng pagkabigo ay hindi magbibitiw mula sa misyon, subalit pagbabago ng paraan. Dapat mong sundin ang halimbawa ng maestro.

VIII. Dapat Mong Buhayin Muli Ang Buhay Sa Loob Ng Silid:

(Talata33) Dapat kang pumasok sa “loob ng silid” ng panalangin, isara ang pinto at mamagitan sa panalangin para sa namamatay na sangkatauhan.

IX. Dapat Kang Magkaroon Ng Kapangyarihan:

- A. Sa pagpasok niya sa loob ng silid, alam na ni Eliseo ang pinanggagalingan ng kanyang kapangyarihan. Minsan bago ang pangyayari, ang kapa ni Elias ay nahulog kay Eliseo. Alam niya ang pinanggagalingan ng kanyang kapangyarihan. Ito ay subok at napatunayan na.
- B. Sa iyong sarili, hindi mo muling maibabalik ang patay na mga puso ng lalake at babae na mabubuhay na muli. Ang Dios ang pinanggagalingan ng iyong kapangyarihan. Ang kappa ng Kanyang Espiritu Santo ay bumagsak sa iyo ng may bautismo ng kapangyarihan.

X. Dapat Mong Malaman Ang Layunin:

Ang iyong layunin ay hindi linisin ang patay na katawan, embalsamuhin ng mga insenso, o takpan ng pinong lino. Ang lahat ng mga ito ay mabuti, subalit mayroon ka pa rin na patay na katawan. Ang iyong layunin ay hinsi magturo ng moralidad, pagpapaunlad ng sarili, takpan ang kasalanan, o baguhin ang lipunan. Ang iyong layunin ay bagong espirituwal na buhay!

XI. Dapat Masigla Ka :

- A. (Mga Talata 34-35) Pagkatapos ng panalangin, si Eliseo ay tumigil sa harapan ng bangkay at ipinatong ang kanyang bibig sa bibig ng patay na bata. Inilagay niya ang kanyang mata sa mata nito, ang kanyang kamay sa kamay nito. Ang mainit na katawan ng anak Ng Dios ay nabalutan ang malamig na katawan ng bata. Para makabuhay ka ng patay, dapat kang magkaroon ng “contact” sa patay. Nang muling buhayin tayo Ni Jesus Siya mismo ay namatay sa Kanyang sarili. Kung muli kang bubuhay ng patay, dapat mong madama ang bata at ang takot ng kamatayan na iyon.
- B. Maiisip ng isang tao na ang matandang lalake ay dapat magkaroon ng “contact” sa bata, sa halip sinabi na iniunat ang kanyang sarili. Ang pag-abot sa malapit ng mamatay na lalake at babae ay isang “stretching” pagsubok na karanasan. Dapat mong iwan ang komportableng kalagayan ng iyong tahanan at seguridad ng iyong mga Kristiyanong kaibigan at kapaligiran. Dapat kang lumabas sa iyong paraan.
- C. Habang sinakop niya ang kamatayan ng buhay, ang init ng kanyang katawan ay pumasok sa bata. Kung ikaw sa iyong sarili ay patay, hindi mangyayari ito. Ang paglalagay ng isang bangkay sa isa pa ay walang pag-asa. Walang kabuluhan para sa mamamatay na tao para magtipon sa isa pang patay na kaluluwa.

XII. Hindi Ka Dapat Mamalagi Kung Hindi Sa Buhay:

- A. Ang talatang 34 ay nagpapakita na ang katawan ng bata ay uminit. Ngunit si Eliseo ay hindi napanatag sa palatandaan na ito ng buhay. Hindi malahininga ang ating nais, ngunit buhay! Hindi emosyon subalit tunay na “revival”.

- B. Si Eliseo ay nagpabalik-balik, naghihintay ng walang pag-aalinlangan na tumatawag Sa Dios. Pagkatapos, inunat niya muli ang kanyang katawan sa bata. Sa pagkakataon na ito ang bata ay bumahin ng pitong beses (Ang ibig sabihin ng “bumahin” ay “ paghahabol ng hininga”). Sa kanyang paghahabol ng kanyang hininga, bagong buhay ang pumasok sa kanyang katawan, pagkatapos ay nabuksan ang kanyang mga mata. Kung ang patay na lalake at babae ay naghahabol sa kanilang sarili ang nakahihikayat at muling pagbabago ng kapangyarihan ng “ malakas na hangin ng Espiritu Santo,” sila rin ay makararanas ng bagong buhay na dumadaloy mula sa muling pagkabuhay na kapangyarihan Ng Dios.

IKA-APAT NA KABANATA

ANG MGA MENSAHERO

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibuod ang tungkulin ng Salita Ng Dios sa panghihikayat ng kaluluwa.
- Ipaliwanag ang tungkulin Ng Dios sa panghihikayat ng kaluluwa.
- Kilalanin ang tungkulin Ni Jesus sa panghihikayat ng kaluluwa.
- Ibuod ang tungkulin Ng Espiritu Santo sa panghihikayat ng kaluluwa.
- Ipaliwanag ang tungkulin ng panalangin sa panghihikayat ng kaluluwa.
- Kilalanin ang iyong tungkulin sa panghihikayat ng kaluluwa.
- Ibigay ang kahulugan ng salitang “saksi”.
- Ibigay ang kahulugan ng salitang “layko”.
- Ibigay ang kahulugan ng salitang “pastor”.
- Ipaliwanag ang ibig sabihin ng pagkatawag ng layko.

SUSING TALATA:

Sapagkat hindi ko ikinahihiya ang evangelio: sapagkat siyang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawat sumasampalataya; una’y sa Judio, at gayon din sa Griego. (Roma 1:16)

PAMBUNGAD

Iyong pinag-aaralan ang plano Ng Dios sa panghihikayat ng kaluluwa para abutin ang mundo ng Ebanghelyo na ipinahayag sa Mga Gawa 1:8:

- Si Jesu Cristo ang nilalaman ng mensahe.
- Ang mga disipolo ang mga mensahero ng Ebanghelyo na binigyan ng kapangayrihan Ng Espiritu Santo .
- Ang buong mundo ang tagatanggap ng mensahe.

Sa nakaraan na aralin iyong natutunan ang tungkol sa nilalaman ng mensahe ng Ebanghelyo. Sa aralin na ito iyong matututunann ang tungkol sa mga mensahero ng Ebanghelyo. Ang Salita ng Dios , Ang Dios Ama, Anak, at ang Espiritu Santo, at panalangin ang lahat na ito ay nagsamasama sa kanilang espirituwal na puwersa para ang

mga mensahero ng Ebanghelyo ay magkaroon ng kakayahan ng makapangyarihan na saksi para sa Ebanghelyo.

ANG SALITA NG DIOS AT ANG PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

Ang Ebanghelyo ay may napapaloob na kapangyarihan para matupad ang espirituwal na kapanganakan ng nakahandang kaluluwa:

Sapagkat hindi ko ikinahihiya ang evangelio: sapagkat siyang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawat sumasampalataya; una'y sa Judio, at gayon din sa Griego. (Roma 1:16)

Hindi mo kailangan na maging mahusay na tagapagsalita para maging mensahero ng Ebanghelyo. Ang kailangan ay ibahagi mo ang mensahe ng Ebanghelyo na ito lamang ang makapagliligtas ng tao.

Kung iyong naibahagi ang Salita Ng Dios, ang pananampalataya ng nakikinig ay hindi nakasalalay sa iyong katalinuhan o kahusayan ng pagpapahayag (I Corinto 2:5). Maaasahan mo rin na nag Salita Ng Dios ay hindi babalik ng walang kabuluhan. Matutupad nito ang mga layunin Ng Dios (Isaias 55:11). Pinawawalan ng Salita ang makapangyarihan na pagpapakita ng mga tanda at kamanghamangha na makahihikayat sa mga hindi mananampalataya ng katotohanan ng Ebanghelyo (Marcos 16:20).

ANG TUNGKULIN NG DIOS SA PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

Ang Dios ang nagbabago sa buhay ng tao sa pamamagitan ng “born again” na karanasan. Maaari kang maging saksi, mangaral, at magturo ng Ebanghelyo sa paraan na pinakamabuti para sa iyo, subalit Ang Dios lamang ang makahihikayat ng isang kaluluwa. Kung iyong maunawaan ito, ang karamihan sa iyong pag-aalala tungkol sa panghihikayat ng kaluluwa ay maiibsan.

Ikaw ay mensahero lamang, isang tao na instrumento para sa banal na gawain. Imposible na makahikayat ka ng kaluluwa. Ang “born again” na karanasan ay nabuo at ipinanganak Ng Dios. Nang ang isang tao ay na “born again”, siya ay “anak Ng Dios”:

Ang sinomang nananampalataya na si Jesus ay siyang Cristo ay ipinanganak ng Dios: at ang bawat umiibig sa nanganak ay umiibig din naman sa ipinanganak niyaon. (I Juan 5:1)

ANG TUNGKULIN NI JESUS SA PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

Si Jesus ang nagbigay ng kautusan sa panghihikayat ng kaluluwa at ipinadala Ang Espiritu Santo para maihanda ka para sa gawain. Siya ang kumikilos na kasama mo na may kasamang pagpapatunay na palatandaan at mga kamangha-manghang mga bagay.:

At nagsialis sila, at nagsipangaral sa lahat ng dako, na gumagawang kasama nila ang Panginoon, at pinatotohanan ang salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip. Siya nawa. (Marcos 16:20)

ANG TUNGKULIN NG ESPIRITU SANTO SA PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

Sa panahon ng Bagong Tipan, ang Espiritu Santo ang nagdadala sa mga tao tungo sa mga mensahero ng Ebanghelyo. Paano pa natin maipapaliwanag ang mga tao na sumusunod sa kanilang mga ministryo? Walang mga pahayagan, radyo, o pahayag sa telebisyon sa mga araw na iyon. Sa halip na gamitin ang mga paraan ng mundo para mahikayat ang mga tao, dapat maglaan tayo ng panahon sa paghihintay sa ating itaas na silid katulad ng ginawa ng Bagong Tipan na Iglesya hanggang tayo ay mapuspos ng kapangyarihan mula sa itaas. Ang Espiritu Santo ang nanghihikyat sa mga tao at nagsasabi sa kanila na kailangan ang kaligtasan. Ang subok na mga paraan ng panghihikyat ay kagamit-gamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo, ngunit hindi nais Ng Dios na dumepende sa mga ito. Dapat kang dumepende sa nakahihikayat na kapangyarihan ng Espiritu Santo:

Gayon ma'y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan: Nararapat sa inyo na ako'y yumaon; sapagka't kung hindi ako yayaon, ang Mangaaliw ay hindi paparito sa inyo; ngunit kung ako'y yumaon, siya'y susuguin ko sa inyo.

At siya, pagparito niya, ay kaniyang susumbatan ang sanglibutan tungkol sa kasalanan, at sa katuwiran, at sa paghatol. (Juan 16:7-8)

Ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang nagpapalakas sa panghihikyat ng kaluluwa. Ang mga disipulo ay naging mabisa, aktibong saksi pagkatapos nilang maranasan ang kapangyarihan na iyon (Mga Gawa 1:8 at kabanata 2).

ANG PANALANGIN AT ANG PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

Walang anumang bagay ang tungkol sa espirituwal ang maaaring magtagumpay na walang panalangin. Bilang mananampalataya, ikaw ay bahagi ng Katawan Ni Cristo na isinugo sa mga naliligaw at namamatay na mundo para ibahagi ang mabuting balita ng Ebanghelyo. Subalit ang espirituwal na katawan ay pinangungunahan, pinamamahalaan, at pinalalakas ng ulo, kumikilos katulad ng isang natural na katawan na pinapatnubayan ng ulo.

Kung paano ang natural na katawan ay dapat na nakakabit sa ulo para sa tamang pagkakahilera ng mga ugat, buto, at kalamnan para makakilos ng maayos, ang espirituwal na katawan ay dapat magkaroon ng pakikipagugnayan sa espirituwal na ulo, Ang Panginoong Jesu Cristo. Ang pakikipag-ugnayan na ito ay nagagawa sa pamamagitan ng panalangin.

Para gumamit ng ibang paglalarawan: Si Jesus ang puno at tayo ang mga sanga kung saan nagkaakroon ng bunga. Si Jesus ang katawan at ugat ng nagbibigay ng buhay sa mga sanga. Ang larawan ay katulad ng isang nagaasahan. Siya ay dumedepende sa atin para mamunga, tayo ay dumedepende sa Kanya para sa espirituwal na buhay at kalakasan (Juan 15). Hindi magkakaroon ng kaugnayan na ito kung walang tamang pakikipagniig

sa pagitan mo at Ng Panginoon. Mayroon halimbawa nito sa pangyayari sa Mateo 17:14-21. Ang mga disipulo ay hindi makapagministeryo sa isang batang lalake dahil sa kakulangan ng panalangin. Ang panalangin ay hindi mga gawain bago magsimula ang gawain -ito ang aktuwal na gawain.

Ang panalangin ay una sa panghihikayat ng kaluluwa. Sa Lucas 10:1-24, sinabi Ni Jesus sa mga disipulo na manalangin (talata 2), at sinabi Niya sa kanila na humayo (talata 3). Ang panalangin ay sinundan ng paghayo. Siguro kung tayo ay mananalangin ng mas higit tayo ay makaaabot ng mas marami. Sa Mga Gawa 2 sila ay nanalangin ng 10 araw, nangaral ng sampung minuto, at 3,000 ang naligtas. Ngayon, tayo ay nananalangin ng sampung minuto, nangangaral ng 10 araw, at kakaunti ang naliligtas.

Ang ibig sabihin ng panalangin ng “evangelically” ay manalangin ka para sa :

(1) Manggagawa sa anihin (Lucas 10:2).

(2) Ang Ebanghelyo na magkaroon ng “ laya” (II Tesalonica 3:1-2). Ang ibig sabihin ng “laya” ay tumakbo o madaling sumulong.”

(3) Pagkakataon: Sa Colosas 4:3, humingi ng panalangin si Pablo para sa kanya na magbukas Ang Dios ng “pintuan na maipahayag” para maibahagi niya ang Ebanghelyo.

(4) Katapangan: Hiniling ni Pablo sa mga taga Efeso na manalangin ang Iglesia para maipahayag niya ang Ebanghelyo na may tapang (Efeso 6:19).

(5) Kaligtasan: Base sa Biblia na manalangin para ang mga tao ay maligtas. Roma 10:1 ipinakikita na si Pablo ay nanalangin para sa kaligtasan ng Israel.

(6) Kapayapaan: Sa I Timoteo 2:1-4, sinabi ni Pablo na ipanalangin natin ang mga nasa kapangyarihan para tayo ay makaakay ng mapayapang pamumuhay. Sinabi niya na gawin ito dahil mabuti ito sa mata Ng Dios na “nagnanais na ang lahat ng tao na maligtas.” Ang Ebanghelyo ay lumalaganap ng mas mabilis sa mapayapang kalagayan kung ito ay hindi naaantala ng paguusig, lugar ng labanan, pagbabawal na paglalakbay, at iba pa.

Maaaring magtagumpay ang ating kawalan ng panalangin para sa Kaharian Ng Dios, subalit ang ating pagpapagal ay kulang kung ano ang dapat na matupad kung ating makikilala ang mahalagang gawain ng panalangin.

ANG IYONG TUNGKULIN SA PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

Ang mga mensahero ng Ebanghelyo ay “born again” na mga disipulo. Ang paraan Ng Dios ay bawa’t disipulo ay maging “saksi” ng mensahe ng Ebanghelyo. Ang “pagsaksi” ay pagsasalaysay ng iyong nakita, narinig, o naranasan.

Sa korte ng batas, ang isang saksi ay isang tao na magsasabi tungkol sa kanyang nakita sa isang bagay o sa isang tao. Bilang saksi, ikaw ay magsasalaysay tungkol Kay Jesus at ang Kanyang plano para sa kaligtasan ng lahat ng sangkatauhan. Mayroong dalawang uri ng ebidensiya na inihaharap ng isang saksi sa korte ng batas. Ang isa ay pagpapatotoo na

berbal ba saksi tungkol sa paksa. Ang isa naman ay ebidensiya na nakikita na patutoo. Tinutulungan ka Ng Espiritu Santo na maging saksi sa Ebanghelyo pareho sa salita at sa pamamagitan ng nakikitang ng kapangyarihan Ng Dios.

ANG PAGHAHATI SA PAGITAN NG “CLERGY” AT LAYKO:

Plano Ng Dios na maging saksi ang bawa’t disipulo ng Ebanghelyo. Ang unang Iglesya ay lumago habang sinusunod nila ang planong ito. Ang bawa’t mananampalataya ay nagbahagi ng Ebanghelyo at espirituwal na dumami. Habang ang iglesya ay lumalago Ang Dios ay tumatawag ng ilan sa mga tao para maglingkod ng “full-time” bilang mga pastor, ebanghelista, propeta, guro, at apostol. Sa mahabang panahon, ang mga mananampalataya ay naging bahagi ng dalawang pagkakahati sa Iglesya. Sila ay maaaring “clergy” o layko.

Ang salitang “layko” ay galing sa Griegong salita na ang ibig sabihin ay “kasama sa piniling mga tao Ng Dios” Ang pangunahing kahulugan ng salita ay “ang lahat ng anak Ng Dios.” Ang terminong “karaniwang tao” o “layko” ay nangyaring ginamit para sa mga hindi naglilingkod ng natatanging “full-time” na katungkulan sa iglesya. Ang terminong “pastor” ay nangyari para makilala ang mga propesyonal na pastor sa iglesya. Ang pastor ay tumutukoy sa mga itinuturing na ang ministeryo ang kanilang propesyon o naglilingkod ng “full-time” sa iglesya.

Sa pagdaan ng panahon sa kasaysayan ng iglesya, ang unti unting paghahati ay nangyari sa pagitan ng pastor at layko. Maraming karaniwang tao ang tumigil sa espirituwal na pagpaparami. Nagsimula silang iwanan sa mga “full-time” na mga pastor ang hamon ng pagabot sa mundo. Walang sinoman propesyonal na pastor ang makatutupad sa inatang na responsabilidad ng buong Iglesya. Ito ang isa sa dahilan kung bakit hindi pa natin naaabot ang mundo ng Ebanghelyo. Inilipat ng mga mananampalataya ang kanilang responsabilidad sa mga pastor. Itinuturo ng Biblia ang paghahati ng gawain sa Iglesya, subalit ang bawa’t tao ay dapat makitulong sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo (Mga Gawa 6:1-6).

Sa pagdami ng iglesya sa Jerusalem, kinailangan ang paghahati ng gawain para matugunan ang lahat ng mga pangangailangan sa iglesya. Inilaan ng mga liderato ng iglesya ang “full-time” sa pag-aaral ng Salita at panalangin. Ang layko ay gumawa ng kanilang mga tungkulin katulad ng pagmiministeryo sa mga balo at ibang gawain ng paglilingkod. Ngunit ang mga mananampalataya ay maglilingkod sa ibat’ibang tungkulin sa iglesya, sila ay tumutulong sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo:

-Si Esteban ay isa sa mga layko na napili sa paglilingkod na gawain, subalit siya ay mayroong makapangyarihan na saksi sa Ebanghelyo (Mga Gawa 6:8-11).

- Si Felipe ay isa pang layko na napili sa paglilingkod na gawain. Ibinahagi niya ang Ebanghelyo sa Mga Samaritano (Mga Gawa 8:5-12).

- Nang ang pag-uusig ay dumating sa Jerusalem at mga mananampalataya ay kumalat sa ibang lunsod, sila ay nagpatuloy na sumaksi sa Ebanghelyo (Mga

Gawa 8:4). Para sa mga tunay na mananampalataya, walang paghahati sa pagitan ng banal at sekular dahil Si Jesus ay Panginoon ng lahat.

ANG TAWAG NG LAYKO:

Kung iyong tunay na nauunawaan ang espirituwal na tawag ng layko dapat kang bumalik sa Lumang Tipan. Ang plano Ng Dios para sa buong bansa na Israel ay maging saserdote o mga pastor:

At kayo'y magiging isang kaharian ng mga saserdote sa akin, at isang banal na bansa. Ito ang mga salita na inyong sasalitain sa mga anak ni Israel. (Exodo 19:6)

Bilang saserdote, ang bawa't tao sa Israel ay dapat maging saksi ng isang tunay Na Dios sa mga mananampalataya na nakapalibot sa kanya. Ang pagtatatag ng opisyal na saserdote ay hindi nagpabago sa plano Ng Dios para sa Israel. Ang pagiging saserdote ay katulad ng pastor ngayon na may natatanging tungkulin ng liderato. Subalit ang buong bansa ay dapat maglingkod bilang mga pastor ng mensahe Ng Dios sa mga paganong bansa.

Sa Bagong Tipan, ang mga mananampalataya ay may katulad na pagkatawag. Sila ay dapat maging saserdote o pastor ng Ebanghelyo:

Datapuwa't kayo'y isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pagaaring sarili ng Dios, upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kalinawagan. (I Pedro 2:9)

Ang tawag sa mga mananampalataya ay maging saksi Ng Dios na nagdala sa kanila na mailabas sa espirituwal na kadiliman tungo sa liwanag Ni Jesu Cristo (Juan 9:5). Ang mga mananampalataya ay sinabihan na “lumakad ng karapatdapat sa tungkulin na pagkatawag sa kanya” (Efeso 4:1). Mayroong isang pagkatawag at ito ang maging saksi sa Ebanghelyo. Ito ay tungkulin ng lahat ng mga mananampalataya.

Ang tawag na maging saksi ng Ebanghelyo ay hindi base sa pinagaralan o natural na kakayahan. Ginagamit Ng Dios ang karaniwang layko para Siya lamang ang makatanggap ng kaluwalhatian:

Sapagkat masdan ninyo ang sa inyo'y pagkakatawag, mga kapatid, na hindi ang maraming marurunong ayon sa laman, hindi ang maraming may kapangyarihan, hindi ang maraming mahal na tao ang mga tinawag:

Kundi pinili ng Dios ang mga bagay na kamangmangan ng sanglibutan, upang hiyain niya ang mga marurunong; at pinili ng Dios ang mga bagay na mahihina ng sanglibutan, upang hiyain niya ang mga bagay na malalakas;

At ang bagay na mababa ng sanglibutan, at ang mga bagay na hinamak, ang pinili ng Dios, oo at ang mga bagay na walang halaga upang mawalang halaga ang mga bagay na mahahalaga:

Upang walang laman na magmapuri sa harapan ng Dios. (I Corinto 26-29)

ANG KALOOB NG PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA:

Ang ibang mga mensahero ng Ebanghelyo ay binigyan ng natatanging kaloob mula Sa Dios para maging ebanghelista. Ang kaloob ng panghihikayat ng kaluluwa ay isang kakayahan na magbahagi ng Ebanghelyo sa mga hindi mananampalataya sa paraan na ang mga lalake at babae ay tumugon at maging reponsableng kaanib ng Katawan Ni Cristo. Ang salitang ebanghelista ay ginamit ng tatlong beses sa Bagong Tipan. Sa Efeso 4:11-12, sinabi ni Pablo na Ang Dios ay nagbibigay sa mga lalake at babae na may kaloob bilang ebanghelista sa iglesya.

Walang sinoman ang magpapasiya na maging ebanghelista dahil siya ay magaling magsalita, mayroong mabuting personalidad, o nakakaugnay ng mabuti sa iba't ibang uri ng tao. Ang Dios ay tumatawag at inihahanda ang mga tao na maging ebanghelista. Wala dapat na kompetisyon sa pagitan ng mga ministeryo ng pastor, guro, at ebanghelista. Ang ebanghelista ay bahagi ng Iglesya, hindi hiwalay mula dito.

Ang kaloob ng isang ebanghelista ay isa sa limang kaloob ng lideratura na ibinigay sa Iglesya, na ang pangunahing layunin ay maihanda ang iba sa gawain ng ministeryo. Ang ibig sabihin ng ebanghelista ay hindi lamang may kakayahan na maiparating ang Ebanghelyo sa makasalanang, ngunit maturan ang mga hinirang sa panghihikayat ng kaluluwa.

Kahit Ang Dios ay nagbibigay ng natatanging kaloob ng pagiging ebanghelista sa ilan, ang lahat ng mananampalataya ay dapat gumawa ng gawain ng isang ebanghelista at magbahagi ng Ebanghelyo sa iba. Iginiit kay Timoteo na gawin ang gawain ng isang Ebanghelista sa II Timoteo 4:5. Maaaring wala kang natatanging kaloob, subalit responsabilidad mo na gawin ang gawain ng isang ebanghelista.

SISIDLANG LUPA

Ngunit taglay namin ang kayamananang ito sa mga sisidlang-lupa, upang ang dakilang kalakhan ng kapangyarihan ay maging mula sa Dios, at huwag mula sa aming sarili. (II Corinto 4:7)

Ang kayamanan na sinasabi ni Pablo sa talatang ito ay ang Ebanghelyo. Kahit nga ikaw ay isang sisidlang lupa—karaniwan, magaspang ang ugali, at hindi pino--ang iyong taong sisidlang ay templo Ng Dios. Maaaring hindi ka kilalang-kilala ng mga tao. Maaaring hindi ka kilala sa iyong komunidad, iglesya, o denominasyon. Maaari kang karaniwan na tao na gumagawa ng ordinaryong gawain. Subalit magagamit ka Ng Dios sa panghihikayat ng kaluluwa.

Basahin ang kuwento ng pagpapagaling sa pilay na lalake sa Mga Gawa 4. Nang sina Pedro at Juan ay humarap sa “Council”, halatang halata na hindi sila nakapag-aral, at karaniwan na lalake:

Nang makita nga nila ang katapangan ni Pedro at ni Juan, at pagkatalastas na sila’y mga taong walang pinagalaran at mga mangmang, ay nangagtaka sila; at nangagpakilala nila, na sila’y nangakasama ni Jesus.

At nang mangakita nila ang taong pinagaling na nakatayong kasama nila, ay wala silang maitutol. (Mga Gawa 4:13-14)

Ang karaniwan na mga lalake ay nakatanggap ng bagong buhay sa pamamagitan Ni Jesu Cristo. Ang buhay na nasa kanila ay resulta ng kapangyarihan, nakapagbabago ng buhay na panghihikayat ng kaluluwa.

Pinagkatiwalaan Ni Jesus ang mga layko ng responsabilidad ng pagpapalaganap ng Ebanghelyo. Kinuha Niya ang mga mangingisda mula sa kanilang mga bangka at ginawa silang mamalakaya ng tao. Naniniwala Siya na ang ordinaryong mga tao ay maaaring maging hindi pangkaraniwan kung sinangkapan ng kapangyarihan Ng Espiritu Santo.

Si Gideon ay isang magsasaka. si Pablo ay gumagawa ng tolda. Si Moises ay pastol. Si Lucas ay isang doctor at si Jose ay dakilang estadista. Anuman ang iyong pinag-aralan o okupasyon, magagamit ka Ng Dios sa Kanyang plano.

Kung nasaan kaman o kung sino kaman ay hindi mahalaga. Kung ano ang iyong ginagawa kung saan ka inilagay Ng Dios . Ang susi sa mabisang panghihikayat ng kaluluwa ay maging lalake o babae Ng Dios sa lugar ng Dios, na gumagawa ng gawain Ng Dios, sa paraan Ng Dios.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ibuod ang tungkulin ng Salita Ng Dios sa panghihikayat ng kaluluwa.

3. Ipaliwanag ang tungkulin Ng Dios sa panghihikayat ng kaluluwa.

4. Kilalanin ang tungkulin Ni Jesus sa panghihikayat ng kaluluwa.

5. Ibuod ang tungkulin Ng Espiritu Santo sa panghihikayat ng kaluluwa.

- 6.. Ipaliwanag ang tungkulin ng panalangin sa panghihikayat ng kaluluwa.

7. Kilalanin ang iyong tungkulin sa panghihikayat ng kaluluwa.

8. Ibigay ang kahulugan ng salitang “saksi.”

9. Ibigay ang kahulugan ng terminong “layko.”

10. Ibigay ang kahulugan ng terminong “clergy.”

11. Ipaliwanag ang ibig sabihin ng tawag ng layko.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusa ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Si Felipe ay may kaloob ng pagiging ebanghelista. Siya ay tinawag na ebanghelista sa Mga Gawa 2:1-8. Ang kanyang kakayahan sa kaloob na ito ay nakikita mula sa kanyang maagang karanasan Kay Cristo. Nang Kanyang makatagpo Si Jesus, ang una niyang ginawa ay magbahagi ng mabuting balita kasama si Natanael (Juan 1:45-46). Di nagtagal, pinangunahan ni Felipe ang mga espirituwal na nagugutom na mga Griego Kay Jesus (Juan 12:21-22). Si Felipe ay na ordinahan ng tao bilang isang diyakono (Mga Gawa 6:1-6), ngunit ginawa Ng Dios bilang isang ebanghelista sa Iglesia (Efeso 4:11-12). Pag-aralan ang ministeryo ni Felipe para lumawak ang iyong kaalaman ng natatanging kaloob ng pagiging isang ebanghelista.

Pang-aralan ang tungkol sa :

- Kanyang mensahe: Mga Gawa 8:12,35
- Ang pagpapakita ng kapangyarihan sa kanyang buhay: Mga Gawa 8:5-8
- Ang tungkulin ng bautismo sa kanyang ministeryo: Mga Gawa 8:12-36-38
- Ang buhay niya sa tahanan: Mga Gawa 21:8-9
- Ang kanyang paglalakbay: Mga Gawa 8:4-5,26,40
- Ang kanyang kakayahan na manghikayat ng grupo: Mga Gawa 8:6
- Ang kanyang ministeryo sa isahan: Mga Gawa 8:27-38
- Ang kanyang “sensitivity” sa pangunguna Ng Dios: Mga Gawa 8:26,39
- Ang kanyang kaalaman sa Salita Ng Dios: Mga Gawa 8:3-35
- Ang tugon ng mga tao sa kanyang ministeryo: Mga Gawa 8:5,6,8,12,35-39

2. Ang mga sumusunod na talaan ng mga katangian ay mahalaga para maging mabisa sa panghihikayat ng kaluluwa:

- (1) Dapat kang makasiguro sa iyong sariling kaligtasan.
- (2) Dapat kang mapuspos Ng Espiritu Santo.
- (3) Ang uri ng iyong pamumuhay ay hindi dapat salungat sa iyong patotoo.
- (4) Mayroon ka dapat na kaalaman sa paggawa ng Salita Ng Dios.
- (5) Dapat kang mapanalangin.
- (6) Dapat mayroon kang malasakit para sa naliligaw, at mapagtanto na ang lahat ng mga tao na malayo Kay Cristo ay tutungo sa Impiyrno.

3. Dahil ang Salita Ng Dios ay kailangan sa panghihikayat ng kaluluwa, mahalaga sa iyo na matutunan ang mga talata na nagaakay sa mga tao para sa kaligtasan. Narito ang plano para matulungan ka na gawin ito:

- (1) Isulat ang talata na dapat isaulo sa isang bahagi ng maliit na tarheta o papel.
- (2) Sa kabilang bahagi ng tarheta, ilagay ang reperensiya.
- (3) Kung iyong titingnan ang bahagi ng reperensiya, subukan na sabihin ang talata mula sa memorya.
- (4) Kung iyong titingnan ang bahagi ng talata , tingnan kung iyong matatandaan ang reperensiya.

IKA-LIMANG KABANATA

PAGHAHATID NG MENSAHE

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Kilalanin ang anim na mahalagang prinsipyo ng paghahatid ng mensahe.
- Kilalanin ang basehan sa Biblia na nagbibigay ng pormula para sa paghahatid ng Ebanghelyo sa mga tao at sa ibang mga kultura.

SUSING TALATA:

Upang ang pakikipagkaisa ng iyong pananampalataya, ay maging mabisa sa pagkaalam ng bawat mabuting bagay na nasa iyo, sa kay Cristo. (Filemon 6)

PAMBUNGAD

Sa Ikatlong Kabanata iyong pinagaralan ang tungkol sa nilalaman ng mensahe ng panghihikayat ng kaluluwa at sa Ika-apat na Kabanata nututunan mo na ikaw ay mensahero ng Ebanghelyo. Ang aralin na ito ay nakatuon sa proseso ng paghahatid ng mensahe ng panghihikayat ng kaluluwa.

Ang mabisang paghahatid ng mensahe ay isang kasanayan sa paghahatid ng mensahe mula sa isang tao tungo sa iba sa paraan na ito ay natatanggap ng walang mali. Ang pagmamalasakit ng panghihikayat ng kaluluwa ay maibahagi ang Ebanghelyo sa paraan na ito ay nauunawaan at katanggap-tanggap.

ANG PAGHAHATID NG MENSAHE NG PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

Narito ang anim na mahalagang mga prinsipyo ng paghahatid ng Ebanghelyo. Ang paghahatid ng mensahe ng panghihikayat ng kaluluwa ay dapat na:

KASAMA ANG MAKATAO AT BANAL NA MGA ELEMENTO:

Ang paghahatid ng mensahe ng panghihikayat ng kaluluwa ay iba kaysa ibang uri ng paghahatid ng balita dahil sa Salita Ng Dios, Dios Ama, Anak, at Espiritu Santo ay kasama sa proseso. Ang pagbabahagi ng Ebanghelyo ay hindi lamang pakikipag-usap o pakikipagkuwentuhan sa iba. Ito ay banal na paghahatid ng mensahe na kinasihan ng makapangyarihan mula sa espirituwal na puwersa na kumikilos para mahikayat at manalig ang tumatanggap ng mensahe.

PARA SA LAHAT NG URI NG TAO:

Ang paghahatid ng mensahe ng panghihikayat ng kaluluwa ay dapat para sa lahat ng uri ng tao: mayaman, mahirap, may pinag-aralan at hindi nakapag-aral, sibilisado, hindi sibilisado. Ito ay sinangayunan ni Pablo nang sinabi niya...

**Ako'y may utang sa mga Griego at gayon din naman sa mga barbaro,
sa marurunong at gayon din sa mga mangmang. (Roma 1:14)**

Nang sinabi niya na siya ay may utang ito ay totoo sa kanya dahil sa kanyang pagtanggap sa Ebanghelyo ito ay utang niya sa iba na ibahagi sa kanila. Kanyang nadama ang responsabilidad sa lahat ng tao sa lahat ng dako. Walang pagtatangi sa uri ng tao sa isipan ni Pablo. Ang bawa't isa ay nangangailangan ng Ebanghelyo. Walang napaka hirap, o mayaman, sobrang relihiyosa o pagano, sobrang malapit o malayo. Hindi ka dapat may kinikilingan sa paghahatid ng Ebanghelyo. Kung magpapakita ka ng pagtatangi, ikaw ay nagkakasala (Santiago 2:1-4).

BALANSE SA PAGITAN NG MGA GRUPO AT PANG-ISAHAN:

Ang nais ng maraming mananampalataya ay makontento sa maramihan. Ang mga pastor ay gumugugol ng kanilang panahon sa likod ng pulpito sa harapan ng grupo. Ang bawa't isa ay nawawala sa karamihan. Ito ay makatotohanan sa maraming kultura kung saan ang pangmaramihan na paghahatid ay posible sa pamamagitan ng “media” katulad ng telebisyon at radyo.

Walang maaaring ipalit sa personal na pakikipagusap. Kadalasan si Pablo ay nagmiministeryo sa malaking grupo ngunit ang kanyang paglalarawan ng pagmiministeryo sa mga taga Tesalonica ay katulad ng isang ina na nag-aalaga sa kanyang anak at isang ama sa kanyang sariling mga anak (I Tesalonica 2:7,11). Kanyang binabalanse ang kanyang paglilingkod sa pagitan ng mga grupo ay pang-isahan.

Si Jesus ay nanghikayat ng kaluluwa sa maraming tao, ngunit nagbahagi Siya ng Ebanghelyo ng isahan katulad ng babae sa Samaria, Nicodemo, Zacheo, at iba pa.

MAUNAWAAN SA LOOB NG KONTEKSTO NG KULTURA:

Ang iba't ibang kultura ay may iba't ibang paraan ng paggawa ng mga bagay. Ito ay totoo kahit sa panhon ng Biblia. Halimbawa, ang Lystra ay malayo at paganong lugar. Ang Athens ay sibilisado na lunsod at mahirap maabot ng Ebanghelyo. Ang Berea ay masayang tumanggap ng Salita Ng Dios. Sila ay naghahanap sa katotohanan.

Ang maraming kultura, palawikaan, politika , edukasyon, at pagkakaiba ng mga bansa ay naghahain ng hamon subalit sila ay maaaring mapagtagumpayan at ang Ebanghelyo na naipahayag sa katanggap-tanggap na paraan. Para maunawaan ang ibang kultura kailangan na nakalaaan na iakma ang iyong pag-iisip at ugali. Natural, hindi mo dapat baguhin ang iyong pag-iisip o ugali na sasalungat sa pamantayan ng ipinahayag na nakasulat na Salita Ng Dios, ngunit maaaring kang magbago sa ibang mga paraan na makatutulong para mas sapat na maipahatid ang Ebanghelyo.

Ang Ebanghelyo ay dapat na maipahatid sa paraan na ito ay nauunawaan ng mga nakikinig. Ang mga salita, lengguwahe, at ang uri ng pagbabahagi ay dapat na iakma para ang Ebanghelyo ay maunawaan. Kinikilala ni Pablo ang ganitong gawa. (Mga Gawa 21:37-40; 22:2).

Ang Mga Gawa 26:18 ay nagbibigay ng halimbawa para sa mabisang paghahatid ng Ebanghelyo sa mga tao na iba ang kultura. Isinugo Ng Dios si Pablo sa mga Pagano...

Upang idilat mo ang kanilang mga mata, upang sila'y mangagbalik sa ilaw mula sa kadiliman at mula sa kapangyarihan ni Satanas hanggang sa Dios upang sila'y magsitanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan at ng mga mana sa kasamahan ng mga pinapaging banal sa pamamagitan ng pananampalataya sa akin. (Mga Gawa 26:18)

Ang Ebanghelyo ay dapat maipahayag sa paraan na :

1. Ito ay magbubukas ng mga mata ng mga tao.
2. Sila ay babaling mula sa espirituwal na kadiliman tungo sa liwanag.
3. Sila ay babaling mula sa kapangyarihan ni Satanas tungo Sa Dios.
4. Sila ay tumanggap ng kapatawaran ng mga kasalanan sa pamamagitan ng kaligtasan.
5. Sila ay tumanggap ng espirtuwal na mana sa pamamagitan ng pagbabanal ng pananampalataya.

Ang kultura kung saan ang tao ay lumaki ay nagpapasiya ng limang bagay:

-Ang kanyang lengguwahe: Paano siya magpahayag at tumanggap ng paghahatid ng mensahe at kaisipan.

-Ang kanyang pangkalahatang pananaw: Kung ano ang kanyang pananaw at pagkaunawa sa mundo.

-Ang kanyang paniniwala: Relihiyon, paniniwala sa hindi pangkaraniwan; paraan ng pag-iisip; proseso ng pag-iisip.

- Ang kanyang pinahahalagahan: Ang halaga, o pagpapahalaga niya sa mga bagay.

- Ang kanyang ugali: Paano siya gumawa at kumilos; sa sosyal at kultura na katanggap tanggap na ugali.

Pansinin mo ang sumusunod na tsart na tinutukoy ang bawa't isa sa Mga Gawa 26:18:

Lengguwahe: Ang mensahe ay mabisang naipahatid, naunawaan, at tinanggap.

Pangkalahatang pananaw: Ang pangkalahatang pananaw sa Biblia ay naihatid.

Nagbukas sa kanilang mga mata:

Paniniwala: Mensahe ng pananampalataya; Ebanghelyo ng Kaharian ay nagbago ng kanilang paniniwala.

Na sila ay bumaling at Tumanggap:

Nagbago ang pinahahalagahan.

Pagbabago ng pag-uugali.

HIGITAN ANG PAGSASALITA:

Ang salita ay pangunahin sa paghahatid ng mensahe. Sa pamamagitan ng nakasulat na Salita, ipinahayag Ng Dios ang Kanyang kalooban sa sangkatauhan. Ngunit kung iyong panunundan ang halimbawa ng mga lider ng Bagong Tipan, dapat higitan mo ang pagsasalita, lalo na sa mga kultura na nakatuon sa karanasan. Nais Ng Dios na maranasan ng mga tao ang katotohanan ng Ebanghelyo, hindi lamang marinig ang tungkol dito. Ito ang dahil kung bakit sinabi Ni Jesus” Sa inyong paghayo pagalingin ang karamdaman at palayasin ang demonyo.” Ang paghahatid ng Ebanghelyo ay higit sa pagsasalita. Ito ay pagpapakita ng kapangyarihan.

MAY PAGKAKAISA SA URI NG IYONG PAMUMUHAY:

Sinabi ni Pablo kay Filemon na mamuhay na ...

Upang ang pakikipagkaisa ng iyong pananampalataya, ay maging mabisa sa pagkaalam ng bawat mabuting bagay na nasa iyo, sa kay Cristo. (Filemon 6)

Si Pablo ay pinalalakas ang loob ni Filemon na hayaan na ang pananampalataya niya ay maihatid sa pamamagitan ng Kristiyanong pagkatao at ugali na nagpapakita kung Sino si Jesus sa iba. Walang mga salita ang makahihigit sa kapangyarihan ng pagkukunwari, o anumang salita ang makatutupad sa kung ano ang maaabot ng kapangyarihan ng positibong halimbawa. Ang paghahatid ng Ebanghelyo ay dapat na may pagkakaisa sa iyong uri ng pamumuhay para ito ay maging mabisa.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Isulat ang anim na mahahalagang prinsipyo ng paghahatid ng Ebanghelyo.

3. Ano ang reperensiya mula sa Biblia ang nagbibigay ng halimbawa para sa paghahatid ng Ebanghelyo sa mga tao sa ibang kultura?

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Bahagi ng magaling na paghahatid ng balita ay maging magaling na tagapakinig. Narito ang pangunahing mga prinsipyo ng pakikinig:

- Ibigay ng husto ang iyong sarili sa pakikinig sa sinasabi ng ibang tao . Ang pakikinig ay hindi pagsabad. Ang ibig sabihin nito ay pagpipigil sa iyong naisin na magsalita.

- Bigyan ng prayoridad ang sinasabi ng iba. Maaaring iniisip mo na mayroon kang sagot, ngunit maghintay ka hanggat ikaw ay siguradong alam mo kung ano ang tanong.

- Siguruhin mo na nauunawaan mo ang ibig sabihin ng tagapagsalita. Kung hindi, magtanong ka.

- Ang mga tanong ay mahalaga sa proseso ng pakikinig. Ang mga ito ay nakatutulong para maliwanag ang sinabi.

- Kilalanin ang walang salita na paghahatid ng mensahe. Maging sensitibo sa pagpapahiwatig ng mukha at mga kilos hindi lamang mga salita. Ang isang tao ay maaaring nagsasabi ng isang bagay , ngunit ang pagpapahiwatig ng kanyang mga kilos ay nagpapahayag ng iba.

2. Ang pangangaral ni Pablo ay nagkakaiba-iba sa pagitan ng mga lahi at mga bansa. Paghambing ang kanyang sermon sa sinagoga ng Antioch sa Mga Gawa 13 at sa kanyang pangangaral sa Athens sa Mga Gawa 17.

3. Si Jesus ay magaling na tagapaghatid ng mensahe.

- Mayroon Siyang kaalaman sa kasaysayan at Biblia: Mateo 12:38-42.

- Gumagamit Siya ng mga bagay at larawan na alam na alam ng mga tao: Lucas 21:29-32; Marcos 4:21-34

- Siya ay simple, gumagawa ng mga diskurso tungkol sa ilaw, tinapay, mabuting pastol, at ang puno: Juan 6:35; 8:12; 15:1

- Hindi Siya palaging nagbibigay ng sagot, ngunit iniharap ang marami Niyang mga katuruan sa pamamagitan ng mga talinghaga at mga tanong.

- Gumagamit siya ng katatawanan. Halimbawa, paghahambing ng puwing sa mata ng iyong kapatid at ang tahanan sa iyong sariling mata: Mateo 7:3-5

- Gumagamit siya ng pangangatwiran: Mateo 12:1-32

IKA-ANIM NA KABANATA

MGA TATANGGAP NG MENSAHE

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ipaliwanag ang proseso Ng Dios para sa pagpaparami ng mga mananampalataya.
- Sabihin kung sino ang dalawang lalake sa Bagong Tipan na ginamit bilang halimbawa ng prosesong ito.
- Kilalanin ang prayoridad para sa panghihikayat ng kaluluwa.
- Kilalanin ng apat na uri ng mga makasalanan na inilarawan sa Biblia.
- Magsimula sa panghihikayat ng kaluluwa.

SUSING TALATA:

At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba. (II Timoteo 2:2)

PAMBUNGAD

Iyong pinagaaralan ang plano Ng Dios para sa pagabot sa mundo ng Ebanghelyo:

- Si Jesus Cristo ang nilalaman ng mensahe.
- Ang mga disipulo ang mga mensahero ng Ebanghelyo na kinasihan ng makapangyarihang puwersa ng Espiritu Santo.
- Ang buong mundo ang tagatanggap ng mensahe.

Ngayon, tayo ay nabubuhay sa lumalagong mundo. Libo-libong bagong mga tao ang ipinanganganak bawat araw. Ang populasyon ng mundo ay mabilis na lumalago. Mayroong milyon na mga tao ang hindi pa nakaririnig ng mensahe ng Ebanghelyo.

Ang hamon Ni Jesus sa mga mananampalataya ay abutin ang buong mundo ng Ebanghelyo. Sa nakaraan na mga aralin iyong napagaralan ang tungkol sa mensahe at ang mga mensahero ng panghihikayat ng kaluluwa. Ngunit sa dami ng mga tao na naghihintay para sa mensahe, nasaan ang mga mensahero, saan sila magsisimula? Ano ang prayoridad at saan ka magsisimula? Sino ang pinakamabuting tatanggap ng mensahe?

ANG PROSESO NG PAGPAPARAMI

Sa Biblia, ipinahayag Ng Dios ang natatanging proseso para ang mga mananampalataya ay matupad ang misyon ng panghihikayat sa buong mundo. Ito ay base sa prinsipyo ng

espirituwal na pagpaparami. Ang pagpaparami ay pangunahing prinsipyo ng lahat ng paglago sa natural na mundo. Ang paglago ay hindi mangyayari sa pagdagdag ng isang pangkat sa isa pa. Ang buhay na selula ay dumarami. Ang ibig sabihin ang bawa't bagong selula na dumami ay may kakayahan na dumami.

Ang plano Ng Dios sa panghihikayat ng kaluluwa ay base sa pagpaparami ay katulad ng buhay na selula sa natural na mundo. Ibinuod ni Pablo ito nang isinulat niya ang mga salitang ito kay Timoteo:

At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba. (II Timoteo 2:2)

Sinabi ni Pablo kay Timoteo na pumili ng tapat na mga lalake at babae at italaga sa kanila ang mga bagay na itinuro sa kanya. Ang mga tapat na mga taong ito ay mayroon dapat na kakayahan na magturo sa iba. Sa pamamagitan ng organisadong plano ng pagpaparami, ang Ebanghelyo ay kakalat sa buong mundo.

Para makita kung paano gumagawa ang prosesong ito, pag-aralan ang tsart sa susunod na pahina. Ang tsart na ito ay ginamit ang isang tao bilang karaniwang panahon na kailangan para mahikayat ang ilan sa Ebanghelyo at masanay sila sa Kristiyanong pamamaraan na pagpaparami. Sa katotohanan, maaaring kailanganin ng mas higit na maikling panahon, depende sa tao na kasama, kaya hindi possible na maglagay ng tiyak na panahon. Ngunit kung ang mananampalataya ay aabot ng kahit isang tao at turuan siyang maging disipulo kada tao at hilingin sila na magdisipulo ng isang tao kada taon, ang mundo ay madaling maaabot ng mensahe ng Ebanghelyo.

Obserbahan sa tsart na sa unang tao ang mananampalataya ay nagdidisipulo ng isang tao. Sa pagtatapos ng taon na iyon, mayroon ng dalawang tao na matapat, ang mananampalataya at ang bagong nahikayat na kanyang dinisilupo sa pangunahing prinsipyo ng pananampalatayang Kristiyano.

Sa susunod na taon, ang bawa't isa sa kanila ay aabot ng isang tao ng Ebanghelyo at gagawing disipulo. Sa pagtatapos ng ikalawang tao, mayroon kabuuang apat na tao, ang bawa't isa sa kanila ay magdidisipulo ng isang tao sa susunod na tao.


MGA NAGDIDISIPULO		MGA DISIPULO	KABUUAN	
IKA 17 TAON	65,536	65,536	=	131,072
IKA 16 NA TAON	32,768	32,768	=	65,536
IKA 15 TAON	16,384	16,384	=	32,768
IKA 14 NA TAON	8,192	8,192	=	16,384
IKA 13 TAON	4,096	4,096	=	8,192
IKA 12 TAON	2,048	2,048	=	4,096
IKA 11 TAON	1,024	1,024	=	2,048
IKA 10 TAON	512	512	=	1,024
IKA 9 NA TAON	256	256	=	512
IKA 8 TAON	128	128	=	256
IKA 7 TAON	64	64	=	128
IKA 6 NA TAON	32	32	=	64
IKA 5 TAON	16	16	=	32
IKA 4 NA TAON	8	8	=	16
IKA 3 TAON	4	4	=	8
IKA 2 NA TAON	2	2	=	4
UNANG TAON	1	1	=	2

PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPARAMI

Ngayon, gamitin ang katamtaman na kaanib ng iglesya na humigit kumulang 100 mga tao. Itaas ang tsart na ito sa 100 mga tao ang bawat isa ay aabot ng isang tao ng Ebanghelyo at sasanayin sila na magparami at makikita mo kung paano kadali maabot ang buong mundo ng Ebanghelyo. Kung iyong sasanayin ang bawa't isa na umabot ng isa para turuan ang isa, ang mga disipulo ay mabilis na darami at ang pagpaparami ang mabilis kaysa sa pagdagdag.


ANG PROSESO SA UNANG IGLESYA

Ang sumusunod na krokis ay nagpapakita ng unang antas ng panghihikayat ng kaluluwa sa pamamagitan ng pagpaparami na resulta mula kay Andres, isa sa unang disipulo Ni Jesus:



1. Ibinahagi ni Andres ang Ebanghelyo sa kanyang kapatid na si Pedro.
2. Ibinahagi ni Pedro ang Ebanghelyo sa araw ng Pentecostes sa Jerusalem.
3. Nagpatuloy na magbahagi ng Ebanghelyo si Pedro sa iba na dumami rin.
4. Libo-libong mg mananampalataya ang kumalat mula sa Jerusalem na nagpatuloy na nagpalaganap ng Ebanghelyo.
5. Ang bawa't tao na kanilang naabot ay nanganganak at ang proseso ay nagpatuloy.

Ang krokis ay nagpapakita ng unang antas ng panghihikayat ng kaluluwa na ginawa ni Apostol Pablo:



1. Si Ananias ay ginamit Ng Dios para itindig si Pablo.
2. Dinisipulo ni Pablo si Timoteo.
3. Si Pablo ay nagpatuloy na magdisipulo ng iba.
4. Dinisipulo ni Timoteo ang matapat na mga tao na may kakayahang magturo ng iba.
5. Ang matapat na mga tao ay umabot ng iba.
6. Ang mga “iba” na ito ay nagpatuloy sa proseso ng pagpaparami.
7. Ang bawa’t tao sa samahan ay nagpatuloy na nagparami.

MGA PRAYORIDAD SA PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA


Tinukoy ng Salita Ng Dios ang ilan sa mga prayoridad sa panghihikayat ng kaluluwa. Ang mga prayoridad na ito ay ang mga:

ANG MGA SAMAHAN SA LIPUNAN:

Ipinahayag ng Bagong Tipan na ang Ebanghelyo ay mabilis na lalaganap sa mga naitatag ng mga samahan sa lipunan. Ang ibig sabihin natin nito ay lalaganap nang madali ang Ebanghelyo sa iyong sariling grupo sa lipunan ng mga kaibigan, kamaganak, at kamanggagawa.

Halimbawa, tinawag Ni Jesus ang isang mangingisda na si Andres. Ibinahagi ni Andres ang Ebanghelyo sa kanyang kapamilya na si Pedro. Ibinahagi nila sa ibang mangingisda na kasama nila sa tranaho. Di nagtagal isang buong grupo ng mangingisda ang sumunod Kay Jesus.

Ang iyong kapamilya, kaibigan, at kamanggagawa, ang mundo sa trabaho, paaralan, pamilya, at komunidad ay ang iyong lugar ng ministeryo. Gamitin ang krokis sa susunod na pahina para matulungan ka na magsimula sa panghihikayat ng kaluluwa. Isulat ang iyong pangalan sa bilog na nasa ibaba ng krokis. Ngayon isipin mo ang iyong mga kasamahan sa trabaho at mga nakakasalamuha mo, ang iyong kapit bahay, ang mga kaanib ng iyong pamilya. Isipin ang mga dumadalo sa inyong iglesya na maaaring hindi pa ligtas. Sa mga bilog na nakapalibot sa iyo, isulat ang mga pangalan, pinakamaliit na ang tatlong kamaganak o mga kaibigan na malapit sa iyo at hindi mananampalataya.



Ngayon tingnan ang palaso na galing sa iyong kaibigan at kamaganak tungo sa IYO. Ikaw ang kinatawan Ng Panginoon sa mga taong ito. Maaaring hindi sila pumasok sa iglesia. Maaaring hindi sila makatagpo ng pastor sa inyong iglesia. Ngunit kilalangkilala MO sila. Sa pamamagitan ng samahang ito na kaugnayan sa lipunan, makapagsisimula ka na manghikayat ng kaluluwa.

SAMBAHAYAN:

Ang pamilya ay banal na ginawa na pangkat sa lipunan at ito ay pandaigdigang institusyon. Mas maraming panuto na ibinigay sa Biblia tungkol sa pamilya kaysa ibang institusyon. Dahil dito, ang panghihikayat ng kaluluwa sa sambahayan ay dapat na bigyan ng atensiyon bilang prayoridad ng Biblia.

Si Moises ay tapat sa lahat ng kanyang sangbahayan, at sinabi naman ni Josue “ Ngunit sa ganang akin at ng aking sangbahayan ay maglilingkod kami Sa Panginoon” (Josue 24:15). Si Rahab na isang patotot sa Jerico, ay lumapit Sa Panginoon at naligtas ang kanyang sarili at ang kanyang buong pamilya mula sa kapahamakan (Josue 2). Nang binisita Ni Jesus ang tahanan ni Zacheo, kanyang idiniklara, “ Sa araw na ito ay dumating sa tahanan na ito ang kaligtasan” (Lucas 19:9). Nang pinagaling Ni Jesus ang anak na lalake ng mahal na tao , siya ay sumampalataya at ang kanyang buong sangbahayan (Juan 4:46-54).

Ang buong pamilya ni Cornelio ay lumapit Sa Panginoon (Mga Gawa 10), gayun din naman ang sangbahayan ni Lydia (Mga Gawa 16) at ang bantay sa bilanguan sa Filipos (Mga Gawa 16), si Crispus (Mga Gawa 18:80), at Estefanas (I Corinto 1:16). Katulad ng reperensiya ang ginawa kay Onesiforo at ang kanyang tahanan (II Timoteo 1:16) at Filemon (Filimon 2).

Sinabi Ni Jesus na magkakaroon ng pagkakabaha-bahagi sa pamilya dahil sa Ebanghelyo, kung minsan nangyaayri ito dahil sa mga paraan ng panghihikayat ng kaluluwa sa halip na mismong sa Ebanghelyo. Kung ang panghihikayat ng kaluluwa ay mangyayari sa isang pangkat ng pamilya, ang kagalingan at panunumbalik ng kapangyarihan, Ebanghelyo ay makakikilos sa loob ng tahanan.

Kung ang isang kaanib ng pamilya ay nakarinig ng Ebanghelyo sa labas ng tahanan, sila ay nahahatak palabas ng kaugnayan sa pamilya at nahihawalay mula sa banal na itinalaga na pangkat sa lipunan kung saan sila kabilang. Ang pamilya ay natatakot sa panghihimasok, at maaaring maging kalaban ng nahikayat, at tanggihan ang Ebanghelyo. Ang pagkahikayat ng buong pamilya ay nagbibigay ng karangalan sa pangkat ng lipunan na ginawa Ng Dios. Ang mismong pamilya ay nagiging lakas ng bagong mananampalataya sa halip na oposisyon.

MGA TAO NA HINDI PA NAAABOT :

Ang mga tao na hindi pa naaabot ng Ebanghelyo ay mahalagang prayoridad. Mayroon milyong mga tao sa mundo na hindi pa nararating ng Ebanghelyo. Maraming mga

tao ang hindi nagkakaroon ng pagkakataon na mabasa ang mensahe ng Ebanghelyo sa nakasulat na Salita Ng Dios dahil hindi pa naisasalin ito sa kanilang lengguwahe.

Kung ating tatanawin ang mundo ayon sa termino ng mga bansa, masasabi natin na ang lahat ng mundo ay naabot na dahil sa kasalukuyan mayroon ng pagsaksi ng Ebanghelyo sa bawa't bansa. Mayroon ng mga mananampalataya at organisadong mga iglesya sa bawa't bansa sa mundo. Ngunit hindi ito katulad ng "bawa't tribo, lengguwahe, at mga tao at bansa" ayon sa Apocalipsis 5:9.

Nang sinabi Ni Jesus ang paghayo sa lahat ng mundo Hindi Niya tinutukoy ang mga bansa lamang. Ang termino na ginamit Ni Jesus nang sinabi Niya ng mundo ay ang Griegong salita na "ethne." Ang ibig sabihin nito ay "ethnic" o "grupo ng mga tao." Ang pananaw Ni Jesus sa mundo ay "lahat ng tao" o grupo ng mga tao."

Ang ibig sabihin ng grupo ng mga tao ay:

"Isang mahalagang malaking grupo ng mga isahan na mayroong pagkakaisa. Kasama sa pagkakaisang ito ang lengguwahe, kultura, kinaugalian, at heograpiyang lugar."

Ang grupo ng mga tao ang pinakamalaking grupo na posibleng na lalaganap ang Ebanghelyo ng walang makakaharap na mga problema sa pagkaunawa at pagtanggap. Dahil ang grupo ng mga tao ay mayroong isang lengguwahe at mayroong magkakatulad na kultura, ang lengguwahe at pagkakaiba ng kultura na nakaaantala sa pagpapahayag ng Ebanghelyo ay naalis na.

Mayroong mahigit sa 19,000 magkakaibang grupo ng mga tao sa mundo na nakilala ngayon. Ang ilan ay may kakaunti na 3,000 na mga kaanib, ang iba naman ay marami na umaabot sa 30 milyon. Ang bawa't kontinente ng mundo ay hindi lamang binubuo ng iba't ibang mga bansa, ngunit iba't ibang grupo ng tao. Halimbawa, sa kontinente ng Africa mayroong 1,000 mga lengguwahe at daan ang grupo ng mga tao.

Ang naabot na grupo ng mga tao ay mayroong sapat na bilang ng mga mananampalataya at pinaggagalingan para manghikayat ng kaluluwa sa kanilang sariling mga tao na walang galing na tulong mula sa labas.

Ang hindi naabot na grupo ng tao ay kung saan walang "native" na komunidad ng mga mananampalataya na may sapat na bilang at pinaggagalingan para makahikayat ng mga kaluluwa sa sarili nilang mga tao na walang tulong mula sa labas. Mayroong 17,000 katutubo o grupo ng mga tao na walang malakas na saksi ng Ebanghelyo. Sa loob ng katutubong mga grupo ay milyon milyon na mga tao. Ang mga hindi naabot na grupo ng mga taong ito ay maaaring igrupo at pagsama-samahin sa limang pangunahing pangkat, kasama ang tao sa tribo, Muslim, Intsik, Hindus, at Buddhists.

Ipinakikita ni Pablo na ipayoridad ang hindi pa naaabot na mga tao.

Aking nilayon na maipangaral ang evangelio, hindi doon sa napagbalitaan na kay Cristo, upang huwag akong magtayo sa ibabaw ng pinagsaligan ng iba;

Kundi gaya ng nasusulat, Makakakita silang mga hindi dinatnan ng mga balita tungkol sa kanya, at siyang hindi nangakapakinig, ay mangakakatalastas. (Roma 15:20-21)

NAKAHANDANG MGA LUGAR:

Itinuro Ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na huwag mag ministeryo sa hindi pa handang tumanggap na mga tao. Kung ang Ebanghelyo ay tinanggihan, dapat silang lumipat at ituon ang kanilang lakas sa mga lugar na handa na. Sinundan ni Apostol Pablo ang estratehiyang ito.

MGA LUNSOD:

Iyong matututunan kung paano si Pablo ay nagtatag ng mga iglesya sa malalaking lunsod ng sibilisasyon. Ang pagbabago ay karaniwang nagsisimula sa mga lunsod at lalaganap sa mga baryo. Ang mga lunsod ay gitna ng kalakal at turismo at habang ang mga tao na bumibisita ay naaabot ng Ebanghelyo kanilang dinadala ang mensahe sa pagbalik nila sa kanilang tahanan.

APAT NA URI NG MGA MAKASALANAN

Kahit ang mga tao ay may malaking pagkakaiba-iba sa kultura, ipinahahayag ng Biblia ang tukoy na katangian ng lahat ng mga tao sa lahat ng dako. Ang lahat ng tao na nawalay Sa Dios ay mga makasalanang. Ang mga sumusunod ay apat na uri ng mga makasalanang na inilarawan sa Biblia.

ANG MAKATWIRAN NA MAKASALANAN:

Inilarawan sa Roma 1:18-32 ang makatwiran na makasalanang. Ang makatwiran na makasalanang ay maaaring maniwala na may Dios, subalit hindi lamang ang katotohanang na ito ang makapagligligtas. Ang makatwiran na makasalanang ay matalinong matalino, at kung iyong susubukan na magpahayag ng Ebanghelyo kadalasan siya ay magsasabi ng pampaisip na problema. Ito ang dahilan kung bakit dapat mong malaman ang Salita Ng Dios. Sinabi ng Biblia:

...na lagi kayong handa ng pagsagot sa bawat tao na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pagasang nasa inyo, ngunit sa kaamuan at takot. (I Pedro 3:15)

ANG NAGBAGONG MAKASALANAN:

Inilarawan ng Roma 2:1-16 ang nagbagong kasalanang. Ang nagbagong kasalanang ay naniniwala na may Dios dahil natutunan natin sa Roma 2:3 na naisip niya na siya ay may kakayahan na maghukom ng mga makasalanang na inilarawan sa Roma 1:18-32. Naniniwala rin siya na siya ay makatatag sa paghuhukom Ng Dios. Inisip ng nagbagong makasalanang na siya ay mabuti katulad ng iba at mayroon lamang mapagkunwari sa iglesya. Siya ang uri ng tao na sumusubok na magbago, magsimula muli, at pabutihin ang kanyang sarili.

ANG RELIHIYOSONG MAKASALANAN:

Inilarawan ang relihiyosong makasalanan sa Roma 2:17-23. Ang relihiyosong makasalanan ay nagtitiwala sa kanyang relihiyon o denominasyon para sa kaligtasan. Siya ay nagtitiwala sa mga seremonya at mga rituwal, ngunit hindi kilala ang tunay Na Dios. Si Nicodemo ay isang Pariseo (Juan 3:1). Siya ay relihiyoso, ngunit hindi niya nauunawaan ang tunay na kahulugan ng kaligtasan at pagiging “born again”.

ANG TINANGGIHAN NA MAKASALANAN:

Ang babaeng nasa balon sa Juan 4 ay halimbawa ng tinanggihan na makasalanan. Siya ay itinakwil ng lipunan. Siya ay diborsiyado, at maliwanag na hindi tinanggap ng ibang babae sa kanyang nayon dahil, sa karaniwan ang babae na sasalok ng tubig ay may kasama at iyon ay panahon ng malaking kuwentuhan. Ang babaeng ito ay sumalok na nag-iisa.

Ang tinanggihan na makasalanan ay mas abala tungkol sa kanyang sariling problema higit sa espirituwal na mga usapin. Ang pinakamabuting paraan para harapin siya ay kung paano ginawa Ni Jesus sa babaing nasa balon. Dapat kang magsimula sa kanyang sariling mga pangangailangan.

PANSARILING PAG-SUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ano ang proseso Ng Dios para sa pagpaparami ng mga mananampalataya?

3. Sino ang dalawang lalake sa Bagong Tipan na ginamit bilang halimbawa ng espirituwal na pagpaparami?

4. Ano ang mga prayoridad ng panghihikayat ng kaluluwa?

5. Ano ang apat na uri ng mga makasalanan ang inilarawan sa Biblia?

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa kayapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Manalangin habang binubuo ang sumusunod na pangako at magsimula na gawin ito:

“ Matapos maunawaan na ang panghihikayat ng kaluluwa ay responsabilidad ng bawa’t mananmaplataya, Itinatalaga ko ang aking sarili na manalangin para sa isang tao, gagawin ko ang lahat ng aking magagawa para maibahagi ang Ebanghelyo sa kanya, at dalhin sila sa pagtitipon Kay Cristo at ng Iglesia.”

Ang tao na aking ipapanalangin at hihikayatin ang kaluluwa ay si:

Lagda: _____

Petsa: _____

2. Basahin ang kuwento ng mayaman na lalake na nagtungo sa Impiyerno sa Lucas 16:19-31. Nais ng lalaking ito na bumalik sa kanyang pamilya para ibahagi ang Ebanghelyo subalit huli na ang lahat. Huwag kang maghintay hanggang huli na upang magbahagi ng Ebanghelyo sa inyong sariling pamilya.

3. Matututunan mo pa ang maraming bagay tungkol sa espirituwal na pagpaparami sa pag-aaral ng kurso ng Harvestime International Institute na *“Mga Paraan Ng Pagpaparami.”*

4. Narito kung paano magtindig ng mga manggagawa para sa anihin:

-Manalangin para sa mga manggagawa: Mateo 9:38; Santiago 4:2;
Lucas 11:9; Juan 14:14

-Mangaral para sa mga manggagawa: Isaias 6:8

-Personal na magtala at ihanda sila kung paano ang ginawa Ni Jesus:
Mateo 20

IKA-PITONG KABANATA

MGA PAMAMARAAN: MGA PRINSIPYO NG BAGONG TIPAN

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibuod ang pangunahing mga prinsipyo ng Bagong Tipan para sa panghihikayat ng kaluluwa.
- Ipaliwanag ang resulta ng paghihikayat ng kaluluwa sa Bagong Tipan.

SUSING TALATA:

Samantala nang sila'y hinihintay ni Pablo sa Atenas, ay namuhi ang kaniyang espiritu sa loob niya sa pagkamasid niya sa bayan na puno ng diosdiosan. (Mga Gawa 17:16)

PAMBUNGAD

Sinimulan ng aralin na ito sa ilang mga paraan na nakatuon sa panghihikayat ng kaluluwa. Ang paraan ay isang organisado na paraan ng paggawa ng isang bagay. Para ikaw ay maging mabisa sa panghihikayat ng kaluluwa, dapat kang gumamit ng mga paraan base sa Biblia. Ang mga praktikal na paraan na nasubukan na mabisa ay makatutulong din.

Ang aralin na ito ay nakatuon sa mga paraan ng panghihikayat ng kaluluwa sa Bagong Tipan. Ang Ikawalong Kabanata ay tungkol sa karagdagan na mga prinsipyo na ipinahayag sa mga talinghaga tungkol sa panghihikayat ng kaluluwa na nakasulat sa Bagong Tipan. Ang Ika-Siyam na Kabanata ay ipinapaliwanag kung paano gawin ang personal na panghihikayat ng kaluluwa at ang Ika-Sampung Kabanata ay tungkol sa mga problema na maaaring makaharap sa proseso. Ang “saturation” na panghihikayat ng kaluluwa ay tinalakay sa Ika-Labingisang Kabanata at ang pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa ay tinalakay sa Ika-Labingdalawang Kabanata.

Sa iyong pagsisimula ng pag-aaral na ito sa mga paraan ng panghihikayat ng kaluluwa, mahalaga na iyong tandaan kahit mayroong mga subok na mga pamamaraan ang naging mabisa sa panghihikayat ng kaluluwa, maaaring may ibang paraan Ang Dios na iyong susundin para sa bawa't sitwasyon. Sa paggawa ng gawain ng isang ebanghelistang, palaging hilingin Sa Espiritu Santo ang Kanyang “anointed touch”. Alam Niya ang puso ng tao na iyong haharapin. Tungkulin Ng Espiritu Santo na patnubayan at hipuin ka, para bigyan ka ng pagkaunawa at habag, at sumbatan ang hindi pa ligtas sa kasalanan at ilapit sila na tumugon sa Ebanghelyo.

PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA SA BAGONG TIPAN

Kung ang isang samahan ay lumago mula sa isang dosenang mga magsasaka sa hindi mahalagang bahagi ng mundo para maging opisyal na relihiyon ng isang sibilisadong mundo sa loob ng 300 taon, mabuti na siyasatin ito at matuto mula sa mga paraan nito.

Ang samahan ng Kristiyano, ang mga paraan nito ay nakasulat sa Salita Ng Dios, ang Banal Na Biblia. Ang pagbabalik-aral sa Ebanghelyo, Mga Gawa, at ang Mga Sulat ay ipinahayag ang pangunahing mga paraan ng panghihikayat ng kaluluwa. Sa panahon ng Bagong Tipan ang panghihikayat ng kaluluwa ay :

SINUSUPPORTAHAN NG PANALANGIN:

Ang panalangin ay isa sa pinakamahalaga na paraan ng panghihikayat ng kaluluwa base sa Biblia. Sa pananaw Ni Jesus ang espirituwal na anihin ay kinakatawan ng natural na anihin ng mundo na naliligaw sa kasalanan, ang una Niyang iniutos ay manalangin. Hindi sinabi Ni Jesus na:

- “Ang bukirin ay handa ng anihin, humayo.”
- “Ang bukirin ay handa ng anihin, mag organisa.”
- “Ang bukirin ay handa na, magplano.”
- “Ang bukirin ay handa na, mangalap ng pondo para sa panghihikayat ng kaluluwa.”
- “Ang bukirin ay handa na, turuan ang mga tao.”
- “Ang bukirin ay handa na, magtalaga ng komite para pag-aral ito.”

Sinabi Niya: “ Ang bukirin ay hinog na para anihin, MANALANGIN KAYO...”

Natutunan natin sa Bagong Tipan na ang unang iglesya ay palaging nananalangin (Mga Gawa 1:14). Ang unang paglalakbay sa misyon ay nabuo mula sa panalangin (Mga Gawa 13:3). Iginiit ni Pablo sa mga iglesya na ipanalangin siya sa kanyang panghihikayat ng kaluluwa (II Tesalonica 3:1).

Dapat tayong tumigil ng pag depende sa lahat ng ating nalalaman tungkol sa misyon, hindi pa naabot na mga tao, at mga paraan ng paghahatid ng Ebanghelyo. Ang mga ito ay mahalaga, ngunit kailangan na itaon natin ang ating atensiyon sa kaniyang utos: “MANALANGIN KAYO.”

ANG UNANG PRAYORIDAD:

Ang panghihikayat ng kaluluwa ay hindi lamang isang gawain ng unang Iglesya, ito ang pangunahin na prayoridad. Ngayon, ang panghihikayat ng kaluluwa at misyon ay nasa huling prayoridad ng maraming tao at mga iglesya.

Sa panahon ng Bagong Tipan, ang panghihikayat ng kaluluwa ay natural, kusang nangyayari ang pagbabahagi ng mabuting balita. Ang lahat ng mananampalataya ay tumutulong ng patuloy. Ang ginagawa ay pumupunta kung nasaan ang mga tao at dinidispulo sila. Ngayon, inaanyayahan ang mga tao na magtungo sa iglesya at umasa na

sila ay darating. Sa makabagong panahon ang iglesia ay nagaanyaya, ang unang iglesia ay sumasalakay.

Ang bawa't isa ay gumagawa ng panghihikayat ng kaluluwa (Mga Gawa 1:8). Ang bawa't mananampalataya ay inaring personal na utos ang Dakilang Utos, ang panghihikayat ng kaluluwa. Ginagawa nila ito sa lahat ng dako, hindi lamang sa gusali ng iglesia (Marcos 16:20). Araw-araw nila ito ginagawa (Mga Gawa 5:42), hindi lamang pana panahon kung may kampanya ng panghihikayat ng kaluluwa. Ang bawa't iglesia ay namumunga, ang bawa't kaanib ay namumunga, at ang bawa't tahanan ay sentro ng panghihikayat ng kaluluwa.

Kung kinakailangan, ang mga mananampalataya ay nag tatrabaho para masuportahan ang kanilang sarili para makapagpakalat ng Ebanghelyo. Ginawa ni Apostol Pablo ito. Maaaring kung titingnan ay kalokohan na ang lalaking si Pablo ay gagawa ng ganitong gawain para suportahan ang kanyang sarili sa kabila ng kanyang kakayahan, edukasyon, at espirituwal na mga kaloob. Mayroon siyang karapatan na kumuha ng sapat na suporta mula sa iglesia (I Corinto 9:7-15; I Timoteo 5:17-18; Galacia 6:6), ngunit siya ay handa, kung kinakailangan, para suportahan ang kanyang sarili para maipalaganap ang Ebanghelyo. Ginawa niya ito sa ilang mga pagkakataon. (I Corinto 4;12); I Tesalonica 2:9; II Tesalonica 3:8).

Sa maraming bansa ngayon ang kaugalian ay ang pastor at ebanghelista ay sumusuweldo para sa kanilang trabaho. Ito ay nakapigil sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo at pagtatayo ng bagong mga iglesia. Ang mga mananampalataya ay iniwan ang gawain ng panghihikayat ng kaluluwa sa mga “full-time” na mga pastor dahil sila ay “sumusuweldo para dito.” Marami rin na mga iglesia na walang pastor dahil hindi nila kayang magsuporta ng “full-time” na mga pastor at ang posibilidad na magtrabaho ay hindi na pag-iisipan.

PINANGUNGUNAHAN NG ESPIRITU SANTO:

Sa bawa't pagsulong ng panghihikayat ng kaluluwa na nakasulat sa Mga Gawa, Ang Espiritu Santo ang nag-uudyok at nagpapalakas. Sa makabagong iglesia, particular sa mga bansang kanluran, ang kakayahan sa pangangasiwa at pagtitipon ng komite ay kadalasan na napapalitan ng pagdepende Sa Espiritu.

Ang Espiritu Santo ang tagapanguna sa panghihikayat ng kaluluwa. Maraming talata sa Mga Gawa na inilalarawan na ang Espiritu Santo ay kumikilos, subalit ang mga sumusunod ay sentro kung ang pag-uusapan ay panghihikayat ng kaluluwa.

-Mga Gawa 1:8: Ang Espiritu Santo ay sinasangkapan ng kapangyarihan ang pagsaksi ng mga mananampalataya.

-Mga Gawa 2: Ang kaloob ng Espiritu Santo ay ibinigay at ipinangako sa lahat ng mga mananampalataya.

-Mga Gawa 4: Si Pedro na puspos ng Espiritu Santo, nagpatotoo tungkol sa himala na naranasan ng pilay na lalake sa Mga Gawa 3.

- Mga Gawa 4:31: Silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsalita ng Salita Ng Dios na may tapang.
- Mga Gawa 5:52: Sinabi ni Pedro na tayo ay saksi na kasama Ang Espiritu Santo.
- Mga Gawa 7:51: Inakusahan ni Esteban ang mga lider ng Hudyo na hindi tumanggap ng Ebanghelyo na may pagtangga Sa Espiritu Santo.
- Mga Gawa 9:17: Si Pablo ay napuspos ng Espiritu Santo pagkatapos na siya ay mahikayat.
- Mga Gawa 10: Ang Espiritu Santo ay bumaba sa tahanan ni Cornelio, at nagdala sa kanila na mahikayat.
- Mga Gawa 11:12: Si Pedro ay nagpaliwanag na siya ay nagtungo sa Caesaria dahil ito ang utos ng Espiritu Santo.
- Mga Gawa 13:2: Sina Pablo at Barnabas ay tinawag ng Espiritu Santo para sa gawain ng panghihikayat ng kaluluwa.
- Mga Gawa 16:6: Pinigilan Ng Espiritu Santo si Pablo na magministeryo sa Asia.

Pinangungunahan Ng Espiritu Santo ang panghihikayat ng kaluluwa sa pamamagitan ng Salita Ng Dios, sa pamamagitan ng patnubay na kahimahimala, sa pamamagitan ng tawag at kakayahan ng mga manggagawa, at sa pamamagitan ng pagtutuwid sa ating mga plano para maging kaisa sa layunin Ng Dios.

NAGANAP SA PAMAMAGITAN NG TIYAK NA PAGPAPLANO:

Nang Si Jesus ay unang nagsimula ng Kanyang ministeryo, ipinahayag ang anim na punto ng plano Niya:

Sumasa akin ang Espiritu ng Panginoon, sapagkat ako'y pinahiran niya upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga dukha: Ako'y sinugo niya upang itanyag sa mga bihag ang pagkaligtas, at sa mga bulag ang pagkakita, upang bigyan ng kalayaan ang nangaapi

Upang itanyag ang kaayaayang taon ng Panginoon. (Lucas 4:18-19)

Sinunod Ni Jesus ang planong ito sa buong ministeryo Niya sa lupa, at ang unang iglesia ay nagpatuloy sa ganitong halimbawa.

Nakaraan ang ilang panahon ibinigay Ni Jesus ang plano para sa pagpapalawak ng Ebanghelyo sa mga bansa ng mundo (Mga Gawa 1:8). Una, ang mga disipulo ay dapat manghikayat ng kaluluwa sa Jerusalem, pagkatapos magtungo sa Judea, Samaria, at sa dulo na bahagi ng mundo. Ito pa rin ang plano Ng Panginoon para sa panghihikayat ng kaluluwa. Ikaw ay dapat magsimula kung saan ka naroroon at magpatuloy sa mas malawak na grupo hanggang maabot mo ang mga bansa sa mundo.

Ang iyong “Jerusalem” ay ang komunidad kung saan ka nakatira. Mayroong libo-libong mga Kristiyano na nagbibigay at nananalangin para sa misyon, subalit hindi kailanman naglakad sa daan para sabihin sa kapit-bahay ang tungkol Kay Jesus. May ilan sa mga iglesya ay mayroong malaking programa ng misyon sa kabilang dagat, ngunit walang ginagawa na panghihikayat ng kaluluwa sa kanilang sariling lunsod, maliban sa mga nagtutungo sa kanilang iglesya.

PAGLABAN NG PUWERSA NI SATANAS:

Ang paglaban ng puwersa ni Satanang ay ginamit Ng Dios sa panahong ng Bagong Tipan para sumulong ang panghihikayat ng kaluluwa. Pag-aralan ang sumusunod na mga talata:

-Mga Gawa 12:1-24: Pinatay ni Herodes si Santiago, at ipinakulong si Pedro. Ito ay political na oposisyon .

-Mga Gawa 16:16-40 at 19:23-41: Ang panghihikayat ng kaluluwa ay salungat sa hanap buhay sa lunsod ng Efeso at Filipos. Nagkaroon ng pag-uusig mula sa mundo ng ekonomiya..

-Mga Gawa 4:7: Sa kabanatang ito mayroong natala na pag-uusig mula sa mga lider ng relihiyon ng panahon na iyon.

-Mga Gawa 11: Nakatala sa talatang ito ang pag-uusig mula sa loob ng iglesya dahil sa kinaugalian ng mga hudyo. Ito ay panloob na oposisyon.

- Mga Gawa 8,13, at 16: Nakatala sa mga kabanatang ito ang direkto na oposisyon ng puwersa ni Satanang sa pamamagitan ni Simon, Elymas, at ang inaalihan ng demonyo na batang babae.

Kung sinasalakay mo ang kaharian ni Satanang ng mabuting balita ng Ebanghelyo, dapat mong asahan ang oposisyon mula sa politika, ekonomiya, at mundo ng relihiyon . Asahan mo rin na may panloob na atake sa iglesya at direktong atake mula kay Satanang. Sa halip na hayaan ang mga pagatake na makapigil sa iyo, gamitin ang mga ito para maging oportunidad para sa ikasusulong ng Ebanghelyo kung paano ginawa sa panahon ng Bagong Tipan.

PAGTUUNAN ANG MGA GRUPO AT ISAHAN:

Ang lahat ng mga paraan ng panghihikayat ng kaluluwa sa Bagong Tipan ay maituturing sa ilalim ng personal o pang grupo na panghihikayat ng kaluluwa. Ang ministeryo Ni Jesus, ang mga disipulo, si Apostol Pablo, at iba pa ay nagpapakita ng kahalagahan ng pormal at di pormal na paraan.

Si Jesus ay nagministeryo sa maraming malalaking grupo habang Siya ay nasa lupa. Ang mga pagkakataon na ito ay natatangi sa ating mga isip dahil sa kasiyahan na tanda ng mga pangyayari. Subalit mula sa simula ng Kanyang ministeryo Si Jesus ay naglaan ng Kanyang buhay sa pagabot ng mga lalake at babae, isa isa sa pamamagitan ng personal na

panghihikayat ng kaluluwa. Sa talinghaga tungkol sa nawalang tupa sa Lucas 15:3-7, inilarawan nang maliwanag Ni Jesus ang Kanyang paraan ng panghihikayat ng kaluluwa, dahil tinawag Niya ang Kanyang sarili na Mabuting Pastol.

Si Pedro ay nangaral sa maraming tao sa Jerusalem sa araw ng Pentecostes (Mga Gawa 2). Ito ay panghihikayat sa grupo. Personal din siyang nanghikayat ng kaluluwa kay Cornelio (Mga Gawa 8:5-6) at personal sa lalake na taga Ethiopia sa ilang (Mga Gawa 8:27-35). Si Pablo ay nagkaroon ng pagkakataon sa malaking grupo at ang ilan sa kanyang pagtitipon ay nagtapos sa kaguluhan! Subalit hindi siya tumigil sa pakikitungo sa isahan.

Huwag masyadong matuon sa maramihan at mapabayaang ang isahan. Si Jesus ay palagian na tumatawag sa isahan mula sa grupo para harapin sila ng Ebanghelyo ng Kaharian. Ang parehong isahan at pang grupo na panghihikayat ng kaluluwa ay mabisang mga paraan base sa Biblia.

TAGLAY ANG PAGPAPAKITA NG KAPANGYARIHAN:

Taglay ng Bagong Tipan sa panghihikayat ng kaluluwa ang pagpapakita ng kapangyarihan Ng Dios. Iniutos Ni Jesus sa Kanyang mga disipulo, “Sa inyong paghayo... pagalingin ang may sakit, palayasin ang demonyo.”

At nangagtaka sila sa kaniyang aral, sapagkat may kapamahalaan ang kaniyang salita.

At silang lahat ay nangagtaka at nagsalitaan ang isa’t isa, na nangag sasabi, Anong salita kaya ito? Sapagkat siya na may kapamahalaan at kapangyarihan ay naguutos sa mga karumaldumal na espiritu, at nagsisilabas sila. (Lucas 4:32, 36)

Ang pagpapakita ng kapangyarihan ay nagpapatunay sa Salita na mayroong kasunod na mga tanda:

At nagsialis sila, at nagsipangaral sa lahat ng dako, na gumagawang kasama nila ang Panginoon, at pinatotohanan ang salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip. Siya nawa. (Marcos 16:20)

Ang kapangyarihan Ng Dios ay nandoon para magpagaling habang ikaw ay naghihikayat ng kaluluwa:

At nangyari nang isa sa mga araw na yaon, na siya’y nagtuturo; at may nangakaupo doong mga Fariseo at mga guro sa kautusan, na nagsipanggaling sa bawat nayon ng Galilea at Judea at Jerusalem: at ang kapangyarihan ng Panginoon ay sumasa kaniya upang magpagaling. (Lucas 5:17)

Ang kapangyarihan Ng Dios ay nagdadala ng pagpapalaya:

At pinalapit niya sa kaniya ang kaniyang labindalawang alagad, at binigyan niya sila ng kapamahalaan laban sa mga karumaldumal na espiritu, upang mapalabas nila, at upang kanilang mapagaling ang lahat ng sarisaring sakit at ang lahat ng sarisaring karamdaman. (Mateo 10:1)

Pinatutunayan ng kapangyarihan Ng Dios ang Ebanghelyo. Ang ibig sabihin ng “patunayan” ay pinapatunayan ang isang bagay. Ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ay nagpapatunay ng katotohanan ng Salita Ng Dios:

At sumunod sa kaniya ang lubhang maraming tao, sapagkat kanilang nangakikita ang mga tanda na ginagawa niya sa mga may sakit. (Juan 6:2)

Ang pagpapakita ng kapangyarihan ay pumapatnubay sa mga tao tungo Sa Dios:

At ang aking pananalita at ang aking pangangaral ay hindi sa mga salitang panghikayat ng karunungan, kundi sa patotoo ng espiritu at ng kapangyarihan:

Upang ang iyong pananampalataya ay huwag masalig sa karunungan ng mga tao, kundi sa kapangyarihan ng Dios. (I Corinto 2:4-5)

Marami ka pang matututunan tungkol sa pagpapakita ng kapangyarihan at panghihikayat ng kaluluwa sa Ikalawang Bahagi ng kursong may pamagat na ”Sa iyong Paghayo.”

NAPAKIKILOS NA ESTRATEHIYA:

Ang mga mananampalataya ay palagian na kumikilos para sa kapakanan ng ebanghelyo, mabisang nakapapasok sa mga lugar na handang tumanggap ng Salita. Tinatawag natin ito na “napakikilos na estratehiya” na ang ibig sabihin ay madaling pakilusin sa lugar na handang tumanggap.

Sa Mga Gawa 8:1 nakita natin na ang iglesya ay na puwersa na kumilos dahil sa pag-uusig. Nang ang mga mananampalataya ay nagsipangalat dahil sa pag-uusig sa Jerusalem, sila ay “nagtungo sa lahat ng dako nangaral ng Salita.”

May magandang halimbawa ng estratehiyang madaling ikilos. Nang si Felipe ay nasa Samaria nagaani ng malaking espirituwal na anihin, tinawag siya Ng Panginoon na magtungo sa ilang. Ang Dios ay may misyon sa kanya para sa lalaking taga Ethiopia na mayroong malaking tungkulin sa panghihikayat ng kaluluwa sa Africa. Madaling umalis si Felipe sa Samaria at nagtungo sa ilang.

Para maunawaan natin ang estratehiyang madaling ikilos, dapat mayroon tayong “anihin” at “kawal” na pag-iisip. Inihambing Ni Jesus ang panghihikayat sa mundo sa natural na anihin. Para maani natin ang anihin kung ito ay handa na, dapat tayong magtungo kung nasaan ang anihin na hinog na. Dapat nakalaan tayo na umalis o manatili para masakuyaang natin ang anihin.

Dapat mayroon din tayong pag-iisip ng isang kawal. Nang tayo ay naging mananampalataya, tayo ay nakasulat sa espirituwal na kawal ng Kaharian Ng Dios. Tayo ay tinawag para “makipagtiis ka bilang mabuting kawal” (II Timoteo 2:3). Ang isang kawal ay hindi makauurong o magbabakasyon dahil mahirap ang kalagayan. Ang pagsubok ng mabuting kawal ay hindi sa kanyang anyo sa panahon ng parade, subalit ang kanyang paggawa sa labanan.

Ang isang kawal ay hindi pumipili ng kanyang destino at hindi kumikilos ngayon base sa utos na natanggap 20 taon ang nakalipas. Ang mga ito ay mabuting utos noon, ngunit napaglipasan na ng panahon. Kaya nga ang isang kawal Ni Jesus Cristo ay madalas na dapat sariwain ang kanyang tungkulin at kapahayagan mula sa Espiritu Santo.

Ang tinutukoy Ni Jesus nang sinabi Niya sa mga disipulo na hindi sila dapat magpatuloy na magtanim sa baog na lupa ay estratehiyang madaling ikilos:

At sinomang hindi tumanggap sa inyo, ni duminig sa inyong mga pananalita, pagalis ninyo sa bahay o bayang yaong, ay ipagpag ninyo ang alabok ng inyong mga paa. (Mateo 10:14)

Sinunod ni Pablo ang utos na ito na “pag pagpag ng alikabok.” Sa Mga Gawa 13:51-52 ang ministryo ng Ebanghelyo ay tinanggihan sa Antioquia ng Pisidia, kaya lumisan si Pablo doon at nagtungo sa Iconium. Si Jesus ay may estratehiyang madaling ikilos. Siya ay nagtungo mula sa nayon tungo sa ibang nayon sa pagbabahagi ng Ebanghelyo. Nang ang mga disipulo ay sinubukan na limitahan ang Kanyang ministryo sa isang lugar, Sinabi Niya:

Datapuwa sinabi niya sa kanila, dapat namang ipangaral ko sa mga ibang bayan ang mabubuting balita ng kaharian ng Dios: sapagkat sa ganito ay sinugo ako. (Lucas 4:43)

MATUTUPAD SA PAMAMAGITAN NG “NETWORKING”

Ang “networking” ay isa sa mga paraan ng panghihikayat ng kaluluwa sa Bagong Tipan. Ang payak na kahulugan ng “networking” ay pagsisikap ng koponan, ang mga tao na kumikilos ng magkakasama para sa kapakanan ng pagpapalaganap ng Ebanghelyo. Sa Bagong Tipan ang panghihikayat ng kaluluwa ay ginagawa ng mga mananampalataya na nag “networking” ng magkakasama para sa pagsulong ng Kaharian Ng Dios. Ang mga Kristiyano ay hindi napaghiwalay ng mga denominasyon o abala sa pagpapakilala ng sarili nilang iglesya o organisasyon. Dapat tayong bumalik sa “networking” para magamit ang pinakamabuting kayamanan para maani ang malaking espirituwal na anihin na ipinangako Ng Dios sa mga huling araw. Marami ka pang matututunan tungkol sa

“networking” para sa panghihikayat ng kaluluwa sa Ika-labinglimang Kabanata ng kursong ito.

MAGTATAPOS SA PAGTATAYO NG IGLESYA:

Ang panghihikayat ng kaluluwa sa Bagong Tipan ay magdudulot ng pagbuo ng lokal na samahan ng mga mananampalataya. Ito ay tinatawag na pagtanim ng iglesya. Ang gawain ng panghihikayat ng kaluluwa ay hindi tapos hanggat ang bagong mananampalataya ay maging kagamit-gamit na bahagi ng Iglesya. Marami ka pang matututunan tungkol sa pagtanim ng iglesya sa Ikatlong Bahagi ng kursong ito kung saan iyong pag-aaralan ng detalye ang mga paraan na ginamit ni Apostol Pablo. Sa panahon ng Bagong Tipan ang mga nahikayat ay naging disipulo sa loob ng konteksto ng lokal na iglesya. Marami ka pang matututunan tungkol sa prosesong ito sa Ika-labintatlong Kabanata. “Mga Pagpapasiya o Mga Disipulo?”

ANG MGA RESULTA NG SAKSI

Ang resulta ng mga paraan ng Bagong Tipan ng panghihikayat ng kaluluwa ay napakalaki:

...at ang lubhang marami sa nagsisisampalataya ay nangagbalik-loob sa Panginoon. (Mga Gawa 11:21)

Ang lokal na kongregasyon sa Efeso ay dinala ang Ebanghelyo sa bawat tao sa Asia sa loob ng dalawang taon (Gawa 19:10). Isang ganito ring grupo sa Tesalonica ay humayo sa Gecia (I Tesalonica 1:8). Nang ang mga alagad ay dumating sa Tesalonica, ang dakilang resulta ng kanilang mga ginawa sa pagkakalat ng ebanghelyo ay ibinuod ng mga lider ng relihiyon na nagsabi:

... Itong mga nagsisipagtiwarik ng sanglibutan, ay nagsiparito rin naman. (Gawa 17:6)

Kanilang binaliktad ang mundo— sa masama at walang Dios na lipunan, walang imprenta, gusali ng iglesya, seminaryo, denominasyon, pangmaramihan na paghahatid ng balita, o mabilis na transportasyon.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ibuod ang pangunahing prinsipyo ng Bagong Tipan sa panghihikayat ng kaluluwa na iyong natutunan sa aralin na ito.

3. Ano ang mga resulta ng panghihikayat ng kaluluwa sa Bagong Tipan?

(Ang mga sagot sa pagsusulit at nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Iyong natutunan sa aralin na ito na sa panahon ng Bagong Tipan ang bawa't tahanan ay sentro ng panghihikayat ng kaluluwa. Pagbalik-aralan ang mga pangyayari, ang lahat ng mga ito ay nangyari sa mga tahanan:

- Mga Gawa 2: Ang Espiritu Santo ay ibinigay habang may pagtitipon para manalangin sa itaas na silid ng tahanan.

- Mga Gawa 5:42: Ang mga mananampalataya ay sumasamba sa templo at sa tahanan, at nagtutungo sa bahay-bahay para bumisita, “fellowshipping” at pagsamba.

- Mga Gawa 8:3: Nang sinubukan ni Saul na talunin ang Iglesya, hindi niya itinuon ang kanyang pagsisikap sa mga pagsamba sa templo lamang. Pumasok siya sa bawa't tahanan sinubukan na pigilan ang paglaganap ng Ebanghelyo. Ang bawa't tahanan ay sentro ng panghihikayat ng kaluluwa.

-Mga Gawa 9:11, 17: Si Pablo ay tinuruan ni Ananias para maging disipulo sa tahanan.

-Mga Gawa 10: Ang unang pangitain ng pagtawid sa kultura ng pagpapalawak ng Ebanghelyo ay ibinigay sa tahanan habang si Pedro ay nanalangin.

- Mga Gawa 10: Ang unang mensahe para sa mga Pagano ay ipinangaral sa isang tahanan.

-Mga Gawa 12: Ang pagtitipon sa tahanan para manalangin ay nagdulot sa paglaya ni Pedro mula sa bilangguan.

-Mga Gawa 20:20 at 28:30-31: Si Pablo ay parehong nagturo sa pampubliko at sa bahay-bahay sa panahon ng kanyang ministryo.

-Mga Gawa 20:7-12: Si Pablo ay nagsasalita sa isang tahanan ng si Eutycus ay nahulog sa labas ng bintana.

-Mga Gawa 21:8-14: “Prophetic Revelation” ay nangyari sa tahanan.

-I Corinto 16:19; Roma 16:3-5; Colosas 4:15; at Filemon 1:2; Mga talaan ng iglesya sa mga tahanan.

2. Ang mga sumusunod na tanong ay makatutulong sa iyo, sa pagpili ng iba't ibang paraan ng panghihikayat ng kaluluwa. Itanong mo sa iyong sarili, “Ang paraan ba na ito ay ...”

- Base sa Biblia: Ang mga paraan ay dapat base sa mga prinsipyo na mula sa Biblia.

- Mabisa: Ang mga paraan ay dapat na matagumpay. Ang ibig sabihin ng tagumpay ay may positibong tugon sa Ebanghelyo ng mga hindi pa ligtas.

- Mahusay: Ang mga paraan ay dapat magpakita ng pinakamabuting paggamit ng espirituwal na kayamanan kung ang pag-uusapan ay mga tao, materyales, at pananalapi.

- Kaugnay sa Kultura: Ang maaaring mabisa sa ibang bansa ay maaaring hindi angkop sa iba. Ang naging mabisa sa isang grupo ng mga tao ay maaaring tanggihan ng iba.

3. Gumawa ng sariling pag-aaral ng Ebanghelyo, Mga Gawa, at Mga Sulat. Kilalanin ang karagdagan na mga prinsipyo sa Bagong Tipan tungkol sa panghihikayat ng kaluluwa at mga halimbawa ng mga prinsipyo na napag-aralan sa aralin na ito.

IKA-WALONG KABANATA

MGA PAMAMARAAN: MGA TALINGHAGA SA BAGONG TIPAN

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng salitang “talinghaga.”
- Ipaliwanag kung bakit gumamit Si Jesus ng mga talinghaga.
- Kilalanin ang mga prinsipyo ng panghihikayat ng kaluluwa sa mga talinghaga na itinuro Ni Jesus.

SUSING TALATA:

At sa pamamagitan ng gayong maraming talinghaga ay sinasaysay niya sa kanila ang salita, ayon sa makakaya ng kanilang pakinig; (Mateo 4:33)

PAMBUNGAD

Sa nakaraan na aralin iyong pinag-aralan ang mga paraan ng Bagong Tipan sa panghihikayat ng kaluluwa. Maraming talinghaga sa Bagong Tipan na nagtuturo ng mas maraming bagay tungkol sa proseso ng panghihikayat ng kaluluwa. Ang isang talinghaga ay kuwento na ginagamit bilang halimbawa mula sa natural na mundo para ilarawan ang espirituwal na katotohanan. Ang tunay na ibig sabihin ng salitang “talinghaga” ay “ilatag sa tabi, para ihambing.” Sa mga talinghaga, inihambing Ni Jesus ang natural na halimbawa na may espirtituwal na katotohanan. Ang talinghaga ay makalupang kuwento na may makalangit na ibig sabihin.

Sa aralin na ito iyong pag-aaralan ang mga talinghaga ng Bagong Tipan na nagtuturo ng mga prinsipyo ng panghihikayat ng kaluluwa.

BAKIT MGA TALINGHAGA?

Minsan tinanong ng mga disipulo Si Jesus bakit Siya gumagamit ng mga talinghaga para magturo ng espirituwal na mga katotohanan:

At nagsilapit ang mga alagad, at sinabi nila sa kaniya, Bakit mo sila pinagsalitaan sa mga talinghaga? (Mateo 13:10)

Sumagot Si Jesus:

At sumagot siya at sinabi sa kanila, Sa inyo'y ipinagkaloob ang mangakaalam ng mga hiwaga ng kaharian ng langit, datapuwat hindi ipinagkaloob sa kanila. (Mateo 13:11)

Ang pagkaunawa sa espirituwal na mga katotohanan na itinuro sa talinghaga ay ibinigay sa mga disipulo dahil sila ay may espirituwal na pag-iisip. Ang walang espirituwal na kaisipn na nakarinig ng mga talinghaga ay hindi naunawaan ang mga ito. Ang espirituwal na mga katotohanan ay mauunawaan lamang ng espirituwal na pag-iisip:

Ngunit ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng espiritu ng Dios: sapagkat ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawa sapagkat ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu. (I Corinto 2:14)

Ang isang tao na may espirituwal na pag-iisip ay nakaranas na maging "born again" ang espiritu. Ang may espirituwal na kaisipan ay nakauunawa ng mga talinghaga. Ang may karnal, makasalanang pag-iisip ay hindi makauunawa.

MGA TALINGHAGA TUNGKOL SA PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

Si Jesus ay nagkuwento ng maraming talinghaga na tungkol sa panghihikayat ng kaluluwa at ipinaliwanag kung paano ang Kaharian Ng Dios ay lalaganap sa buong mundo. Pag-aralan ang sumusunod na mga talinghaga:

Ang Nawalang Tupa: Mateo 18:12-14; Lucas 15:4-7

Ang Nawalang Pilak: Lucas 15:8-10

Ang Nawalang Anak na Lalake: Lucas 15: 11-32

Ang mga talinghaga na ito ay nagpapahayag na Ang Dios ay may malasakit sa mga nawawala at ang pangangailangan na sila ay dapat mong hanapin. Hindi mahalaga kung bakit sila nawala. Ang tupa ay naglalaglag palayo. Ang pilak ay nawala dahil sa kapabayaan. Ang anak na lalake ay nawala dahil sa kanyang sariling pagrerebelde. Hindi nag-aalaala Ang Dios kung paano ang tao ay nawala, nais Niya na sila ay matagpuan. Pagsumikapan mong gumawa ng paraan para matagpuan ang mga nawawala sa kasalanan. Dapat kang magtungo kung saan sila naroroon, hindi hintayin sila na lumapit sa iyo.

Ang Walang Laman Na Hapag Ng Piging: Lucas 14:15-23

Ang panghihikayat ng kaluluwa ay hindi dapat na matigil dahil lamang ang iba ay hindi tumugon sa paanyaya ng Ebanghelyo. Dapat mong hanapin ang espirituwal na naghahanap at dalhin sila sa espirituwal na piging na inihanda Ng Panginoon.

Ang Hindi Namumungang Puno Ng Igos: Lucas 13:6-9

Ang puno ng igos ay pambansang simbolo ng bansang Israel. Itinindig Ng Dios ang bansang Israel bilang bansa na kung saan Niya ipahahayag ang Kaharian ng mundo. Sinubukan Ng Dios na kunin ang “puno” ng Israel para mamunga sa gitna ng mga paganong mga bansa sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kanilang kaalaman sa Tunay na Dios. Subalit ang Israel ay nanatiling baog at hindi namumunga. Ngayon itinindig Ng Dios ang Iglesia para sa layunin na ito. Inaalagaan Ng Dios ang mga mananampalataya para subukan na sila ay mamunga, kung paano ang Kanyang ginawa sa bansang Israel. Ang Kanyang layunin ay magkatulad: Dapat tayong “mamunga” sa gitna ng mga paganong bansa sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ating kaalaman sa tunay Na Dios. Ang Dios ay hindi nalulugod sa mga puno na hindi namumunga.

Ang Mga Talento: Mateo 25:14-30; Lucas 19:11-27

Ang Tao Na Maglalakbay Sa Malayong Lupain: Marcos 13:34-37

Ang Mga Alipin: Mateo 24:43-51; Lucas 12:39-46

Ang Nagmamatyag na Alipin: Lucas 12:36-38

Ang Tapat Na Tagapamahala: Mateo 25:14-30

Sa talinghaga ng mga “alipin” ay binibigyan diin ang matalinong pangangasiwa ng Ebanghelyo na ipinagkatiwala sa mga mananampalataya. Ang bawa’t mananampalataya ay binigyan ng mga talento o natatanging kakayahan para magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo. Kung ang iyong kakayahan ay malaki o maliit, dapat mong gamitin kung anuman ang ibinigay Ng Dios sa iyo. Sa muling pagbabalik ni Jesus sa lupa, ang mga gumamit ng tama sa kanilang kakayahan ay gagantimpalaan (Lucas 16: 10-12).

Ang Maghahasik: Mateo 13:23-25; Marcos 4:3-8; Lucas 8:5-8

Ang Ebanghelyo ay naipangalat sa paghahasik ng binhi ng Salita Ng Dios. Walang mangyayaring pagpaparami kung wala ang Salita. Ang bunga ay naka depende sa buhay na nasa binhi mismo (ang Salita Ng Dios) at ang tugon ng lupa (tugon ng tao sa Salita Ng Dios). Mayroong iba’t ibang tugon sa paghahasik ng Salita.

Ang iyong responsabilidad ay maghasik. Sa iyong paghahasik ng binhi ng Salita Ng Dios, ang ibang lupa ay handa at magbibigay ng anihin. Ang ibang lupa ay hindi handa na tumugon at magbibigay ng napakaliit na bunga. Kahit Si Jesus ay nakatagpo ng hindi handang tumugon na lupa sa Kanyang ministeryo sa lupa:

At hindi siya nakagawa doon ng anomang makapangyarihang gawa, liban sa ipinatong niya nag kaniyang mga kamay sa ilang mga may sakit, at pinagaling sila.

At nanggigilalas siya sa kanilang di pananampalataya... (Marcos 6:5-6)

Ang Damo At Ang Trigo: Mateo 13:24-30

Habang ikaw ay nanghihiikayat ng kaluluwa at ang bagong mga mananampalataya ay nadaragdag sa Iglesia, susubukan ni Satanas na talunin ang proseso. Siya ay magtatanim ng mga tao na inlarawan na “damo” sa gitna ng mabuting binhi ng Kaharian Ng Dios. Ang ilan sa mga tao na nagpapanggap na mga mananampalataya at dadalo sa

iglesya sa pamamagitan ng panghihikayat ng kaluluwa ay hindi tapat. Sila ay mga “damo” na itinanim ni Satanas. Hindi nais Ni Jesus na gamitin mo ang panahon at pagsisikap sa pagsubok na ihiwalay ang damo sa trigo. Magpatuloy na magtanim ng binhi at maghikayat ng kaluluwa. Sa Pagbalik Ni Jesus, ang mga damo ay ihihiwalay sa panahon ng pag-ani.

Ang Lambat ng Pangngisda: Mateo 13:47-50

Inihambing Ni Jesus ang panghihikayat ng kaluluwa sa malaking lambat na itinaon sa dagat. Ang lahat ng uri ng isda ay papasok sa lambat, subalit kung ang lambat ay dadalhin na sa dalampasigan ang maayos na isda ay inihiwalay sa masamang isda. Ang Kaharian Ng Dios ay dadalhin ang mga lalake at babae mula sa lahat ng bansa. Marami ang papasok. Ang ilan ay tapat, ang iba ay hindi. Sa huling paghuhukom kung ang lambat ay kukunin Ng Dios, ang mabuti at masama ay paghihiwalayin.

Hindi ka tinawag para maghiwalay, ikaw ay tinawag para mangisda.

Ang Butil Ng Mustasa: Mateo 13:31-32; Marcos 4:31-32; Lucas 13:19

Ang Kaharian Ng Dios ay darami katulad ng butil ng mustasa. Ang butil ng mustasa ay napakaliit sa simula, ngunit sa paglago ito ay lalago ng malaki. Ang Kaharian Ng Dios ay maliit sa simula. Nang Si Jesus ay bumalik sa Langit pagkatapos ng Kanyang ministeryo sa lupa, iniwan Niya ang maliit na grupo ng mga mananampalataya para magpalaganap ng Ebanghelyo. Ang maliit na grupo ng mga mananampalataya ay dumami sa libo-libo na mga tagasunod sa maraming mga bansa.

Ang Lebadura: Mateo 13:33; Lucas 13:21

Katulad ng lebadura sa tipak ng masa, ang Ebanghelyo ay lalaganap sa buong “tipak” ng mundo. Katulad ng lebadura, ang kapangyarihan ng Kaharian ay hindi panlabas ngunit sa loob.

Ang Puno at Ang Sanga: Juan 15:1-16

Ang talinghagang ito ay naglalarawan sa kaugnayan natin Kay Jesus at sa proseso ng panghihikayat ng kaluluwa. Siya ang espirituwal na puno at tayo ang mga sanga. Hindi tayo makapamumunga ng nag-iisa. Tayo ay makapamumunga lamang kung tayo ay nakakabit sa buhay na dumadaloy sa sanga, Kay Jesus. Nais Ni Jesus na putulin sa iyong buhay ang lahat ng hindi namumunga para ikaw ay magbigay ng espirituwal na bunga na mananatili.

Ang Anihin: Mateo 9:37-38; Lucas 10:2

Sa talinghagang ito, ang bukid ay ang mundo. Ang anihin ay ang maraming lalake at babae na handang tumugon sa mensahe ng Ebanghelyo. Isang malaking anihin ang naghihintay na anihin ng espirituwal na manggagawa Ng Dios.

IBANG MGA PRINSIPYO NG PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

Sa maikling pangungusap Si Jesus ay nagturo ng ibang mga prinsipyo ng panghihikayat ng kaluluwa:

Ilaw Ng Sanlibutan: Mateo 5:14-16; Lucas 8:16

Ang Ebanghelyo ay kakalat habang ang mga mananampalataya ay makikita bilang mga ilaw mula sa lunsod na nakalagay sa mataas na lugar na makikita mula sa malayong lugar. Dapat tayong magdala ng liwanag ng mundo (Jesus) sa mundo na puno ng espirituwal na kadiliman.

Asin Ng Sanlibutan: Lucas 14:34

Sa panahon ng Biblia, ang asin ay ipinapahid sa karne para mapanatili na sariwa at hindi masira. Ang mga mananampalataya ang espirituwal na asin na nasa mundo na may mensahe ng pangangalaga (kaligtasan) na makapagligligtas sa kanila mula sa pagkabulok (espirituwal na kamatayan) ng kasalanan.

Kayamanan Sa Langit: Mateo 6:19-21; Lucas 12:15

Ang mga mananampalataya ay hindi dapat matuon ang isip sa mga kayamanan sa mundo. Sa ating pagbabahagi ng Ebanghelyo, tayo ay nagiipon ng espirituwal na mga kayamanan sa Langit.

Ang Malawak na Pintuan: Mateo 7:14

Hindi ka makapaghahatol sa tamang daan base sa bilang lamang. Ang daan sa Impiyerno ay naglalapit sa marami habang ang daan sa buhay na walang-hanggan ay natatagpuan ng kakaunti.

Maraming Gawa: Mateo 7:22

Maraming magagandang gawa ang magagawa ng ilang mga tao. Ngunit ang paggawa ng malaking mga gawain ay hindi ibig sabihin ay katulad ng paggawa ng kalooban Ng Dios at pagtupad sa Kanyang mga layunin. Ang gawain Ng Dios ay dapat na magawa ng Kanyang mga anak sa Kanyang paraan.

Ang Maliit ay Sapat: Mateo 10:42; Mateo 14:15-21

Ang lahat ng ginawa sa pangalan Ni Jesus, kahit sa paningin ay maliit , ay mabunga. Ang himala ng tinapay at isda ay naglarawan kung paano Ang Dios ay nagparami at ginamit ang maliit na nasa atin na inihandog. Ito ay tutoo sa pinakamaliit na pagsisikap sa panghihikayat ng kaluluwa.

Ang Paglago ay Nangangailangan ng Pagbabago: Marcos 2:21-22; 7:13

Ang bagong paglago ay nangangailangan ng pagbabago. Hindi ka magkakaroon ng bago sa lumang sisidlan ng tradisyon at makasalanang uri ng pamumuhay. Ang makapangyarihan na kakayahan ng Ebanghelyo ay naantala ng tao na kumakapit sa mga tradisyon at tumatanggi sa pagbabago.

Pakinabang sa Pagkatalo: Marcos 8:34-37; 10:29-30

Pagtanggap sa Pagbibigay: Lucas 6:38

Ang makamundong mga prinsipyo ay nagtuturo na ikaw ay makikinabang sa pagkakaroon ng higit. Itinuro ni Jesus na ikaw ay makikinabang ng lahat ng bagay kung nawala ang lahat sa iyo. Anuman sa tingin sa natural na mundo na kawalan ay pakinabang sa espirituwal na mundo. Sa pagbibigay ng iyong sarili sa gawain ng panghihikayat ng kaluluwa, makikinabang ka ng walang-hanggan na gantimpala.

Ang Kamatayan ay Nagdudulot ng Buhay: Juan 12:24

Para maging namumungang disipulo dapat kang mamatay sa mga nasa ng iyong laman. Dapat kang mamatay sa kasalanan at iwan ang iyong sariling paraan para sumunod Kay Jesus sa pagaani ng espirituwal na anihin ng mundo.

BUOD

Kaugnay sa panghihikayat ng kaluluwa, ang katuruan Ni Jesus ay nagpapahayag na Siya ay hindi nalulugod sa :

Pangingisda na walang huli.
Walang laman na hapag ng piging.
Pagtatanim ng walang ani.
Isang puno na hindi namumunga.
Nawalang tupa na hindi nadala sa kural.
Nawalang pilak na hinanap ngunit hindi natagpuan.
Nawalang anak na lalake na hindi bumalik.
Hindi namumunga na alipin.
Hindi handang tumugon na espirituwal na lupa
Hinog na anihin na hindi naaani.

Ang ating Ama, na hindi nais na ang isang tao ay mamatay, ay interesado sa mga resulta ng panghihikayat ng kaluluwa.

Hindi mapagliban ang Panginoon tungkol sa kaniyang pangako gaya ng pagpapalibang ipinalagay ng iba; kundi mapagpahinuhod sa inyo na hindi niya ibig na sinoman ay mapahamak, kundi ang lahat ay magsipagsisi. (II Pedro 3:9)

PANSARILING PAG-SUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ibigay ang kahulugan ng salitang “talinghaga.”

3. Bakit gumamit Si Jesus ng mga talinghaga para turuan ang Kanyang mga tagasunod?

4. Maikling ilarawan ang prinsipyo ng panghihikayat ng kaluluwa na itinuro sa bawa't sumusunod na mga talinghaga:

Ang Walang Laman Na Hapag Ng Piging:

Ang Hindi Namumunga na Puno Ng Igos:

Ang Nawalang Tupa, Pilak, At Anak na Lalake:

Ang talinghaga Ng Alipin:

Ang Maghahasik:

Ang Damo At Ang Trigo:

Ang Lambat Ng Pangingisda:

Ang Butil Ng Mustasa:

Ang Lebadura:

Ang Puno At Ang Sanga:

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Ipagpatuloy ang iyong pag-aaral sa mga prinsipyo ng panghihikayat ng kaluluwa na ipinahayag sa mga talinghaga sa Bagong Tipan. Gamitin ang mga reperensiya na ibinigay sa aralin na ito para pag-aralan ng mas detalye ang bawa't talinghaga Ni Jesus. Maka didiskubre ka ba ng dagdag na mga prinsipyo sa panghihikayat ng kaluluwa?

2. Siyasatin ang iyong sarili sa liwanag ng katuruan sa panghihikayat ng kaluluwa na ipinahayag sa mga talinghagang ito:

- Ikaw ba ay nangingisda ng walang nahuhuli?

- Ikaw ba ay naghahasik ng walang naaani?

- Ikaw ba ay katulad ng puno na hindi namumunga?

- Ikaw ba ay naghahanap ng “nawawalang tupa”?

- Ikaw ba ay namumungang alipin?

- Ang lupa ba na iyong pinagpapagalan ay handang tumugon?

- Ginagawa mo ba ang iyong bahagi sa pagaani ng espirituwal na anihin sa inyong sariling komunidad? Iyong bansa? Sa mundo?

IKA-SIYAM NA KABANATA

MGA PAMAMARAAN: PERSONAL NA PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng personal na panghihikayat ng kaluluwa.
- Isulat ang tatlong paraan kung paano ginagawa ang personal na panghihikayat ng kaluluwa.
- Ipaliwanag kung paano magdala ng kaluluwa Kay Cristo.

SUSING TALATA:

...At marami sa mga Samaritano sa bayang yaon ang sa kaniya'y nagsisisampalataya dahil sa salita ng babae, na nagpatotoo. Sinabi niya sa akin ang lahat ng mga bagay na aking ginawa. (Juan 4:39)

PAMBUNGAD

Iyong natutunan ang mga paraan ng pagbabahagi ng Ebanghelyo sa Bagong Tipan kasama ang personal at grupo ng panghihikayat ng kaluluwa. Sa aralin na ito iyong matututunan kung paano gawin ang personal na panghihikayat ng kaluluwa. Sa Ika-sampung Kabanata iyong matututunan kung paano harapin ang mga paghihirap na iyong mararanasan sa personal na panghihikayat ng kaluluwa.

PERSONAL NA PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

Ang personal na panghihikayat ng kaluluwa ay kung ano ang inilalarawan ng pangalan: Ito ay personal na pagbabahagi ng Ebanghelyo sa isang tao. Ito ay “tao –sa-tao, isahang panghihikayat ng kaluluwa. Ang personal na panghihikayat ng kaluluwa ay ginagawa sa isa sa mga sumusunod na tatlong mga paraan.

TAHIMIK NA SAKSI:

Ikaw ay tahimik na saksi ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng uri ng iyong Kristiyanong pamumuhay. Ang iyong buhay ay magiging saksi sa ibang tao, maaaring ito ay sinadya o hindi. Kung ang iyong buhay ay hindi katulad ng iyong sinasabi na patotoo ng Ebanghelyo, ito ay nakakasagabal sa mga tao na tumugon sa kaligtasan.

Kahit ang Paguugali ng Kristiyano ang pinakamalakas na tahimik na saksi, ang ilang mga tao ay nagsusuot ng “krus na kuwintas o magsabit ng mga talata sa Biblia o larawan sa kanilang tahanan, hanap buhay, o sasakyan. Kung minsan ang mga bagay na ito ay

nagiging berbal na patotoo kung ang hindi pa ligtas na tao ay magtatanong ng tungkol sa mga ito.

“GOSPEL TRACTS”/ BABASAHIN NA EBANGHELYO:

Ang “gospel tracts” /babasahin na Ebanghelyo ay maikling mensahe mula sa Salita Ng Dios kadalasan ay naka imprenta sa maliit na pahina ng papel. Ang mga ito ay hindi mahal at magaan, para marami ang madala at walang bayad na ipinamamahagi sa mga iyong nakakausap.

Maaari kang magbigay ng “gospel tracts” /babasahin na Ebanghelyo sa kahit kanino na kasama mo sa hanap buhay, kaibigan, kamaganak, kahit ang mga tao na iyong nadaraan sa kalye. Maaari mong iipit sa mga sulat na iyong isinulat at iwanan ang mga ito sa aklatan, tindahan, kainan, at mga opisina. Maaari kang maglagay sa bus, tren, o estasyon ng eroplano.

Kung personal na magbibigay ka ng “gospel tracts” /babasahin na Ebanghelyo sa isang tao sabihin mo “ Ito ay mabuting basahin” o “Ito ay isang bagay na nagbago sa aking buhay at nais kong ibahagi sa iyo.” Ang mga pangungusap na ganito ay kadalasan na nag bubukas ng pagkakataon sa pagsasabi ng patotoo sa Ebanghelyo.

Alalahanin ang mga sumusunod na mga tanong sa iyong pagpili ng polyeto para sa personal na panghihikayat ng kaluluwa:

1. Ang polyeto ba ang sumasagot sa mga tanong na talagang itinatanong ng mga tao? Kung oo, ang mga tao ay magiging interesado na basahin iyan.
2. Maikli ba ang babasahin? Ito ay dapat na maikli at direkto sa punto o kung hindi ang mga tao ay mapapagod sa pagbasa bago mabuo ang mensahe.
3. Ito ba ay nagsasabi ng positibo na hindi namumuna ng ibang pananampalataya?
4. Ito ba ay gumagamit ng salita ng relihiyon na hindi maunawaan ng hindi pa ligtas na mga tao?
5. Ang letra ba ay tama ang laki para madaling mabasa?
6. Ang polyeto ba ay nagbabahagi ng pangunahing mensahe ng Ebanghelyo?
7. Ito ba ay nagbibigay ng pagkakataon na tumugon at tumanggap Kay Jesu Cristo bilang Tagapagligtas?

Isulat ang iyong pangalan, tirahan, numero ng telepono sa polyeto para kung nais ng tao ng dagdag na espirituwal na tulong maaari ka nilang tawagan. Maraming komersiyal na imprenta na mga babasahin ay may nakalaan na lugar para dito. Ang babasahin ay hindi kapalit ng “verbal” na patotoo, subalit dagdag ito. Ang kahalagahan ng babasahin ay maipagpapatuloy ang pagpapatotoo pagkatapos na ikaw ay umalis na.

“VERBAL WITNESS”/ PATOTOO:

Kahit nga ang tahimik na patotoo at pagbabahagi ng Ebanghelyo na may babasahin ay parehong mabisa, tandaan na hindi ang mga ito ang lahat ng hinihiling ng Dakilang Utos. Hinihiling nito ang patotoo na ipahayag ang Ebanghelyo. Ang patotoo sa personal na panghihikayat ng kaluluwa ay kadalasan na ginagawa sa hindi pormal sa halip na pormal na pangangaral o pagtuturo. Ito ay maaaring ginagawa sa bahay-bahay na pagbabahagi ng Ebanghelyo. Ito ay maaaring magawa sa mga tahanan para sa mga matatanda, pagamutan, bilangguan, paaralan, hanap buhay, at sa mga natatanging pagkakataon ng panghihikayat ng kaluluwa. Maaari mong ibahagi ang Ebanghelyo sa iyong mga kaibigan, kamaganak, kapit-bahay, at paaralan at kasamahan sa hanap buhay. Maaari mong gawin ang personal na panghihikayat ng kaluluwa sa pamamagitan ng pagiging tagapayo sa pangmaramihan na krusada o manggagawa sa altar ng inyong iglesia. Sa personal na panghihikayat ng kaluluwa, maibabahagi mo ang Ebanghelyo sa kahit kanino na iyong makatagpo.

Ang personal na panghihikayat ng kaluluwa ay maaaring magawa sa pagbabahagi sa iba ng patotoo ng ginawa Ni Jesus sa iyong buhay. Sa Juan 4, ang Samaritanang babae ay bumalik sa lunsod at nagbahagi ng kanyang personal na karanasan. Ang resulta, maraming tao ang nagtungo para makatagpo Si Jesus at marinig ang Ebanghelyo. Nakasulat sa Biblia na ...

At marami sa mga Samaritano sa bayang yaon ang sa kaniya’y nagsisisampalataya dahil sa salita ng babae, na nagpatotoo. Sinabi niya sa akin ang lahat ng mga bagay na aking ginawa. (Juan 4:39)

Ang patotoo ng babae ay maikli, dahil kakaunti pa ang kanyang nalalaman tungkol Sa Panginoon. Payak niyang sinabi, “ Sinabi Niya sa akin ang lahat ng aking ginawa.” Kung ano ang kanyang nalalaman tungkol Sa Panginoon ay katotohan sa kanya. Ito ay “first-hand” na kaalaman at nakatutuwang ginamit Ng Dios ang kanyang mga salita.

Pagpapalain Ng Dios ang magandang patotoo ng bagong mananampalataya na personal na alam niya ang kanyang sinasabi higit sa “theologically correct” na mensahe ng isang nangangaral ng mga bagay na hindi tutoo sa kanyang sariling puso.

Ang pagbabahagi ng kuwento kung paano mo nakilala Si Jesus at kung ano ang ibig Niyang sabihin sa iyo ay makapangyarihan na kasangkapan ng panghihikayat ng kaluluwa. Ang iyong patotoo ay nagdadala Kay Jesus sa labas ng pahina ng Biblia, malayo sa relihiyon at iglesia, at ipinakikita na Siya ang buhay at kumikilos ngayon. Maaaring alisin ng mga tao ang Biblia at relihiyon, ngunit hindi nila maikakaila ang katotohanan ng tunay na karanasan. Ang isang tao na may karanasan ay hindi kailanman nasa biyaya ng isang tao na nakikipagtalalo!

Kung ikaw ay nangangatog sa pagbibigay ng iyong patotoo, makatutulong na isulat mo ito at pag-aralan ito bago mo ibahagi sa iba. Narito ang ilan sa mga tanong para pag-isipan sa iyong paghahanda ng patotoo:

-Ano ang nagdala sa iyo na magsimulang mag-isip tungkol Sa Dios?

- Paano mo nakilala Si Jesus?
- Ano ang pagkakaiba na nangyari sa iyong buhay ng nakilala mo Si Jesus?
- Ano ang pagkakaiba na idinulot nito sa iyong pamilya?
- Paano nabago ang iyong buhay?
- Ano ang maganda at mahimalang mga bagay ang nangyari?
(Halimbawa, ikaw ay gumaling o lumaya mula sa ipinagbabawal na gamot o alcohol?)

Pagkatapos na maisulat mo ang iyong patotoo, una ibahagi ito sa iyong Kristiyanong kaibigan. Hilingin sa kanila na magbigay ng suhestiyon o pagbabago na maaaring makatulong sa iyo na makaakay ng hindi pa ligtas sa Panginoon. Gawin ng pauit-ulit ang iyong patotoo hanggang maibahagi mo ito ng walang kopya.

Maaaring isama sa personal na panghihikayat ng kaluluwa ang pagbabahagi ng awit sa ibang tao. Isinulat ng salmistang si David ang:

**At siya'y naglagay ng bagong awit sa aking bibig, sa makatuwid
bagay pagpuri sa aming Dios: marami ang mangakakakita at
mangatatakot, at magsisitiwala sa Panginoon. (Mga Awit 40:3)**

Ayon sa talatang ito, ang awit ng papuri Sa Dios ay patotoo na maaaring magdulot ng kaligtasan sa marami.

PAANO MAG-AKAY NG ISANG TAO KAY CRISTO

Ang layunin ng personal na panghihikayat ng kaluluwa ay maakay ang lalake at babae, batang lalake at babae, na humingi ng kapatawaran sa kasalanan at tanggapin Ang Panginoon Jesu Cristo bilang Tagapagligtas. Makalipas ang maraming taon. maraming paraan ng pag-akay sa isang tao Kay Jesus ang nabuo na gumagamit ng ilang mga punto at iba't ibang paraan sa pagbabahagi ng Ebanghelyo.

Habang ang ilan sa mga plano ay nakatutulong, walang paraan ng personal na panghihikayat ng kaluluwa na makagagawa sa lahat ng pagkakataon. Ang bawa't tao na iyong sinasabihan ng patotoo ay magkakaiba, na may iba't ibang pangangailangan at mga suliranin. Ang mga pagkakaiba na ito ay nangangailangan ng iba't ibang paraan sa halip na gumamit ng palagian na ginagamit na naisaulo napunto. Dapat kang maging sensitibo sa pangunguna ng Espiritu Santo, dahil siya ang nagdadala sa tao sa kaligtasan. Kilala Niya ang tao at ang kanyang pangangailangan na iyong sinasaksihan, dahil sinisiyasat Niya ang puso ng tao.

Isang bagay ang pagkakatulad ng lahat ng tao na hindi paligtas, gayun paman, kasalanan, at ang pangangailangan ng Tagapagligtas. Dahil dito. Kung paano ka man pinapatnubayan Ng Espiritu Santo para magbahagi ng Ebanghelyo, ang iyong pagsaksi ay dapat palaging nakatuon sa layunin na maakay ang taong ito Kay Cristo.

Para magawa ito, sa pagbabahagi ng iyong personal na patotoo dapat kasama ang mga sumusunod:

PAGLALAHAD: ANG PANGUNAHING MENSAHE NG EBANGHELYO:

Pagbalik-aralan ang Ikatlong Kabanata ng manwal na ito na nakatuon sa mensahe ng panghihikayat ng kaluluwa. Ang pangunahing elemento ng Ebanghelyo ay ibinigay ni Pablo sa I Corinto 15:1-4. Pagbalik-aralan ang mga talatang ito sa iyong Biblia. Ang pangunahing mensahe ay ang lahat ng tao sa lahat ng dako ay nagkasala, Si Jesus ay namatay sa kasalanan, Siya ay inilibing, at Siya ay muling nabuhay ayon sa Biblia.

Narito ang ilan sa mga talata na makatutulong sa paghaharap ng Ebanghelyo:

- Ang Dios ay banal Na Dios:
I Pedro 1:16; Habacuc 1:13
- Dahil Siya ay banal, ang kasalanan ay naghiwalay sa tao mula Sa Dios:
Isaias 59:2
- Ang kasalanan ay pangkalahatan; ang lahat ay nagkasala:
Roma 3:10-12,23
- Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan:
Ezekiel 18:20; Roma 6:23; Mga Awir 9:17
- Hindi nais Ng Dios ang sinoman ay mapahamak:
I Pedro 3:9; Juan 3:16; Roma 5:8
- Para magkaroon ng kaligtasan sa lahat ng tao, Ang Dios ay gumawa ng handog na sapat para sa lahat:
Hebreo 10:10; Juan 1:29; Galacia 2:20
- Dinala Ni Jesus ang kabayaran ng kasalanan para sa lahat ng tao nang Siya ay namatay sa krus:
I Pedro 2:24; Isaias 53:6-10
- Ang alok sa kaligtasan ay pangkalahatan:
I Timoteo 2:4
- Ang utos na magsisi ay pangkalahatan:
Mga Gawa 17:30
- Ang paanyaya na sumampalataya ay pangkalahatan:
Roma 10:9-11
- Ang makasalanan ay dapat na magsisi at tumanggap Kay Jesus para makinabang mula sa sakripisyong ito para sa kasalanan:
Juan 1:12; 5:24

PAGSASARA/PAGTATAPOS: ANG PAANYAYA AT PAGTUGON:

Sa mundo ng kalakalan, ang salitang “pagsasara” ay napakahalaga. Ang ibig sabihin ng “Pagsasara” at pagtatapos ng pagbibili na may positibong tugon mula sa inaasan na mamimili. Ang pagsasara ay mahalaga rin sa personal na panghihikayat ng kaluluwa. Ang halos mahikayat ang isang tao na tumanggap Kay Jesus ay hindi sapat para maligtas sila mula sa impiyerno.. Katulad ng kalakalan, ang pagkaantala sa pagtatapos sa pamamagitan ng paghihintay na gumawa ng pagpapasiya ay kadalasan na ang tugon ay negatibo.

Itinuturo ng mga lider sa mundo ng kalakalan na ang pagtatapos ay nagsisimula sa minuto na sila ay nagsimula ng paraan ng kanilang pagbebenta sa inaasahan na mamimili.

Sa buong paghaharap nakukuha nila ang tao na gumawa ng bahagyang pagkakasundo sa kanila. Ito ang magdadala sa huling pagkakasundo para bumili ng kanilang produkto. Ang paraan na ito ay maaaring maiangkop sa espirituwal na panghihikayat ng kaluluwa. Sa iyong pagbabahagi ng Ebanghelyo, akayin ang hindi pa ligtas na tao sa maliit na kasunduan. Ito ay maaaring magawa sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga sumusunod:

- Ano sa palagay mo?
- Napagisipan mo na ba ang tungkol dito?
- Sa iyong palagay nadarama ba ng mga tao na ...?
- Sa palagay mo kakaiba ba ito?
- Nangyari na ba sa iyo ito?
- Nagka problema ka ba ng ganito?

Panatilihin ang tao na makisama sa pag-uusap. Magbigay ng kaunting impormasyon, pagkatapos magtanong ng tanong na dapat sagutin. Ginamit Ni Jesus ang paraan na ito sa babae na nasa balon sa Juan 4 at kay Nicodemo sa Juan 3.

Sa pagtatapos ng iyong presentasyon, sundan ang kanilang mga tugon para tapusin ng may positibong tugon sa Ebanghelyo. Ang pagbabahagi ng Ebanghelyo na walang ibinigay na pagkakataon sa pagtugon ay pagpapatotoo, ngunit hindi panghihikayat ng kaluluwa. Tayo ay tinawag para makahikayat, hindi lamang magpatotoo.

Tapusin ang iyong presentasyon ng Ebanghelyo sa pagtatanong ng katulad ng dalawang tanong na ito:

1. “Nauunawan mo ba kung ano ang sinasabi ko sa iyo?” Ito ay magbibigay ng liwanag sa anumang tanong at pagsansala at masiguro na naunawaan nila bago ka humingi ng huling tugon.
2. Nais mo bang tanggapin Si Jesu Cristo bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas? Akayin siya sa panalangin, humingi ng kapatawaran sa kasalanan at tanggapin Si Jesu Cristo bilang Tagapagligtas.

Palaging tandaan na sa personal na panghihikayat ng kaluluwa higit sa pagbebenta ng produkto ang iyong ginagawa o pagpapahayag ng denominasyon ng iglesia. Tinutukoy mo ang walang hanggang kahihinatnan ng mga kaluluwa. Ang pagpasok sa Kaharian Ng Dios ay katulad ng pagtanggap ng paanyaya sa kasalan, ito ang ipinahihiwatig Ni Jesus sa Kanyang talinghaga ng hapunan sa kasalan sa Mateo 22:2-5. Ang mga tumugon lamang ng positibo sa paanyaya ang makaakpasok. Hindi sapat na sabihin ang, “Pina plano kong dumalo.”

Nang sinabi Ni Jesus sa Kanyang mga disipulo, “Sumunod ka sa akin, at gagawin kitang mamalakaya ng tao” (Mateo 4:19). Siya ay nagbibigay ng natural na halimbawa ng espirituwal na katotohanan. Walang mangingisda na basta naghahagis ng lambat. Dapat din niyang hatakin para makahuli.

PAGSUBAYBAY: PAGDIDISIPULO:

Sa Dakilang Utos na nakasulat sa Mateo 28:19-20, may dalawang uri ng pagtuturo na nabanggit. Ang una ay pagbabahagi ng Ebanghelyo para maakay ang mga tao sa kaligtasan. Ang ikalawa ay pagtuturo sa bagong nahikayat pagkatapos na sila ay tumanggap Sa Panginoon. Panghihikayat ng kaluluwa (ang unang uri ng pagtuturo) ay hindi buo kung walang pagdidisipulo (ang “follow-up” na pagtuturo).

Ang lahat ng bagong nahikayat ay dapat makatanggap ng ministeryo ng pagsubaybay pagkatapos na sila ay tumanggap Kay Jesu Cristo bilang kanilang Tagapagligtas. Kaagad-agad kasama ang kasiguruhan ng kaligtasan, pagtanggap Kay Cristo sa publiko, bautismo sa tubig, bautismo ng Espiritu Santo, pagbuo ng buhay sa panalangin at pag-aaral ng Biblia at maging bahagi ng lokal na iglesia sa pagsusubaybay. Matututunan mo pa ang maraming bagay tungkol sa “follow-up” sa Ika-labingtatlong Kabanata na may pamagat na “Mga Pagpapasiya o Mga Disipulo?”

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ibigay ang kahulugan ng personal na panghihikayat ng kaluluwa.

3. Isulat ang tatlong paraan ng paggawa ng personal na panghihikayat ng kaluluwa.

4. Ipaliwanag kung paano magakay ng kaluluwa kay Cristo.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Maraming hindi pa ligtas na mga tao ang nakatira sa mga bansa na sarado sa kinaugalian na paraan ng panghihikayat ng kaluluwa. Ang mga banyagang misyonero ay hindi nabibigyan ng “visas” at walang bukas na pagpapahayag ng Ebanghelyo sa mga krusada o katulad na mga pangyayari.

Sa mga bansang ito, ang personal na panghihikayat ng kaluluwa ang pinaka mahalaga. Ang isang paraan na ang mga mananampalataya ay makapanghihikayat sa mga bansang ito ay tinatawag na “tent making.” Natutunan mo kung paano si Apostol Pablo ay naghanap-buhay para masuportahan ang kanyang sarili sa pamamagitan ng kanyang propesyon na paggawa ng tolda.

Sa mga bansa na sarado sa kinaugalian na panghihikayat ng kaluluwa, ang mga mananampalataya ay pumapasok bilang manggagawa ang “visa,” kumukuha ng trabaho para suportahan ang kanilang mga sarili, at saka sila personal na nagbabahagi ng Ebanghelyo sa mga nakapalibot sa kanila. Kahit nga ang mga mananampalatayang ito ay gumagawa ng sekular na trabaho, ang kanilang pangunahin na gawain ay personal na panghihikayat ng kaluluwa. Ang konsepto na ito ng pagbabahagi ng Ebanghelyo ay tinatawag na “tent making.”

2. Kung ikaw ay gumagawa ng personal na panghihikayat ng kaluluwa, mag-ingat sa paggamit ng mga termino o parirala na maaaring hindi nauunawaan ng mga hindi pa ligtas. Ang mga ito ay “naligtas,” “born again,” puspos ng Espiritu Santo, Kristiyano, hallelujah,” at iba pa. Marami sa mga salitang ito ay karaniwan lamang sa iyo bilang mananampalataya, ngunit ang mga ito ay hindi nauunawaan ng hindi pa ligtas.

3. Sa personal na panghihikayat ng kaluluwa, huwag mag alinlangan sa pagbabahagi ng Ebanghelyo sa mga bata. Gumawa ng payak na presentasyon sa pangunahing mga elemento ng Ebanghelyo. Kung mauunawan nila ang mga ito, humingi ng tugon at akayin sila Kay Jesus.

4. Maibabaling mo ang karaniwan na pag-uusap sa pagkakataon na ibahagi ang Ebanghelyo. Narito ang ilan sa mga mungkahi.

* * *

Kung may nagtanong : “Maaari mo bang sabihin kung anong oras na?”

Sagot: “Ayon sa aking relo o ayon sa Biblia?”

Ipagpatuloy ang usapan: Sabihin sa kanila ang aktuwal na oras, ngunit ibahagi rin na ang Biblia ay nagsasabi rin ng oras. Sinasabi nito na, oras na upang ang lahat ng hindi pa nakakikilala sa Panginoon ay magsisi at lumapit sa Kanya.

* * *

Kung may nagtanong: “Anong balita?”

Sagot: “Anong uri ng balita ang nais mong marinig? Mabuting balita o masamang balita?

Ipagpatuloy ang usapan: Malamang ang tugon ay “Mabuting balita”—kaya ibahagi ang mabuting balita ng Ebanghelyo.

* * *

Kung may aksidente na nakabangga sa iyo at sinabi: “Excuse me, I am sorry.”

Sagot: “Okay lang. Nangyayari talaga ang aksidente.
O maaaring hindi ito aksidente...”

Ipagpatuloy ang usapan: “Siguro talagang mangyayari ito para makapag bahagi ako ng isang mahalagang bagay sa iyo.”

* * *

Kung ang kahera ay nagbigay sa iyo ng sobrang sukli, ibalik ang salapi at sabihin: “Sobra ang sukli mo sa akin.”

Ipagpatuloy ang usapan: “ May pagkakataon sa aking buhay na hindi ko ibinabalik ito, ngunit simula ng ako ay naging Kristiyano ako ay nagbago.” Pagkatapos ibahagi kung paano ang Ebanghelyo ay nagkaroon ng epekto sa buhay mo.

* * *

Kung nagtanong ang despatsador sa tindahan ng : Maaari ba kitang tulungan?”

Sagot: “Sige, kung pahihintulutan mo ako na makatulong din sa iyo bilang kapalit.”

Ipagpatuloy ang usapan: Malamang itatanong ng despatsadora, “Paano mo ako matutulungan?” Sabihin sa kanya!

* * *

Kung may hihingi ng pansindi sa sigarilyo, sabihin: “Hindi ako naninigarilyo simula ng pagsabog.”

Ipagpatuloy ang usapan: Sigurado na tatanungin ka ,” Anong pagsabog?”
Sagot, “ Ang nangyari sa aking buhay nang ako ay naging Kristiyano.”

* * *

Kung ikaw ay sumagot sa telepono at sinabi sa iyo na , “Sorry. Mali ang numero .”

Sagot: “Hindi, tama ang numero na ito.”

Ipagpatuloy ang usapan: Malamang sasabihin nila , “Ano ang ibig mong sabihin.” Sabihin sa kanila na nangyari ito para magkaroon ng pagkakataon na makarinig sila tungkol sa isang bagay na makapagbabago sa kanilang buhay at walang-hanggan na kahihinatnan.

* * *

Makakaisip ka ba ng ibang pagkakataon na ang araw-araw na pakikipag-usap ay maaaring magbigay ng pagkakataon na maka pag bahagi ng Ebanghelyo? Pag-isipan mo ang mga ito, maghanda ng sarili mo sa mga tugon , at maging handa na gamitin ang mga ito.

Palaging tandaan, gayun paman, walang isang paraan na tama sa bawa’t sitwasyon. Maging handa sa pangunguna Ng Espiritu Santo. Ang Kanyang paraan ay palaging tama!

6. Iyong mauunawaan ang kahalagahan ng personal na panghihikayat ng kaluluwa kung iyong isasaalang-alang ang mga sumusunod:

-Ang pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa ay mahalaga, ngunit maraming hindi pa ligtas na mga tao ay hindi lalapit para makinig sa ebanghelista. Walang sapat na pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa, at maraming mga bansa kung saan ang paraan na ito ay hindi pinahihintulutan dahil sa mga patakaran ng gobyerno.

-Ang panghihikayat ng kaluluwa sa radio ay mabisa, ngunit ang karamihan sa mga tao sa mundo ay walang mga radio. Nang ang mga laban na gobyerno sa Kristiyanismo ay nasa kapangyarihan, inalis nila ang paraan na ito.

-Ang panghihikayat ng kaluluwa sa telebisyon ay mabisa, ngunit ang karamihan sa mga tao sa mundo ay walang telebisyon. Nang ang mga laban na gobyerno sa Kristiyanismo ay nasa kapangyarihan, inalis din nila ang paraan na ito.

-Ang panghihikayat ng kaluluwa sa pamamagitan ng babasahin ay nagkaroon ng lugar, ngunit maraming tao ang hindi nakakabasa, walang sapat na babasahin, at hindi tayo makapagdadala ng Kristiyanong babasahin sa ilang mga bansa.

-Gusali ng Iglesia ang Sentro ng panghihikayat ng kaluluwa ay nagkaroon ng lugar, ngunit maraming ang walang gusali ng iglesia. Walang panahon o salapi para magtayo ng sapat na gusali sa panghihikayat ng kaluluwa sa mundo sa paraan na ganito. Ang gusali ng iglesia ay ipinagbabawal sa maraming bansa.

Pagsama-samahin man ang lahat ng paraan ng panghihikayat ng kaluluwa ay hindi kailan man mahihikayat ang buong mundo kung walang personal na panghihikayat ng kaluluwa..

7. Pag-aralan ang personal na panghihikayat ng kaluluwa na ginawa Ni Jesus:

-Andres, Juan, at Pedro:	Juan 1:35-42
-Felipe, at Nathanael:	Juan 1:43-51
-Nicodemo:	Juan 3
-Ang Babae na taga Samaria:	Juan 4
-Ang Mataas na pinuno:	Juan 4:46-54
- Ang pagtawag kay Simon, Andres Juan, at Santiago:	Lucas 5:1-11
-Ang ketongin:	Marcos 1:40-45
-Ang Paralisado na binuhat ng kanyang mga kaibigan:	Marcos 2:1-12
- Ang Pagtawag kay Mateo:	Marcos 2:13-17
-Ang lalaking matagal ng may sakit Bethesda:	Juan 5
-Ang lalake na may natuyong kamay:	Lucas 6:6-11
-Ang Centurion:	Lucas 7:1-10
-Ang balo sa Nain:	Lucas 7:11-17
-Ang makasalan na babae sa bahay ni Simon:	Lucas 7:36-50
-Ang Garasenong Inaalihan ng masamang espiritu:	Marcos 5:1-20
-Si Jairo at ang kanyang pamilya:	Marcos 5:21-43
-Ang babae na inaagasan ng dugo:	Marcos 5:25-34
-Ang dalawang bulag na lalake:	Mateo 9:27-31
-Ang pipi na inaalihan ng masamang espiritu:	Mateo 9:32-34
-Ang Syrophenician na babae:	Mateo 15:21-28
-Ang pipi at bingi na lalake:	Marcos 7:32-37
- Ang bulag na tao na malapit sa Bethsaida:	Marcos 8:22-26
-Ang batang lalake na inaalihan ng masamang espiritu:	Marcos 9:14-29
-Ang babae na nahuli na nangangalunya:	Juan 8:1-11
-Ang tatlong maaaring disipulo:	Lucas 9:51-62
-Ang tagapagtanggol:	Lucas 10:25-37
-Ang taong ipinanganak na bulag:	Juan 9
-Ang babae na baluktot ang likod:	Lucas 13:10-21
-Ang mayamang batang pinuno:	Mateo 19:16-22
-Ang bulag na lalake na malapit sa Jerico:	Marcos 10:46-52
-Zacchaeus:	Lucas 10:1-10
-Judas Iscariot:	Lucas 22; Juan 13; Mateo 27
-Pilato:	Juan 18-19; Lucas 23
-Herodes:	Lucas 23; Marcos 15
-Ang dalawang magnanakaw:	Lucas 23:32-43

8. Pag-aralan ang personal na panghihikayat ng kaluluwa sa Mga Gawa

-Sina Pedro at Juan kasama ang pilay na tao:	3:1-13
-Si Felipe kasama si Simon na mangkukulam:	8:9-24
-Si Felipe at ang bating:	8:26-40

-Ananias at Saulo ng Tarso:	9:10-20
-Pedro kasama sina Aeneas at Dorcas:	9:32-42
-Sina Pedro at Cornelio:	10:1-11,18
-Sina Pablo at Elymas:	13:6-12
-Sina Barnabas at Saul kasama si Sergius Paulus:	13:7-12
-Sina Pablo at Silas kasama si Lydia:	16:12-15
-Sina Pablo at Silas kasama ang bantay ng bilangguan sa Filipos:	16:23-40
-Si Pablo sa bahay bahay na panghihikayat ng kaluluwa sa Efeso:	20:17-35
-Si Pablo kasama sina Felix at Drusilla:	24:24-27
- Si Pablo kasama si Haring Agrippa:	kabanata 26
-Si Pablo kasama si Publius at ang kanyang ama:	28:7-11
-Si Pablo sa kanyang sariling tahanan sa Roma:	28:16-31

IKA-SAMPUNG KABANATA

MGA PAMAMARAAN: ANG PAGHARAP SA MGA KAHIRAPAN

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ipaliwanag kung bakit ang mga tao ay gumagawa ng dahilan.
- Harapin ang karaniwan na mga paghihirap na makakaharap sa personal na panghihikayat ng kaluluwa.

SUSING TALATA:

Sapagkat ang mga bagay niyang hindi nakikita buhat pa nang lalangin ang sanglibutan ay nakikitang maliwanag, sa pagkatanto sa pamamagitan ng mga bagay na ginawa niya, maging ang walang hanggan niyang kapangyarihan at pagka Dios; upang sila'y walang madahilan. (Roma 1:20)

PAMBUNGAD

Ang aralin na ito ay nagbibigay ng gabay sa pagharap sa mga mahirap na kalagayan na iyong makakaharap sa panghihikayat ng kaluluwa. Hindi posible na matalakay ang bawa't paghihirap na mayroon ka, ngunit kami ay nakatuon sa karaniwanh mga suliranin.

Alalahanin na ang mga ito ay mungkahi lamang para sa pagharap sa paghihirap base sa karanasan ng mga nakilahok sa panghihikayat ng kaluluwa. Mahalaga na magtiwala ka sa kapangyarihan ng Espiritu Santo sa mahirap na kalagayan, dahil ang bawa't isa ay kakaiba.

PAGUNAWA KUNG BAKIT ANG MGA TAO AY GUMAGAWA NG DAHILAN

Makatutulong na iyong maunawaan kung bakit ang mga tao ay gumagawa ng dahilan o nagpapakita ng pagtutol sa panghihikayat ng kaluluwa. Kung minsan si Satanas ay naglalagay ng mga tanong o pagtutol sa isipan ng tao. Palaging tandaan na ikaw ay nasa espirituwal na pakikipaglaban para sa mga kaluluwa ng lalake at babae.

Ang ilan sa mga tao ay nagpapakita ng pagtutol na hindi galing sa kanila. Narinig nila sa iba at nais lamang nila na makaabala o mawala ka sa paksa. Ang iba ay nagpapakita ng pagtutol na tunay na nakasasagabal sa kanila sa paggawa ng pagpapasiya para Kay Cristo. Ito ay dapat na matagumpay na maiayos bago sila tumanggap ng Ebanghelyo.

Ang bawa't dahilan o pagtutol ay masasagot ng Salita Ng Dios. Huwag pabayaang na ang pagtutol ay mapainit ang iyong galit o mapilitan ka na makipag argumento. Kung ito ay mangyari nawalan ka ng pamamahala sa pagkakataon sa panghihikayat ng kaluluwa at mabisang nagawan ng dahilan ang layunin nito.

Ang natitirang paksa sa aralin na ito ay organisadong paksa na naglalarawan ng iba't ibang mga tugon na maaari mong matanggap habang nagbabahagi ng Ebanghelyo. Sa pag-aaral mo ng mga ito, tandaan kung ano ang sinabi Ng Dios tungkol sa mga dahilan:

Sapagkat ang mga bagay niyang hindi nakikita buhat pa nang lalangin ang sanglibutan ay nakikitang maliwanag, sa pagkatanto sa pamamagitan ng mga bagay na ginawa niya, maging ang walang hanggan niyang kapangyarihan at pagka Dios; upang sila'y walang madahilan. (Roma 1:20)

“HINDI AKO SAPAT NA MABUTI”

o

“SOBRA AKONG MAKASALANAN

Nadarama ng ilan sa mga tao na sila ay hindi sapat na mabuti para lumapit Sa Panginoon at nais nilang maghintay para mas maging mabuti ang kanilang sarili.

Ipakita sa kanila na kailangan Ng Dios ng pananampalataya, hindi maayos na moral. Si Jesus ay pumarito sa mundo para iligtas ang mga makasalanan, hindi ang mga matuwid (Mateo 9:12-13; Lucas 18:19). Ang panlabas na pagbabago ay hindi sapat kung ang puso ay nananatiling hindi nagbago. Gamitin ang mga sumusunod na mga talata: Isaías 1:18-19; Mga Gawa 2:38; I Timoteo 1:15; I Juan 1:7; Juan 6:37; Apocalipsis 22:17; Roma 5:8,16,20.

“ANG BUHAY KRISTIYANO AY LUBHANG MAHIRAP”

Ipakita sa kanya na ang “daan ng makasalanan ay mahirap” (Kawikaan 13:15). Itinuturo Ni Jesus na ang Kanyang pumatok ay madali at ang Kanyang pasanin ay madali (Mateo 11:28). Ang kasiyahan ng kasalanan ay panandalian lamang ngunit tunay at magtatagal ang kagalakan na galing sa kaligtasan (I Pedro 1:5 at Judas 24)

“HINDI KO MAIWAN ANG MASAMANG PAMUMUHAY”

Sumangayon sa kanya at ibahagi ang buod ng Roma 7 na sumasangayon sa kanyang pangungusap. Pagkatapos alamin kung ang kanyang suliranin ay hindi niya “kaya” o “ayaw niya.” Ipaliwanag na kung siya ay magiging mananampalataya magagawa niya ang lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng kapangyarihan Ng Espiritu Santo (Filipos 4:13). Bigyan diin na ang kasalanan ay pagkaalipin, at ang paraan lamang para siya ay makatakas ay sa pamamagitan ng dugo Ni Jesus (Juan 8:34; Roma 7-8).

“ANG AKING PUSO AY LUBHANG MATIGAS”

Tanungin siya kung posible na mabago ito, gusto ba niya iyon? Pagkatapos ibahagi ang Ezekiel 36:26-27 at Juan 6:37.

“MARAMI AKONG MAKAKASAMA SA IMPIYERNO”

Tutoo ito, ipakita sa kanya kung ano ang uri ng kasama iyon at gamitin ang Apocapilsis 22:15. Sabihin sa kanya na ang pagsama ng mga kaibigan o kamaganak ay hindi makababawas sa paghihirap na inilarawan sa Apocalipsis 20:10

“HINDI AKO NANINIWALA SA BIBLIA”

o

“HINDI KO MAUNAWAAN ANG BIBLIA”

Ipaliwanag na walang sinoman ang makakaunawa ng lubusan sa lahat ng bagay, ngunit ang tugon na hinihingi Ng Dios tungkol sa kaligtasan ay madaling maunawaan. Ipaliwanag na may mga bagay na hindi mauunawaan hanggang siya ay maging mananampalataya. (Tingnan ang I Corinto 2:14.)

Tingnan kung may mahirap intindihin sa Juan 3:16; Mga Gawa 16:31; 2:38; 3:19; Roma 10:9-10; Mga Gawa 22:16; at 6:1-4. Gamitin din ang mga sumusunod na mga talata: Juan 7:17; I Juan 5:9-12; Marcos 16:16; II Timoteo 3:16-17.

“MARAMING MAGKASALUNGAT SA BIBLIA”

Kung minsan may mga tao na narinig lamang sa iba ang dahilan at inuulit kung ano ang kanilang narinig. Sabihin sa kanya na ipakita ang isa sa mga makasalungat. Kadalasan hindi niya ito magagawa. Kung magpakita sila na sa kanilang iniisip ay magkasalungat, ipaliwanag ito. Kung hindi mo alam ang sagot hanapin ito!

“GINAGAWA KO ANG PINAKAMABUTI NA MAGAGAWA”

o

“MABUTI NA AKO”

Maaaring tutoo ito kung ang pag-uusapan ang pamantayan ng moralidad at mabuting mga gawa, ngunit hindi tayo naligtas base sa mga ito. Gamitin ang sumusunod na mga talata: Isaias 64:6; Efeso 2:8-9; Tito 3:5; I Juan 1:7; Mga Gawa 17:30; 22:16; Filipos 3:4-7; Roma 2:1; 14:13

“ANG IBA AY NAKAPIPIGIL SA AKIN”

Maaaring gamitin ng isang tao na ang kanyang kamaganak o kaibigan ay tumatanggi o nagtatawa sa kanila kung sila ay magiging mananampalataya. Basahin ang babala sa Lucas 9:26; Roma 14:12; at Mga Gawa 5: 29. Paalam sa kanya na asahan na may pag-uusig (II Timoteo 2:12; 3:12; II Corinto 4:16, 18). Maaari nilang hilingin na may hinihintay pa siya, katulad ng kanyang asawang lalake o babae. Gamitin ang Mateo 10:37. Maaari na natatakot sila na mawala ang kanilang makasalanan na kaibigan kung

silang ay magiging Kristiyano. Ibagahi ang Santiago 4:4, Mga Awit 1:1-2, at Kawikaan 18:24.

“MARAMING MAPAGKUNWARI SA IGLESYA”

Sumang-ayon sa kanya. Sinabi ito Ni Jesus (Mateo 13:25,47). Ngunit ito ay hindi nakaapekto sa pagangkin Ni Cristo sa kanyang kaluluwa. Ipakita sa kanya na walang mapagkunwari sa Langit Apocalipsis 21:8). Marahil siya ay nasaktan ng ibang mananampalataya. Paalalahan siya na sinasabi sa I Corinto 2:5 na ang ating pananampalataya ay nakasalalay Sa Dios sa halip na sa tao. Paalalahan siya na siya ang mananagot sa kanyang sarili sa oras ng paghuhukom, hindi ang iba. Ibahagi ang Roma 2:1-5 at Apocalipsis 20:12

“HINDI AKO MAKAPAGPASIYA KUNG ANONG DENOMINASYON AKO SASAMA”

o

“IBA ANG AKING PANANAMPALATAYA”

Sabihin sa kanya na hindi inutos sa Biblia na sumama sa isang denominasyon, subalit maging bahagi ng nagiisang tunay na Iglesya sa pamamagitan ng karanasan ng “born again”. Huwag mag anyaya ng sinoman na sumama sa isang denominasyon, sa halip sumunod lamang Kay Jesus, hindi sa kaanib ng iglesya (Mga Gawa 4:12).

“HULI NA ANG LAHAT PARA SA AKIN”

Ang dahilan na ito ay maaaring masambit ng isang tao na itinuturing niyang siya ay sobrang makasalanan at /o isang tao na namuhay ng buong buhay niya sa kasalanan at ngayon ay matanda na. Paalalahan na hindi nais Ng Dios na ang sinoman ay mawala (II Pedro 3:9) at kahit nga ang magnanakaw sa krus ay naligtas sa huling sandali ng kanyang buhay (Lucas 23:43)

“HIGIT NA MABUTI NA HINDI KO TANGGAPIN SI CRISTO NGAYON”

Basahin ang sumusunod na mga talata sa Kanya: Isaias 55:6; Mateo 24:44; Mga Gawa 17:30; 22:16; II Corinto 6:2; Josue 24:15; I Mga Hari 18:21; Hebreo 2:3; Santiago 4:13-14

“SOBRANG MAHIRAP ANG AKING MGA SULIRANIN”

Ang Dios ang tugon sa mahirap na mga suliranin. Ibahagi ang II Corinto 12:9-10; Mateo 19:26; Filipos 4:13.

“NAGHAHANAP NA AKO, NGUNIT HINDI KO MATAGPUAN”

Sinasabi ng iba na sila ay naghahanap ng karanasan Sa Panginoon ngunit hindi matagpuan ito. Ibahagi ang sumusunod na mga talata: Jeremias 29:13; Lucas 19:10; Juan 1:12

“SOBRANG MABUTI ANG DIOS PARA AKO AY PARUSAHAN”

Ibahagi ang Roma 2:4-5; II Pedro 3:9-11; Juan 5:40; Ezekiel 33:11

“MAYROON AKONG HINDI MAPATAWAD”

Kadalasan ang mga tao ay ginagamit ang dahilan na ito na hindi sila makapagpatawad sa nakagawa sa kanila ng mali, kaya hindi nila mailigtas ang kanilang mga sarili. Tutoo na maaaring imposible sa mga hindi pa nababago ang isip, ngunit bilang Kristiyano, makatutulong Ang Dios sa kanila na magawa ito. Ibahagi ang Marcos 11:25 at Santiago 4:6.

“HINDI POSIBLE DAHIL SA AKING HANAP-BUHAY”

Ginagamit ng iba ang dahilan na ito dahil iniisip nila na ang ibig sabihin ng pagiging mananampalataya ay kailangan nilang iwanan ang trabaho at maging “full-time” na ministryo. Ipaliwanag na hindi ganoon iyon. Itanong kung ano ang kanyang hanap-buhay. Kung ang propesyon ay hindi sumasangayon sa mga prinsipyo ng Kristiyano, kinakailangan na iwanan niya ito. Mas makabubuti na gawin sa halip na mamatay ang kanyang kaluluwa. Ibahagi ang Marcos 8:36

“SINUBUKAN KO MINSAN NGUNIT AKO’Y NABIGO”

o

“NATATAKOT AKO, AKO’Y MABIBIGO”

Purihin siya sa kanyang katapatan tungkol sa kabiguan, ngunit sabihin sa kanya na may pangako Ang Dios na kapangyarihan para tulungan siya na mapagtagumpayan ang kasalanan. Ibahagi ang Roma 8:37; I Corinto 10:13; I Pedro 1:5; II Timoteo 1:12; at Hebreo 13:5.

Isaalang-alang ang dahilan kung bakit sila ay nabigo. Sinubukan ba nila sa halip na magtiwala Sa Dios? Itinago ba nila ang kanilang kasalanan sa halip na inamin ang mga ito? Sila ay nagtungo sa daan ng mundo sa halip na sa Salita Ng Dios? Binasa ba nila ang Biblia, nanalangin, at dumalo ng pirmihan sa iglesya?

Bigyan siya ng pag-asa at himukin na sumubok ulit. Paalalahanan na ang habag Ng Dios ay bago bawa’t araw at hindi nabibigo (Mga Panaghoy 3:21-24). Ibahagi rin ang II Corinto 9:8; 12:9; I Juan 1:9; Judas 24; II Timoteo 1:12; I Pedro 1:5. Ang pagtiwala, hindi pagsubok, ang nagdadala ng kaligtasan. Ibahagi ang Juan 1:12; at Roma 4:3-5.

“WALA AKONG KASIGURAHAN”

Kung minsan kung nakaakay ka ng isang tao sa Panginoon wala siyang kasiguruhan ng kaligtasan. Sabihin sa kanya ang pagtangga na maniwala sa Salita ng Dios ay kasalanan (Roma 14:23). Ibahagi ang sumusunod na mga talata tungkol sa kasiguruhan ng kaligtasan: Juan 1:12; 3:16, 18, 36; 5:24; Mga Gawa 10:43; 13:39; Efeso 1:17-20; 2:8; Judas 24; II Timoteo 1:12; I Pedro 1:5, 18-19; I Juan 1:7; 5:13; Hebreo 9:22-10:22; II Corinto 5:17; Roma 5:1,9; 3:25; 8:16.

“BUONG PAGTANGGI”

Basahin ang Lucas 10:10-12. Kung ikaw ay nanghihikayat ng kaluluwa at ang Ebanghelyo ay tunay na tinatanggihan, ikaw ay dapat na magtungo sa ibang tao o lugar na handang tumanggap.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Bakit ang mga tao ay gumagawa ng dahilan sa mga nanghihikayat ng kaluluwa?

3. Paano mo haharapin ang mga sumusunod na karaniwang mga suliranin na lumalabas sa panghihikayat ng kaluluwa? Isulat ang iyong sagot sa piraso ng papel.

“Hindi sapat ang aking kabutihan.”
“Ang buhay Kristiyano ay lubhang mahirap.”
“Hindi ko maiiwan ang masamang pamumuhay.”
“Ang aking puso ay lubhang matigas.”
“Marami akong makakasama sa Impiyerno.”
“Hindi ako naniniwala sa Biblia.”
“Maraming magkasalungat sa Biblia.”
“Ginagawa ko ang pinakamabuti na magagawa.”
“Ang iba ay nakapipigil sa akin.”
“May mga mapagkunwari sa iglesya.”
“Iba ang aking pananampalataya.”
“Huli na ang lahat sa akin.”
“Higit an mabuti na hindi ko tanggapin Si Cristo ngayon.”
“Sobrang mahirap ang aking mga suliranin.”
“Naghahanap ako , ngunit hindi ko matagpuan.”
“Sobrang mabuti Ang Dios para ako ay parusahan.”
“Mayroon akong hindi mapatawad.”
“Hindi possible dahil sa aking hanap-buhay.”
“Sinubukan ko minsan ngunit ako’y nabigo.”
“Wala akong kasiguruhan.”

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Narito ang mga dapat tandaan kung ikaw ay nakikitungo sa mga paghihirap sa panghihikayat ng kaluluwa:

1. Tandaan na ikaw ay espirituwal na nakikipaglaban para sa kaluluwa ng mga lalake at babae . Huwag makikipaglaban na may karnal na sandata ng debate at galit.
2. Ituring na mahalaga ang pagtangi. Maaaring ito ay mahalaga sa tao.
3. Huwag gumugol ng napakahabang oras sa mga dahilan. Harapin ito ng mabilis, mahimahon, at mabisa, pagkatapos bumalik sa pangunahing punto ng talakayan ng pagtatalaga Kay Cristo.
4. Huwag makikipagtalo.
5. Huwag magagalit.
6. Maging magalang at magaling na makitungo.
7. Dumepende sa Espiritu Ng Dios at sa Salita Ng Dios.
8. Manatili sa pangunahing punto.
9. Huwag mamintas.
10. Huwag humatol.
11. Huwag panghinaan ng loob ay susuko.

IKA-LABINGISANG KABANATA

MGA PAMAMARAAN: PASUYOD NA EBANGHELISMO

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng “pasuyod na ebangelismo.”
- Ibuod ang basehan sa Biblia ng pasuyod na ebangelismo.
- Talakayin ang pangunahing prinsipyo ng pasuyod na ebangelismo.
- Talakayin ang halimbawa ng pasuyod na ebangelismo.
- Ipaliwang kung paano ihahanda ng lokal na pastor ang kanyang kongregasyon para sa pasuyod na ebangelismo.

SUSING TALATA:

Sa bisa ng mga tanda at mga kababalaghan, sa kapangyarihan ng Espiritu ng Dios; ano pa’t buhat sa Jerusalem, at sa palibotlibot hanggang sa Ilirico, ay aking ipinangaral na lubos ang evangelio ni Cristo. (Roma 15:19)

PAMBUNGAD

Ang ibig sabihin ng “suyurin ay puntahan lahat ng lugar sa buong palibot na iyon.” Ang pagsuyod na panghihikayat ng kaluluwa ay isang paraan sa pagpapalagananp ng Ebanghelyo na may tungkulin na katulad ng lebadura sa masa ng tinapay. Ang layunin nitoa y para lumaganap ang Ebanghelyo hanggang ang buong lugar ay makalatan at maapektuhan. Maguumpisa sa lokal na komunidad (ang iyong Jerusalem), ang pagsuyod na panghihikayat ng kaluluwa ay para kalatan ng ebanghelio ang iyong estado o lalawigan at di magtatagal ay ang bansa.

ANG BASEHAN SA BIBLIA NG PASUYOD NA EBANGHELISMO

Ang pariralang “pasuyod na ebangelismo” ay hindi makikita sa Biblia, gayon din ang panghihikayat ng kaluluwa at personal na panghihikayat ng kaluluwa o pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa. Ang binigyan tuon ng Bagong Tipan ay ang gawain ng panghihikayat ng kaluluwa kahit nga ang mga tiyak na termino ay hindi ginamit.

Gayunman, ang pasuyod na ebangelismo ay maayos na inilarawan sa Bagong Tipan. Iniulat ng konseho ng lunsod na pinuno ng mga apostol ang Jerusalem ng kanilang mga doktrina (Mga Gawa 5:28). Ang mga iglesya sa lahat ng Judea, Galilea, at Samaria ay napalakas. Ang lahat ng nakatira sa Lydda, Saron ay lumapit Sa Panginoon at ang lahat

ng Joppa ay nabahaginan ng Ebanghelyo (Mga Gawa 9:31,35, 42). Libu-libong mga Hudyo ang lumapit sa Panginoon (Mga Gawa 21:20). Sa Antioch ng Pisidia at Efeso, natala na ang “Salita Ng Panginoon ay lumaganap sa buong lupain” (Mga Gawa 13:49).

Ang lahat ng nakatira sa Asia ay nakarinig ng Salita Ng Dios (Mga Gawa 19:10), at marahil ang pinakamalaking ulat sa pasuyod na ebanghelismo ay galing sa sulat ni Apostol Pablo:

Sa bisa ng mga tanda at mga kababalaghan, sa kapangyarihan ng Espiritu ng Dios; ano pa’t buhat sa Jerusalem, at sa palibotlibot hanggang sa Ilirico, ay aking ipinangaral na lubos ang evangelio ni Cristo.

Aking nilayon na maipangaral ang evangelio, hindi noon sa napagbalitaan na kay Cristo, upang huwag akong magtayo sa ibabaw ng pinagsaligan ng iba;

Kundi gaya ng nasusulat, Makakakita silang mga hindi dinatnan ng mga balita tungkol sa kanya, at siyang hindi nangakapakinig, ay mangakakatalastas. (Roma 15:19-21)

PANGUNAHING PRINSIPYO NG PASUYOD NA EBANGHELISMO

Ang pasuyod na ebanghelismo ay base sa sumusunod na mga prinsipyo:

KAILANGAN NG SAGANANG PAG-AANI ANG SAGANANG PAGTATANIM:

Sinabi ni Apostol Pablo sa iglesya sa Corinto:

Datapuwat sinasabi ko, Ang naghahasik ng bahagya na ay magaani namang bahagya na; at ang naghahasik na sagana ay magaani namang sagana. (II Corinto 9:6)

Ang paglalapat nito sa panghihikayat ng kaluluwa, ang ibig sabihin ng saligan ng pagaani ay ang mga iglesya na gumagawa ng panghihikayat ng kaluluwa ay makaaasa na umani ng naliligaw na mga kaluluwa. Walang halaga kung gaano kabuti ang binhi, kung gaano kataba ang lupa, o gaano kahusay ang magsasaka, hindi siya makaaani ng hindi nagtatanim. Ang mga pastor at mga iglesya na hindi nagtatanim sa panghihikayat ng kaluluwa ay hindi makaaani ng bunga ng panghihikayat ng kaluluwa. Kinakailangan sa pagbababad na panghihikayat ng kaluluwa na maglaan ka ng panahon, mga tao, pagsisikap, panalangin, luha, at pondo sa panghihikayat ng kaluluwa.

ANG PAGTATALAGA NG KAKAUNTI AY MAY EPEKTO SA BANSA:

Ipinahahayag sa Biblia na mas higit na nais Ng Dios ang kakaunting manggagawa sa halip na marami. Maaala-ala mo na pinauwi Ng Dios ang sobrang mandirigma ng kawal ni Gideon at ginamit ang maliit na grupo ng 300 mga lalake. Kinailangan lamang ng

puspos na Espiritu na mga disipulo para baliktarin ang mundo. (Mga Gawa 17:6), at ito lamang ang kailangan ngayon.

Kahit nga ang bawa't mananampalataya ay mapakilos para sa panghihikayat ng kaluluwa, sa ilang mga lunsod at mga bansa, sila ay kakaunti kung ihahambing sa kabuuang populasyon. Nguit hindi ito nakaaantala sa pasuyod na ebanghelismo. Kung Ang Dios ay gumawa ng dakilang mga bagay sa kakaunting mga tao, ang lahat ng kaluwalhatian ay natutuo sa Kanya sa halip na sa mga tao.

ANG BAWA'T MANANAMPALATAYA AY DAPAT MAPAKILOS:

Kinakailangan sa pasuyod na ebanghelismo na ang bawa't mananampalataya ay mahikayat at mapakilos para sa gawain ng panghihikayat ng kaluluwa. Kasama sa pagpapakilos ang "vertical" na kaugnayan mula Sa Dios tungo sa iyo, mahikayat ka na magkaroon ng pagmamahal para sa nawawala at namamatay na mundo. Kailangan din ang "horizontal" na kaugnayan mula sa isang tao tungo sa iba. Kung ikaw ay nakilos Ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, ang iyong kasigasigan ay nakakahawa at lumalaganap sa iba.

Sa tradisyon, ang panghihikayat ng kaluluwa ay naka sentro sa pastor. Sa pagbababad na pasuyod na ebanghelismo, ang tuon ay nabago mula sa pulpito tungo sa mga bangko. Gayunman hindi ang samahan ang nagsa isang tabi sa pastor, dahil ang kanyang tungkulin bilang lider ay higit na mahalaga ngayon. Siya dapat ang magpapakilos sa lokal na kongregasyon.

Ang pagpapakilos ng iglesia para sa panghihikayat ng kaluluwa ay base sa konsepto ng Biblia ng espirituwal na mga kaloob, kung saan ang bawa't kaanib ay gumagawa sa larangan ng kanyang mga kaloob.. (Ang Harvestime International Institute na kursong may pamagat na "*Mga Paraan ng Pagpapakilos sa Mga Tao*" ay nagpapaliwanag ng detalyado sa mga "pagpapakilos base sa kaloob "

ANG PAGPAPAKILOS SA LOOB NG GAWAIN NG IGLESYA:

Sa pasuyod na ebanghelismo kung ating pinag-uusapan ang iglesia, ang ibig sabihin natin ay lokal na kongregasyon, ang iglesia bilang denominasyon o grupo ng mga iglesia, at ang Iglesia bilang kabuuang pandaigdigang komunidad ng tunay na mga mananampalataya.

Kasama sa pasuyod na ebanghelismo ang lokal na iglesia, ngunit dapat itong lumaganap sa antas ng denominasyon. Kung ang bawa't lokal na iglesia at bawa't denominasyon ay magbibigay sa kanila ng malalim na panghihikayat ng kaluluwa, ang resulta nito ay pagpapakilos ng pandaigdigang komunidad ng tunay na mga mananampalataya. Pangunahin sa gawain ng pagpapakilos ay ang mahikayat na ang Iglesia ay ang daluyan kung saan pinili Ng Dios para ipahayag ang ministeryo ng Ebanghelyo sa mundo (Efeso 3:9-10).

ANG TUON AY "HUMAYO" SA HALIP NA "LUMAPIT":

Sa makabagong panahon maraming mga iglesya ang umangkin sa “lumapit” na paraan ng panghihikayat ng kaluluwa. Binuksan nila ang pintuan ng kanilang iglesya sa oras ng paglilingkod at naghihintay para sa mga hindi pa ligtas na dumalo. Subalit ang Bagong Tipan ay nagtuturo ng “humayo” na pamamaraan. Ang iglesya ay dapat humayo sa labas ng mundo kasama ang mensahe ng Ebanghelyo. Kinakailangan ng pasuyod na ebangelismo ang mga tao ay umalis sa mga bangko at humayo sa mundo. Ang pangunahing gawain ng panghihikayat ng kaluluwa ay ginagawa ng iglesya, ngunit hindi sa iglesya.

ANG PAGKAKAISA NG ESPIRITU AY KINAKAILANGAN:

Kinakailangan ng pasuyod na ebangelismo ang pagkakaisa sa patotoo kasama ang ibang mga mananampalataya at ibang mga denominasyon. Ang ganitong mga patotoo ay hindi kailangan ng pagbibigay ng personal na kombiksiyon o pagpapahalaga sa denominasyon. Ito ay pagkakaisa ng espiritu na pinangyari ng Espiritu Ng Dios (I Corinto 12:13). Ang ating mga espiritu ay nagkakaisa para sa gawain ng panghihikayat ng kaluluwa.

Ang mga anak Ng Dios ay tinawag na Katawan Ni Cristo (Efeso 4:12). Kung ito ay tutoo, dapat tayong kumilos bilang katawan at hindi parang walang kaugnayan at hindi magkatugma na mga kaanib. (Matututunan mo ang maraming bagay tungkol dito sa iyong pag-aaral ng “*Networking Para sa Panghihikayat ng Kaluluwa*” sa Ika-labinglimang Kabanata.) Pinipilit ng pasuyod na ebangelismo na makapagtala ng higit na maraming mga iglesya, misyon, denominasyon, at organisasyon na posibleng makiisa sa panghihikayat ng kaluluwa.

ANG LIKAS NITO AY PANDAIGDIGAN:

Ang Dakilang utos ay ibinigay sa lahat ng tagasunod Ni Cristo at ang utos ay para sa bawa’t nilalang. Ang ibig sabihin ng pasuyod na ebangelismo ay gamitin ang bawa’t puwedeng gamitin na mga paraan, para maabot ang bawa’t tao, pagpapakilala sa buong Ebanghelyo sa lahat ng tao.

Sa maraming pagkakataon, ang layunin ng ating panghihikayat ng kaluluwa ay itinakda na napakababa. Iniisip lamang natin sa isang malait na heograpiyang lugar. Ang paggawa sa limitadong pondo at limitadong pangitain, kung minsan naniniwala tayo na ating nagawa na ang ating responsabilidad kung tayo ay nasa maliit na bahagi ng lunsod o bansa.

Nang tayo ay inutusan Ng Dios na humayo at mag disipulo ng mga bansa ang ibig Niyang sabihin sa atin ay abutin ang lahat ng mga bansa. Ang likas ng pagbababad na panghihikayat ng kaluluwa ay pandaigdigang, kung ang buong bansa ay maabot ang mundo ay maabot.

ANG HALIMBAWA NG PASUYOD NA EBANGELISMO

Ang pasuyod na ebangelismo ay may iba’t ibang hugis kung ito ay iaangkop sa buong mundo. Ang mga kultura sa buong mundo ay nagkakaiba at natural na ang panghihikayat ng kaluluwa sa iba’t ibang kultura ay maipalalagay na magkakaiba ang halimbawa .

Dapat nating makilala ang paraan na mabisa sa isang kultura ay maaaring hindi mabisa sa iba.

Ang pangunahing halimbawa ng pasuyod na ebanghelismo, gayunman, ay para magdesenyo ng pagabot sa labas para mapasok ang bawa't grupo ng mga tao sa bawa't rehiyon ng bawa't bansa, at sa wakas, bawa't bansa ng mundo. Narito ang pangunahing halimbawa ng pasuyod na ebanghelismo:

ANG ORGANISASYON:

Para sa kabuuang pagsusuyod ng isang bansa, dapat ay may katugma na lokal, rehiyon (estado o lalawigan), at nasyonal na pagsisikap ng panghihikayat ng kaluluwa. Para magawa ito, iminumungkahi na ang komite ng panghihikayat ng kaluluwa ay mabuo sa bawa't iglesia. Ang komite na ito ay isinasaalang-alang ang panghihikayat ng kaluluwa sa tiyak na lugar sa heograpiya at bawa't grupo ng mga tao sa loob ng lugar na iyon.

Ang komite sa lunsod ay dapat na mabuo ng lokal na mga iglesia para itugma ang panghihikayat ng kaluluwa sa loob ng lunsod. Ito ay magbibigay ng pagkakatatugma sa halip na kompetisyon sa pagitan ng mga iglesia sa lokal na antas. Ang isasaalang-alang ng komite ng rehiyon ay sa buong estado o lalawigan, at ang komite ng nasyonal ay sa loob ng pambansang pagsisikap.

Ang bumubuo ng bawa't komite ay magkakaiba-iba depende sa lokal, rehiyon, at nasyonal na mga pangyayari at mga layunin. Ngunit ang bawa't komite ay maaaring magkaroon ng sumusunod na mga kaanib:

-Tagapangulo: Na siyang nangunguna at magaayos ng komite.

-Katulong na –Tagapanguna: Tumutulong sa tagapangulo at papalit sa kanya kung wala siya.

-Kalihim: Ang gagawa ng mga gawain ng sekretarya, katulad ng mga sulat, paalala para sa pagtitapon, talaan, at iba pa.

-Tagapangulo sa Pananalapi: May hawak ng pondo, badyet, at pag-uulat tungkol sa pondo.

-Tagapangulo sa Panalangin: Nangunguna at nagtutugma ng pagsisikap sa panalangin para sa panghihikayat ng kaluluwa.

-Tagapangulo ng Pagsasanay: Nag-oorganisa ng pagsasanay para sa panghihikayat ng kaluluwa.

Tagapangulo ng Mga Kagamitan: Responsable sa mga kailangan na mga babasahin, para sa panghihikayat ng kaluluwa, katulad ng “tracts”, mga Biblia, gayun din ang mga mapa, tarheta para sa pagbibisita, panghihikayat na mga aklat, pelikula, “tapes” at iba pa.

-Tagapangulo ng Publisidad: Ang naghahawak ng mga pahayag sa mga natatanging gawain sa radio, telebisyon, pahayagan, “sound cars”, paskil, at pulyeto, gayun din ang mga sulat.

ANG SKEDYUL:

Dapat ay may organisadong skedyul para sa mga gawain ng pasuyod na ebanghelismo. Narito ang mga mungkahi sa pantaunan na skedyul:

Enero: Mag organisa ng lokal, rehiyonal (estado o lalawigan), at nasyonal na komite.

Pebrero: Magsanay ng lideratura.

Marso: Sanayin ang bawa’t Kristiyano

Abril: Pagsuyod ng lokal na mga lugar

Mayo: ng bawa’t paraan ng panghihikayat

Hunyo: ng kaluluwa.

Hulyo: Kampanya ng panghihikayat ng kaluluwa sa lokal.

Agosto: Pagsubaybay sa lokal na sinuyod.

Setyembre: Kampanya sa panghihikayat ng kaluluwa sa rehiyon.

Oktubre: Pagsubaybay sa rehiyon.

Nobyembre: Kampanya ng panghihikayat ng kaluluwa sa nasyonal.

Disyembre: Pagsubaybay at pagpapalano para sa susunod na taon.

(Sa ika-labing dalawang Kabanata matututunan mo kung paano mag organisa at gumawa ng krusada ng panghihikayat ng kaluluwa. Sa Ika-labintatlong Kabanata iyong matututunan kung paano ang pagsubaybay sa bagong mananampalataya at pagsasanay sa pagdidisipulo.)

MGA PAMAMARAAN:

Ang bawa’t maisip na uri ng panghihikayat ng kaluluwa ay ginamit sa lokal, rehiyonal, at nasyonal na antas, kasama ang mga sumusunod:

-Pagtitipon ng panalanginan na nakatuon sa panghihikayat ng kaluluwa.

-Panghihikayat ng kaluluwa sa radio at telebisyon.

- Panghihikayat ng kaluluwa sa “audio at video cassettes”.

-Mga pelikula ng panghihikayat ng kaluluwa.

-Pag-aaral ng Biblia sa mga tahanan, iglesia, o pagtitipon ng komunidad sa isang lugar para manghikayat ng kaluluwa.

- Mga kurso tungkol sa panghihikayat ng kaluluwa sa pamamagitan ng sulat.

-Pagdadala sa mga tao sa iglesia at sa mga pagtitipon ng gawain ng panghihikayat ng kaluluwa.

-Panghihikayat ng kaluluwa sa bahay-bahay.

-Panghihikayat ng kaluluwa sa mga tauhan ng military.

-Panghihikayat ng kaluluwa na nakatuon para maabot ang mga tao sa kalakalan at propesyonal.

-Pagtuturo sa pagbasa at pagsulat na nakatuon sa panghihikayat ng kaluluwa.

-Mga program na pang medisina na nakatuon sa panghihikayat ng kaluluwa.

- Panghihikayat ng kaluluwa sa telepono.

-Nakasakay sa sasakyan habang nagbabahagi ng Ebanghelyo at nag-aanyaya sa mga tao para sa pagtitipon ng gawain sa panghihikayat ng kaluluwa.

-Personal na liham na nagbabahagi ng Ebanghelyo.

-Panghihikayat ng kaluluwa sa mga intitusyon sa bilangguan, ospital at tahanan para sa mga matatanda.

-Panghihikayat ng kaluluwa sa pamamagitan ng Kristiyanong pag-aaral: Panlingguhan na pag-aaral, paaralan ng Biblia tuwing bakasyon, at Paaralan ng Biblia.

-Panghihikayat ng kaluluwa sa parke, plaza, at ibang lugar na sentro ng pagtitipon.

- Panghihikayat ng kaluluwa sa natatanging pangyayari sa komunidad, halimbawa isang lokal na perya, sirkus, o politikal na pagtitipon.

-Konsiyerto ng panghihikayat ng kaluluwa at pagtatanghal ng drama.

-Panghihikayat ng kaluluwa sa pamamagitan ng babasahin: Pagbabahagi ng “tracks, aklat, at iba pang nakaimprenta na mga babasahin.

- Panghihikayat ng kaluluwa sa mga natatanging pangangailangan: Nagugumon sa alcohol, ipinagbabawal na gamut, mga walang makain, walang tirahan, pag-aalaga ng bata, may kapansanan sa pisikal at pag-iisip.

-Natatanging panghihikayat ng kaluluwa sa pagabot sa mga bata, kabataan, kalalakihan, at kababaihan.

- Panghihikayat ng kaluluwa sa mga “international” na mga mag-aaral at lokal na kolehiyo at unibersidad.

- Panghihikayat ng kaluluwa sa mga paaralan o pampublikong paaralan.

-Pangmaramihan na mga krusada sa local, rehiyonal, at nasyonal na antas.

Ang ilan sa mga paraan ng panghihikayat ng kaluluwa na nabanggit ay maaaring hindi posible sa ibang mga bansa dahil sa patakaran ng gobyerno. Subalit ang punto sa pasuyod na ebangelismo ay seryoso na pagsisikap upang masuyod ang bansa ng Ebanghelyo sa bawa’t lehitimong posibleng paraan.

Walang limitasyon ang iba’t ibang mga paraan na maaaring makasama sa pagbababad na panghihikayat ng kaluluwa. Tandaan na ang layunin ay maabot ng Ebanghelyo ang bawa’t isa.

PAGHAHANDA SA LOKAL NA IGLESYA

Dahil ang rehiyonal, at nasyonal na pagsisikap ay nagmula sa mga ginagawa sa lokal na antas, at dahil ang pagbababad na panghihikayat ng kaluluwa ay nangyayari sa loob ng gawain ng lokal na iglesya, mahalaga na alam ng lokal na pastor kung paano ihahanda ang kongregasyon para sa pasuyod na panghihikayat ng kaluluwa. Narito ang ilan sa mga paraan para matulungan ang pastor na magawa ang layunin na ito:

-Ipakita mo mismo sa iyong sarili. Kung makikita ng kongregasyon na ikaw ay nasisiyahan tungkol sa panghihikayat ng kaluluwa at pagabot sa mga kaluluwa, sila ay maapektuhan ng iyong kasigasan.

-Ituon ang mensahe ng Linggo ng umaga sa mga hindi pa ligtas. Kung may bisita sa iglesya na hindi pa ligtas, kadalasan ito ay Linggo ng umaga.

-Magtakda ng pirmihan na panahon, para mangaral ng serye ng mensahe sa panghihikayat ng kaluluwa.

-Gamitin ang “media” sa panghihikayat ng kaluluwa sa inyong kongregasyon: Maaaring kasama ang “video at audio cassette tapes”, pelikula, at mga aklat na tungkol sa panghihikayat ng kaluluwa.

-Gawin na ang pagabot sa kaluluwa ay kinakailangan para sa liderato. Ang isang katangian para sa bawa’t lider ay dapat na umaabot ng kaluluwa. Kung ang iyong kasalukuyan na mga pamunuan ay hindi umaabot ng mga kaluluwa para Kay Cristo simulan ang pagsasanay sa kanila.

-Ituon ang Paaralan Panlinggo sa pagabot sa mga kaluluwa: Ang mga guro ay dapat masanay kung paano ipahayag ang Ebanghelyo at mag-anyaya sa mga mag-aaral na

tumugon dito. Ang hindi pa ligtas na mga magulang ng bata sa paaralan panlinggo ay dapat na maabot.

-Gawin na ang panghihikayat ng kaluluwa ay maituon sa panalangin na pagtitipon: Marami sa mga pagtitipon ng panalangin ngayon ay nagiging katulad ng isa pang paglilingkod na may awitan, magandang pangangaral, ngunit maikling tunay na panalangin. Akayin ang mga tao na bumalik sa tunay, pinangungunahan ng espiritu, Bagong Tipan na panalangin na nakatuon sa naliligaw at magtatayo ng mga manggagawa sa anihin.

-Mangasiwa ng pirmihan na pagsasanay sa panghihikayat ng kaluluwa: Maaaring magamit ang kursong ito, *“Panghihikayat Ng Kaluluwa Tulad Ng Pagkalat Ng Lebandura,”* sa layunin na ito. Patuloy na ulitin ang klase habang ang mga bagong kaanib ay nalilipat sa inyong kongregasyon o bagong nahikayat ay lumapit Sa Panginoon.

-Gumawa ng plano sa iyong lugar: Kumuha ng mapa ng inyong nayon o lunsod. Hatiin ito sa bawa’t bahagi at maglagay ng lider sa bawa’t bahay. Pagkatapos...

-Maglaan ng kahit isang gabi kada linggo para sa personal na panghihikayat ng kaluluwa. Ginagawa lamang natin ang mga bagay na nagbibigay tayo ng panahon para gawin, at ito ay tutoo sa panghihikayat ng kaluluwa. Hindi ka maguumpisa na umabot ng kaluluwa hanggat ikaw ay naglalaan ng tiyak na oras para dito.

-Maglaan ng tiyak na araw at oras, makipagtipon sa mga manggagawa para sa panalangin, at pagkatapos ipadala sila ng dalawa-dalawa. Bigyan sila ng “assignment card” para bisitahin ang mga pamilya, kalakal, tindahan, plaza, parke, estasyon ng gasoline, taberna, bilyaran sa bawa’t lugar—ito ang pasuyod na panghihikayat ng kaluluwa.

-Simulan ng pagsubaybay na programa: Sanayin ang iyong mga tao na personal na maging responsible para sa pagsubaybay ng mga nahikayat. Magsimula ng klase para sa bagong nahikayat para turuan sila ng pangunahing doktrina ng Kristiyanong Pananampalataya at isama sila sa iglesya.

PANSARILING PAG-SUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ibigay ang kahulugan ng “pasuyod na ebangelismo.”

3. Ibuod ang basehan sa Biblia ng pasuyod na ebangelismo.

4. Talakayin ang pangunahing prinsipyo ng pasuyod na ebangelismo.

5. Talakayin ang halimbawa ng pasuyod na ebangelismo.

6. Ipaliwanag kung paano ang lokal na pastor ay maihahanda ang kanyang kongregasyon para sa pasuyod na ebangelismo.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata sa manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Ang kurso ng Harvestime International Institute na kursong “*Pagsusuri Ng Kapaligiran*,” ay ibingay ng detalye kung paano ang pagsusuri ng isang nayon, lunsod, rehiyon, o bansa bago mapasok ng Ebanghelyo ang mga ito. Ito ay makatutulong sa iyo sa pagkilala ng mga pangangilangan at paggawa ng mga plano para sa pasuyod na ebanghelismo.
2. Gumawa ng plano para sa pasuyod na ebanghelismo para sa lunsod, o nayon kung saan ka nakatira. Ipanalangin kung ano ang mga gawain ng panghihikayat ng kaluluwa na dapat makasama at pagkatapos gumawa ng skedyul para magawa ang iyong plano. Ano ang mga iglesya o Kristiyanong organisasyon ang maaaring makisama sa iyong pagpasok sa iyong komunidad?
3. Kung iyong pinag-aaralan ang kursong ito sa bilangguan, gumawa ng plano ng pagsuyod na panghihikayat ng kaluluwa para sa intitusyon kung saan ka nabilanggo . Kung ang iyong piitan ay may “chaplain”/ pastor. Humingi ng tulong sa kanya.

IKA-LABINDALAWANG KABANATA

MGA PAMAMARAAN: PANGMARAMIHAN NA PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ipaliwanag ang pakinabang ng pangmaramihan na krusada.
- Ibuod ang impormasyon na tinalakay tungkol sa aralin na ito:
 - Espirituwal na paghahanda
 - Ang lugar ng krusada
 - Ang mga kagamitan
 - Petsa at oras
 - Pagpapahayag
 - Pananalapi
 - Ang paunang paghahanda sa mga kagamitan
 - Pagsasanay sa mga manggagawa
 - Pangangasiwa ng gawain
 - Follow-up
- Isagawa ang pangmaramihan na krusada.

SUSING TALATA:

Mangagmasid kayo sa gitna ng mga bansa, at tumingin kayo at mamangha kayo ng kagilagilalas; sapagkat Ako'y gumagawa ng isang gawain sa inyong mga kaarawan na hindi ninyo paniniwalaan bagaman saysayin sa inyo. (Habacuc 1:5)

PAMBUNGAD

Ang isang komunidad, rehiyon, o bansa ay hindi masusuyod ng Ebanghelyo kung walang pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa. Maraming mga tao ang dapat abutin ng Ebanghelyo, at ang pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa ay nakatuon sa pagabot ng malaking bahagi ng grupo ng mga tao sa isang takdang oras.

Sa Ika-siyam na Kabanata natutunan mo kung paano gawin ang personal na panghihikayat ng kaluluwa. Ipinapaliwanag ng aralin na ito kung paano gawin ang pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa. Pareho itong ginamit sa panahon ng Bagong Tipan, at parehong nananatiling mahalaga sa panghihikayat ng kaluluwa sa ngayon.

ANG KRUSADA NG PANGMARAMIHANG PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

Isa sa pinakamabisang paraan ng panghihikayat ng kaluluwa sa grupo ay ang krusada ng pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa na nagkaisang pagsisikap ng mga mananampalataya na abutin ang bawa't isa sa loob ng lunsod ng Ebanghelyo ng Kaharian Ng Dios.

Ito ay hindi basta serye ng mga pagtitipon na ginagawa sa loob ng apat na haligi ng lokal na iglesya. Hindi ito isang “revival”, dahil ang “revival” ay tungkol sa pagbuhay na muli ng isang bagay na dating buhay ngunit malapit nang mamatay. Ang “revival” ay para sa mga mananampalataya na naging malamig sa kanilang espirituwal na karanasan. Ang pangmaramihan na krusada na panghihikayat ng kaluluwa ay naglalayon na abutin ang mga hindi pa ligtas na populasyon sa buong lugar.

Ang paraan ng pangmaramihan na pagtitipon sa panghihikayat ng kaluluwa ay base sa Biblia. Halos 150 na beses sa Bagong Tipan na ating mababasa na si Jesus ay nagsalita sa maraming tao. Si Apostol Pablo at ang ibang mga disipulo ay kadalasan nagministeryo sa pamilihan kung saan maraming nagtitipon na mga tao.

Ang pangmaramihan na pagtitipon ay umaabot sa mga tao na sa ilang taon ay naghahanap ng Dios. Ito ay humihipo sa mga tao na hindi kailanman natutungo sa gusali ng iglesya. Ito ay nagbibigay ng pagkakataon para sa pagpapakita ng kapangyarihan Ng Dios sa mga mananamaplataya. Ito ay madaling umaabot sa mga tao ng mensahe ng Ebanghelyo at isang mahalagang paraan para sa pagabot sa mabilis na lumalagong populasyon ng mundo.

Ang krusada ng pangmaramihang panghihikayat ng kaluluwa ay nakatutulong makilala ang espirituwal na lupa na handa sa anihin at ang resulta ay kadalasang pagtatayo ng bagong mga iglesya. Kung mayroong mga iglesya sa lugar, ang paglago ay nararanasan habang ang mga bagong nahikayat ay nadaragdag sa kanilang “fellowship”.

ESPIRITUWAL NA PAGHAHANDA

Ang mga mungkahi sa aralin na ito ay para maging patnubay sa “mechanical” at pisikal na aspeto ng pagsasagawa ng krusada. Ngunit dapat maging maliwanag na kung nais mong maging ganap sa mga materyal at mga kagamitan na walang espirituwal na kapangyarihan, ikaw ay magiging “malakas na tunog at maingay na pakakak.” Ang espirituwal na paghahanda ang pinakamahalagang bahagi ng kahit anong pagsisikap ng panghihikayat ng kaluluwa.

Huwag hayaan na ikaw ay mahulog sa silo na maging abala sa mga detalye ng mga “mechanical”/ kagamitan ng krusada hanggang ikaw ay mag kompromiso sa pinakamahalagang sangkap ng lahat – ang espirituwal na paghahanda. Ang isang pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa ay magiging mabisa lamang kung ang Ebanghelyo ng Kaharian Ng Dios ay maipahayag ng may pahid at presensiya ng kapangyarihan Ng Espiritu Santo para magligtas, magpagaling, at magpalaya—at ito ay nangangailangan ng espirituwal na paghahanda.

ANG LUGAR NG KRUSADA

Ang layunin ng pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa ay para magdala ng Ebanghelyo sa mga hindi pa nakaririnig nito. Kung saan mo isasagawa ang krusada ay malalaman sa isa sa dalawang mga paraan:

Una, maaari kang makatanggap ng paanyaya mula sa pastor, ahensiya ng misyon, o mga mananampalataya sa isang komunidad para pumunta at magsagawa ng krusada. Ipanalangin ang bawa't paanyaya at kung iyong pinaniniwalaan na ito ay kalooban Ng Dios para sa iyo, tanggapin ito.

Ikalawa, Maaaring ikaw ay banal na pinatnubayan Ng Dios na magtungo sa isang lugar. Sa kasong ito, dapat kang kumausap ng mga mananampalataya sa lugar na iyon at sabihin sa kanila ang pasanin sa iyong puso at humingi ng kanilang pakikiisa kung possible. Kung walang mga mananampalataya o establisadong mga iglesya sa lugar, o kung hindi ka makakakuha ng kooperasyong lokal, dapat humayo ka pa rin kung naniniwala ka na ipinadadala ka Ng Dios doon.

Para sa krusada na may “impact” sa bansa, ang pangunahing lunsod ng bansa o nangungunang lunsod ay dapat na mapili. Kung napili na ang lunsod, dapat ma desisyon ang tiyak na lugar sa loob ng lunsod. Ito ay napaka halaga, dahil kahit ginawa mo na ng mahusay ang lahat ng mga bagay, kung ang mga tao ay hindi makita o madaling puntahan ang lugar, ang iyong ibang pagsisikap ay mababalewala. Ang magandang lugar sa anumang lunsod ay maging malapit sa posibleng pinaka maraming populasyon.

Narito ang ilan sa mga lugar na maaaring magamit para sa krusadang pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa:

ISANG BUKAS NA MALAKING LUGAR/BUKID:

Ito ay subok na pinakamabuting lugar. Maaaring magtayo ng plataporma sa pinaka magandang lugar sa bukid at malaking bilang ng mga tao ang malalaman. Karaniwan ito ay magagamit ng kakaunting halaga.

ISANG PARKE NA NASA SENTRO:

Ang pahintulot na magamit ang parke sa sentro o plasa ay karaniwan na kinukuha sa lokal na pamunuan. Ang bentahe ng plasa o parke ay alam ng bawa't isa sa komunidad at mahikayat ang maaaring hindi pupunta. Ito ay kadalasan na magagamit din sa maliit na halaga ng salapi.

ISANG ISTADYUM NG PALARUAN:

Ang isang istadyum ng palaruan ay karaniwan alam na alam ng mga tao sa lunsod. Maging maingat sa pagkuha ng nakasulat na pahintulot para sa paggamit ng aktuwal na palaruan at para sa paggawa ng plataporma sa bukid. Ang saradong istadyum na palaruan

ay nagbibigay ng masmalaking regulasyon ng mga tao. Siyasatin ang mga lugar na pasukan at labasan para makasiguro na ito ay magandang lugar at sapat.

(Pansinin: Ang gusali ng iglesia ay hindi dapat gamitin para sa pangmaramihan na krusada dahil ito ay makasasagabal ng pagkamabisa ng “outreach”. Maraming hindi pa ligtas na mga tao ay hindi komportable na magtungo sa iglesia. Ang ilan sa mga denominasyon ay nagbabawal na ang kanilang mga kaanib ay pumasok sa iglesia na iba ang denominasyon.)

Sa bawa’t lugar, narito ang ilang karagdagan na mga bagay na dapat alalahanin:

- Upan.
- Sapat na paradahan ng sasakyan.
- Sapat na mga pasukan at labasan.
- Malapit sa pampublikong sakayan.
- Magagamit na kuryente para sa liwanag at tunog “sound”.
- Palikuran

ANG KONTRATA NG KAGAMITAN

Dapat mayroon kang kontrata na may lagda para sa kagamitan bago gumawa ng anumang mga pahayag ng lugar ng krusada. Ang ilan sa mga pangunahing mga bagay na dapat isama sa kontrata:

1. Ang iyong pangalan at ang pangalan ng tao, kompanya, o samahan na nagpapaupa ng lugar sa iyo.
2. Ang tiyak na petsa kung kailan mo gagamitin ang kagamitan/ lugar.
3. Ang tiyak na mga oras na iyong gagamitin ang kagamitan/ lugar.
4. Ang kabuuang salapi na ibabayad para sa paggamit ng kagamitan/ lugar.
5. Ang gagawin na paraan at tiyak na petsa ng pagbabayad.
6. Ang tiyak na paunang oras sa unang pagtatagpo para makita ang mga kagamitan /lugar para sa paghahanda.
7. Iba pang mga bagay: Kasama ba sa halaga ang kuryente? Plataporma? Upan? Palikuran? Paglilinis?

PETSA NG KRUSADA

Ang petsa ng krusada ay maaaring maapektuhan ng kagamitan /lugar na iyong napili. Maaaring ito ay magamit lamang sa tiyak na mga araw o sa panahon ng tiyak na mga buwan. Ibang mga bagay na dapat isaalang-alang sa pagpili ng petsa ay dapat na isama ang :

-Panahon: Kung ang krusada ay gagawin sa labas, dapat mong isaalang-alang ang sobrang lamig, tag-ulan, at tag-init na panahon at subukan na iwasan ang mga ito. Magkonsulta sa mga taong nakatira sa lunsod kung saan ang krusada ay pinaplano para sa pinakamagandang panahon ng pagsasagawa ng krusada.

-Bakasyon: Pinakamabuti na iwasan ang panahon ng bakasyon dahil ang mga tao ay abala sa kanilang mga pamilya at pagdiriwang.

-Magkakasalungat na mga pangyayari: Iwasan ang magkasalungat na mga pangyayari katulad ng pista, perya, gawain ng paaralan, pagtitipon ng politika, at iba pa.

ORAS NG KRUSADA

Para maabot ang pinakamalaking bilang ng mga tao, itakda ang krusada sa panahon na sila ay makadadalo. Isaalang-alang ang palatakdaan ng trabaho ng lokal na komunidad, regulasyon ng takdang oras kung hanggan saan maaaring nasa labas ang mga tao, at palatakdaan ng pampublikong transportasyon.

PAGPAPAHAYAG NG KRUSADA

Kung nakalimutan mong ipaalam sa mga tao na ang krusada ay gagawin, hindi mo mararanasan ang malaking pagkakataon na ibinibigay ng pangmaramihan na pagtitipon. Kahit sa limitadong badyet, makaaabot ka ng malaking lugar ng balita ng pagtitipon. Una, dapat mong malaman ang dalawang bagay:

1. Ano ang isasama mo sa iyong pag-aanunsiyo.
2. Saan mo gugugulin ang magagamit na pondo.

Ating isaalang-alang ang bawa't mga bagay na ito:

ANO ANG ISASAMA MO:

Ang petsa, oras, at maliwanag na direksiyon tungkol sa lugar ng krusada ay dapat na kasama sa lahat ng pagaanunsiyo. Dapat mo rin sabihin na Si Jesus ay nananatiling gumagawa ng mga himala ng kaligtsan, pagpapagaling, at pagpapalaya ngayon. Ito ay magdudulot ng pagnanais para sa mga nangangailangan ng kagalingan o pagpapalaya sa kanilang mga sarili o may mga mahal sa buhay na ganito ang mga pangangailangan. Ito ay nagdadala rin sa mga tao sa krusada na may espiritu na umaasa, tunay na naghahanp para sa pagpapakita ng kapangyarihan Ng Dios.

SAAN MO GUGUGULIN ANG IYONG SALAPI:

Narito ang ilan na mga paraan ng pagaanunsiyo na dapat isaalang-alang sa paggugol sa iyong badyet para sa pagaanunsiyo:

Pulveto: Ang pulveto ang pinakamahalagang piraso ng pagaanunsiyo na iyong maihahanda. Ito ay anunsiyo ng krusada na naka imprenta sa murang papel halos 5 ½ at 8 ½ na pulgada ang laki. Ang mga ito ay maaaring personal na ibigay sa mga tao sa

kalsada, sa mga plasa, mga parke, at tindahan. Ang mga ito ay maaaring ibigay sa mga mananamapalataya at iglesya na nasa lugar para ipamahagi. Maaari mo ring ipamahagi sa bahay-bahay. Kung maaari ang pulyeto ay gawin na kaakit-akit, ngunit mura, para makapag-imprenta ka ng maraming sipi. Siguruhin na bigyan ang mag-iimprenta ng sapat na panahon sa paggawa ng pulyeto para makuha ito sa panahon na nais mong matanggap ang mga ito.

Ipamigay at pulyeto sa lahat ng lugar na nais mong maabot isang linggo bago magsimula ang krusada. (Sa mga lugar na maaaring magkaroon ng pag-uusig at oposisyon makabubuti na maghintay ng tatlong araw bago ang krusada para ipamigay ang pulyeto.) Mag organisa ng pangkat ng mga tao na lalabas sa tiyak na mga lugar para ipamigay ang mga pulyeto. Ang pinakamabuting paraan sa paggawa nito ay kumuha ng mapa ng lugar at magtakda ng mga tao sa tiyak na mga bahagi.

Bandila: Ang mga bandila ay mga tanda na gawa sa tela na maaaring isabit sa pangunahing pagsasalikop ng daan sa lunsod. Siguruhin na ang bawa't pangunahing daan tungo sa lunsod ay malalagyan. Maaaring kumuha ng pahintulot mula sa gobyerno ng lunsod para magawa ito sa ilang mga lugar. Maaari mo rin isabit ang mga estandarte/bandila sa mga plasa, at mga parke—kung saan maraming bilang ng mga tao ang nagtitipon. Siguruhin na ang lahat ng impormasyon (petsa, oras, lugar) ay kasama sa bandila.

Paskil: Ang paskil ay pinalaking pulyeto, magkatulad ang disenyo at impormasyon. Ang pagkakaiba ay higit na malaki at naka imprenta sa matibay na papel para ito ay maisabit sa bawa't magagamit na lugar sa buong lunsod.

Muli, pinakamabuti na magorganisa ng mga pangkat ng tao at sabihin sa kanila ang tiyak na mga lugar kung saan nila ilalagay ang mga paskil. Ang layunin ay ilagay ang paskil kung saan makikita ng mga tao ito, kung saan nagdadaan ang trapiko sa lunsod. Huwag isa lamang paskil ang ilagay sa isang lugar. Ang mga mata ng tao ay naakit sa mas maraming lugar na pinaglagaan kung saan tatlo o apat na magkakatulad na paskil ang nakalagay.

Sasakyan na may nag-aanunsiyo: May mga tao na hindi nakababasa ng paskil, pulyeto, o bandila, ngunit makauunawa sila ng mga anunsiyo na kanilang narinig sa malakas na “speaker”. Ang sasakyan na may nag-aanunsiyo na kinakausap ang publiko na umiikot sa buong lunsod para ipahayag ang krusada. Maingat na ihanda ang nakasulat na anunsiyo na babasahin at tandaan ang tiyak na daan para sa daraanan ng sasakyan para hindi magkatulad na lugar ang mauulit habang ang iba ay hindi napuntahan.

Mga Pahavagan: Ang mga nakasulat sa pahayagan ay dapat naglalaman ng mga pangunahing impormasyon na nasa pulyeto at paskil. Huwag matakot humingi ng diskuwento sa halaga ng pagaanunsiyo, dahil ikaw ay gumagawa para sa lunsod ng paglilingkod sa publiko. Ang mga tao ay maliligtas mula sa ipinababawal na mga gamot, alcohol, at magpagaling ng espiritu, pag-iisp, at pisikal na kalagayan dahil sa krusada. Magiging mas mabuti ang lugar ng lunsod dahil sa gawa Ng Dios sa komunidad.

May mga pahayagan na maaaring magbigay ng walang bayad na artikulo tungkol sa krusada. Dapat kasama sa artikulo ang pangunahing mga impormasyon petsa, oras, at lugar ng pagtitipon, ngunit mas detalye kaysa inilagay na mga anunsiyo. Imungkahi na ang tagaulat ay makipagtalakay sa iyo bilang bumibisita na ebanghelista o “cover” ang unang “service” ng krusada.

Radyo at Telebisyon: Kung maraming radio at telebisyon sa lugar, dapat mong isipin ang uri ng pagaanunsiyong ito. Muli, gumagawa ka ng paglilingkod sa komunidad, kaya huwag matakot na humingi ng murang bayad sa pagaanunsiyo. Siguruhin na mayroong nakasulat na kontrata na nagsasabi ng tiyak na oras ng araw kung saan ang pahayag ay ipalalabas o sasabihin at ang haba ng anunsiyo.

Narito ang ilan na mga mungkahi para sa paggamit ng radyo at telebisyon na walang gastos:

-Makipag-usap nang isahan at organisasyon na nagsasahimpapawid ng Kristiyanong radyo o telebisyon na programa sa lugar. Hilingin sila na ipahayag ang krusada sa kanilang programa.

-Imungkahi na ang estasyon ay magbigay ng maikling pampublikong paglilingkod na anunsiyo, dahil ikaw ay gumagawa ng paglilingkod sa komunidad.

-Imungkahi na ang estasyon ay dumalo sa unang pagtitipon ng krusada at I “tape” ang bahagi nito o aktuwal na isahimpapawid ng sabayan.

Imungkahi na ikaw, bilang bumibisita na ebanghelista, ay kapayanim sa isa sa lokal na programa na “secular”.

Mga Sulat: Natatanging sulat ng paanyaya ay maaaring ipadala sa gobyerno at mga lider ng kalakalan at ibang komunidad.

Telepono: Kung may serbisyo ng telepono sa lunsod, kumuha ng sipi ng nakasulat ng direktoryo ng telepono. Punitin ang libro sa bawat bahagi at hatiin ang mga pahina sa iba’t ibang bahagi mga iglesya. Hilingin sa mga mananamaplataya na nasa lugar na tumawag at anyayahan ang mga tao sa pagtitipon.

“Verbal” na pag-aanunsiyo: Ang “verbal” na pagaanunsiyo ay maaaring gawin sa lokal na pagtitipon ng mga samahan, mga paaralan, komunidad na mga gawain, at mga iglesya.

PANANALAPI NG KRUSADA

Katanggap- tanggap na tumanggap ng handog sa pangmaramihan na krusada, ngunit sa maraming pagkakataon, ang paghahandog ay hindi dapat tumanggap hanggang sa huling bahagi ng krusada; hindi sa unang gabi. Una, ang kapangyarihan Ng Dios ay kailangan na sumalakay sa komunidad para makakuha ng puso ng mga tao. Kung mararanasan ng mga tao ang katotohanan Ni Jesus, ang kapangyarihan ng kalaban sa pamamagitan ng balita,

paninirang puri, at maling pagpapatang tungkol sa mga pananalapi ay hindi masisira ng gawain.

Ang mga pananalapi ay dapat malaman ng mga tao kung saan gugugulin. Para masiguro ito, magandang magtatag ng isang lokal na komite ng mga Kristiyano para hawakan ang pananalapi. Ang pagbibilang, pagtatala, at pagtatago nito ay hindi dapat maiwan sa isang tao lamang. Pinakakaunti ang tatlong tao na dapat nakaharap sa lahat ng oras kung ang handog ay binibilang at ginagawa. Kung may lokal na bangko, mabuti na magbukas ng hiwalay na “account” ang krusada.

Ang buong talaan ng lahat ng pondo na natanggap at ginugol para sa krusada ay dapat na itago. Ang mga bagay ay dapat na may resibo, at ang impormasyon ay dapat na magamit sa mga lokal na tumulong na mga pastor at mga iglesya. Ang mga nalikom na handog ay dapat gamitin para sa pagbabayad ng renta ng lugar, kagamitan, pagaanunsiyo para sa krusada, mga kagamitan na ginamit sa “sound system”, at mga transportasyon, tirahan, at iba pang mga ginugol.

PAUNANG PAGHAHANDA NG MGA KAGAMITAN/ LUGAR

May ilang mga bagay na dapat mong ihanda para sa kagamitan ng krusada bago ang unang pagtitipon.

Kasama dito ang mga sumusunod:

ANG LUGAR:

Dapat ang lugar ay may maliwanag na tanda ng mga bandila, paskil, o mga tanda sa lupa at sa malapit na lugar.

ANG ENTABLADO:

Kung ang kagamitan /lugar ay walang entablado, kailangan mong magtayo . Ang unang bagay na dapat gawin ay alamin ang lugar. Narito ang ilang mga bagay na dapat isaalang-alang:

1. Ang mga tao ba ay natural na matitipon sa harapan ng entablado gaano man sila karami? Kung wala kang pader sa tabi o likod ng entablado, may tao na nakapalibot at mahirap na masupil ang maraming tao at panatiliin ang kanilang atensiyon.
2. Kung ang krusada ay gagawin sa saradong lugar na may bakod o dingding, mahalaga na ang entablado ay ilagay sa kabila ng pangunahing pasukan para ang mga tao ay hindi paikot-ikot sa entablado at magiging dahilan ng pagkaabala sa panahon ng “service”.
3. Kung ang lupa ay hindi patag dapat mong isipin ang lugar kung saan ang mga tao ay makakakita ng mabuti sa entablado. Kung ang lugar ay walang upuan, ang mga tao ay nakatayo sa “service” mahirap kung kailangan na sila ay tumayo sa malalim o hindi patag na lugar.

4. Kung ikaw ay nasa plasa o parke ng lunsod, magugustuhan mo na ilagay ang entablado kung saan pinakatahimik na lugar mula sa trapiko.

Sa maraming pagkakataon, ang mga kompanya ng kahoy at magbibigay para sa paggawa ng entablado ng krusada. Sa ibang pagkakataon, maaari nilang pa-rentahan o ipautang ang kahoy. Ito ay mas mabuti sa halip na bumili, dahil maaari mong iablik kung ang krusada ay tapos na. Maaari mong isipin na ilagay ang entablado sa ibabaw ng malaking bariles, katulad ng bariles ng langis, o likido, kung mayroon nito. Ang laki ng entablado ay maglalaman kung ilan ang mga tao na aakyat dito.

Siguruhin na maglagay ng rampa na patungo sa pulpito mula sa magkabilang tabi ng entablado. Ito ay gagamitin para sa pagpapatotoo ng kaligtasan, kagalingan, at pagpapalaya na iyong dadalhin mula sa mga tagapakinig. Ang malakas na hawakan sa panlabas ng dulo ng rampang ito ay makatutulong para sa mga tao na suportahan ang kanilang sarili sa kanilang pag-akyat at pagbaba sa rampa. Ang pagkakabit ng makitid na piraso ng kahoy na nakapako pahalang sa rampa ay magbibigay ng magandang tapakan.

ANG LUGAR NG ALTAR:

Ang lubid sa isang lugar patungo sa harapan ng entablado. Ito ay makapigil sa mga tao at mapuno malapit sa harapan ng entablado at magbibigay ng lugar para mapaglingkuran ang mga tutugon sa pagtawag sa altar. I-desenyo ang lubid para ito ay maibababa kung nais mo ang lahat ng tao ay makapunta sa harapan sa panahon ng pagtawag sa altar.

KURYENTE:

Siguruhin na ihiwalay ang linya para sa mga ilaw at ang "power system". Huwag kailanman pagsasamahin ang linya ng dalawang ito. Palaging magkaroon ng pinanggagalingan ng kuryente at patayan sa lugar kung saan walang makakagalaw nito.

"SOUND SYSTEM"

Subukin ang "sound system" na mabuti, pinakamaikli isang oras bago ang "service". Makatutulong kung ikaw ay may "back up" na kagamitan o pampalit na mga parte na magagamit para sa "emergency".

NAKARESERBA NA BAHAGI NG LUGAR:

Lagyan ng maliwag na tanda ang bahagi na ito. Halimbawa, mayroon kang nakareserba na lugar para sa tagasalin para sa mga hindi nagsasalita ng lengguwahe na ginagamit. Maaaring kailangan mo ng lugar para sa mga musikero, solowista, o koro ng krusada. Maaaring mayroon ka rin na nakareserbang mga upuan para sa mga manggagawa.

IBA PANG PAGHAHANDA:

Maglaan ng mga lagayan ng handog at anumang kagamitan ng maaaring gamitin para sa pagpapayo katulad ng tsapa, "decision card", "tracts", at iba pa.

PAGSASANAY SA MGA MANGGAGAWA NG KRUSADA

Sa pagsasanay ng mga mananapalataya na nasa lugar para tumulong sa krusada, sila ay mas higit sa tagapanuod lamang. Sila ay magiging bahagi ng “outreach” para sa mga kaluluwa at mananalangin at magkakaroon ng pasanin sa pagtitipon sa halip na basta lamang maghintay kung ano ang mangyayari.

PAGTATALA NG MGA MANGGAGAWA:

Ang mga manggagawa sa krusada ay dapat na ganap na Kristiyano mula sa kasaping mga iglesya sa lugar kung saan ginagawa ang krusada. Ang mga pastor ay makatutulong ng pagtatala ng mga manggagawa mula sa kanilang mga iglesya at magsilbing mga tagapayo. Kung idaraos ang krusada sa walang mga iglesya, mangalap ng bagong grupo ng mga manggagawa na mga mananapalataya mula sa malapit na lugar para dumating at tumulong sa krusada bilang manggagawa.

PAGTATAKDA NG KLASE NG PAGSASANAY:

Pinakamabuti na gawin ang pagsasanay ng manggagawa para sa dalawang gabi bago ang pagsisimula ng krusada para ang pagsasanay ay maging sariwa sa mga isip ng mga tao. Ang unang klase ay maaaring gawin sa lokal na iglesya o bulwagan, ngunit ang huling klase ay dapat gawin sa mismong pagdarausan ng krusada para mailagay sa lugar ang mga manggagawa.

Hindi ibig sabihin na ang isang tao na matagal nang Kristiyano ay hindi na niya kailangan ng pagsasanay. Huwag hayaan na sabihin ng sinoman na, “Alam ko ang gusto mong mangyari, kaya hindi na ako dapat dumalo ng pagsasanay na klase.” Ang lokal na mga kasamang pastor at lahat ng mga manggagawa sa krusada ay dapat magsanay.

MAGBIGAY NG KASANAYAN SA MGA MANGGAGAWA:

Makatutulong kung ang mga manggagawa ay makikilala sa pagsuot ng mga tsapa o may kulay na tali. Sabihin sa kanila na magdamit ng malinis at maayos, at gumawa kasama ang mga kaanib na katulad ang kasarian kung posible. Sila ay dapat na nasa krusada kalahating oras bago ang pagsisimula ng “service”

Ang mga manggagawa ay dapat mayroong Biblia, lapis, o panulat, at “decision card”, kung gumagamit ka ng mga ito para sulatan ng mga pangalan at tirahan ng bagong nahikayat. Kung posibleng mura ang halaga ng naka imprenta na materyales para bigyan ang bagong mga nahikayat katulad ng Ebanghelyo ni Juan o “tracts”, magbibigay sa kanila ng dagdag na pagtuturo ito tungkol sa buhay Kristiyano.

PAGSASANAY PARA SA MGA TAGAPAYO:

Ang mga manggagawa ay dapat mabigyan ng pangunahing pagtuturo sa pagpapayo. Alam nila dapat kung paano mag-akay ng isang tao Kay Jesu Cristo at kung paano

manalangin sa mga nangangailangan ng pagpapalaya at kagalingan. Gamitin ang ilang mga bahagi ng kursong ito sa pagsasanay sa larangan na ito. Mayroon din na patnubay sa “Para Sa Dagdag Na Pag-aaral” na bahagi ng aralin na ito.

Ang mga manggagawa ay magmiministeryo sa mga hindi pa ligtas na tumugon sa tawag ng kaligtasan. Maaaring matawag din sila na magministeryo sa inaalihan ng demonyo (tingnan ang sumusunod na bahagi sa pagpigil sa mga tao). Sila ay tutulong din na magministeryo sa pagpapalaya at pagpapagaling sa pamamagitan ng paggawa kasama ang mga tao sa bahagi na naatang sa kanila at sa pagmiministeryo mo ng natatanging mga panalangin.

PAGPIGIL SA MGA TAO:

Tandaan a ikaw ay nakikipagladan sa espiritu para sa mga kaluluwa ng lalake at babae, pagligtas sa kanila mula sa walang-hanggan na kahihinatnan sa impiyerno. Kung ginagawa mo ito sa maramihan, ang kapangyarihan ng demonyo ay hindi lamang nakaupo ng walang ginagawa at nagmamasid.

Una sa lahat, mayroon ka dapat na kapangyarihan at awtoridad Ng Espiritu Santo at gamitin ito sa pangalan Ni Jesus para itali ang espiritu ng kaguluhan. Ikalawa, dapat mong italaga ang pasanin sa iyong mga manggagawa. Dapat sila ay palaging alerto sa mga kaguluhan at abala at alam kung ano ang gagawin kung ito ay mangyari.

Sanayin na kumilos nang mabilis ang mga manggagawa at huwag magatubili kung may problema na nangyari. Huwag hintayin na matapos na lang ang pangyayari, dahil hindi ito titigil. Huwag maghintay sa ibang tao na tumugon. Kilalanin ito ng mabilis bilang gawain ng Demonyo at ituring ito na gawa nga niya.

Ang mahalaga rito ay harapin ang problema sa paraan na hindi na lalaki pa ang gulo na nangyari na. Huwag gagawa ng bagay na magpapalaki sa sitwasyon. Kumilos sa paraan na mababalik ang atensiyon sa entablado sa madaling panahon.

Kadalasan, gagamitin ni Satanas ang taong inaalihan ng demonyo para simulan ang pagpapakita. Sa karamihan na mga kaso, hindi dapat harapin ng mga manggagawa sa harapan ng maraming tao, dapat nilang dalhin sa labas at doon palayasin ang demonyo palabas. Ang mahalaga, anuman ang ginawa, ito ay dapat gawin ng mabilis at matahimik kung posible. Kilalanin ang kaguluhan kung ano talaga ang mga ito: Si Satanas ay kumikilos upang pigilin ang ginagawa Ng Dios.

Bilang bahagi ng mga tao, dapat kang magsanay ng mga natatanging mga manggagawa para sa entablado at may mga patungo sa rampa. Ang mga manggagawa sa rampa ay dapat hindi mapanatili ang mga taong hindi nararapat doon, at tulungan ang mga tao na nagpaparo’t parito sa entablado. Tatanggapin din nila ang mga tao na magpapatotoo na dadalhin nila mula sa karamihan, tiyakin ang mga himala, at samahan sila sa entablado.

Ang mga manggagawa sa entablado ay kasama ang mga “ushers” na nakatayo sa magkabilang tabi ng entablado na nasanay para huwag hayaan na sinonam ay makapunta sa entablado na hindi ipinadala ng mga manggagawa sa rampa. Mayroon dapat mga

dalawa pang ibang manggagawa na kasama para tumulong sa pag-aayos ng linya ng patotoo.

Bilang bahagi ng pagpipigil sa mga tao, maaaring nais mong magsanay ng “ushers” para tumulong sa mga tao na pabalik-balik mula sa upuan (kung mayroon upuan) at para sa paglikom ng handog. Maaaring kailanganin mo na magsanay ng mga manggagawa para tumulong sa paradahan kung ang karamihan sa mga tao ay may sasakyan nang dumating. Gumawa ng pag-aaral ng lugar ng paradahan ng sasakyan at ang mga paraan at maghanda ng krokis kung paano ang trapiko ay dadaloy. Maaaring nais mo na maglaan ng ilan na mga paradahan para sa mga manggagawa at grupo ng krusada. Maghanda ng kinakailangan na tanda para sa paradahan, tamang ilaw kung posible, at bantay laban sa maninira (tandaan . . . ikaw ay nakikipaglaban sa espiritu).

KALIGTASAN:

Kung ikaw ay nagbigay ng panawagan para sa kaligtasan, hilingin na ang mga manggagawa na nasanay ay mabilis na tumayo sa tabi ng mga lugar na itinakda para sa kanila. Ang tawag para sa kaligtasan ay nagsasabi na oras na para sa ministeryo ng paglilingkod. Sanayin sila na ibigay ang buong atensiyon kung ano ang iyong sinasabi sa oras na iyon. Maaaring pangunahan ka Ng Dios na magministeryo sa kakaibang paraan sa ibang panahon, at dapat silang nakahanda para umayon sa iyo habang Ang Espiritu Santo ay kumikilos.

Kadalasan, dahil sa laki ng tugon sa pangmaramihang krusada, pinakamabuti na manalangin ng isang pangmaramihan na panalangin at hilingin sila na sumunod sa panalangin ng makasalanan pagkatapos mo. Mahalaga na ang mga tumugon sa tawag ng kaligtasan ay masubaybayan, kaya siguruhin na ang isa sa tatlong bagay ay mangyari:

- Punan ng tagapayo ang “decision card” ng pangalan at tirahan ng bagong nahikayat para sila ay matawagan ng lokal na pastor para sa “follow up.”

o

- Gumawa ng pahayag para sa pagtitipon sa susunod na umaga para sa lahat ng mga tumanggap Kay Jesus. Sa panahon ng umagang pagtitipon, ang pagsubaybay ay maaaring gawin sa mga bagong mananampalataya.

o

- Ang mga tumugon para sa kaligtasan ay pangunahan sa natatanging silid ng pagpapayo o sa isang lugar. Sasamahan sila ng mga manggagawa sa lugar na ito, magbigay ng dagdag na pagpapayo, at kunin ang kanilang pangalan at tirahan sa “decision card.”

Kung ikaw ay gumagamit ng “decision card”, ang mga ito ay dapat may lugar para sa :

- Pangalan
- Tirahan
- Telepono

- Tugon: Isang lugar na malalagyan ng tsek kung sila ay tumanggap ng kaligtasan, para baguhin ang kanilang pagtatalaga Kay Cristo, pagpapalaya, kagalingan, at iba pa.

-Komentaryo: Isang lugar para sa dagdag na komentaryo ng tagapayo na maaaring magtala ng anumang impormasyon na makakatulong sa pagsubaybay.

-Lagda: Isang lugar para sa lagda ng tagapayo.

Kung ang “decision card” ay ginamit, kung posible gawin itong dalawang bahagi na “form”, para dalawang sipi ang magagawa sa pagsulat sa “form.” Ang orihinal ay ibibigay sa lokal na pastor para sa “follow up”. Ang isang sipi ay maaaring manatili sa manggagawa para kanilang masubaybayan ang bagong nahikayat. Sanayin ang iyong manggagawa na maliwanag na sulatan ang mga tarheta. Maglagay ng tao na responsable para sa pagkuha at proseso ng lahat ng mga tarheta.

PAGPAPAGALING AT PAGPAPALAYA:

Ang pagpapakita ng kapangyarihan Ng Dios ay nagpapatotoo ng pangangaral ng Ebanghelyo. Habang iyong matututunan sa Ikalawang Bahagi ng kursong ito, ang pagpapagaling at pagpapalaya ay mahalagang bahagi ng panghihikayat ng kaluluwa. Para palakasin ang pananampalataya ng mga mananampalataya, patunayan ang Salilta Ng Dios, at akitin ang mga hindi mananampalataya, makatutulong na ibahagi ang patotoo ng ginawa Ng Dios sa krusada. Tandaan na ang karamihan ng hindi pa ligtas na mga tao ay pumupunta ng hindi naniniwala. Sila ay nagdududa.

Kung ikaw ay nananalangin para sa kagalingan at pagpapalaya, sanayin ang mga manggagawa na nakabukas ang mga mata. Kung ikaw ay nananalangin, hayaan na ang mga tao na nakikinig na ilagay nila ang kanilang kamay sa maysakit na bahagi. Pagkatapos na manalangin, hilingin sila na gawin ang mga bagay na hindi nila dating nagagawa. Sanayin ang mga manggagawa na panoorin ang mga tao habang kanilang inilalagay ang kamay sa sakit at pagkatapos ng panalangin kumilos ng may pananampalataya. Maaaring lumapit ang mga manggagawa para kunin ang mga patotoo ng mga tao.

(Kung iyong sinasanay ang mga manggagawa, aktuwal na manalangin ng pagpapagaling at pagpapalaya. Maraming pagkakataon na ikaw ay gagaling sa panahon ng pagsasanay). Sa panahon ng pagsasanay, ipakita sa mga manggagawa kung paano aalamin ang isang bulag sa pamamagitan ng paghawak ng mga daliri at hilingin sila na bilangin. Para sa bingi, ang tunog sa likod ng tao ay maaaring ulitin, katulad ng pagpalakpak ng mga kamay ng ilang beses. Nakikitang pagpapagaling, katulad ng bingi, bulag, mga bukol, pilay, palakasin ang pananampalataya higit sa panloob na mga kagalingan na hindi kaagad mapatutunayan.

Kung ang isang manggagawa ay nakatagpo ng isang tao na nakaranas ng pagpapagaling at pagpapalaya, sanayin sila na dalhin (hindi ipadala) ang taong iyon sa nasa manggagawa ng rampa. At sasamahan ng manggagawa sa rampa sa mga nasa entablado ay maaari mong kapanayamin sila at ibahagi ang mga patotoo kung ano ang ginagawa Ng Dios. Ang manggagawa ay babalik sa kanyang lugar para patuloy na magministeryo at tumanggap ng mga patotoo.

PAGLALAGAY SA LUGAR:

Gumamit ng krokis sa unang klase ng pagsasanay para ipakita sa mga manggagawa kung saan sila ilalagay na lugar. Sa ikalawang gabi ng pagsasanay na gagawin sa lugar ng krusada, aktuwal na ilagay ang bawa't manggagawa sa lugar kung saan sila tatayo sa panahon ng bawa't "service."

Magkaroon ng sapat na manggagawa sa lugar ng altar para kayang magabot ng mga braso sa lugar na ito. Ito ay mahalaga para sa pagpipigil ng mga tao at sa pagmiministeryo sa mga tutungo sa harapan.

Ilagay ang natatanging nasanay na mga manggagawa sa rampa at entablado sa kanilang mga lugar at magkapareho na ikalat ang natitirang mga manggagawa sa buong lugar. Siguruhin na maglagay ng mga manggagawa sa pasukan at labasan para masiguro ang "power sources."

PAGDARAOS NG GAWAIN NG KRUSADA

Narito ang ilan na mga mungkahi para sa pangangasiwa ng "service" sa krusada:

PAGSISIMULA NG "SERVICE":

Magpatugtog ng natatanging musika 30 minutos bago ang pagsisimula ng "service". Ang tugtog ay makaaakit sa mga tao para magtungo sa lugar at maihahanda ang puso ng mga tao na natitipon para tumanggap ng Salita Ng Dios. Ibilin sa mga musikero at soloista kung ano ang mga awit na gagamitin. Piliin ang mga awit na masaya, nakapagbibigay ng inspirasyon, at nakahihikayat ng kaluluwa. Huwag piliin ang mga awit na sentimental o mahirap na maunawaan. Gamitin ang mga awit na nagpapakita ng buhay at kasigasigan na makaaakit sa mga hindi pa ligtas.

Pagkatapos ng unang gabi, may mga tao na naligtas, gumaling, at napalaya. Hilingin na ilan sa kanila ang magbigay ng patotoo sa panahon ng 30 minuto bago ang "service". Kapayanim sila at magtanong ng tiyak na mga tanong para maiwasan mo na maubos ang panahon ng "service" (isang nakasisirang paraan ni Satanas).

ANG MINISTERYO NG SALITA:

Sa ipinahayag na oras, simulan ang "service" ng krusada. Huwag patagalin ang unang bahagi. Ang layunin ng krusada ng panghihikayat ng kaluluwa ay para maabot ang mga kaluluwa para Kay Jesus. Para magawa ito, ang Salita Ng Dios ay dapat maipangaral at ang kapangyarihan Ng Dios ay maipakita. Ang mga tao ay dumalo na may malaking espirituwal, pisikal, at emosyonal na pangangailangan. Hindi sila nandoon para makinig ng mahabang mga anunsiyo, biro, pambungad , at hindi mahalagang paguusap.

Bago ka magsimulang mangaral, ipahayag sa mga tao na ikaw ay mananalangin para sa pagpapagaling at pagpapalaya pagkatapos na ikaw ay mangaral. Marami sa mga tao na dumalo ay para gumaling, at kung ikaw ay magsimula na mangaral na hindi mo binabanggit ito maaari nilang hindi maunawan ang tungkol sa "service". Kung

liliwanagin mo na ikaw ay mananalangin para sa mga may sakit pagkatapos ng sermon, mas makikinig sila sa iyong mensahe.

ANG PANALANGIN PARA SA KALIGTASAN:

Sa pagtatapos ng sermon, ang dapat na unang asikasuhin ay kaligtasan. Bigyan diin na ang kagalingan ng kaluluwa ay higit na mahalaga sa kagalingan ng katawan. Ipapanalangin mo ang katawan, ngunit nais mo munang ipanalangin ang kanilang kaluluwa, na sila ay espirituwal na pagagalingin Ng Dios at patatawarin ang kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng dugo Ni Jesu Cristo.

Kadalasan, dahil sa laki ng tugon sa pangmaramihan na krusada, pinakamabuting manalangin ng pangmaramihan at hilingin sa kanila na ulitin ang panalangin ng makasalanan para sa kapatawaran pagkatapos mo. Mahalaga na ang mga taong ito ay makatanggap ng “follow-up care”. Kaya siguruhin, katulad ng nabanggit sa pagsasanay ng mga manggagawa na bahagi, na ang isa sa tatlong bagay ay mangyari.

- Punan ng tagapayo ang “decision card” ng pangalan at tirahan ng bagong nahikayat para sila ay matawagan ng lokal na pastor para sa “follow up.”

o

- Gumawa ng pahayag para sa pagtitipon sa susunod na umaga para sa lahat ng mga tumanggap Kay Jesus. Sa panahon ng umagang pagtitipon, “follow up care” ay maaaring gawin sa mga bagong mananampalataya.

o

- Ang mga tumugon para sa kaligtasan ay pangunahan sa natatanging silid ng pagpapayo o sa isang lugar. Sasamahan sila ng mga manggagawa sa lugar na ito, magbigay ng dagdag na pagpapayo, at kunin ang kanilang pangalan at tirahan sa “decision card.”

MGA PANALANGIN PARA SA PAGPAPAGALING AT PAGPAPALAYA:

Pagkatapos ng panalangin ng kaligtasan, panahon na para magsimula ng panalangin para sa pagpapagaling at pagpapalaya. Bawa’t sitwasyon ng ministeryo ay magkakaiba, may mga panahon na aakayin ka Ng Dios sa isang tiyak na mga paraan kung paano mag ministeyro. Ngunit narito ang ilan sa mga pangkalahatan na mungkahi para sa pagmiministeryo sa pagpapagaling sa pangmaramihan na kapaligiran ng krusada.

Sa malaking grupo ng mga tao, imposible na ipanalangin ang bawa’t isa ng isahan. Una, manalangin ng ilan na mga panalangin at ituon sa bawa’t isang tiyak na karamdaman. Hilingin sa mga manggagawa an dalhin ang mga patotoo sa entablado mula sa mga nangangailangan ng kagalingan. Ang pananampalataya ng mga nakikinig ay mapalalakas ng mga patotoong ito, pagkatapos maaari kang manalangin para sa huling pangmaramihan na panalangin ng pagpapalaya para sa lahat ng uri ng kalungkutan.

Tandaan, mahalaga na bukas ka sa pangunguna Ng Dios sa lugar na ito. Walang naitatag na paraan.

PAGTATAPOS NG “SERVICE”:

Sa pagtatapos ng “service”, siguruhin na sabihin ang susunod na pagtitipon ng krusada at ang pang umaga na pag-aaral para sa bagong nahikayat. Magbigay ng tukoy na impormasyon kung ano ang mga oras at mga lugar.

PAG “FOLLOW UP” NG KRUSADA

Ang bawa’t nahikayat mula sa krusada ay dapat makatanggap ng kasunod na pag-aalaga. Tinutupad nito ang “pagtuturo ng lahat ng mga bagay” na dapat sumunod sa pagkahikayat bilang iniutos ng Dakilang Utos.

Sa panahon ng panawagan sa altar para sa kaligtasan ang isa sa dalawang bagay ay dapat nangyari:

1. Ang bagong nahikayat ay pupunan ang “decision card: Ito ay ginagawa alin sa dalawa sa lugar ng altar o sa natatanging silid ng pagpapayo. Ang mga tarhetang ito ay dapat na maibigay sa lokal na mga pastor na gagawa ng kasunod na pag-aalaga.
2. Ang pang umagang klase para sa mga bagong nahikayat ay naipahayag: Sa umagang klase ang bagong nahikayat ay dapat makatanggap ng kasunod na pag-aalaga at ang kanilang mga pangalan at tirahan ay makuha para sa dagdag na kasunod na pag-aalaga ng lokal na mga pastor.

Ang kasabihan para sa kasunod na pag-aalaga ay dapat “Huwag Paaalisin.” Huwag paaalisin ang bagong nahikayat hanggat hindi siya naisasama sa “fellowship ng lokal na iglesya.

Ang Ika-labintatlong Kabanata ng kursong ito ay nagbibigay ng impormasyon sa kasunod na pagtuturo para sa bagong mga mananampalataya.

PANSARILING PAG-SUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ipaliwaang ang benepisyo ng pangmaramihang krusada.

3. Ibuod ang impormasyon na tinalakay sa aralin na ito, sa isang hiwalay na papel.

- Espirituwal na paghahanda
- Ang Lugar ng krusada
- Ang kontrata ng mga kagamitan/ lugar
- Ang petsa at oras
- Pag aanunsiyo
- Pananalapi
- Maagang paghahanda ng kagamitan/ lugar
- Pagsasanay sa mga manggagawa
- Pagdaraos ng Gawain ng Krusada
- Pagsusubaybay

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Narito ang ilan na mga panuntunan na ibibigay sa pagsasanay ng mga manggagawa kung paano magpayo ng mga tumugon sa tawag sa altar:

(1) Ipakilala ang iyong sarili (bilang “tagapayo”) sa tao na tumugon sa tawag (ang “papayuhan”).

(2) Tanungin ang kanyang pangalan at isulat para ito ay matandaan sa panahon ng pag-uusap. (Kung ang “decision card” ang ginagamit, isulat ito sa “decision card”. Kung hindi, isulat sa isang pirasong papel para reperensiya.)

(3) Itanong sa kanya, “Bakit mo itinaas ang iyong kamay (o lumapit sa harapan) ngayong gabi?” Ito ay magbibigay ng pagkakataon sa papayuhan na ipahayag sa iyo ang kanyang pangangailangan.

(4) Walang pagkakataon na mabanggit ang bawa’t suliranin na mayroon ang tao na maaaring ipahayag ang sagot sa tanong na ito, ngunit ang Salita Ng Dios ay nagtataglay ng sagot para sa bawa’t kalagayan. Kung ikaw ay nakaharap ng tanong o mga kahirapan na hindi mo kayang maharap, tawagin ang isa sa mga pastor o ibang manggagawa para tulungan ka.*

(5) Huwag kailanman puwersahin ang tao na gumawa ng pagpapasiya. Hayaan Ang Espiritu Ng Dios na kumilos.

(6) Pagkatapos na malaman ang tiyak na espirituwal na pangangailangan ng pinapayuhan sa pamamagitan ng pag-uusap, magbigay ng payo mula sa Salita Ng Dios at pagkatapos manalangin kasama siya. Kung siya ay tumugon sa tawag ng kaligtasan, akayin siya sa panalangin ng makasalanan at humingi ng kapatawaran para sa mga kasalanan at tanggapin Si Jesu Cristo bilang Tagapagligtas. Panatiliin na simple ang iyong payo hanggat maaari. (Huwag subukin na ituro ang lahat ng mga doktrina ng Kristiyanong pananamaplataya sa maikling panahon lamang!) Kung kailangan niya ng pagpapalaya, magministeryo sa mga bagay na ito.

(7) Bigyan ang pinapayuhan ng kahit anong nakaimprenta na mga material na ibinigay sa iyo para magamit para sa layunin na ito, halimbawa, ang Ebanghelyo ni Juan o “tract” na may dagdag na impormasyon sa pamumuhay sa buhay Kristiyano.

(8) Kung natapos ka nang magministeryo sa tao, sulatan na lahat ang “decision card”. Sulatan ang tirahan at telepono, at lagyan ng tsek ang angkop na kahon (para sa kaligtasan, pagpapalaya, pagpapagaling at iba pa). Isulat ang anumang impormasyon na makatutulong sa “follow up” para sa papayuhan.

*Pansinin: Sa panahon ng pagsasanay, maaaring matalakay ninyo ang karaniwan na mga tugon at kung paano harapin ang mga ito. Halimbawa, ang mga nagtungo sa harapan na naghahanap ng kaligtasan, kasiguruhan ng kaligtasan, pagpapalaya mula sa pagkabihag na mga gamot, at iba pa.

(9) Ibigay ang “decision card” sa tao na naatasan na kumuha ng mga ito. Kung ang “decision card” ay dalawang bahagi na papel, ibigay ang orihinal na sipi at itago ang sipi para iyong masubaybayan ang tao na iyong pinagpayuhan.

(10) “Follow up” ang pinayuhan sa loob ng 48 na oras. Tsek para makita kung ano ang kanyang ginagawa. “Huwag hayaan na umalis” hanggat siya ay maging bahagi ng lokal na “fellowship”.

2. Ang kabanatang ito ay tungkol sa karaniwang paraan ng pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa kung saan ang krusada ang ginamit na panghihikayat ng kaluluwa. Walang pagkakataon na matalakay ang bawa’t uri na pangyayari na maari mong gawin sa iyong paggawa ng grupo ng panghihikayat ng kaluluwa. Maaaring magpasiya ka na mag komperensiya, “seminars”, “revival”, konsiyerto, at iba pa. Narito ang ilan na mga pangunahing patnubay para sa pagpapalano ng anumang uri ng ministeryo:

(1) Panatiliin ang layunin ng ministeryo: Ano ang layunin ng “seminar”, komperensiya, “revival”, krusada, at iba pa? Ang layunin ay papatnubay sa iyong pagpapalano.

(2) Itakda ang petsa at oras ng gawain.

(3) Pumili ng lugar. Ang mga bagay na dapat isaalang-alang sa pagpili ng lugar ay :

-Laki: Ito ay dapat sapat sa bilang na inaasahang dadalo.

-Kagamitan: Dapat ito ay may mga kagamitan na kinakailangan para sa gawain. Halimbawa, kung plano mo na magtipon ng malaking grupo at maghahati sa maliliit na mga grupo, kailangan mo ng lugar na may isang malaking silid at mga ilan na maliliit na silid. Kung ikaw ay magluluto at magpapakain, mangangailangan ka ng mga kagamitan sa kusina.

-Lugar: Dapat madaling puntahan ng mga pampublikong sasakyan at nasa malapit sa mga tao na nais mong dumalo.

-Halaga: Dapat kaya mong mabayaran.

(4) Bumuo ng komite at ibigay ang mga responsabilidad para:

- Pangkalahatang “Coordinator”: Ang Coordinator ay mangangasiwa ng lahat ng mga tungkulin at magaayos sa lahat ng bahagi ng gawain:

-Skedyul: Kasama dapat sa skedyul ang :

-Lahat ng bagay na dapat gawin bago ang gawain: Sino ang gagawa nito, at kailan?

-Ang skedyul ng aktuwal na gawain: Ano ang mangyayari sa anong oras sa aktuwal na araw ng gawain?

-May mga bagay ba na dapat i “follow up” pagkatapos ng gawain.

-Badyet: Para makapagtakda ng badyet para sa gawain, mangalap ng pondo, bayaran ang mga bayarin, mangalap ng handog sa panahon ng gawain, at magalikom ng handog o “honorarium” para sa tagapagsalita.

-Pagaayos ng kagamitan/ lugar: Narito ang mga gamit na kailangang ayusin sa lugar: Mga upuan, entablado, la mesa, lalagyan ng mga handog, mikropono, instrumento sa pagtugtog, pulpito, mga kagamitan sa “audio-visual, mga kagamitan para sa pagpapayo at pagpapatala.

-Pagpapatala: Magpapatala ba ang mga tao? Kung oo, ano ang mga materyales na ibibigay sa oras na ang mga tao ay nagpatala? Paano ang gagawin sa pila ng pagpapatala? Kailangan mo ba ng mga tsapa para sa pangalan? Anong “forms” ang iyong gagamitin? Ano ang mga tao na kakailanganin?

- “Publicity”: Paano mo ipahahayag ang gawain? Pumili ng isang tao na mangangasiwa sa mga sulat, pagsasabi sa telepono, radyo, telebisyon, pahayagan, paskil, pulyeto, pag-aanunsiyo sa lokal na mga iglesya, at iba pa.

-Pagpapayo: Kumuha ng isang tao na magsasanay ng mga tagapayo para tumulong sa mga tao na may espirituwal na pangangailangan. Ang mga tagapayong ito ay dapat na marunong magakay ng tao Kay Cristo, paano manalangin para sa mga may sakit, at paano mag ministryo sa pagpapalaya. Dapat sila ay may Biblia, “tracts”, pangalan at “card” ng tirahan kung saan nila isusulat ang mga impormasyon tungkol sa mga naghahanap ng espirituwal na tulong. Ang mga “card” ay makatutulong sa iyo na i-“follow up” ang mga tao pagkatapos ng gawain ng ministryo.

- Tagapagsalita: Mayroon ka bang tagapagsalita para sa gawain na ito? Kung mayroon, kailangan mo ng isang tao na mangangasiwa para kausapin at anyayahan sila, kunin ang skedyul at impormasyon sa kanila, maglaan ng sasakyan at titirahan kung kailangan, at magministryo sa kanilang personal na pangangailangan sa panahon ng gawain.

-Musika: Pumili ng tagapanguna para makakuha ng kailangan na mga instrumento at musikero, pangunahan ang koro, magplano ng natatanging musika, at manguna sa awitan ng kongregasyon.

-“Nursery”: Maglalaan ka ba ng mag-aalaga sa mga sanggol o maliliit na mga bata sa panahon ng gawain? Kung oo, mangangailangan ka ng magaayos ng lugar at kagamitan at pumili ng mga tao na mag-aalaga sa mga bata.

-Paninda: Kung plano mong magtinda ng mga Biblia, Kristiyanong aklat o “tapes, pagkain, at iba pa, mangangailangan ka ng isang tao na mangangasiwa rito.

- “Ushers”: Kumuha ng mangangasiwa sa mga “ushers” na magpapaupo sa mga tao, magbabahagi at kukuha ng mga materyales, mangangalap ng handog at lulutas ng mga suliranin at kaguluhan sa panahon ng pagtitipon.

-“Sound”: Kung nagpaplano ka ng malaking gawain, mangangailangan ka ng magandang “sound system”. Kailangan mo ng isang tao na may alam sa bagay na ito at mayroong tamang kagamitan.

- “Audio o Visual Taping”: Plano mo ba na gumawa ng “audio o video tapes” para sa gawain na ito? Kung ito’y gagawin, kailangan mo ng isang tao na itatakda ang “taping”, pagpaparami ng sipi, kumuha ng kinakailangang mga materyales at kagamitan.

-Mga Dadalo: Kailangan mo na iayos ang mga dadalo. Halimbawa, magpaplano ng sasakyan, pagkain at tirahan kung kailangan at tutulong sa mga tao sa mga praktikal na problema, mga tanong at iba pa , sa panahon ng gawain.

-“Follow up”: Palaging pumili ng taong mangunguna para sa “follow-up” para sa gawain kasama ang pangangalap ng mga materyales na nasa iyo, maglilinis ng lugar, magbubuhat ng mga kagamitan, magpasalamat sa mga tumulong sa iyo, at maglaan ng isang tao para pangasiwaan ang “follow up” ng mga bagong nahikayat.

IKA-LABING TATLONG KABANATA

MGA PAGPAPASIYA O MGA DISIPULO

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng salitang “nahikayat”.
- Ibigay ang kahulugan ng salitang “disipulo”.
- Isulat ang anim na panuto na dapat magawa sa mabilis na “follow up” ng bagong nahikayat.
- Kilalanin ang siyam na mga prinsipyo ng disipulo na ginamit Ni Jesus.
- Ipaliwanag ang tunay na pagsubok ng pagiging disipulo,
- Maglaan ng mabilis na “follow- up” para sa bagong nahikayat.
- Maglaan ng mas mahabang “follow-up” para sa bagong nahikayat

SUSING TALATA:

At nang magkagugol na siya roon ng ilang panahon, ay umalis siya at tinahak ang lupain ng Galacia at Frigia, na sunodsunod na pinagtitibay ang lahat ng mga alagad. (Mga Gawa 18:23)

Na pinatitibay ang mga kaluluwa ng mga alagad, at inaaralan sila na magsipangatili sa pananampalataya, at sa pamamagitan ng maraming mga kapighatian ay kinakailangang magsipasok tayo sa kaharian ng Dios. (Mga Gawa 14:22)

PAMBUNGAD

Madalas mong marinig ang Dakilang Utos, ngunit tunay ba na nauunawaan mo ang misyon na ibinigay Ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod?

- Ang utos ba ay para lamang dumami ang bagong nahikayat?
- Ito ba ay para lamang magkrusada ng panghihikayat ng kaluluwa?
- Ito ba ay makahikayat lamang ng mga tao at mabilis na magtungo sa ibang lugar?

Basahin muli natin ang panuto:

Dahil dito magsiyaon nga kayo at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila’y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:

Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako’y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. (Mateo 28:19-20)

Ang prayoridad ay humayo sa lahat ng mga bansa, turuan sila ng Ebanghelyo, bautismuhan sila, at magbigay ng dagdag na “follow-up” na pagtuturo sa lahat ng iniutos Ni Jesus. Ang pagtatalaga na manghikayat ng kaluluwa ay hindi buo kung walang pagtuturo pagkatapos ng pagkahikayat.

MGA PAGPAPASIYA O MGA DISIPULO?

Dalawang uri ng pagtuturo ang kinakailangan sa utos na ito:

Una: Turuan ng Ebanghelyo na akayin ang mga lalake at babae sa kaligtasan. Dapat marinig ng mga tao ang Ebanghelyo para sila ay tumugon dito, magsisi sa kasalanan, at maging born again:

Dahil dito magsiyaon nga kayo at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila’y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo. (Mateo 28:19)

Ang bagong mga mananampalataya ay tinatawag na “mga nahikayat.”Ang isang nahikayat ay isang mananampalataya Ni Jesus na naging “born again” sa pamamagitan ng pananampalataya at naging bahagi ng Kaharian Ng Dios.

Ikalawa: Pagtuturo pagkatapos na mahikayat. Pagkatapos na ang tao ay maturuan ng Ebanghelyo at lumapit Kay Jesus, dapat silang matuto kung paano sumunod Sa Kanya:

Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako’y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan. (Mateo 28:20)

Ipinahayag ng Dakilang Utos na ang bagong nahikayat ay dapat maturuan ng lahat ng itinuro Ni Jesus. Kung minsan ang proseso ay tinatawag na “follow up” o “discipleship”. Pagdidisipulo.

Si Pablo ay maingat sa pag “follow up” ng bagong nahikayat at mga iglesya. Nakasulat sa Biblia na siya ay...

...ay umalis siya at tinahak ang lupain ng Galacia at Frigia, na sunodsunod na pinagtitibay ang lahat ng mga alagad. (Mga Gawa 18:23)

Na pinatitibay ang mga kaluluwa ng mga alagad, at inaaralan sila na magsipanatili sa pananampalataya, at sa pamamagitan ng maraming mga kapighatian ay kinakailangang magsipasok tayo sa kaharian ng Dios. (Mga Gawa 14:22)


KAHULUGAN NG DISIPULO

Ang “disipulo” ay nahikayat na naturuan sa pangunahing pananampalataya ng Kristiyano at may kakayahan na magtindig ng bagong nahikayat at turuan sila na maging disipulo. Ang kahulugan ng salitang “disipulo” ay mag-aaral, isang estunyante, isang tao na natututo sa pamamagitan ng pagsunod. Ito ay higit sa kaalaman sa isip. Ito ay pagkatuto na nabago ang uri ng pamumuhay ng isang tao. Ang pagtuturo para maging disipulo ay hindi lamang pagbibigay ng impormasyon, ito ay isahan na paglago.

ANG PAGPAPASIYA/ ANG PAG-IKOT NG PAGIGING DISIPULO

Ang pagpapasiya ay una lamang hakbang ng tunay na pagdidisipulo/ “discipleship”. Ang nahikayat ay dapat umunlad pagkatapos ng pagpapasiya para maging responsableng mga kaanib ng Katawan Ni Cristo na may kakayahan na magtindig ng bagong mananampalataya. Ang pagabot ng bagong nahikayat ay mahalaga, ngunit ang pagsasanay sa mga lalake at babae na sumunod Kay Jesus at maging espirituwal na pagdami ay parehong mahalaga. Ang bawa’t isa na iyong nasanay ay manghihikayat ng iba, at turuan silang maging disipulo, at sanayin sila na umabot sa iba. Ito ang plano ng pagdidisipulo base sa Biblia na ipinakita Ni Jesus. Pumili siya ng labingdalawang lalake, tinuruan para maging disipulo, at sinanay sila para umabot ng iba.

Ang sumusunod na krokis ay naglalarawan ng patuloy na pag-ikot ng panghihikayat ng kaluluwa at pagdidisipulo / ”discipleship”:



Ang resulta ng panghihikayat ng kaluluwa ay bagong mga nahikayat. Ang resulta ng “discipling”/ pagdidisipulo ay mga disipulo na may kakayahan na manghihikayat ng kaluluwa na nagbubunga ng mga bagong nahikayat, at tinuturuan silang maging disipulo. Ang pag-ikot ay nagpapatuloy para ulitin ang parehong ikot.

PAGSUBAYBAY KAAGAD

Pagkatapos ng pagkahikayat, ang bagong nahikayat ay dapat na mabigyan ng panuto sa mga bagay na sumusunod.

KASIGURAHAN:

Tulungan ang mga bagong mananampalataya na makasiguro sa kanyang kaligtasan at may tiwala sa kanyang kaugnayan Kay Jesus Cristo.

PAGPAPAHAYAG KAY CRISTO SA PUBLIKO:

Himukin ang bagong nahikayat na ibahagi ang kanyang bagong karanasan sa isa pang mananampalataya, kamag-anak, o kaibigan. Ang pagpapahayag ay mahalagang bahagi ng karanasan ng kaligtasan:

Sapagkat kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang maguli ng Dios sa mga patay ay maliligtas ka;

Sapagkat ang tao'y nanampalataya ng puso sa ikatutuwid; at ginagawa sa pamamagitan ng bibig ang pagpapahayag sa ikaliligtas. (Roma 10:9-10)

BAUTISMO SA TUBIG:

Sa aklat ng Mga Gawa, ang bagong mga mananamapalataya ay binautismuhan sa tubig pagkatapos ng pagkahikayat o sa madaling panahon pagkatapos mahikayat. Inilalarawan ito sa Mga Gawa kabanata 8, 9 at 16. Ang kahalagahan ng bautismo sa tubig ay ipinaliwanag ng detalye sa kurso ng Harvestime International Institute “*Mga Saligan Ng Pananampalataya.*”

BAUTISMO NG ESPIRITU SANTO:

Nakatala sa aklat ng Mga Gawa ang ilan sa mga halimbawa kung paano ang mga bagong nahikayat ay naakay sa karanasan ng bautismo Sa Espiritu Santo pagkatapos na mahikayat. Tingnan ang Mga Gawa 8:14-17; Mga Gawa 19:1-6. Ang bautismo Sa Espiritu Santo ay ipinaliwanag ng detalye sa kurso ng Harvestime International Institute na “*Ang Ministeryo ng Espiritu Santo.*”

PAGPAPAUNLAD NG “DEVOTIONAL LIFE”:

Ang bagong mananampalataya ay dapat na mahimok na magsimula ng pang araw-araw na ugali ng pag-aaral ng Biblia at panalangin. Ituro ang halimbawa ng “Panalangin Ni Jesus (Lucas 11:1-4) at hikayatin siya na magsimula sa aklat ng Juan.

MAGING BAHAGI NG LOKAL NA IGLESYA:

Napakahalaga na ang bagong mananampalataya ay maging bahagi ng lokal na “fellowship” ng iglesia. (Hebreo 10:25). Kung ikaw ay nagdidisipulo ng bagong nahikayat, hindi mo kinukuha ang lugar ng pastor. Inilalagay Ng Dios ang pastor sa iglesia para magbigay ng pangmatagalang espirituwal na pag-aalaga para sa mga

mananampalataya. Ang bawa't mananampalataya ay kailangang mapailalim sa pag-aalaga ng isang pastor.

Tulungan ang bagong mananampalataya na magtungo sa iglesia. Mag-alok ng sasakyan o kasamang maglakad nila tungo sa iglesia. Ipakilala sila sa mga tao na nasa iglesia at tiyakin na sila ay maging bahagi ng pag-aaral ng Biblia at grupo ng mga nananalangin.

Ang mahalagang bagay na dapat matandaan sa madaliang “follow-up” ay HUWAG HAYAAN NA UMALIS ang bagong nahikayat hanggat hindi siya naisasama sa isang lokal na iglesia. Kung walang lokal na iglesia, kailangan na magsimula ng isa. Ang Ikatlong bahagi ng kursong ito ay makatutulong sa iyo sa paggawa nito.

PAGPAPALAWAK NG “FOLLOW-UP”

Ilang mga prinsipyo ng pagdidisipulo ang ipinahayag sa pag-aaral ng kaugnayan Ni Jesus at ng Kanyang mga tagasunod. Ang mga ito ay mahalaga sa pagpapatuloy ng pagpapalawak ng Follow-up” sa bagong mga mananampalataya:

1. PAGPILI:

Ang bawa't mananampalataya ay dapat na malawak na nadisipulo ng isang tao, ngunit hindi mo kaya na magdisipulo sa bawa't isa. Ikaw ay nag-iisa at limitado sa bilang na kaya mong ma-disipulo sa isang panahon. Si Jesus ay pumili ng ilan na Kanyang sinanay nang malawak. Ang iba ay sinabihan na bumalik sa kanilang mga tahanan, nayon, at lider ng relihiyon.

Palagi mo dapat subukin na magbigay ng madaliang “follow-up”, ngunit maaaring hindi ka makapagbigay ng malawak ng “follow-up” sa bawa't isa na iyong naabot para Sa Panginoon. Ito ang dahilan kung bakit ang pagdidisipulo ay dapat gawin sa konteksto ng lokal na iglesia. Dapat siguruhin ng pastor na ang bawa't bagong nahikayat ay maayos na madisipulo ng ganap na mananampalataya.

Ipanalangin kung sino ang iyong malawak na ididisipulo. Ipanalangin kung sino ang ibibigay sa pastor o iba sa iglesia para sa dagdag na pagdidisipulo. Kung ikaw ay may kaloob ng lideratura para maging isang ebanghelista, maaaring hindi ka manatili ng mahaba sa isang lugar para maka pag “follow up” ng malawak sa mga bagong nahikayat. Dapat kang pumili ng mga pastor o lider para magawa ang ministryong ito.

2. PAKIKISAMA:

Nang tinawag Ni Jesus ang Kanyang mga disipulo, tinawag Niya sila na sumama sa Kanya. Ibinahagi Niya ang Kanyang buhay sa mga disipulo nang malapitan. Gumugol Siya ng panahon sa kanila sa parehong pormal na kalagayan ng ministryo at hindi pormal na mga pangyayari.

Ang pagdidisipulo ay hindi mangyayari sa pamamagitan ng pagtitipon ng komite o Pananambahan ng Linggo lamang. Mayroon dapat na malapit na pakikisama sa iyong mga dinidisipulo. Dapat mong ibahagi ang iyong buhay sa kanila.

3. PAGTALAGA

Dahil sa pakikisama Kay Jesus, ang pagtatalaga ay umunlad. Tinawag Ni Jesus ang Kanyang mga disipulo na magtalaga sa isang tao, hindi sa denominasyon o organisasyon. Ang pagtatalagang ito ay tumatawag ng tunay na pagsunod Sa Salita Ng Dios at mga layunin. (Tingnan ang 4:34; 5:30; 15:10; 17:4; at Lucas 22:42.) Huwag mong gagawin na ang mga disipulo ay naka depende sa iyo. Gawin silang naka depende Sa Dios sa pamamagitan ng proseso ng pagtatalaga.

4. PANGITAIN:

Hinikayat Ni Jesus ang kanyang mga disipulo sa pamamagitan ng pagbibigay ng espirituwal na pangitain. Tinawag Niya sila sa gawain na malaki kaysa pang araw-araw na gawain ng buhay. Tinawag Niya ang mga disipulo na maging mamalakaya ng mga tao. (Mateo 4:19). Binigyan Niya sila ng pangitain na pandaigdigan ng espirituwal na pag-aani (Juan 4:35). Kanyang hinamon sila ng kapahayagan ng Kaharian Ng Dios (Mateo 13).

Kung walang pangitain, ang mga tao ay mawawala (Kawikaan 29:18). Wala silang direksiyon at motibasyon. Kasama dapat sa pagdidisipulo ang pagbabahagi ng espirituwal na pangitain para hikayatin ang misyon. Ang kurso ng Harvestime International Institute na “*Mga Estratehiyang Para sa Pag-aaning Espirituwal*” at “*Pagbuo Ng Pananaw Sa Mundo Batay Sa Biblia*,” ay makatutulong sa iyo na magbuo ng espirituwal na pangitain sa bagong mga nahikayat.

5. PANUTO:

Kasama dapat sa malawak na “follow up” sa bagong mga nahikayat ang panuto ng lahat ng inutos Ni Jesus. Una, dapat silang makatanggap ng katuruan sa pangunahing mga doktrina ng Kristiyanong pananampalataya. Ang kurso ng Harvestime International Institute na “*Saligan ng mga Pananampalataya*,” ay makatutulong para sa layunin na ito. Kasama dito ang turo base sa Hebreo 6:1-3 na mga:

- Pagsisisi sa mga patay na gawa.
- Pananampalataya Sa Dios
- Ang doktrina ng bautismo.
- Ang pagpapatong ng kamay.
- Muling pagkabuhay ng mga patay.
- Walang hanggan na paghuhukom.

Pagkatapos ng pagsasanay sa mga pangunahing mga bagay na ito, ang mga mag-aaral ay dapat maturuan ng “*Pamumuhay Na Pinaghaharian Ng Dios*,” “*Ang Ministeryo Ng Espiritu Santo*,” “*Pagkilala Sa Tinig Ng Dios*,” “*Pakikibakang Espirituwal*,” “*Mga Mabisang Paraan Ng Pag-aaral Ng Biblia*,” at “*Pagsisiyasat Ng Boong Biblia*.” Ang mga ito ay kurso sa “Ikalawang Module” ng Harvestime International Institute.

Ang layunin ng pagtuturo ay para maging ganap ang mga disipulo. Ang ibig sabihin ng ganap ay espituwal na ganap na ang kahulugan ay “buo, tapos, at magulang.” Ang ganap

na Kristiyano ay nakaabot sa espirtuwal na kaganapan, ang kanyang katawan, kaluluwa at espiritu ay nasa ilalim ng pangunguna ng Espiritu Santo.. Ang salita na “ganap” ay katulad sa salitang “pinabanal” o “itinalaga,” na ginamit din sa Biblia. Ang ibig sabihin ng “pagbabanal” ay kabanalan at “pagtatalaga” na ang ibig sabihin ay inihiwalay sa katwiran.

Mayroon dalawang antas ng kaganapan:

-Paunang kaganapan, ang pagpapatawad sa mga kasalanan sa pamamagitan ng karanasan ng kaligtasan.

-Progresibong kaganapan, ang patuloy na proseso ng pagbabago para maging kawangis Ni Cristo. Ito ay inilarawan sa Roma mga kabanata 7-8; Filipos 3:12; I Juan 1:8-9.

6. PAGPAPAKITA:

Si Jesus ay hindi nagturo sa salita lamang. Kanyang ipinakita kung ano ang Kanyang itinuro. Itinuro niya ang kagalingan at ipinakita sa pamamagitan ng pagpapagaling ng may sakit. Kanyang itinuro ang kapangyarihan ng mga mananampalataya laban kay Satanas at ipinakita ito sa pamamagitan ng pagpapalayas ng mga demonyo. Kanyang itinuro ang pag –aalaala sa mga mahirap at inilarawan ito sa pagpapakain ng maraming tao.

Ang mga disipulo ay hindi lamang mag-aaral, sila ay mga saksi ng pagpapakita ng kapangyarihan Ng Dios. Makalipas ang panahon sila ay nagtuturo “ ng kanilang nakita at narinig bilang mga saksi” (I Juan 1:1). Ipinakita rin Ni Jesus ang Kanyang pagtuturo sa paraan ng Kanyang pamumuhay. Sinabi Niya:

Upang ang sinomang sumampalataya ay magkaroon sa kaniya ng buhay na walang hanggan, (Juan 3:15)

7. PAGGAWA:

Ang karunungan lamang ay hindi sapat. Dapat ginagamit ang karunungan para ito maging mabisa. Ang mga disipulo ay hindi lamang nakinig sa mga katuruan Ni Jesus at nag obserba sa pagpapakita ng kapangyarihan, sila din ay gumawa. Ang pagtuturo ng paksa ay hindi sapat para makasiguro ng pagkatuto. Ang pagtuturo lamang ay katulad ng pagsubok na matuto ng pag opera ng utak sa pagbabasa ng aklat. Ang bagong mga disipulo ay dapat magkaroon ng aktuwal na karanasan tungkol sa kanilang natututunan. Dapat silang makakuha ng karanasan kung paano magbahagi ng Ebanghelyo, paano manalangin para sa mga maysakit, paano magpalayas ng mga demonyo, at iba pa. Si Jesus ay nagbigay ng ganitong mga pagkakataon para sa Kanyang mga disipulo. Basahin ang Marcos 6:7-13 at Lucas 9:1-6. Ipinadala Ni Jesus ang Kanyang mga disipulo para maranasan nila ang itinuro sa kanila. Siguruhin na ang iyong mga disipulo ay sinusunod ang Salita at hindi lamang tagapakinig.

8. PANGANGASIWA:

Nang ang mga disipulo Ni Jesus ay bumalik mula sa paglalakbay sa ministeryo, tinaya Ni Jesus ang kanilang pagsisikap (Lucas 9:10). Sa buong proseso ng pagsasanay pinangasiwaan Ni Jesus ang Kanyang mga disipulo. Hindi sila iniwan ng mag-isa sa mga pagpupunyagi. Siya ay nandoon para ituwid, sansalain, at palakasin ang loob nila. Habang ang mga disipulo ay nakakaharap ng mga kabiguan, at mga balakid, dapat mo silang turuan kung paano harapin ang mga pagsubok na ito.

9. PAGSUGO:

Ang huling yugto ng proseso ng pagdidisipulo ay nang isinugo Ni Jesus ang Kanyang mga tagasunod na sila mismo ay magdisipulo. Binigyan Niya sila ng gawain ng espirituwal na pagpaparami sa lahat ng bansa sa buong mundo. Ang kurso sa Ikatlong “Module” ng pagsasanay ng Harvestime International Institute ay makatutulong sa iyo na turuan ang mga disipulo kung paano sila espirituwal na magpaparami. Ang ika-apat at ika-limang “module” ay magpapakita sa kanila kung paano magorganisa at magpakilos ng mga kayamanang espirituwal na kanilang napaunlad. Gamitin ang kursong ito para sanayin sila sa panghihikayat ng kaluluwa.

ANG TUNAY NA PAGSUBOK NG TUNAY NA DISIPULO

Ang tunay na pagsubok ng pagdidisipulo ay nangyayari kung hindi ka na kasama ng mga dinisipulo mo. Sila ba ay nagpapatuloy na maging tapat sa iyong mga itinuro sa kanila? Sila ba ay nanghihikayat ng kaluluwa at namumunga na bagong mga nahikayat at dinisipulo? Kung oo, ang iyong “follow up” ay tagumpay:

Hindi higit ang alagad sa kaniyang guro: datapuwat ang bawat isa. Pagka naging sakdal, ay nagiging katulad ng kaniyang guro. (Lucas 6:40)

PANSARILING PAG-SUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ibigay ang kahulugan ng salitang “nahikayat”.

3. Ibigay ang kahulugan ng salitang “disipulo”.

4. Isulat ang anim na panuto na dapat magawa sa kaagad na “follow up” ng bagong nahikayat.

5. Kilalanin ang siyam na mga prinsipyo ng disipulo na ginamit Ni Jesus.

6. Ano ang tunay na pagsubok ng isang disipulo?

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Inilarawan ng I Tesalonica 1:2-9 ang kahalagahan ng mga aspeto ng magaling na “follow-up. Kinilala sa I Tesalonica 1:9 na ang layunin ay nais na maabot ang mga tao pagkatapos tanggapin Si Jesus.

2. Pagisipan na magsimula ng programa ng “espirituwal na pag-aampon” sa inyong iglesya kung saan ang bagong mga mananampalataya ay itakda sa mga kaanib para sa malawak na “follow-up” na pag-aalaga.

3. Pansinin ang mga paraan na ginawa ni apostol Pablo sa pag “follow up” ng mga disipulo.

-Sa pamamagitan ng mga sulat:	I Tesalonica 1:1
-Sa pamamagitan ng panalangin:	I Tesalonica 1:2; 3:10
-Sa pamamagitan ng pagpapadala ng kinatawan	I Tesalonica 3:1-5
-Sa pamamagitan ng personal na pakikipag-usap	I Tesalonica 2:18

4. Maraming katangian ng tunay na disipulo Ni Jesus kung iyong isasaalang-alang ang kapahayagan ng Salita Ng Dios, ngunit binigyan diin Ni Jesus ang siyam na tiyak na mga katangian. Ang isang disipulo ay :

(1) Tinatalikuran ang Lahat:	Lucas 14:33
(2) Tumanggi sa Kanyang Sarili:	Mateo 16:24; Lucas 14:27
(3) Sumusunod Kay Jesus:	Mateo 16:24
(4) Ginawagang Prayoridad ang Kaharian Ng Dios:	Mateo 6:31,33
(5) Ipinakikita ang Pag-ibig Ng Dios:	Juan 13:34- 35
(6) Magsisipanatili Sa Salita:	Juan 8:31
(7) Masunurin:	Juan 8:31
(8) Alipin:	Mateo 10:25; 20:26-28
(9) Niluluwalhati Ang Dios sa Pamamagitan ng Katapatan:	Juan 15:8

5. Basahin ang Lucas 9:57-62 sa iyong Biblia. Sa mga talatang ito tatlong lalake ang lumapit Kay Jesus na nais maging disipulo. Sa bawat isa, ipinahayag Ni Jesus ang magkakaibang aspeto na kasama sa pagkatawag sa isang disipulo.

Alalahanin ang Halaga: Lucas 9:57-58

Ang unang lalake ay susunod Kay Jesus ng hindi naghihintay na tawagin. Sinubukan niya na maging disipulo sa pamamagitan ng sariling pagsisikap. Sinabi Ni Jesus, “Kung susunod ka sa Akin, ito ang dapat mong harapin.” Ipinaliwanag Niya na ang tunay na pagdidisipulo ay mahal. Hindi ito magagawa ng sariling pagsisikap.

Tamang Prayoridad: Lucas 9:59-60

Ang ikalawang lalake ay tinawag Ni Jesus na sumunod. Ang ibig sabihin ng “sumunod” ay pumarito sa nasa una, gumaya sa halimbawa. Kasama ang parehong paniniwala at pagsunod. Ang disipulo ay dapat na iwanan ang lumang buhay dahil sa tawag lamang. Anong pagpapasiya at paghihiwalay at mga sakripisyo ang kinakailangan ay hindi maaaring malaman. Ang tagasunod ay nagiiwan ng buhay ng seguridad para sa isang walang kasiguruhan sa mga mata ng mundo. Ang pagtatalaga ay hindi isang programa, ngunit sa isang tao. Ang taong iyon Ang Panginoon Jesus Cristo.

Sa talata ni Lucas, ang tugon ng taong ito ay sa tawag para sumunod ay “tulutan mo muna akong makauwi...” Nais niyang sumunod Kay Jesus, ngunit hindi ito ang kanyang prayoridad. Hindi kailanman iminungkahi Ni Jesus na balewalain ng mga tagasunod Niya ang mga pangangailangan ng kanilang mga magulang (Juan 19:25-27). Ito ay tungkol sa mga prayoridad na binigyan diin sa kuwento. Ang taong ito ay nais na ilibing muna ang kanyang ama. Sa maselan na sandali nang tinawag Ni Jesus ang lalake para sumunod sa Kanya, walang anuman ang dapat na maging una sa tugon sa tawag na iyon.

Ang pagsunod Kay Jesus ay hindi ibig sabihin na ang bawa’t disipulo ay umalis sa kanyang trabaho at tahanan. Ang ibig sabihin nito sa lahat ay kinakailangan na magbago ng uri ng pamumuhay. Sa ilan na mga pagkakataon maaari rin na ang ibig sabihin nito ay pagalis sa tahanan, trabaho, at mga mahal sa buhay para sa kapakanan ng Ebanghelyo. Dapat kang sumunod saan ka man pangunahan Ni Jesus. Ang pagdidisipulo ay dapat na prayoridad.

Tiyak na Layunin: Lucas 9:61-62

Ang ikatlong tao sa Lucas 9:57-62 ay nais na sumunod, ngunit nais niyang gawin ayon sa kanyang pamamaraan. Ang pagpapaalam sa kanyang pamilya ay normal na ginagawa, ngunit tinawag siya Ni Jesus na sumunod sa Kanya. Ano ang kanyang tunay na layunin sa kanyang buhay? Ang pagdidisipulo o paggawa ng kanyang sariling gawain? Ang layunin ng taong ito sa kanyang buhay ay hindi tiyak. Siya ay nagaatubili, sa pagitan ng lumang pamumuhay at bago kung saan siya tinatawag Ni Jesus.

6. Narito ang plano para sa unang tatlong “follow-up na mga klase sa bagong mananampalataya:

Unang sesyon: (Sa loob ng 24 oras pagkatapos na mahikayat)

- Kausapin ang bagong nahikayat at ayusin ang lugar at oras para sa pagtitipon.

- Sa unang pagtitipon, sikapin na magkaroon ng bukas na kaugnayan at pagkakaibigan. Hayaan na malaman ng nahikayat paano ka makakausap kung mayroon siyang mga tanong o problema sa pirmihan na itinakdang pagtitipon.

-Ipaliwanag ang iyong tungkulin sa “follow-up” at kung ano ang ibig sabihin ng pagdidisipulo.

-Magsimula na akayin siya sa mga bagay na kailangan ang “follow-up na tinalakay sa aralin na ito na kasama ang mga :

- Kasiguruhan Ng Kaligtasan.
- Pagpapahayag Kay Cristo sa publiko.
- Bautismo Sa Tubig

- Bautismo Ng Espiritu Santo
- Pagbuo ng “devotional life”.
(Siguruhin na may Biblia siya).
- Maging Bahagi ng Isang Lokal na Iglesya.

-Mag-iwan ng sipi ng kurso ng Harvestime International Institute ng “*Saligan ng Pananampalataya*,” at himukin ang nahikayat na basahin ang unang aralin.

-Magkasamang manalangin.

-Ayusin ang oras at lugar ng susunod na klase.

Ikalawang sesyon: (Sa loob ng isang lingo pagkatapos na mahikayat)

- Magkasamang pagbalik-aralan ang unang aralin ng “*Mga Saligan ng Pananampalataya*”.
- Itanong kung mayroon siyang mga tanong at subukin na sagutin ang mga ito.
- Ipabasa ang ikalawang aralin sa “*Mga Saligan ng Pananampalataya*.”
- Patuloy na patnubayan siya sa anim na mahalagang mga hakbang sa inilarawan sa ilalim ng kaagad na pagsubaybay.
- Tanungin kung mayroon siyang paghihirap o mga pagaalinlangan.
- Magkasamang manalangin, banggitin ang mga tiyak na mga bagay na inyong tinalakay.

(Ang natitirang mga sesyon ng klase ay dapat gawin kada linggo.)

Ikatlong sesyon:

- Magkasamang pagbalik-aralan ang ikalawang aralin ng “*Mga Saligan ng Pananampalataya*”.
- Itanong kung mayroon siyang mga tanong at subukin na sagutin ang mga ito.
- Ipabasa ang ikatlong aralin sa “*Mga Saligan ng Pananampalataya*.”
- Patuloy na patnubayan siya sa anim na mahalagang mga hakbang sa inilarawan sa ilalim ng kaagad na pagsubaybay.
- Tanungin kung mayroon siyang paghihirap o mga pagaalinlangan.
- Magkasamang manalangin, banggitn ang mga tiyak na mga bagay na inyong tinalakay.

(Ang natitirang mga sesyon ng klase ay maaaring sundan ang halimbawa na ginawa sa ikatlong pagka klase. Pagkatapos ng dalawang buwan, pagbalik-aralan ang kanyang pag-unlad sa anim na mga bagay na nakatala sa kaagad na pagsubaybay”).

IKA-LABINGAPAT NA KABANATA

PAGPAPLANO PARA SA PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ilarawan ang pakinabang ng pagpaplano.
- Ipaliwanag kung bakit ang pagpaplano ay base sa Biblia.
- Gamitin ang halimbawa para sa pagpaplano sa aralin na ito para sa pagpaplano ng panghihikayat ng kaluluwa

SUSING TALATA:

Sumasa akin ang Espiritu ng Panginoon, sapagkat ako’y pinahiran niya upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga dukha: Ako’y sinugo niya upang itanyag sa mga bihag ang pagkaligtas, at sa mga bulag ang pagkakita, upang bigyan ng kalayaan ang nangaapi. (Lucas 4:18)

PAMBUNGAD

Sa aklat ng Mga Gawa may dalawang pangunahing estratehiya ng pandaigdigang panghihikayat ng kaluluwa na ginawa ng unang Iglesya na nananatiling angkop pa rin sa panahon ngayon. Ang una ay kusang panghihikayat ng kaluluwa, kung saan ang mga mananampalataya ay madaling tumugon sa pagkakataon at kusang nagbabahagi ng Ebanghelyo. Ang ikalawa ay planadong estratehiya para sa panghihikayat ng kaluluwa. Ang paglalakbay ni Pablo sa misyon ng pagtatayo ng iglesya ay mga ebidensiya ng planadong estratehiya.

Ang lahat ng mga mananampalataya ay dapat na alisto sa mga pagkakataon para sa kusang loob na panghihikayat ng kaluluwa, ngunit ang pagpaplano para sa panghihikayat ng kaluluwa ay nakaplanong hakbang na dapat mong gawin. Sa aralin na ito iyong matututunan kung paano magplano para sa panghihikayat ng kaluluwa.

PAGPAPLANO PARA SA ESPIRITUWAL NA ANIHIN

Ang pagpaplano ay katulad ng pagsasaka. Walang pagsasaka sa pangkalahatan. Ang isang magsasaka ay maaaring magtanim ng trigo sa Gitnang silangan ng Estados Unidos, ang dalandaan sa Israel, at bigas sa Philippines.

Sa bawat mga lugar na ito ay mayroon pagkakapareho: Ang mga halaman ay binubungkal at mayroong karaniwan na mga bagay katulad ng lupa, bitamina, binhi,

tubig, ilaw, mga sakit, peste, at mga kagamitan. Ngunit ang pagsasaka ay magkakaiba depende sa pananim na itanim, ang lugar, at ang magagamit na teknolohiya. Gayun din sa espirituwal na pag-aani. Hindi ka makagagawa ng panghihikayat ng kaluluwa sa pangkalahatan katulad kung paano ang magsasaka ay makapagtatanim sa pangkalahatan. Para ikaw ay maging matagumpay, dapat mong palakasin kung anong halaman, mga prayoridad, estratehiya, at mga gawain na itinakda. Dapat mong malaman ang iyong layunin at plano para matupad ang layunin na iyon.

PAKINABANG NG PAGPAPLANO

Ang pagpaplano ay makatutulong sa iyo na maging matalinong tagapamahala ng Ebanghelyo at mga pinagkukunan ng ministeryo katulad ng mga gusali, pag-aari, kagamitan, pananalapi, at espirituwal na mga kaloob ng mga mananampalataya sa iyong pangangalaga. Ang pagpaplano ay nagbibigay ng direksiyon, tumutulong sa iyo na gumawa ng magandang mga pagpapasiya, nagtatatag ng mga prayoridad para sa ministeryo, at ginagawa kang may pananagutan sa pamamagitan ng pagtataya. Ito ay nagbibigay sa iyo na kumilos ng may pagpapasiya sa halip na magbunsod sa panahon ng kagipitan.

ANG PAGPAPLANO AY BASE SA BIBLIA

Ang Biblia ay puno ng mga kuwento ng mga lalake at babae na gumawa ng mga plano sa ilalim ng pangunguna Ng Dios. Si Noe ay nagplano na magtayo ng arko. Si Abraham ay nagtatag ng mga layunin para sa kanyang alipin na si Eleazar (Genesis 24). Si Jose ay nagplano para sa mga taon na magkakaroon ng taggutom (Genesis 4). Si Moises ay binigyan ng plano para mapalaya ang mga Israelita mula sa pagkaalipin at plano para sa pagtatayo ng tabernakulo. Si Josue ay gumawa ng detalyeng plano para sa pagpasok sa lupang pangako.

Si David ay naghanda para sa pagtatayo ng templo. Si Haring Ezechias para mapagisa ang Israel, at si Nehemias nagplano para muling itayo ang pader. Ipinahayag ng mga propeta sa Lumang Tipan ang plano Ng Dios para sa mga bansa, at ipinahayag ng aklat ng Apocalipsis ang plano Ng Dios sa hinaharap.

Ang iba na mga tao ay naniniwala na ang pagpaplano ay nakaaantala sa kalayaan Ng Espiritu Santo, subalit hindi tutoo ito. Pagkatapos ng dakilang pagbuhos ng kapangyarihan Ng Espiritu Santo sa Mga Gawa 2, matapos ang maikling panahon at pag paplano at pag –oorganisa ay nagsimula sa ilalim ng pangunguna Ng Espiritu Santo (Mga Gawa 6). Ang mga himala na nangyari sa unang Iglesya ay tunay na ipinakita na ang pag paplano ay hindi nakasagabal sa gawain Ng Espiritu Santo!

Ang pagpaplano ay maaaring isang paraan ng pagsamba, oras ng pag-iisip sa layunin at mga plano ng Dios at pagbubukas ng iyong espiritu sa Kanyang patnubay. Kung ikaw ay nananalangin, nag-aaral ng Salita Ng Dios at nagpaplano sa ilalim ng inspirasyon Ng Espirtu Santo, ang pagpaplano ay espirtuwal na gawain.

Ang pagpaplano ay hindi nakasagabal, ngunit nakikiisa Sa Dios. Ang isang halimbawa nito ay ang plano ni Josue sa Ai (Josue 8). May plano siya (talata 4) ngunit hindi ito

nakasagabal sa mahimalang gawain ng plano Ng Dios (talata 18). Ang parehong natural na pagpaplano at makalangit na pangyayari ay magkasamang gagawa na may pagkakaisa para magawa ang layunin.

Si Jesus ay may plano para sa ministeryo. Planado Niya na ipangaral ang Ebanghelyo, pagalingin ang may sakit, palayasin ang mga demonyo at gumawa ng mga himala para patunayan ang Salita Ng Dios. Kanyang tinutupad ang layunin Ng Dios sa pamamagitan ng pagkamatay para sa kasalanan ng lahat ng tao, sinira ang mga gawain ng kalaban, at muling pagbangon mula sa patay sa kapangyarihan at kaluwalhatian. Sinabi Ni Jesus:

Sumasa akin ang Espiritu ng Panginoon, sapagkat ako’y pinahiran niya upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga dukha: Ako’y sinugo niya upang itanyag sa mga bihag ang pagkaligtas, at sa mga bulag ang pagkakita, upang bigyan ng kalayaan ang nangaapi. (Lucas 4:18)

Si Pablo ay gumawa ng plano, kung hindi, hindi mababago ng Espiritu Santo ang mga ito kung paano nakasulat sa Mga Gawa 16:6-10. Ibinigay Ni Jesus ang pangkalahatang plano para sa panghihikayat ng kaluluwa sa Mga Gawa 1:8. Kung tayo ay nagpaplano sa panghihikayat ng kaluluwa pinupunan lamang natin ng mga detalye.

ANO ANG ISANG PLANO?


Anumang pangungusap tungkol sa kung ano ang mangyaayri sa kinabukasan ay pangungusap ng pananampalataya. Ang kawalan ng masasabi tungkol sa kinabukasan ay nagpapakita na kawalan ng pananampalataya.

Ang isang plano ay paraan ng paglalarawan kung paano mo aabutin ang iyong layunin para sa panghihikayat ng kaluluwa. Ang pag paplano ay nagpupuwera sa iyo na hanapin ang isipan Ng Dios at ang kalooban Ng Espiritu Santo. Ano ang nais Ng Dios? Paano ka aayon sa Kanyang kalooban para sa iyong buhay at ministeryo? Ang pagpaplano ay tumutulong din sa iyo para magpasiya kung ano ang hindi mo gagawin, dahil ito ay nagaalis sa tiyak na mga bagay.

Ang kurso ng Harvestime International Institute na *“Pangangasiwa Batay Sa Layunin,”* ay makatutulong sa iyo sa pagpaplano. Palaging tandaan, gaano man—gugulin mo ang buong buhay mo ng paggawa ng pagsasaliksik at pagpaplano at hindi naman ginagawa ang mga bagay na tunay na dahilan kung bakit nagsaliksik. Ito ay pagsasaliksik at pagpa plano para sa panghihikayat ng kaluluwa ,hindi para sa kapakanan ng pagsasaliksik.

ISANG HALIMBAWA NG PAGPAPLANO

Narito ang halimbawa na makatutulong sa iyo para patuloy na magplano sa panghihikayat ng kaluluwa:



Ang halimbawa ay nagsisimula sa pagpapalagay na hindi natin alam ang estratehiya Ng Dios para sa tukoy na mga tao. Nakatutulong ito sa atin na isa-isangtabi ang atin mga inaakalang mga plano at ideya at maging bukas sa pangunguna ng Espiritu Santo. Ngayon pag-aralan ang detalye tungkol sa halimbawang ito.

IBIGAY ANG KAHULUGAN NG MISYON:

Ang dakilang espirituwal na anihin na dapat anihin ay binubuo ng maraming mga bukirin ng maraming mga bansa. Dapat mong matiyak kung ano ang iyong misyon. Sino ang iyong sinusubukan na hikayatin ? Saan sila nakatira? Anong uri sila? Dapat mong malaman ang bukirin na aanihin tungkol sa kanilang heograpiya, kultura, at lengguwahe. Ang kurso ng Harvestime International Institute na “*Mga Prinsipyo Ng Pagsusuri Sa Kapaligiran,*” ay makatutulong sa iyo tungkol dito.

ALAMIN ANG PINAKAMABUTING PARAAN NG PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA:

Maraming mga paraan para sa panghihikayat ng kaluluwa na inilarawan sa kursong ito. Base sa iyong natutunan sa iyong pagkaalam ng iyong misyon, ipanalangin ang pinakamabuting mga paraan para sa panghihikayat ng kaluluwa. Napaka halaga na gawin ito para hindi ka mag aksaya ng iyong pagsisikap. Halimbawa, panghihikayat ng kaluluwa sa telebisyon. Ang paghihikayat ng kaluluwa sa pamamagitan ng babasahin ay hindi magiging mabisang paraan para sa lugar na mataas ang porsiyento ng mga tao na hindi marunong magbasa at magsulat. Tandaan na ang bahagi ng estratehiya ng mga paraan ay malaman kung ano ang hindi mo gagawin gayun din naman kung ano ang iyong gagawin.

ALAMIN ANG GAGAMITIN PARA SA PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA:

Ano ang nasa saiyo na magagamit para sa panghihikayat ng kaluluwa? Sino ang iyong gagamitin para sa panghihikayat ng kaluluwa sa isang tiyak na mga tao grupo o lugar?

Magkano ang pananalapi na maaari mong magamit? Ano ang mga materyales (katulad ng mga kagamitan, naka imprenta na mga materyales, iba pa) na iyong kailangan?

GUMAWA NG PLANO PARA SA PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA:

Ang plano mo ay dapat nakatuon sa layunin ng panghihikayat ng kaluluwa sa halip na sibilisahin ang mga tao. Ito ay dapat nakatuon sa pagpapalawak ng Ebanghelyo ng Kaharian Ng Dios, hindi ang mga alituntunin ng isang denominasyon o organisasyon. Ang isang plano ay dapat nagtataglay ng mga layunin na nakasalaysay ang mga layunin na inaasahan mong magawa. Ang pangungusap ay dapat :

-Nakasulat.

-May kaugnayan sa panghihikayat ng kaluluwa.

-Maliwanag na naka salaysay.

-Balanse sa pagitan ng pananampalataya at katotohanan: Kung ang mga ito ay hindi makatotohanan, hindi ito magagawa.

-Maging tiyak: Ang mga plano na malabo ay mahirap na ipatupad. Dapat kasama sa iyong plano ang mga pangungusap na kung sino ang gagawa , kailan at paano ito gagawin.

- Masusukat: Dapat kaya mong maitaya kung iyong natupad ang plano.

-Na organisado ayon sa pagkaaksunod-sunod: Ang ilan sa mga bahagi ng plano ay dapat magawa bago matupad ang ibang bahagi. Ang ibang layunin ay higit na mahalaga kaysa sa iba.

IPATUPAD ANG PLANO PARA SA PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA:

Kung pagpaplano lamang hindi nito matutupad ang gawain ng panghihikayat ng kaluluwa. Dapat mong ipatupad ang plano. Ang ibig sabihin ng para maipatupad ang plano dapat mo itong gawin. Kasama sa pagpapatupad ng plano ang :

- Pagpili ng mga tao para magawa ang plano.

- Pagbabahagi ng plano sa kanila.

-Pagbibigay ng responsabilidad para sa iba't ibang bahagi ng plano.

-Pagsasanay sa mga tao para magawa ang trabaho.

-Pag-oorganisa sa mga tao, kagamitan, mga pangyayari, at iba pa.

-Skedyul ng mga pangyayari.

-Pag babadyet.

-Pagpapasiya.

-Pagbabalik aral sa pagsulong.

- Pagtataya sa mga resulta.

PAGTATAYA SA PLANO NG PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA:

Kung ikaw ay nagtataya ng isang bagay iyong sinisiyasat ng maingat at isinasaalang-alang ang halaga nito. Ang pagtataya ay proseso ng pagsisiyasat ng mga plano para malaman ang kanilang halaga sa pagabot ng layunin ng panghihikayat ng kaluluwa. Sinasabi ng layunin ang plano na dapat mong gawin. Ang pagtataya ay magpapakita sa iyo kung ang mga layunin ay iyong nagawa. Kahit Ang Dios ay nagtaya ng Kanyang nilikha sa Genesis 1. Kanyang siniyasat ang lahat ng Kanyang nilikha at sinabi na, “ito ay mabuti.” Ang pagtataya ay maghahayag na kailangan mong baguhin ang mga layunin, gumawa ng mga pagbabago sa mga tao na gumagawa sa mga layunin, baguhin ang pagkabuo ng petsa, baguhin ang mga paraan, o ayusin ang badyet. Kung natapos mo na ang plano, itaya ito para sagutin ang mga tanong na ito:

-Naabot mo ba ang layunin?

-Saan ka bumagsak? Bakit at paano?

-Ano ang iba na dapat mong ginawa? Ibang mga paraan? Ibang mga tao? Ibang plano?

-Maayos ba na nagamit ang mga pinagkukunan, mga tao, materyal, at pananalapi?

-Magagamit mo ba ulit ang planong ito?

-Ano ang natutunan mo mula dito na makatutulong sa iyong paggawa ng bagong mga plano?

... kung gayon, gamitin ang iyong natutunan para magsimula muli ng pag-ikot ng panghihikayat ng kaluluwa.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ilarawan ang pakinabang ng pagpaplano.

3. Ipaliwanag kung bakit ang pagpaplano ay base sa Biblia.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Para sa dagdag na pag-aaral tungkol sa pagpapalano, pag-aralan ang kurso ng Harvestime International Institute, “*Pangangasiwa Batay sa Layunin.*”

2. Gamitin ang halimbawa na ibinigay sa kabanatang ito para gumawa ng plano para sa panghihikayat ng kaluluwa para sa komunidad.

3. Kasama sa mabisang pagpapalano para sa panghihikayat ng kaluluwa ang maraming uri ng pagtitipon para magplano, mag organisa, lutasin ang mga problema, at magtaya. Walang pagkakataon na talakayin ang bawat uri ng pagtitipon na kailangan mong gawin, ngunit narito ang ilan sa mga pangkalahatang patnubay para sa kahit anong uri ng pagpapalano o pagtitipon:

(1) Magkaroon ng tiyak na layunin para sa pagpupulong: Bakit kailangan ang pagpupulong? Ano ang iyong layunin? Ano ang dapat mong magawa?

(2) Gumawa ng “agenda” para sa pagpupulong: Isulat ang mga bagay na iyong tatalakayin simula sa pinakamahalaga. Palaging isama ang oras sa pananalangin para hanapin ang patnubay Ng Dios.

(3) Gumawa ng talaan ng mga bagay na kailangan para sa pagpupulong: Maaaring kasama dito ang lapis, papel, mga ulat, “display”, halimbawa at iba pa. Ayusin ang lahat ng mga bagay bago ang pagpupulong.

(4) Magtakda ng petsa, oras, at lugar para sa pagpupulong.

(5) Sabihan ang mga tao na nais mong dumalo ng pagpupulong: Ibigay sa kanila ang petsa, oras, lugar, at layunin ng pagpupulong. Hayaan na malaman ng mga tao kung ano ang dapat nilang dalhin, halimbawa, isang pagtatanghal, ulat, buod ng pagsulong, at iba pa.

(6) Simulan at tapusin ang pagpupulong sa takdang oras.

(7) Hilingin na ang tagapangulo ang manguna sa pagpupulong.

(8) Magkaroon ng paraan para sa pagsasalita: Ang mga tao ba ay magtataas ng kanilang kamay at dapat tawagin ng tagapanguna? May malayang talakayan ba?

(9) Magkaroon ng paraan sa paggawa ng pagpapasiya: Mananalangin ba hanggang makuha ang pinagkasunduan ng lahat? Ang pastor o ibang espirituwal na lider ang gagawa ng pagpapasiya pagkatapos marinig ang lahat ng kinaukulan?

(10) Manatili sa “agenda” Huwag magulo ng ibang talakayan.

(11) Isulat ang pagpapasiya na ginawa sa pagpupulong, lalo na ang mga bagay na kung sino ang gagawa ng ano at kailan. Pagkatapos ng pagpupulong, isulat na muli ang mga isinulat sa isang organisadong paraan at bigyan ng sipi ang bawa't tao na dumalo ng pagpupulong. Ito ay makatutulong sa kanila na matandaan ang mga dapat nilang magawa.

IKA-LABINGLIMANG KABANATA

PAKIKIPAGTULUNGAN (“NETWORKING”) PARA SA PANGHIHIKAYAT NG KALULUWA

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng “networking”.
- Ipaliwanag kung bakit ang iglesya ay isang “network”.
- Talakayin ang mga lakas ng “networking”.
- Ipaliwanag ang kahalagahan ng espirituwal na mga kaloob at “networking.”
- Ipaliwanag ang pagkakaisa na resulta mula sa “networking”.
- Ipaliwanag ang praktikal na paglalapat ng “networking.”

SUSING TALATA:

Ay lubusin ninyo ang aking katuwaan, upang kayo’y mangagkaisa ng pagiisip, mangagtaglay ng isa ring pagibig, na mangagkaisa ng akala, at isa lamang pag-iisip;

Na huwag ninyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampikampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo, kundi sa kababaan ng pagiisip, na ipalagay ng bawat isa ang iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili;

Huwag tignan ng bawat isa sa inyo ang sa kaniyang sarili, kundi ang bawat isa naman ay sa iba’t iba. (Filipos 2:2-4)

PAMBUNGAD

Sa kursong ito marami ka nang natutunan tungkol sa panghihikayat ng kaluluwa, at siguro ang kalakihan ng gawain ay parang tumabon sa iyo. Tunay na ito ay “dakilang” utos!

Subalit hindi ka nag-iisa sa pagharap ng hamon na ito. Ikaw ay bahagi ng dakilang karamihan ng mga manggagawa sa bukid na anihin Ng Panginoon. Sa aralin na ito iyong matututunan ang kahalagahan ng “networking” sa iba para sa panghihikayat ng kaluluwa.

“NETWORKING”

Ang “networking” ay pag-uugnay –ugnay ng maraming bahagi para makabuo ng isang bagay. Sa payak na kahulugan, ang “network” ay binubuo ng mga tao na nag-uusap sa isa’t isa , nagbabahaginan ng ideya, impormasyon, at mga pinagkukunan para matupad ang isang layunin. Ang isang “network” ay maaaring ihambing sa isang lambat ng isda na may milyon na mga iba’t ibang laki ng selula, ang bawa’t isa ay nakaugnay ng direkto o hindi direkto sa iba. Ang katawan ng tao ay isang “network” ng mga ugat, kalamnan, at dugo. Ang Ama. Anak, at Espiritu Santo ay banal na “network” ng magkakaugnay na tatlo.

Kung tayo ay nag ne “network” sa panghihikayat ng kaluluwa, tayo ay nakikipag-usap sa ibang mga mananampalataya, mga iglesya, at Kristiyanong organisasyon para ibahagi ang mga ideya, impormasyon, at pinagkukunan para matupad ang isang layunin na maabot ang mundo ng Ebanghelyo. Walang denominasyon, samahan ng iglesya, o ahensiya ng misyon ang dapat mag-isip na sila lamang ang pinili na instrumento Ng Panginoon para mahikayat ang buong mundo, Ang “network” sa pahalang na mga kaugnayan sa iba ang plano Ng Dios na inilarawan sa estruktura ng Iglesya.

ANG IGLESYA AY ISANG NETWORK

Ang Iglesya ay isang halimbawa ng “networking”. Basahin ang I Corinto 12:4-31. Sa mga talatang ito ang Iglesya ay inilarawan bilang isang may pagkakaisa na katawan na maraming bahagi na may kaloob na mga mananampalataya na kumikilos ng magkakasama sa ministeryo at misyon. Kung paano ang natural na katawan, ang bawa’t kaanib ng espirituwal na Katawan na ito ay mayroon layunin. Ito ay pagtutulungan, magkakatugma na kumikilos na kasama ang ibang bahagi ng Katawan. Ang kapangyarihan na pagpipigil ng “network” ng Iglesya ay ang kapangyarihan ng Salita Ng Dios at ang pangunguna ng Panginoong Jesu Cristo.

ANG LAKAS NG “NETWORKING”


Gumamit ang mga tao ng iba’t ibang halimbawa para ilarawan ang mga kaugnayan sa iba. Ang ibang mga tao ay ginamit ang halimbawa ng kadena na magkakaugnay:

O-O


Ang Ugnayan Ng Kadena

Kung ikaw ay gumagawa na kasama bilang kaugnayan sa kadena, ang pinakamahinang ugnay ay nakaaapekto sa kadena. Ang mahinang nakaugnay sa kadena ay maaaring dahilan ng pagkasira, at ang komunikasyon sa pagitan ng iba ay sira.

Ang ibang mga tao ay nag organisa para sa gawain ng “pyramid” na estruktura, na may mga lider sa itaas, mga manggagawa sa ibaba:




Itong uri ng organisasyon ay magkatulad ang problema katulad ng estaktura ng kadena. Kung ang lideratura ay nabigo sa itaas o gitnang antas, o kung ang mga tao ay bumagsak sa ibaba, ang pagkilos ay mahahadlangan:



Maraming taon , ganito tayong mag organisa ng mga tao para gawin ang ministeryo. Subalit ang mga resulta ng estrakturang ito ay kompetensiya sa halip na pakikipag-isa. Ang mga tao ay tumatapak sa iba para mapunta sa itaas. Ang mga mananampalataya ay dapat gumawa ng ministeryo sa halimbawa ng “networking”. Ang “networking” ay walang problema na katulad ng kaugnayan ng kadena o organisasyon ng “pyramid”.

Narito ang krokis ng straktura ng “networking”:



Kahit ang bahagi ng “network” ay nabigo, ang nakapalibot na “network” ay nagpapatuloy ng paggawa. Ang “network” ay kumikilos katulad ng natural na katawan kung saan ang Iglesya ay inihambing. Kung ang iyong hinlalaki ay nasira, ang iba mong daliri o kabilang kamay ay tumutulong para magawa ang kinakailangang gawin.

Katulad din ng katawan Ni Cristo. Kung ikaw ay naki pag “network” sa iba para sa panghihikayat ng kaluluwa, sila ay nagbibigay ng lakas kung ikaw ay may kahinaan. Ikaw naman ay nagbibigay ng lakas kung mayroon silang mga kahinaan. Ang mga tao ay hindi nakikipag kompetensiya sa iba, dahil sa “networking “ walang nasa “itaas” na tutunguhan.

Sa “networking”, pinagsasama-sama ang mga pinagkukunan para sa layunin ng panghihikayat ng kaluluwa. Walang sinoman sa atin ng mayroon ng lahat ng espirituwal na mga kaloob. Kung nag-iisa, limitado ang lawak ng ating kakayahan. Limitado rin ang ating oras, kagamitan, mga materyales, at pananalapi. Subalit kung magkakasama, mayroon tayong makapangyarihan na kayamanan para anihin ang espirituwal na anihin.

Ang isa pang lakas ng “network” ay palagi itong lumalawak habang ang mga mananampalataya ay umaabot para magkaroon ng mga kaugnayan sa mga nasa labas ng Katawan Ni Cristo at dalhin sila sa “network”. Kaya, ang “network” ay lumalago ng lumalago.

ESPIRITUWAL NA MGA KALOOB AT “NETWORKING”

Ipinahayag sa Efeso 4:11-16 na Ang Dios ay naglaan ng natatanging lideratura sa Iglesia para masangkapan o maihanda ang ibang mga kaanib para sa gawain ng ministeryo. Ang natatanging mga kaloob sa lideratura ay mga apostol, propeta, ebangelista, pastor, at guro.

Ang gawain ng mga lider na ito ay para ihanda ang mga tao para sa gawain ng ministeryo sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila na malaman at magamit ang kanilang sariling mga espirituwal na mga kaloob. Sa “New International” na salin ng Biblia, ang salitang “maihanda” ay galing sa Griego na salita na ang ibig sabihin ay iayos ang sirang buto o ilagay ang dugtungan sa dating lugar. Ito ay nagpapahiwatig na ang hiwalay na mga bahagi ay pagsamahin para ang katawan ay makagawa ng normal. Ang “networking” ay hindi nagaalis ng ibinigay Ng Dios na lideratura. Ngunit sa halip na hatiin ang Katawan Ni Cristo, responsabilidad ng lideratura na Kristiyano na pagsamasamahin ang iba’t ibang mga grupo ng mga tao para magawa ang isang layunin na gawain ng ministeryo.

ANG “NETWORKING AY PAGKAKAISA”

Sa orihinal na lengguwahe sa Biblia, ang pagkakaisa ay tumutukoy sa “pagkakaisa at ganap na pagkakasundo”sa Griego at Hebreo “magkasamang pinagdugtong”. Ang pagkakaisa ay makapangyarihan na puwersa. Winasak Ng Dios ang gawa sa Babel dahil alam Niya na ang mga tao ay nagkakaisa sa layunin at walang imposible para sa kanila (Genesis 1).

Ang pinakamaliwanag na paglalarawan ng pagkakaisa ay ang Kadiosan/ “Godhead”. Si Jesus ay nanalangin na ang mga mananampalataya ay maging isa, kung paano ang Ama ay nasa Kanya at Siya ay nasa Ama:

Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako'y sa iyo, na sila nama'y sumaatin: upang ang sanglibutan ay sumampalataya na Ako'y sinugo mo. (Juan 17:21)

Ang resulta ng pagkakaisa ay ang epekto ng panghihikayat ng kaluluwa: “Para ang mundo ay sumampalataya.” Ang “networking” sa pagkakaisa ng mga mananampalataya ay sagot sa panalangin Ni Jesus para sa layunin ng panghihikayat ng kaluluwa.

Ang tuon ng ating pagkakaisa ay hindi sa doktrina, dahil sa iba't ibang pakahulugan ng doktrina ng iba't ibang denominasyon. Hindi ito maaari na sa organisasyon dahil sa maraming Kristiyanong organisasyon. Ang tuon ay dapat na pagkakaisa ng espiritu na kinasangkapan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Ang layunin ng “networking “ ay hindi para bumuo ng isang iglesya sa mundo sa ilalim ng kapangyarihan ng tao, subalit ito ay pagkakaisa sa pagkakaiba na humahanap na gumawa ng magkakasama para matupad ang layunin Ng Dios:

Naipinakilala niya sa atin ang hiwaga ng kaniyang kalooban, ayon sa kaniyang minagaling na ipinasya niya sa kaniya rin

Sa pagiging katiwala sa kaganapan ng mga panahon, upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa; sa kaniya, sinasabi ko. (Efeso 1:9-10)

Sa kabila ng pagkakaiba ng doktrina, ang lahat ng tunay na mga mananampalataya ay mayroong pagkakaisa Kay Cristo. Tayong lahat ay bahagi ng Kanyang Katawan. Dahil dito, dapat natin hanapin ang tungkulin ng pagkakaisa sa ministeryo :

Ay lubusin ninyo ang aking katuwaan, upang kayo'y mangagkaisa ng pagiisip, mangagtaglay ng isa ring pagibig, na mangagkaisa ng akala, at isa lamang pag-iisip;

Na huwag ninyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampikampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo, kundi sa kababaaan ng pagiisip, na ipalagay ng bawat isa ang iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili;

Huwag tingnan ng bawat isa sa inyo ang sa kaniyang sarili, kundi ang bawat isa naman ay sa iba't iba. (Filipos 2:2-4)

Dahil sa pagkakaisa sa pagibig kaya malalaman ng mundo na tayo ay mga Kristiyanos:

Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa. (Juan 13:35)

ANG PRAKTIKAL NA PAGLALAPAT NG “NETWORKING”

Ang praktikal na paglalapat ng “networking” para sa panghihikayat ng kaluluwa ay pag-iisang tabi ng ating sariling mga gawain para makiisa sa ibang mga mananampalataya na palaganapin ang Ebanghelyo. Ibahagi natin sa iba ang ating mga ideya at pagsisiyasat. Manalangin tayong magkakasama at gumawa ng magkakasama tungo sa isang layunin. Ibahagi natin ang ating mga pinagkukunan na mga tao, espirituwal na mga kaloob, kagamitan, at mga pananalapi—lahat para sa layunin ng panghihikayat ng kaluluwa.

ANG BAGONG “NETWORK”

Natala sa Biblia ang dalawang magkahiwalay na pangyayari tungkol sa paggamit ng lambat sa natural na mundo na naglarawan ng dakilang espirituwal na katotohanan. Ang unang pangyayari sa simula ng ministeryo Ni Cristo sa lupa at ito ay nakasulat sa Lucas 5. Ang mga disipulo ay magdamag na nangingisda at walang nahuhuli. Sinabi Ni Jesus sa kanila:

At pagtigil niya ng pagsasalita, ay sinabi niya kay Simon, Pumaroon ka sa laot, at ihulog ninyo ang inyong mga lambat upang mamalakaya. (Lucas 5:4)

Sinabi ni Pedro:

At sumagot si Simon at sinabi, Guro, sa boong magdamag ay nagsipagpagal kami, at wala kaming nahuli: datapuwat sa iyong salita ay ihuhulog ko ang mga lambat. (Lucas 5:5)

Nang ibinaba nila ang lambat marami silang nahuling isda na nakasira ng lambat at kinailangan nilang tawagin ang iba nilang kasamahan sa kabilang bangka para tulungan sila. Napakaraming nahuli at napuno ang dalawang mga bangka at sila ay nagsimulang lumubog. Si Pedro ay namangha sa nangyari ngunit sinabi Ni Jesus sa kanya:

Datapuwat lalo nang kumakalat ang balita tungkol sa kaniya: at nangagkatipon ang lubhang maraming tao upnag makinig, at upang pagalingin sa kanilang mga sakit. (Lucas 5:15)

Ang mga huli na nararanasan ni Pedro sa natural na mundo ay hindi maikukumpara sa laki ng anihin sa espirituwal na mundo habang siya ay naging mamalakaya ng tao. Isang katulad na pangyayari ang natala sa huling bahagi ng ministeryo Ni Cristo sa Juan 21. Ang mga disipulo ay nangisda sa buong magdamag ngunit walang nahuli. Nang iniutos Ni Cristo na ihagis ang lambat, at muli itong napuno ng isda. Ngunit ang oras ay magkaiba sa nauna. Ang lambat ay hindi nasira:

Umahon nga si Simon Pedro, at hinila ang lambat sa lupa, puno ng malalaking isda, na isang daan at limangpu at tatlo, at sa ganoong karami ay hindi napunit ang lambat. (Juan 21:11)

Ang dalawang pangyayaring ito ay nangyari sa natural na mundo, ngunit ito ay katumbas ng malaking espirituwal na katotohanan. Sa unang pagkakataon ang lambat ay nasira, ngunit sa ikalawang pagkakataon hindi ito nasira. Ano ang pagkakaiba?

Ang unang lambat ay halimbawa ng pagsisikap ng tao. Si Pedro ay mangingisda ng mangangalakal. Alam niya ang natural na mga paraan at ang kinaugalian ng mga mangingisda. Sa pamamagitan ng nasirang lambat ipinakita Ni Jesus na ang pagsisikap ng tao lamang ay hindi matutupad ang pangitain ng gawain Ng Dios. Nang mapagtanto ni Pedro ang malaking gawain kung saan siya tinatawag Ng Dios, siya ay umiyak:

**Datapuwat nang makita ni Simon Pedro, ay nagpatirapa sa mga
tuhod ni Jesus, na nagsasabi, Lumayo ka sa akin; sapagkat ako'y
taong makasalanan, Oh Panginoon. (Lucas 5:8)**

Si Pedro ay naging mamalakaya ng tao. Hindi makakaya ng lumang “network” ang malaking espirituwal na anihin na kanyang aanihin. Dapat iwanan ni Pedro ang kinaugalian ng tao. Dapat niyang tawirin ang paghahati sa pagitan ng Hudyo at Hentil. Ang lumang “network” ay dapat na masira at dapat siyang maging bahagi ng bagong “network”.

Sa pagitan ng una at ikalawang pangangisda, ang “network” ay nabuo. Ang natural na pangyayaring ito ng pangangisda ay katumbas ng mangyayari sa espirituwal na mundo. Ang Dios ay nagtitindig ng bagong “network”. Ito ang magpapabagsak sa pagkakabahagi ng mga Hudyo at mga Hentil, mayaman at mahirap, alipin at malaya. Ito ay lalawak kasama sina Pablo, Barnabas, Silas, Tito, at ang iba pang mga tao, at ito ay lalawak mula sa Jerusalem, sa Judea, at Samaria, para maabot ang buong bahagi ng mundo.

Ang hamon ng Dakilang Utos ay hindi matutupad kung hindi ng bagong “lambat” sa espirituwal na mundo. Sinabi Ng Dios sa mga huling araw Kanyang ibubuhos ang Kanyang Espiritu Santo sa lahat ng tao. Ipinahayag ng mga propeta sa Lumang Tipan sa mga huiling araw ng espirituwal na pagaani ang pagikot ay napakalaki na ang mag-aararo ay mauunahan ng mga magaani.

Ang malaking espirituwal na pagaani ay hindi maaani ng iisang tao, isang organisasyon, o denominaston lamang. Ito ang dahilan kung bakit sinabi Ng Dios na sa huling mga araw Kanyang ibubuhos ang Kanyang Espiritu Santo sa lahat ng tao. Ang responsableng pagtutulungan ng magkakasama ay dapat na mailapat sa pagsisikap ng panghihikayat ng kaluluwa para maabot natin ang anihin sa tamang panahon. Kinakailangan ng Bagong Tipan na halimbawa ng apostol ay pagsasama ng mga nakatalang mga tao na mabisang nagpapagal tungo sa isang layunin ng panghihikayat ng kaluluwa. Gaano kailangan ito bilang tanda ng pagsisimula ng pagbagsak ng espirituwal na bukirin sa mga bansa ng mundong ito.

Alalahanin kung paano sina Juan at ang kanyang kapatid na lalake na nagtatahi ng kanilang mga lambat nang sila ay tinawag Ni Jesus? Sinusubukan nila na kumpunihin ang isang bagay na sira na. Tinawag sila Ni Jesus na iwan ang kanilang sirang mga lambat at ipagpalit ito para maging mamalakaya ng tao. Sa pagtugon, sila ay naging bahagi ng bagong “network” para sa panghihikayat ng kaluluwa. Ngayon ang tanong ay

ito: Mananatili ka ba na nananahi ng lumang lambat ng denominasyon at mga pagkakaiba ng mga doktrina, o iyong diringgin ang tawag Ni Cristo? Ilalagay mo ba sa isangtabi ang lumang “network” ng kompetisyon para sa bagong “network” ng pakikipag-isa para ang mundo ay maabot ng Ebanghelyo?

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ibigay ang kahulugan ng salitang “network.”

3. Ipaliwanag kung paano ang iglesya ay isang “network.”

4. Talakayin kung ano ang mga kalakasan ng “networking.”

5. Talakayin ang kahalagahan ng espirituwal na mga kaloob at “networking.”

6. Ipaliwanag ang pagkakaisa na naging resulta ng “networking.”

7. Ipaliwanag ang praktikal na paglalapat ng “networking.”

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Si Jesus ay may “network” para sa panghihikayat ng kaluluwa. Ginamit niya ang pagsasamahan ng 12 disipulo at nagtalaga ng 72 na iba pa at ipinahayo sila ng dalawahan sa bawa’t bayan at lugar kung saan Siya tutungo (Lukas 10:1). Nang ang isang disipulo ay nakakita ng iba pang mga grupo na nagpapagaling at nagpapalaya liban sa kanilang “grupo”, itinanong niya Kay Jesus kung kanyang patitigilin ito?. Inilarawan Ni Jesus ang “networking” sa tugon na Kanyang ibinigay. Basahin ang tungkol dito sa Marcos 9:38-40.

2. Ang ministryo ni Pablo ay nagsimula bilang resulta ng “networking.” Ang Espiritu Santo ay nangusap sa iglesya sa Antioquia at sinabi” Ihiwalay ninyo para sa Akin sina Barnabas at Saulo para sa gawain na tinawag Ko para sa kanila.” Hindi Siya tumawag para sa isahan lamang, ngunit pagsasamahan (Mga Gawa 13:1-3). Sina Pablo at Barnabas ang una sa bagong “network” na ito. Makaraan ang ibang panahon kasama sa iba na naging bahagi ng “network” ni Pablo para sa panghihikayat ng kaluluwa ay:

-John Mark	Mga Gawa 13:5
-Silas	Mga Gawa 15:22
-Timoteo	Mga Gawa 16:1
-Lucas	Mga Gawa 16:10
- Priscilla at Aquila	Mga Gawa 18:18
- Erastus	Mga Gawa 19:22
-Sopater	Mga Gawa 20:4
-Aristarchus at Secundus	Mga Gawa 20:4
-Gaius	Mga Gawa 20:4
-Trophimus	Mga Gawa 21:27-29
-Tychicus	Efeso 6:21
-Tito	Galacia 2:1
-Demas	II Timoteo 4:10
-Epafrodito	Filipos 2:25
-Tertius	Roma 16:22

3. Dahil ang “networking” o katawan ng ministryo ay maliwanag na base sa konsepto ng Biblia, bakit tinatanggihan ng mga tao ito? Ang sumusunod ang karaniwan na mga dahilan kung bakit hindi tayo nakiki-isa. Ang mga ito ay dapat mapagtagumpayan para tayo ay maging matagumpay na makiki pag “network” sa iba.

- Natatakot tayo na mawala sa atin ang pamamahala: Iniisip natin na isusuko natin ang pamamahala ng ating organisasyon o iglesya sa iba.

- Nakatuon tayo sa mga pagkakaiba sa halip na sa iisang layunin at kalagayan: Binibigyan diin natin kung paano tayo kaiba mula sa iba sa halip na sa magkatulad na aspesto na tayo ay iisa Kay Cristo at mayroon iisang layunin para sa panghihikayat ng kaluluwa.

- Natatakot tayo na mawalan ng suporta: Natatakot tayo na makiisa sa iba na mga ahensiya, na ang ilan sa mga pondo na kailangan para sa ministeryo ay mapupunta sa kanila sa halip na sa atin.

-Natatakot tayo na mawalan ng mga tauhan: Ang mga lider ay natatakot na ang mga kaanib ng kanilang kongregasyon o organisasyon ay sasama sa ibang mga grupo.

-Natatakot tayo na makipagkompromiso: Dahil mayroon tayong malilit na pagkakaiba sa mga doktrina, natatakot tayo na ang pakikiisa sa iba ay pagkokompromiso. Hindi tayo dapat nakikipagkompromiso sa moral na mga usapin, sa mga kulto, o maling doktrina, ngunit ang maliit na pagkakaiba ng doktrina ay hindi dapat makaantala ng “networking” para sa panghihikayat ng kaluluwa.

- Ang makasalanan na likas natin ay nagpipilit ng kalayaan: Ito ang dahilan kung bakit ang panunukso kay Eva ay nagtagumpay. Nais niyang maging malaya Sa Dios. Ang kalayaan ay isang katangian ng walang Dios sa sarili.

PAMBUNGAD SA IKALAWANG BAHAGI

“SA IYONG PAGHAYO” . . .

Sa Ebanghelyo ng Bagong Tipan, hindi kailanman nagtalaga Si Jesus na ang sinoman na mangaral ng Ebanghelyo na walang utos na magminsteryo sila ng pagpapagaling at pagpapalaya. Sinabi Niya sa kanila “ Sa iyong paghayo . . . pagalingin ang may sakit, magpalayas ng mga demonyo . . . “

Habang ang mga tao ay lumalapit para sa kagalingan at pagpapalaya, ang espirituwal na pagaani ay nagsimula ng mabilis na pagdama na kinailangan ng bagong mga manggagawa. Hindi nagtagal hanggang ang mahigit sa 70 mga disipulo ang kinailangan at ipinahayo para mangaral, magturo, at magpalaya.

Ang pagpapakita ng ganitong kapangyarihan sa kanilang paghayo ay naging resulta sa mabilis na paglaganap ng Ebanghelyo sa buong mundo. Dahil dito, ang bahaging ito ng *“Panghihikayat Ng Kaluluwa Tulad Ng Pagkalat Ng Lebadura”* ay nakatuon sa ministeryo ng pagpapagaling at pagpapalaya na dapat kasama ng pangangaral at pagtuturo ng Ebanghelyo.

Ang Ika-labing anim na Kabanata ay nagbibigay ng pambungad sa ministeryo ng pagpapagaling at pagpapalaya. Tinatalakay sa Ika-labing pitong Kabanata ang ibang mga bagay na nakaaapekto sa pagpapagaling. Ang Ika –labing walong Kabanata ay nakatuon sa ministeryo ng pagpapagaling at ang Ika-labing siyam na Kabanata ay tungkol sa ministeryo ng pagpapalaya.

IKA-LABING ANIM NA KABANATA

ANG PAMBUNGAD SA PAGPAPAGALING AT PAGPAPALAYA

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ipaliwanag ang ilan sa mga saloobin tungkol sa pagpapagaling.
- Kilalanin ang limang kategorya ng karamdaman,
- Ibigay ang kahulugan ng “divine healing.”
- Kilalanin ang pinanggagalingan ng karamdaman.
- Kilalanin ang mga dahilan para sa karamdaman.
- Ipaliwanag ang dalawang kahirinatnan ng karamdaman.
- Talakayin ang mga layunin ng “divine healing.”

SUSING TALATA:

Ngunit lubhang magaan pa ang mangawala ang langit at ang lupa, kay sa mahulog ang isang kudlit ng kautusan.

Ang bawat lalake na inihihiwalay ang kanyang asawa, at mag asawa sa iba, ay nagkakasala ng pangangalunya: at ang babaing inihiwalay ng kaniyang asawa ay nagkakasala ng pangangalunya. (Lucas 16:17-18)

PAMBUNGAD

Ipinakikilala ng kabanatang ito ang ministeryo ng pagpapagaling at pagpapalaya na dapat ipangaral at ipakita bilang bahagi ng Ebanghelyo ng Kaharian ng Dios. Ang salitang “pagpapagaling” at “pagpapalaya” ay ginagamit na palitan sa mga aralin na ito. Ang mga ito ay patungkol sa konsepto ng kabuuan ng katawan, kaluluwa, at espiritu na itinuro sa Biblia.

Sa aralin na ito iyong pag-aaralan ang kasalukuyan na saloobin tungo sa pagpapagaling at pagpapalaya at matututunan kung bakit ang tamang pagtuturo sa mga paksang ito ay kinakailangan. Matututunan mo rin ang tungkol sa pinanggagalingan at mga dahilan para sa mga karamdaman, mga kaloob ng pagpapagaling, at ang mga layunin para sa pagpapagaling.

KASALUKUYANG SALOOBIN TUNGKOL SA PAGPAPAGALING

Una, makatutulong na maunawaan ang ilan sa mga kasalukuyan na mga saloobin na iyong makakaharap sa iyong pagsisimula na magministeryo sa larangan na ito. Patungkol sa pagpapagaling at pagpapalaya, maraming mga mananampalataya ang...

NAGWALANG BAHALA RITO:

Ang ilan ay nagwalang bahala rito dahil sa babala sa Biblia laban sa huwad na mga himala (Marcos 13:22-23). Ipinalagay nila ang babala para sa lahat ng tungkol sa mga himala. Ang ilan ay naniniwala na ang pagpapagaling ay teoriya, ngunit hindi binigyan ng pansin sa paggawa. Ang iba ay binalawala dahil hindi nila masagot ang lahat ng mga katanungan na may kaugnayan sa karamdaman at pagdurusa.

Ang ilan ay binalewala ang pagpapagaling dahil sa takot na mabigo. Para sa paningin natin mayroon tayong dalawang pamantayan. Nananalangin tayo ng may pagtitiwala para sa pananalapi, katalinuhan, at iba pa, ngunit natatakot tayo na manalangin para sa pagpapagaling. Ang iba ay hindi naiisip kung paano ang rasyonalismo at materyalismo ay nakaapekto sa kanila. Marami ang dapat na “makakita para maniwala” at ginagamit ang natural, materyalismo ng mundo sa halip na sa makalangit.

ITINANGGI ITO:

Ang ilan ay itinanggi ang pagpapagaling at pagpapalaya ay para ngayon dahil wala silang teolohiya, halimbawa, paggawa, o karanasan nito. Ang Ebanghelyo ng Bagong Tipan ay nagtataglay ng 26 na mga pangyayari tungkol sa pisikal na kagalingan. Ang aklat ng Mga Gawa ay naglalaman ng limang pangyayari. Ang pisikal na kagalingan ay nabanggit sa I Corinto 12:8-11 at 28-30. Ang Santiago 5:13-16 ay nagbigay ng tiyak na panuto kung paano manalangin para sa karamdaman.

Wala sa Mga Sulat na nagbago sa katuruan ng pagpapagaling sa Ebanghelyo. Ang pananalangin para sa karamdaman ay nabalewala sa panahon ng maisulat ang Mga Sulat, at walang pahiwatig na ang “divine healing” ay kontrobersyal sa unang iglesya.

NAGPAGULO DITO:

Maraming mga tao ang nagpagulo sa pagpapagaling at pagpapalaya na may kaugalian ng tao laban sa Salita Ng Dios. Matututunan mo ang tungkol sa ilan na mga kaugalian sa susunod na aralin.

Ang iba ay pinagulo ito dahil sa karanasan sa nakaraan na sila ay nanalangin para pagpapagaling at hindi nakatanggap nito. Ngunit dapat natin ibase ang ating mga pinaniniwalaan sa Salita Ng Dios, hindi sa mga karanasan (maliban kung ang karanasan ay sumusuporta sa Salita). Ang masamang halimbawa ng pagpapagaling ay nagpagulo sa usapin na ito para sa ilang mga tao sa kanilang pagmamasid sa mga kulto, mga tao na nagpapagaling para sa salapi, pandaraya, at hindi nararapat na tuon sa pisikal na pagpapagaling sa halip na sa kabuuan ng isang tao.

Ang pagpapagaling at pagpapalaya ay pinagulo rin ng hindi pagkabalanse. Anumang katotohanan, gaanuman ito katotoo, kung ito ay binigyan diin ang di pagtanggap sa ibang katotohanan ay praktikal na kamalian. Halimbawa, ang sobrang pagpapahalaga sa tungkulin ng pananampalataya sa pagpapagaling ay nagbibigay ng pagkabigo sa mga tao na hindi kaagad nakatanggap ng kagalingan.

PINAGPALIBAN ITO:

Ang ilan sa mga tao ay pinagpapaliban ang pagmiministeryo ng pagpapagaling at pagpapalaya dahil wala silang sagot sa lahat ng mga tanong. Hindi nila maunawaan kung bakit ang iba ay gumagaling at ang iba ay hindi. (Pag-aaralan mo pa ang maraming bagay tungkol dito sa susunod na aralin.)

Hindi kinakailangan na maunawaan mo ang lahat ng mga bagay tungkol sa pagpapagaling para makapag ministeryo o makatanggap nito. Katulad din ng tungkol sa kaligtasan hindi mo nauunawaan ang lahat tungkol sa kaligtasan nang ikaw ay naligtas at nagsimulang magpatotoo sa iba.

Ang ilan sa mga sagot ay darating habang ikaw ay nag ministeryo at nakararanas ng kapangyarihan Ng Dios sa pagpapagaling. Ang ibang mga tanong ay hindi kailanman masasagot. Kung alam mo ang lahat ng “bakit” at “paano” tungkol sa lahat ng bagay, hindi mo na kailangan Ang Dios. Sinasabi ng Biblia “alam natin ang bahagya.” Ang pagpapagaling ay tungkol sa karamdaman at pagdurusa at palaging may mga misteryo dahil sa misteryo ng kawalan ng katarungan ay kumikilos (II Tesalonica 2:7).

ANG PANGANGAILANGAN PARA SA TAMANG PAGTUTURO

Ang pagbabalik aral sa kasalukuyan na saloobin tungo sa pagpapagaling at pagpapalaya ay naglalarawan kung bakit kailangan ang tamang pagtuturo sa paksang ito. Marami ang nawawasak ang pisikal at espirituwal dahil wala silang kaunawaan kung ano ang itinuturo ng Salita Ng Dios tungkol sa pagpapagaling:

Ang aking bayan ay nasira dahil sa kakulangan ng kaalaman: sapagka't ikaw ay nagtakuwil ng kaalaman, akin namang itatakuwil ka, upang ikaw ay huwag maging saserdote ko: yamang iyong nilimot ang kautusan ng iyong Dios, akin namang kalilimutan ang iyong mga anak. (Oseas 4:6)

Ipinahahayag ng Biblia na ang ating mga iglesya ay dapat na mga sentro ng pagpapagaling (Lucas 14:16-24). Dapat nakikita natin ang mga tao na napagaling sa halip na lumayo:

At magsigawa kayo ng matuwid na landas sa inyong mga paa, upang huwag maligaw ang pilay, kundi bagkus gumaling. (Hebreo 12:13)

Bilang mananampalataya, kasalanan ang hindi pagbabahagi ng mabuting balita ng pagpapagaling at pagpapalaya sa naliligaw at namamatay na mundo. Sinasabi sa Biblia:

Sa nakakaalam nga ng paggawa ng mabuti, at hindi ginagawa, ito'y kasalanan sa kaniya. (Santiago 4:17)

Mahigpit na binigyan ang mga lider na nagwawalang bahala sa pagpapagaling:

Hindi ninyo pinalakas ang payat, o inyo mang pinagaling ang may sakit, o inyo mang tinalian ang may bali, o inyo mang ibinalik ang iniligaw, o inyo mang hinanap ang nawala; kundi inyong pinagpunuang may karahasan at may kahigpitan.

Aking hahanapin ang nawala, at ibabalik ang iniligaw, at tatalian ang nabalian, at palalakasin ang may sakit: ngunit aking lilipunin ang mataba at malakas; aking pakakanin sila sa katuwiran. (Ezekiel 34:4, 16)

MAGSIMULA NG MAY TAMANG SALOOBIN

Sa iyong pag-aaral sa paksa ng pagpapagaling at pagpapalaya, kailangang may tamang saloobin ka. Dapat mong kalimutan ang nakaraan na mga karanasan at ang mga tradisyon na naituro sa iyo. Dapat kang bukas sa pagtuturo. Isa sa tanda ng karunungan mula sa itaas ay bukas sa katwiran (Santiago 3:17). Ikaw ay espirituwal na nasa panganib kung hindi ka bukas sa pagtuturo.

Alalahanin na ang kasalanan ng pag-papalagay ay inilalagay mo ang Dios sa iyong maliit na kahon. Ang kaibigan ni Job ay mapangahas na nagkasala sa ganitong paraan. Ang paglalapat ng isahang karanasan sa panglahatan ay mali. Simulan ang pag-aaral na ito na parang hindi ka pa kailanman nakarinig ng mga kaugalian na katuruan ng tao sa paksang ito. Tanggapin kung ano ang sinasabi ng Salita Ng Dios: Kung ikaw ay gumaling, sumampalataya ka. Kung sinasabi na magpatong ng mga kamay sa may sakit, gawin mo. Kung ano ang sinabi na gagawin Ng Dios, asahan na gagawin Niya ito.

Huwag maghanap ng pormula at mga paraan para makatanggap o magministeryo ng pagpapagaling. Walang tiyak na pormula, kahit nga iba't ibang mga prinsipyo ang ipinahayag at ating tatalakayin ang mga ito. Sa halip na maghanap ng pormula, unawain na ang Nagpapagaling ay nasasa iyo. Hangarin na madagdagan ang iyong kaalaman at lumalim ang kaugnayan sa mismong Tagapagpagaling.

Si Jesus at Espirtu Santo ay nasa sa iyo. Ang kagalingan ay hindi isang bagay mula sa labas, subalit matututunan mong palayain mula sa loob. Hangad mo lamang na maunawaan ang mga prinsipyo na nagpapalaya sa kapangyarihan na nasa loob.

Kilalanin na kung tunay kang sumusunod sa halimbawa ng ministeryo ng pagpapagaling Ni Jesus ikaw ay :

1. Maging alipin sa halip na “panginoon”: Marcos 10:44
2. Lumago sa pagkapagod, hindi sa pagyaman: Marcos 6:31; Juan 4:6; Mga Gawa 3:6

3. Makaharap ng kawalan ng pananampalataya: Marcos 13:58
4. Makakaranas ng pag-uusig mula sa mga lider ng relihiyon: (Ang ilan sa kanila ay katulad ng Pariseo. . . higit na may malasakit tungkol sa kautusan at tradisyon sa halip na buhay): Lucas 6:6-9
5. Makararanas ng pag-uusig mula sa malapit na mga tao sa iyo: Marcos 6:4 at Mateo 13:58
6. Iiwas sa katanyagan sa halip na hangarin ito: Marcos 8:26; 17:36; Mateo 8:4
7. Tatanggi sa personal na pakinabang o sa mga materyal na pakinabang mula sa kapangyarihan Ng Dios: Mga Gawa 8:18-24
8. Tatanggi sa personal na kaluwalhatian: Mga Gawa 14:8-18

MAKALANGIT NA KAGALINGAN/ “DIVINE HEALING”

Maraming uri ng kagalingan sa mundo ngayon:

-“Psychic Healing”/Pangkaisipan na Kagalingan: Ito ay termino na ginamit para ilarawan ang “mind over matter”, espiritista, panggagaway, “shamanism”, at okultismo na kagalingan.

-Higit sa natural na Kagalingan: Mayroong mga pinanggagalingan ng higit sa natural na kagalingan na hindi galing Sa Dios, kaya hindi natin gagamitin ang terminong ito sa ating pag-aaral. Si Satanas ay makagagawa ng higit sa natural na mga gawain (Exodo 7:8-13)

-Kagalingan sa Medisina: Ang uri ng kagalingan na ito ay tinutulungan ng mga doktor, nars, ospital at mga gamot. Matututunan natin ang lehitimong kagalingan sa medisina ay hindi salungat sa Salita Ng Dios, subalit ito ay dagdag Ng Kanyang kabutihan.

-Natural na Kagalingan: Ang kagalingan na nangyayari sa pamamagitan ng natural na proseso ng katawan ay katinuyan na Ang Dios ay kumikilos. Ang natural na proseso ng katawan ay nagpapakita ng Kanyang likas at ang Kanyang dakilang paglikha sa katawan ng tao. Kasama rin sa natural na kagalingan ay paggamit ng natural na paraan katulad ng tamang pagkain, bitamina, pahinga, at iba pa.

(Pansinin: Ang kagalingan sa medisina at natural na kagalingan ay kung tutuusin ay makalangit, dahil sa totoo Ang Dios ang sanhi ng kagalingan.)

-Kagalingan dulot ng Pananampalataya: Ang ibig sabihin ng terminong ito ay kadalasan na ginagamit para sa pagpapagaling ng Dios. Gayunman hindi natin gagamitin, dahil natutuon ang atensiyon sa pananampalataya ng isa sa dalawa ang nag miministeryo o ang tagatanggap ng ministeryo.

-“Divine Healing”/Makalangit na Kagalingan: Nakatuon ang salitang “divine” Sa Dios, hindi ang tugon na pananampalataya ng tao. Ito ay naiiba rin mula sa mga gawain ng okultismo ng pangkaisipan at higit sa natural na kagalingan.

Gagamitin natin ang terminong “divine healing”/ makalangit na kagalingan sa pag-aaral na ito. Ang “divine” ay tumutukoy sa isang tunay Na Dios at ng Kanyang likas, Ayon sa kapahayagan sa Biblia, Ang Banal na Biblia. Ang ibig sabihin ng “kagalingan” ay pagalingin o gawing buo. Maaaring kasama sa kagalingan ang kaginhawahan mula sa espirituwal, pisikal, emosyonal, mental, at masamang kalagayan. Ang kagalingan ay hindi kaligtasan mula sa sakit. Ang ating mga katawan ay nasa “proseso ng pagkabulok” at bukas sa atake ni Satanas habang tayo ay nasa mundong ito.

Ang “divine healing”/ makalangit na kagalingan ay kung ang isang tunay na Dios ay ipinahayag ang Kanyang likas, tinupad ang Kanyang mga pangako, at kumikilos sa Kanyang probisyon sa pagbabayad Ni Cristo sa pamamagitan ng pagpapagaling sa tao at gawin siyang buo sa katawan, kaluluwa (isip, kalooban, at emosyon), at espiritu. Ang “divine healing”/ makalangit na kagalingan ay maaaring bigla (mahimala) o unti-unti (isang proseso). Kahit sapat na ipinakikita ng mahimala, biglang kagalingan ang makalangit na presensiya at kapangyarihan Ng Dios, ang makalangit na pagpapagaling na nangyari sa isang proseso ay hindi masasabing kulang na kagalingan ito ay katulad din ng biglang kagalingan. (Tingnan ang Marcos 8:22-25)

SAKIT AT KARAMDAMAN

Kung pinag-uusapan natin ang sakit o karamdaman ang ibig sabihin natin ay anumang kalagayan na wala sa tamang “divine” na kaayusan kung paano ito nilikha Ng Dios. Mayroong limang kategorya ng karamdaman:

ESPIRITUWAL NA KARAMDAMAN:

Kasalanan ang espirituwal na karamdaman. Kung ito ay hindi haharapin, ito ay espirituwal na karamdaman hanggang wakas. Ang kagalingan para sa espirituwal na karamdaman ay kapatawaran ng kasalanan sa pamamagitan Ni Jesu Cristo. Ito ang pinakadakilang kagalingan sa lahat, kung paano ang medikal na siyensiya at natural na proseso ng kagalingan ay walang magagawa para sa kalagayan na ito.

PISIKAL NA KARAMDAMAN:

Ang pisikal na karamdaman ay maaaring resulta mula sa di-tamang kaayusan ng bahagi ng katawan. May mga problema na maaaring obserbahan at makita ng mga manggagamot. Ang aktuwal na estruktura ng “tissue” ng katawan ay napinsala sa ilang paraan. Ang pisikal na karamdaman ay resulta rin mula sa di-maayos na paggawa. Ang karamdaman na ito ay resulta ng hindi pagtatrabaho ng bahagi o parte ng katawan. Kasama dito ang iba’t ibang problema kung saan ang problema sa isang bahagi ay nakagugulo sa buong organismo. Ang karaniwan ay sakit sa puso, mataas na presyon ng dugo, diabetes, “peptic ulcer”, at mga “allergies”. Ang karamdaman na patuloy na hindi natitingnan ay magdudulot ng karamdaman ng bahagi ng katawan. Dahil sa

pagkakasangaysangay ng likas ng tao, ang karamdaman ng isang bahagi ay naka-aapekto sa buong katawan.

EMOSYONAL NA KARAMDAMAN:

Ang emosyonal na karamdaman ay sanhi ng nakasasamang emosyon katulad ng pagkagalit, pagkamunghi, kapooton, at iba pa. Kailangang hipuin Ng Dios ang emosyon para gumaling ito. Tinatawag ito ng iba na “inner healing,” kahit nga ang termino kung minsan ay naabuso at napalawak na kasama ang mga karanasan na hindi itinuturo ng Biblia.

KARAMDAMAN SA PAG-IISIP:

Ang karamdaman sa pag-iisip ay kalagayang mental na nangyayari mula sa pagkukulang sa kaisipan, sakit, pagkasira, simula sa kapanganakan, at pangkaisipan na kalagayan na hindi sanhi ng direktong presensiya ng kasamaan.

INAALIHAN NG DEMONYO:

Ang inaalihan ng demonyo ay sanhi ng pagsapi ng demonyo, “oppression”, at dulot ng masamang elemento sa mental at pisikal na kalagayan. Ang masamang kalagayan ay kinakailangan ng natatanging uri ng kagalingan na tinatawag na pagpapalaya. Ang pagpapalaya at kagalingan ay magkaugnay, ngunit binigyan ito ng pagkakaiba ng Biblia:

At tinipon niya ang labingdalawa, at binigyan sila ng kapangyarihan at kapamahalaan sa lahat ng mga demonio, at upang magpagaling ng mga sakit.

At sila’y sinugo niya upang ipangaral ang kaharian ng Dios, at magpagaling ng mga may sakit. (Lucas 9:1-2)

ANG PINANGGAGALINGAN NG KARAMDAMAN

Mayroong isang orihinal na pinanggagalingan ng karamdaman, kahit nga may iba’t ibang mga dahilan kung bakit ang tao ay nagkakasakit. Pinatunayan ito ni Pablo nang sinabi niya “dahil dito’y marami ang may sakit” (I Corinto 11:30). Si Satanas ang pinanggagalingan ng lahat ng kasamaan sa mundo. Ang karamdaman at kamatayan ay pumasok sa mundo sa pamamagitan ng kasalanan ng tao. (Pag-aralaan ang Genesis 1-3 at Santiago 1:17.) Si Satanas ay pumapatay, nagnanakaw, at sumisira. Galing Kay Jesus ang masaganang buhay:

Hindi pumaparito ang magnanakaw, kundi upang magnakaw, at pumatay, at pumuksa: ako’y naparito upang sila’y magkaroon ng buhay, at mgakaroon ng kasaganaan nito. (Juan 10:10)

Sinabi Ni Jesus Siya ay pumarito para iligtas ang mga tao, hindi para wasakin ang mga ito. Para “mailigtas” kasama dito ang kagalingan gayundin ang kaligtasan.

Ang sakit at karamdaman ay bahagi ng sumpa, ngunit ipinahahayag ng Galacia 3:13: Tinubos tayo Ni Jesus mula sa sumpa ng kautusan.” Ang katawan ay para Sa Panginoon. Hindi ito para sa ating mga sarili, karamdaman o sakit. Sinisira ng karamdaman ang katawan katulad ng pagsira ng kasalanan sa espiritu. Ninanakaw ng sakit ang kalusugan, kasiyahan, salapi, panahon, pagsisikap, isipan, at kalakasan. Ito ay pumapatay at nagwawasak. Kahit ang sakuna ay sumisira. Kitang kita na sa lahat ng mga ito may kaaway na gumagawa nito” (Mateo 13:12).

Dahil ang sakit ay galing kay Satanas, dapat mong tanggiin ito kung paano mo tinatanggiin ang pagsubok at kasalanan. Kung iyong tinatanggiin ang pagsubok at kasalanan ikaw ay espirituwal na nakikipaglaban. Kung tinatanggiin mo ang karamdaman ikaw ay espirituwal na nakikipaglaban din.

Si Satanas ay nagbibigay ng nakasisirang elemento ng karamdaman. Kahit nga ang bawa’t sakit ay hindi direktong atake ng espiritu ng kasamaan, nagkaroon ng mga elemento ng karamdaman sa mundo dahil kay Satanas. Halimbawa, maaari kang magkaroon ng sipon kung ikaw ay naglakad ng walang sapin sa paa sa malamig na panahon. Hindi ito direktong atake ng masamang espiritu, ngunit nagkaroon ng mga elemento ng karamdaman sa mundo dahil kay Satanas na nagdulot sa iyo ng sipon.

Ang bawa’t sakit ay galing sa mikrobyo ng buhay. Kung paano ang espiritu ay nagbigay ng buhay sa iyong katawa, si Satanas ay nagbigay buhay sa mga mikrobyo. Sa natural na mundo, Ang Dios ay kumuha ng buhay na selula at pinarami ito at nagdulot ng buhay. (Ang isang bagong bata ay ipinanganak.)

Pinalsipika ni Satanas ang mabuti sa masama. Kinuha niya ang buhay na selula (“virus,” “cancer”, at iba pa) at pinarami ito para magdulot ng kamatayan. (Ito ay tunay na tunay sa pisikal na kalagayan ng “cancer”. Ito ay mga selula na naghihimagsik laban sa Manlilikha. Kaya kadalasan ang laman na inalis para maputol ang cancer, ang paghihimagsik ay lumilipat sa ibang bahagi ng katawan.)

Kung ang espiritu ng kahinaan ay napalayas, ang sakit sa iyong katawan ay namamatay. Hanggat ang mikrobyo ng buhay ay nasa katawan, ang karamdaman ay nabubuhay at patuloy sa gawain na nakasisira. Dahil ang sanhi ng karamdaman ay galing kay Satanas, ang kanyang kapangyarihan ay dapat talian at palayasin.

Kung nauunawaan mo kung ano ang pananaw Ng Dios sa karamdaman hindi ka magaalinlangan sa pinagmumulan nito:

- Tinawag Ng Dios ang karamdaman na pagkabilanggo (Job 42:10). Si Jesus ay naparito para mangaral ng pagpapalaya sa mga nakabilanggo (Lucas 4:18)

- Tinawag Ni Jesus ang karamdaman na pagkagapos (Lucas 13:16). Siya ay naparito para palayain ang mga tao sa katotohanan (Juan 8:32).

- Ang pananaw Ni Jesus sa karamdaman ay “oppression” at pinagaling ang mga “oppressed” (Mga Gawa 10:38).

- Tinawag ng Biblia ang karamdaman at kamatayan na mga kalaban (I Corinto 15:26).

-Ang tingin sa karamdaman ay kasuklam-suklam (Mga Awit 38:7).

-Tinawag na kasamaan ang karamdaman (Mga Awit 41:8).

ANG MGA DAHILAN PARA SA KARAMDAMAN

May isang pinanggagalingan ng karamdaman, ito man ay espirituwal o pisikal, ang pinanggagalingan ay si Satanas. Ngunit ang mga dahilan kung bakit tayo ay nagkakasakit ay nagkakaiba:

PAGLABAG SA ESPIRITUWAL NA MGA KAUTUSAN:

Nang ang tao ay nagkasala, ang kamatayan ay nagsimulang gumawa ang pagkabulok sa katawan:

Sapagkat ang kasalanan ay nasa sanglibutan hanggang sa dumating ang kautusan: ngunit hindi ibinibilang ang kasalanan kung walang kautusan. (Roma 5:13)

Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; datapuwat ang kaloob na walang bayad ng Dios ay buhay na walang hanggang kay Cristo Jesus na Panginoon natin. (Roma 6:23)

Ang karamdaman ng isang tao ay hindi nangangahulugan na sanhi ng kanilang sariling kasalanan, gayunpaman, niliwanag ito ni Jesus sa halimbawa ng bulag na tao simula sa kapanganakan (Juan 9:1-3). Kung pinarurusahan Ng Dios ang kasalanan sa pagkakasakit, bawa't makasalanan at ang nagkakasala na mga Kristiyano sa mundo ay may sakit. Tunay na ang kasalanan at karamdaman ay may koneksiyon, ngunit dapat tayong maging maingat sa paglalapat nito sa bawa't isa. Maaaring madali nating magamitin na paraan ito para pabayaan ang may sakit at bigyan katwiran ang ating kawalan ng kapangyarihan.

Ang isa sa pinakamaling paglalapat ng Biblia ay, ang sakit ay dahil sa kasalanan ng isang tao o kawalan ng pananampalataya (na ito ay kasalanan).

Kung nilabag mo ang kautusan Ng Dios, ikaw ay magdurusa. Ito ay pagdurusa sa iyong sariling makasalanan na gawain. Para sa mga makasalanan, ito ay paghuhukom. Para sa mga mananampalataya, ito ay kaparusahan. Halimbawa, ang mananampalataya na gumagawa ng kataksilan ay maaaring makakuha ng kakilakilabot na sakit (katulad ng AIDS) kung paano ang hindi mananampalataya ay maaaring makakuha rin. Kahit ikaw ay sumusunod sa kautusan Ng Dios, maaari ka rin na magdusa dahil ikaw ay namumuhay sa mundo na puno ng kasalanan. Kung minsan ang matuwid ay nagdurusa dahil sa presensiya ng kasalanan sa mundo. Ang isang halimbawa ng pagdurusa sa iyong sariling kasalanan ay ang nagka AIDS sa pamamagitan ng kanilang sariling imoralidad. Ang halimbawa ng pagdurusa dahil sa presensiya ng kasalanan sa mundo ay ang isang tao na nagka AIDS sa pamamagitan ng pagsasalin ng dugo.

Ilan ang mga reperensiya sa Biblia na nagpapatunay na ang sakit ay maaaring kaugnay sa pang-isahan na kasalanan (tingnan ang Marcos 2;1-12; Juan 5:1-11, 14; Santiago 5;14-16; Mga Awit 38:3,7). Ang Roma 6:19 ay nagpapatunay na ang kahinaan ay galing sa karumihan (kasalanan). Kung tayo ay lumabag sa espirituwal na kautusan, tayo ay lumalakad sa ilalim ng sumpa na inilarawan sa Deuteronomio 28. Maaari rin na ang sakit ay kaugnay ng pangmaramihan na kasalanan (tingnan ang Mga Gawa 5:1-11; I Corinto 11:27-32).

Ang kagalingan ay maaaring mawala sa pagbalik sa kasalanan:

Pagkatapos ay nasumpungan siya ni Jesus sa templo, at sa kaniya'y sinabi, Narito, ikaw ay gumaling na: huwag ka nang magkasala, baka mangyari pa sa iyo ang lalong masama. (Juan 5:14)

Sa mundong ito palaging mayroong karamdaman kung paano palaging mayroong kasalanan. Ngunit malalabanan natin ang karamdaman kung paano tayo espirituwal na nakikipaglaban.

ATAKE NI SATANAS:

Ang sakit na galing sa kasalanan siyempre ay, orihinal na galing kay Satanas, ngunit kung minsan ito ay galing sa direktong atake ni Satanas at hindi dahil sa isahan o pangmaramihan na kasalanan. Si Job ang isa sa pinakamabuting halimbawa nito. (tingnan ang Job 1 at 2.)

Ang kasalanan ang atake ni Satanas sa espirituwal na tao. Ang karamdaman ang kanyang atake sa natural na tao. Sa Bagong Tipan at sa makabagong panahon, ang karamihan sa matuwid ay nagdurusa sa atake ni Satanas dahil tayo ay inaasahan na makipaglaban kay Satanas, at dahil dito sa anumang labanan mayroong mga sugatan.

Inaateke ni Satanas ang iyong katawan at isipan. Ang iyong isip, katawan, at lumang pagkatao ng laman (pagnanasa ng mata, pagnanasa ng laman, at ang pagmamataas sa sarili), ang paraan ng kanyang pagatake. Kahit nga umaateke siya sa iyong pisikal gayundin sa espirituwal, wala na siyang karapatan na manahan sa iyong pisikal na katawan gayundin sa iyong kaluluwa at espiritu.

ANG PAGKAWASAK NG LAMAN PARA ANG ESPIRITU AY MALIGTAS:

Pinahihintulutan Ng Dios ang ilan na mapunta kay Satanas para mawasak ang laman para madisiplina. Hindi inilalagay Ng Dios ag sakit sa kanila, ngunit pinahihintulutan Niya. Mababasa mo ang tungkol sa prosesong ito sa I Corinto 5:1-7.

Sa “pagkawasak ng laman,” ibinibigay ng iglesia ang makasalanang tao kay Satanas para mawasak ang laman para naman maligtas ang espiritu. Ipinahayag ng Biblia:

Paano ito gagawin:

1. May pagkakaisa.
2. Sa espiritu at kapangyarihan Ng Panginoon.
3. Sa pangalan Ng Panginoon.

Bakit ito gagawin:

1. Pakikiapid.
2. Asal na higit pa sa mundo (Pagano).
3. Pagmamataas.
4. Kakulangan ng pagsisisi.
5. Kasamaan sa kalagitnaan ng mga anak Ng Dios.

Ang layunin nito:

1. Pangisahan: Mawasak ang laman para maligtas ang espiritu.
2. Pangmaramihan: Linisin ang kasamaan bago ang iba ay maapektuhan.

PAGSUWAY SA NATURAL NA KAUTUSAN NG DIOS:

Nagkakaroon tayo ng ilan sa mga karamdaman dahil sinuway natin ang natural na kautusan Ng Dios. Halimbawa:

-Maling pagkain (Sobra sa timbang, kulang sa timbang).

-Sobrang gawa, walang tigil na gawain.

-Maling pagpapahinga.

- Kawalan ng pagpipigil sa sarili na nagdulot ng nakasasakit sa emosyon katulad ng galit, poot, at iba pa.

- Kakulangan sa positibong kaugnayan sa iba (poot, di-pagpapatawad at iba pa.)

- Ehersisyo (sobra o kulang).

-Abuso sa ipinagbabawal na gamot at alkohol: Nakalalason na kemikal na ipinapasok sa katawan.

- Pagsuway sa natural na kautusan katulad ng “law of gravity” at iba pa. (Kung ikaw ay tumalon mula sa gusali, maaaring masaktan ka!)

-Kusang loob na paglalagay sa peligro ng iyong sarili sa pamamagitan ng mga mapanganib na gawain at tumanggi na gumamit ng mga kagamitan na makapagliligtas (halimbawa sinturon sa upuan ng sasakyan, salamin na may kulay sa pag tatrabaho, “helmet” sa lugar ng konstruksiyon at iba pa.)

HINDI TAMANG PAGKILALA SA KATAWAN NI CRISTO:

Sinabi ni Pablo marami ang mahihina at may sakit dahil hindi tama ang pagkilala sa Katawan Ni Cristo at nagkokomunyon nang hindi nararapat.

ANG KAHIHINATNAN NG KARAMDAMAN

Ang kahihinatnan ng karamdaman at alin sa mga ito. . .

PARA SA KALUWALHATIAN NG DIOS:

Ang tao ay gumaling at Ang Dios ang tumanggap ng papuri sa pamamagitan ng kanilang patotoo, buhay at ministeryo. Sinabi Ni Jesus sa bulag na tao:

...Hindi dahil sa ang taong ito'y nagkasala, ni ang kaniyang mga magulang man: kundi upang mahayag sa kanya ang mga gawa ng Dios. (Juan 9:3)

Sa Dios ang kaluwalhatian ng “divine healing”/makalangit na kagalingan, siyempre, ang natural na kagalingan ng katawan sa pamamagitan ng sariling proseso ay Sa Dios din ang kaluwalhatian. Ang Dios ay may likha ng katawan at ipinakikita ang Kanyang likas at ang makapangyarihang pagkalikha sa pamamagitan ng natural na proseso ng katawan.

Ang kaluwalhatian ay dapat mapunta Sa Dios sa kagalingan na tinulungan ng medisina. Sinasabi sa Biblia ang bawa't mabuting kaloob ay galing Sa Dios, at kasama dito ang mga gamot, bitamina, at ibang bagay na may pakinabang ang ating mga pisikal. Maraming gamot ang galing mula sa natural na sangkap sa mga halaman, at mga elemento na sa una ay likha Ng Dios. Nagkakaroon ng problema kung ang mga tao ay ibinigay ang papuri sa mga gamot at doktor sa halip na kilalanin na Ang Dios ang pinagmumulan ng lahat ng kagalingan:

Gayon ma'y aking tinuruan ang Ephraim na lumakad: Aking kinalong sila sa aking mga bisig; ngunit hindi nila kinilala na aking pinagaling sila. (Oseas 11:3)

Kung minsan ang kagalingan ay nahuhuli at ang tao ay gagaling pagkaraan ng ilang panahon o unti-unti.

-Si Zacarias ay hindi gumaling hanggang hindi naipanganganak si Juan (Lucas 1:20).

-Hindi magka-anak si Hannah hanggang sa tamang panahon ng ibinigay ng Dios (I Samuel 1:5-19).

-Si Abraham at si Sara ay hindi magka-anak, sa kabila ng pananampalataya ni Abraham, hanggang sa itinakdang oras ng Dios (Hebreo 11:11).

KARAMDAMAN HANGGANG SA KAMATAYAN:

Sinabi Ni Jesus sa Juan 11:4 na ang sakit ni Lazaro ay hindi hanggang kamatayan. Ang ibig sabihin nito ay may sakit hanggang kamatayan. May dalawang uri ng kamatayan na binanggit sa Biblia. Ang iba na ibinigay sa pagkawasak ng laman at namatay ng wala sa panahon para ang espiritu ay maligtas.

Ang bawa't tao ay may nakatalagang panahon ng kamatayan (Ecclesiastes 3:2; Hebreo 9:2). Kahit si Elias, ang dakilang propeta Ng Dios na gumawa ng maraming mga himala ng pagpapagaling, ay nagkasakit “ ang sakit na hanggang sa kamatayan” (II Mga Hari 13:14). Posible na basta tumigil ang paghinga ngunit walang sakit:

Iyong ikinukubli ang iyong mukha, sila'y nangababagabag; iyong inaalalis ang kanilang hininga, sila'y nangamatay, at nagsisibalik sa kanilang pagkaalabok. (Mga Awit 104:29)

Para sa mga mananampalataya, ang epekto ng katandaan ay maaaring alinman na paraan. Walang epekto ang edad ng katandaan ni Moises. Si Josue ay “matanda at nadapuan ng karamdaman.” Higit sa natural pinanatili Ng Dios ang isa, habang ang isa ay nakaranas ng resulta ng natural na pagtanda. Ang kanilang pagka espirituwal ay walang kinalaman dito. Umaalalay sa atin Ang Dios kung ang ating katawan man ay sumusunod sa natural na proseso ng pagtanda at kamatayan sa pamamagitan ng mga sakit o higit sa natural na pagpapanatili. Ang layunin ng kagalingan ay hindi kawalang-kamatayan. Hindi magagawa ito ng “divine healing”/makalangit na kagalingan gayun din naman ng medisina. Kahit nga ang muling binuhay Ni Jesus ay mamamatay sa katapusan.

Kung ang mananampalataya ay namatay, ito ang pangwakas na kagalingan sa loob ng walang-hanggan. Nagkakamali tayo kung tayo ay namumuhay ng nakatali sa panahon sa halip na walang-hanggan. Bilang mananampalataya, tayo ay nabubuhay na ng buhay na walang-hanggan kung tayo man ay namumuhay dito o sa kabila ng kamatayan.

ANG MGA KALOOB NG KAGALINGAN

Ang mga kaloob Ng Espiritu Santo ay ipinagkaloob sa Katawan para sa ikalalakas ng Katawan. Kaya nga, ang mga kaloob ng kagalingan ay magagamit ng lahat at ang kagalingan ay para sa lahat. Hindi kumikilos ang kaloob ng kagalingan para sa isang tao lamang na may kaloob nito. Ang mga ito ay kumikilos sa pamamagitan niya ayon sa pagpapasiya Ng Espiritu santo. Sinasabi ng Biblia na hanapin natin ang pinakamabuting kaloob:

Datapuwa't maningas ninyong nasain, ang lalong dakilang mga kaloob. Itinuturo ko sa inyo ang isang daang kagalinggalingan. (I Corinto 12:31)

Kung ipinapanalangin mo ang kalolooban para sa kagalingan, hinihiling mo Sa Dios na paunlarin ang nasa sa iyo na, kung paano ang lahat ng mga mananampalataya ay may potensiyal at kapangyarihan na magpatong ng mga kamay sa mga may sakit para sa

kagalingan. Pinalago Ni Jesus ang mga kayamanan na ipinagkaloob sa Kanya (Lucas 5:22) at si Timoteo ay sinabihan na pagyamanin mo ang kaloob na ibinigay sa kanya (II Timoteo 1:3).

Mayroong iba't ibang mga kaloob dahil sa salitang “mga kaloob” ay pangmaramihan. Mayroong iba't ibang mga sakit at iba't ibang mga kaloob (o mga paraan) ng pagpapagaling para mapagaling ang mga ito. Kung nais Ng Dios na magpagaling ng isang paraan lamang, hindi na Niya ginamit ang napakaraming mga paraan sa Biblia.

Isipin ang iba't ibang mga paraan na kumilos Ang Dios para madala ang isang tao sa kaligtasan. Hindi ba Siya makakakilos sa iba't ibang mga kaparaanan para magpagaling? Ang mga paraan o mga kaloob na nasa kanila ay hindi nakakapagpagaling ng higit sa kanilang kaligtasan. Ang mga ito ay daluyan kung saan ang kapangyarihan Ng Dios ay nakikita. Sa Biblia makikita natin na ang kagalingan ay nangyari sa pamamagitan ng :

1. Pagpapatong ng mga kamay: Ang pastor ay hinihipo ang may sakit.
2. Hinihipo ng mga tao ang pastor.
3. Sinasabi ang Salita mula sa malayong lugar.
4. Sinasabi ang Salita sa presensiya ng may sakit.
5. Direktong hinaharap ang taong may sakit.
6. Kagalingan dahil sa pamamagitan ng isang tao.
7. Pananalangin.
8. Mga gawa na may pananampalataya: Kagalingan na nangyari mula sa ginawa ng taong may sakit sa pamamagitan ng pananampalataya.
9. Iba't ibang uri ng pananampalataya na kumikilos:
 - a. Ang pananampalataya ng pastor na nagmiministeryo.
 - b. Ang pananampalataya ng humahanap ng kagalingan.
 - c. Pananampalataya ng mga kaibigan.
 - d. Pananampalataya ng mga kamaganak.
10. Iba't ibang “bagay “ ang ginamit. Walang anuman ang banal sa mga ito, ngunit ang mga ito ay “point of contact.”
 - a. Dura.
 - b. Putik.
 - c. Damit ng panalangin.
 - d. “Poultice of figs” /Sabaw ng igos.
 - e. Laylayan ng damit ng pastor.
 - f. Anino ng pastor.

- g. Langis.
- h. Mga daliri sa tainga.
- i. Tubig.
- j. Hipo

11. Natatanging mga himala:

Hinihipo Ng Dios ang ibang mga tao ng may pananampalataya para sa natatanging kagalingan (katulad ni Apostol Pablo). Halimbawa, gumagamit Ang Dios ng mga tao para sa natatanging pag-miministeryo sa mga may sakit na cancer, at iba pa.. Hindi ibig sabihin nito hindi na tayo dapat magministeryo sa lahat ng aspeto ng ministeryo sa kagalingan. Narito ang mga tao na dapat kasama sa pag-miministeryo sa kagalingan:

- Mga Pastor at pastol (espiriturwal na mga lider): Ezekiel 34
- Mga Matatanda / diakono: Santiago 5:14
- Ordinaryong mga mananampalataya: Santiago 5:16; Lucas 16:15-18
- Ang mga may natatanging kaloob ng pagpapagaling: I Corinto 12:9
- Ang buong iglesya ay isang sentro ng pagpapagaling: Lucas 14:16-24

ANG LAYUNIN NG KAGALINGAN

Ang pinaka halatang layunin ng pagpapagaling ay gumaling ang may sakit. Ngunit ang kagalingan at pagpapalaya ay may ibang layunin higit sa gawing mabuti ang tao. Ang kagalingan at pagpapalaya ay :

IPINAPAKITA ANG KATANGIAN NG DIOS:

Ang Panginoon ay mapagbiyaya, at puspos ng kahabagan; banayad sa pagkagalit, at dakila sa kagandahang-loob.

Ang Panginoon ay mabuti sa lahat; At ang kaniyang mga malumanay na kaawaan ay nasa lahat niyang mga gawa. (Mga Awit 145:8-9)

At sa pagkaawa ay iniunat niya ang kaniyang kamay, at siya'y hinipo, at sinabi sa kaniya, ibig ko; luminis ka. (Marcos 1:41)

NAGBIBIGAY NG KALUWALHATIAN SA DIOS:

At lumapit sa kaniya ang lubhang maraming tao, na may mga pilay, mga bulag, mga pipi, mga pingkaw, at iba pang marami, at sila'y kanilang inilagay sa kaniyang mga paanan; at sila'y pinagaling niya:

Ano pa't nangagtake ang karamihan, nang mangakita nilang nangagsasalita ang mga pipi, nagsisigaling ang mga pingkaw, at nagsisilakad ang mga pilay, at nangakakakita ang mga bulag: at kanilang niluwalhati ang Dios ng Israel. (Mateo 15:30-31)

At sila, nang mapagbalaan na nila, ay pinakawlan, palibhasa'y hindi nangakasumpung ng anomang bagay upang sila'y kanilang mangaparusahan, dahil sa bayan; sapagkat niluluwalhati ng lahat ng mga tao ang Dios dahil sa bagay na ginawa. (Mga Gawa 4:21)

Bahagi ng pagluwalhati Sa Dios ang tamang pagkatakot Sa Dios. Ang mga resulta ng kagalingan ay katulad nito:

At ang takot ay dumating sa bawat kaluluwa: at ginawa ang maraming kababalaghan at tanda sa pamamagitan ng mga apostol. (Mga Gawa 2:43)

NAGPAPATUNAY NA SI JESUS AY TAGAPAGLIGTAS AT MESIAS:

Basahin ang Mateo 8:14-17 sa iyong Biblia. Ang mga natalang kagalingan ay nagpapatunay sa mga salita ng propeta:

...Siya rin ang kumuha ng ating mga sakit, at nagdala ng ating mga karamdaman. (Mateo 8:17)

Sa Lucas 5:18-26 ang kagalingan ng isang pilay na lalake at pagpapatawad sa kanyang kasalanan ay nagpapatunay na Si Jesus ang Tagapagligtas at gayundin naman isang manggagamot. Narito ang iba pang mga reperensiya kung saan ang pagpapagaling at pagpapalaya ay nagpapatunay na Si Jesus ay Tagapagligtas:

Kung hindi ko ginagawa ang mga gawa ng aking Ama, ay huwag ninyo akong sampalatayanan.

Datapuwa't kung ginagawa ko, ang mga yaon kahit hindi kayo magsisampalataya sa akin, ay magsisampalataya kayo sa mga gawa upang maalaman ninyo at mapagunawa na ang Ama ay nasa akin, at ako'y nasa Ama. (Juan 10:37-38)

Marami pang kababalaghang ginawa si Jesus na nasaksihan ng mga alagad, ngunit hindi natatala sa aklat na ito.

Ang mga natala rito ay isinulat upang sumampalataya kayong si Jesus ang Mesias, ang Anak ng Dios, at sa gayo'y magkaroon kayo ng buhay sa pamamagitan Niya. (Juan 20:30-31 MBB)

TINITIYAK ANG MENSAHERO AT ANG MENSAHE:

At sinabi ng babae kay Elias, Ngayo'y talastas ko na ikaw ay lalake ng Dios, at ang salita ng Panginoon sa iyong bibig ay katotohanan. (1 Mga Hari 17:24)

Nagsitira nga sila doon ng mahabang panahon na nagsisipagsalita ng boong katapanangan sa Panginoon, na nagpapatotoo sa salita ng

kaniyang biyaya, na ipinagkakaloob na gawin ng kanilang mga kamay ang mga tanda at mga kababalaghan. (Mga Gawa 14:3)

Nang makita nga nila ang katapanangan ni Pedro at ni Juan, at pagkatalastas na sila'y mga taong walang pinagalaran at mga mangmang, ay nangagtaka sila; at nangapagkilala nila, na sila'y nangakasama ni Jesus. (Mga Gawa 4:13)

NANGHIHIMOK NA TANGGAPIN ANG EBANGHELYO:

Sa pamamagitan Niya, tinanggap namin sa Dios ang kaloob na maging apostol upang ang lahat ng bansa ay akayin sa pananampalataya at pagsunod sa Kaniya. (Roma 1:5 MBB)

Madaling sabihin sa mga tao ang tungkol sa Ebanghelyo pagkatapos na sila ay gumaling. May ilang halimbawa nito sa aklat ng Mga Gawa. Ang pagpapagaling ay nagbubukas ng pinto para sa pagbabahagi ng Ebanghelyo ng kaligtasan, kapuspusan ng Espiritu Santo, ang paglago ng iglesia. Tingnan ang Mga Gawa 2:42-47 at 5:14 para sa mga halimbawa.

Kahit nga ang pagpapagaling ay naghihikayat para tanggapin ang Ebanghelyo, palaging tandaan na hindi nito kinukuha ang lugar ng pangangaral ng Ebanghelyo ng kaligtasan. Ang Salita ay dapat maituro kasama ang pagpapakita ng kapangyarihan sa pamamagitan ng pagpapagaling at pagpapalaya para madala ang mga tao sa tamang kaugnayan Sa Dios. Palaging tandaan na ang Salita ang gumagawa ng pananampalataya para sa kaligtasan, pagpapagaling, at pagpapalaya.

Ang kagalingan ay makapangyarihang gamit para sa panghihikayat ng kaluluwa. Sa nakatalang pagpapagaling sa Biblia:

-Sa 17 pagkakataon, ang kagalingan ay nangyari sa panahon ng panghihikayat ng kaluluwa:

Mateo 4:24; 8:16; 9:2-8; 9:32-33
Marcos 1:23-28; 9:14-27; 10:46-52
Lucas 8:42-48; 13:10-13,16; 14:1-4; 17:11-19
Juan 4:28-30; 5:1-9, 14; 9:1-7
Mga Gawa 3:1-10; 8:5-8; 14:8-10

-Sa 16 na pagkakataon, ang kagalingan ay may resulta ng panghihikayat ng kaluluwa:

Mateo 9:2-8; 9:32-33; 12:9-13
Marcos 1:23-28; 5:1-13, 18-20; 7:32-37; 9:14-27
Lucas 5:12-14; 13: 10-13,16; 17:11-19
Juan 4:28-30; 9:1-7
Mga Gawa 3:1-8; 8:5-8; 9:32-35; 14:8-10

-Sa 26 na pagpapagaling 21 ay nangyari sa panahon ng panghihikayat ng kaluluwa.

NAGTATATAG NG KAHARIAN NG DIOS:

At pagalingin ninyo ang mga may-sakit na nagaroon, at sabihin ninyo sa kanila, lumapit na sa inyo ang kaharian ng Dios. (Lucas 10:9)

At nilibot ni Jesus ang boong Galilea, na nagtuturo sa mga sinagoga nila, at ipangangaral ang evangelio ng kaharian, at nagpapagaling ng lahat ng sarisaring sakit at ng lahat ng karamdaman na nasa mga tao. (Mateo 4:23)

Ngunit kung sa pamamagitan ng Espiritu ng Dios nagpapalabas ako ng mga demonio, ay dumating nga sa inyo ang kaharian ng Dios. (Mateo 12:28)

Sa iyong pagmiministeryo ng pagpapagaling alalahanin mo na ang Kaharian ng Dios ay hindi pa ganap. Sa kaganapan ng Kaharian Ng Dios walang nang sakit at kamatayan. Ngayon ang katawan, gayundin ang kaluluwa, ay hindi katulad ng pagkatubos sa kaganapan ng Kaharian.

Tayo ay naligtas mula sa kabayaran ng kasalanan ng nakaraan at maaaring maligtas mula sa kapangyarihan nito sa pangkasalukuyan. Sa hinaharap, tayo ay maliligtas sa presensiya ng kasalanan. Katulad din ng katotohanan tungkol sa karamdaman. Ang karamdaman ay hindi kabayaran para sa ating nakaraan na mga kasalanan. Maaari tayong matubos mula sa kapangyarihan nito sa pangkasalukuyan, ngunit hindi sa presensiya nito hanggang sa panghinaharap.

NAGPAPAKITA NG PAGHATOL SA KALABAN:

...ang prinsipeng ng sanglibutang ito ay hinatulan na...(Juan 16:11)

Kung ikaw ay nagpapatong ng mga kamay sa may sakit ipinahahayag mo na ang prinsipeng ng mundong ito ay hinukuman na at ang kapangyarihan ng karamdaman at sakit ay nawasak na. Tandaan na ang kapangyarihan ng karamdaman ang nawasak, hindi ang presensiya nito. Matutubos lamang tayo mula sa presensiya nito kung tayo ay lalapit sa kaganapan ng Kaharian Ng Dios.

NAGTITINDIG NG ESPIRITUWAL NA MGA LIDER:

Ang pagpapagaling ay ginagamit para magtindig ng espirituwal na mga lider. Si Pablo ay tinawag para maging apostol ng Ebanghelyo sa panahon na siya ay pinagaling (Mga Gawa 9).

ANG RESULTA AY MALAKING KAGALAKAN:

Basahin ang Mga Gawa 8:5-25. Ipinapaliwanag ng talatang ito ang laking kagalakan ang dumating sa mga tao at komunidad kung saan naka pag-ministeryo ng kagalingan at pagpapalaya.

SA IYONG PAGSISIMULA...

Ang kilalang lider na si Julius Caesar, kinilala na sumakop ng Britanya, naglayag kasama ang kanyang malaking bilang ng mga kawal mula sa France tungo sa England. Sinunog niya ang bawa't barko na ginamit para makatawid sa English na kanal. Alin sa dalawa magtagumpay o mamatay. Hindi maaaring umatras.

Ang ministryo ng pagpapaglaing at pagpapalaya ay para sa mga nagwawasak ng mga tulay ng kawalan ng pananampalataya at takot sa likod nila. Kukunin mo ang isa sa dalawang kalagayan tungo sa pagpapagaling at pagpapalaya. Maaaring matulad ka kay Gamaliel, isang lider sa Bagong Tipan, na tumayo sa isang tabi at nagpahayag ng babala. Nagmungkahi siya sa mga lider ng relihiyon na maghintay at magmasid. O makakatulad ka ni Pedro, ang gumawa ng mapanganib na gawain. Nagpagaling siya ng pilay na lalake, na nagdulot ng pagkagalit sa espirituwal na mga lider, at tumayo laban sa mga may kapangyarihan na nagsabi sa kanya na huwag mangaral o magpagaling sa pangalan Ni Jesus.

Palaging tandaan, ikaw ay tagapanguna ng kagalingan, hindi ang manggagamot. Ikaw ay daluyan lamang kung saan ang Manggagamot na nasa iyo ay dumadaloy para sa mga ...

-Tao na maaaring may kapansanan at naghihirap sa sakit.

-Tao na naguguluhan kung ano ang ginawa ng buhay sa kanila o puno ng kasalanan sa kanilang ginawa sa buhay.

-Tao na bigo, walang pag-asa, at handang sumuko na.

-Tao na nawalan ng mahal sa buhay o nasaktan ang kanilang puso ng lungkot ng emosyon na sobrang sakit para madala, ngunit masyadong personal para ipahayag.

-Tao na nagumon sa tanikala ng kasalanan at pag-atake ng demonyo.

-Tao na nahaharap sa kamatayan.

Pag-isipan ang itinanong Ni Jesus: “Ano ang mas madaling sabihin, “Pinatawad na ang iyong kasalanan” o sabihin, Tumindig ka at lumakad?”

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ipaliwanag ang ilan sa mga saloobin tungo sa pagpapagaling.

3. Kilalanin ang limang kategorya ng karamdaman,

4. Ibigay ang kahulugan ng “divine healing.”

5. Sino ang pinanggagalingan ng karamdaman?

6. Isulat ang ilan sa mga dahilan para sa karamdaman.

7. Ano ang dalawang kahihinatnan ng karamdaman.

8. Isulat ang ilan sa mga layunin ng “divine healing.”

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Narito ang ilang mga reperensiya para ipagpatuloy ang iyong pag-aaral tungkol sa pagpapagaling at pagpapalaya. Kasama sa mga ito ang parehong mga pangako at mga halimbawa ng pagpapagaling at pagpapalaya.

Mga Reperensiya sa Lumang Tipan

Genesis 17:18-19: Ipinangako Ng Dios na pagagalingin niya ang pagkabaog ni Sara.

Genesis 20:17: Pinagaling Ng Dios Si Abimelech.

Exodo 4:6-7: Ang may ketong na kamay ni Moises.

Exodo 15:25-26: Ipinahayag Ng Dios na ang Kanyang pangalan ay “Jehovah-Rapha” na ang ibig sabihin ay, “Ang Panginoon ang Manggagamot.” Ipinangako niya na walang sakit sa Egipto na darating sa Israel.

Exodo 23:25: Ipinangako Ng Dios na kukunin Niya ang sakit mula sa mga anak Niya.

Levitico 13:1-46: Patakaran tungkol sa ketong.

Levitico 14: 1-32: Patakaran tungkol sa ketong.

Levitico 15:1-33: Patakaran tungkol sa kalusugan.

Levitico 16:29-30: Pagpapagaling sa mga kasalanan.

Mga Bilang 12:1-15: Ang ketong nina Miriam at Aaron.

Mga Bilang 16:41-50: Ang epekto ng peste sa Israel.

Mga Bilang 21:5-9: Kagalingan mula sa simbolo ng tansong ahas.

Deuteronomio 7:15: Ang kalusugan na resulta ng pagsunod Sa Dios.

Deuteronomio 28: Ang resulta ay karamdaman kung hindi natin gagawin ang kautusan Ng Dios.

Deuteronomio 29:22: Ang Panginoon ay naglagay ng karamdaman sa lupain.

Deuteronomio 30:20: Ang Dios ang buhay at haba ng mga araw.

Deuteronomio 32:39: Ang Dios ay sumusugat at nagpapagaling.

Deuteronomio 7:15; 28:60: Mga sakit sa Egipto.

Josue 5:8: Natural na kagalingan ng sugat ng pagtutuli.

I Samuel 6:3: Ang handog ng pagsuway na nagdulot ng kagalingan.

I Samuel 16:14-23: Ang masamang espiritu na bumabagabag kay Saul.

I Mga Hari 5:23; II Cronica 16:12; Mga sakit sa paa.

I Mga Hari 8:37- 40: Mga salot sa lupain.

I Mga Hari 13:4- 6: Ang lalaking natuyo ang kamay.

I Mga Hari 17:17-24: Muling binuhay ni Eliseo ang isang bata . (ang mensahero at ang mensahe ay pinatutunayan ng pagpapagaling.)

II Mga Hari 1:2; 8:8-9: Ako ba ay gagaling sa karamdaman na ito?

II Mga Hari 2:19-22: Si Eliseo ay nagpagaling ng mga tubig.

II Mga Hari 4:8-37: Ang muling pagkabuhay ng anak ng babaeng Sunamita.

II Mga Hari 5:1-14: Ang paggaling ni Naaman.

II Mga Hari 13:14,21: Si Elias ay may sakit na hahantong sa kamatayan.

II Mga Hari 20:1-11: Ang karamdamang ni Ezechias.

II Cronica 6:24-31: Panalangin ng pagsisisi at karamdaman.

II Cronica 7:14: “Pagagalingin Ko ang kanilang lupain.”

II Cronica 16:21: Ang isang lalake na may malubhang karamdaman na hindi hinanap Ang Dios.

II Cronica 20:9: Naririnig Ng Dios kung tayo ay umiiyak sa pagdadalamhati.

II Cronica 21:12-30: Ang walang lunas na sakit.

II Cronica 24:25: Ang sakit ay tinawag na malubha.

II Cronica 26:19: Ang ketong ni Uzziah.

II Cronica 30:20: Ang paggaling ng mga tao na ipinalangin Ni Ezechias.

II Cronica 32:24-36: Ang karamdaman ni Ezechias.

Job 1-2: Ipinahayag ng mga kabanatang ito ang pinagmulan ng problema ni Job, kasama ang kanyang sakit.

Job 5:18; 30:18: Nagsalita si Job tungkol sa kanyang sakit.

Mga Awit 6:2-3: “ O Panginoon pagalingin mo ako.”

Mga Awit 27:1: “ Ang Panginoon ang lakas ng aking buhay.”

Mga Awit 30:2: “Ako ay umiyak at pinagaling Mo ako.”

Mga Awit 32:3-5: Ang resulta ng pag-amin ng kasalanan ay kagalingan.

Mga Awit 34:19-20: “Marami ang kadalamhatian ng matuwid, ngunit inililigtas Ng Panginoon sa lahat.

Mga Awit 38:3,7: Ang galit at kasalanan ay may epekto sa iyong kalusugan; ang sakit ay tinawag na “nakasusuklam.”

Mga Awit 41:1-8: "Pagalingin ang aking kaluluwa dahil ako ay nagkasala laban sa iyo.” Ang karamdaman ay tinawag na masama.

Mga Awit 42:11; 43:5: Ang Dios ang kagalingan ng aking mukha..

Mga Awit 42: 1-5: Kagalingan para sa nanglulumo na kaluluwa.

Mga Awit 55: 1-2: Matiyagang pananalangin at kagalingan.

Mga Awit 60:2: “ Pagalingin ang sira ng lupain.”

Mga Awit 67:2: “Upang ang iyong daan ay maalaman sa lupa, ang iyong pangligtas na kagalingan sa lahat ng mga bansa.”

Mga Awit 72:13: Dapat tayong maawa sa dukha.

Mga Awit 91:9,10: “Walang anomang salot ang lalapit sa iyong tolda.”

Mga Awit 103:1-5: “Huwag mong kalimutan ang lahat Niyang mabubuting gawa... Na Siyang nagpapagaling ng lahat ng mga sakit.”

Mga Awit 105: 37: Ang Israel ay inilabas na walang mahinang tao sa kaniyang mga lipi. Tatlong milyon na mga tao ang maayos at malakas.

Mga Awit 107:17-20: “Ipinadala Niya ang kanyang Salita at pinagaling sila.”

Mga Awit 119:25-28: Tayo ay pinalakas ng Salita.

Mga Awit 119:67: “Bago ako nagdalamhati , ay naligaw ako.”

Mga Awit 147: 3: “ Na Siyang nagpapagaling ng lahat ng sakit.” Kagalingan para sa bagbag na puso.

Mga Awit 105:37: “ At Kanyang inilabas sila. . . at hindi nagkaroon ng mahinang tao sa kanyang mga lipi.”

Mga Kawikaan 3:7-8: Paano maging malusog.

Mga Kawikaan 4:20-23: Ang mga usapin ng buhay ay naaapektuhan ng ugali ng puso. Ang pangako Ng Dios ay buhay sa mga nakakita nito at kalusugan sa lahat ng kanilang laman.

Mga Kawikaan 12:18: Ang dila ng matalino ay nagdadala ng kagalingan.

Mga Kawikaan 13:17: Ang tapat na kinatawan ay inihambing sa kalusugan.

Mga Kawikaan 15:4, 30: Ang dilang magaling ay buhay; ang mabuting balita ay nakaaapekto sa kalusugan.

Mga Kawikaan 16:24: Ang Salita Ng Dios ay nagbibigay ng kagalingan sa mga buto.

Mga Kawikaan 17:22: Ang bagbag na diwa ay tumutuyo sa mga buto.

Eclesiastes 3:3: Mayroong panahon ng kagalingan.

Eclesiastes 5:17: Ang kalungkutan at poot ay may kaugnay sa karamdaman.

Isaias 6:10: Pagkaunawa , pagkahikayat, kagalingan.

Isaias 19:22: Kung sumasamo sa Dios , Siya ay nagpapagaling. (Ang ibig sabihin ng sumasamo ay masidhing paghiling at nagmamadaling paghingi.)

Isaias 32:3-4: Ang propesiya sa kagalingan ay bahagi ng Kaharian Ng Dios.

Isaias 33:24: “ Ang mamamayan ay magsasabi, Ako’y walang sakit.”

Isaias 35:5-6: Pagpapagaling sa Millennium.

Isaias 38: 1-12, 16: Ang karamdaman ni Ezechias at ang kanyang kagalingan.

Isaias 53:5: Ang kagalingan at pagpapalaya ay ipinangako sa pamamagitan ng “atonement.”

Isaias 57:18-19: Lumapit sa kagalingan.

Isaias 58:8: Ang kalusugan ay bubukal.

Isaias 61:1: Si Jesus ay ipinadala para gapiin ang wasak na puso (kagalingan ng damdamin).

Isaias 58:8: Ang kalusugan ay mabilis na bubukal.

Jeremias 3:22: Pinagagaling Ng Dios ang pagtalikod kung tayo ay babalik sa Kanya.

Jeremias 8:14-15; 20-22 Ang panahon ng pagpapagaling. Ang poot sa kasalanan ay nakatali sa pisikal na kalusugan.

Jeremias 15:18 Paano haharapin ang walang kagalingan na sugat.

Jeremias 14:19 Wala bang kagalingan para sa atin?

Jeremias 17:14 “Iyong pagalingin ako at ako ay gagaling.”

Jeremias 30:12-17 Ibabalik Ng Dios ang kalusugan.

Jeremias 33:6 “Pagagalingin Ko sila.”

Jeremias 46:11 “Kayo ay gagaling.”

Jeremias 51:8-9 Ang kagalingan ng Babilonya.

Panaghoy 2:13: “ Sino ang magpapagaling sa iyo?”

Panaghoy 3:33: “ Hindi nais Ng Dios na magpasakit.”

Ezekiel 14:19: Wala bang kagalingan para sa atin?

Ezekiel 17:14: Iyong pagalingin ako at ako ay gagaling.”

Ezekiel 30:17: “Ibabalik ng Dios ang kalusugan.”

Ezekiel 30:12-13: Hindi gagaling na mga sugat na hindi mapapagaling ng gamot.

Ezekiel 30:21: Kung ano ang sinira Ng Dios ay hindi na gagaling.

Ezekiel 33:6: “Pagagaling Ko sila.”

Ezekiel 34: 4,16,21: Isang babala sa mga pastol na hindi nagpapagaling.

Ezekiel 46:11: “ Huwag kayong gumaling.”

Ezekiel 47:8-12: Kagalingan ng tubig.

Daniel 4:34, 36: Ang kagalingan ni Nabucodonosor.

Oseas 5:13: Pagtungo sa ibang lugar para sa kagalingan. Hindi mapagagaling ng tao ang sakit na Ang Dios ang naglagay.

Oseas 6:1 “Siya ang sumira at Siya ang magpapagaling.”

Oseas 7:1 Pagpapagaling sa Israel.

Oseas 11:3 “Alam nila na hindi Ako ang nagpagaling sa kanila.”

Oseas 14: 4 “Pagagalingin Ko ang kanilang pagtalikod.”

Nahum 3:19: Isang walang pag-asang kalagayan.

Zacarias 11:16: Isang babala sa pastol na hindi nag papagaling.

Malachi 4:2: Kagalingan sa Kanyang pakpak.

Mga Reperensiya sa Bagong Tipan

Mateo 8:13: Ang “point of contact” ang nagtatakda ng oras.

Mateo 8:17: Inako Ni Jesus ang ating mga karamdaman.

Mateo 10:1: Ang kapangyarihan sa karamdaman at mga demonyo ay ibinigay sa mga disipulo.

Mateo 18:19-21: Ang dalawang magkasundo ay nakatatanggap ng hiniling.

Marcos 2:17: Ang Dios ay pumarito para pagalingin ang mga makasalanan.

Marcos 3:15-17: Si Cristo ay nagbigay ng kapangyarihan para pagalingin ang mga karamdaman.

Marcos 4: 18-19: Ang kagalingan ay bahagi ng pahid; Si Jesus ay ipinadala para magpagaling.

Marcos 11:24: Kung tayo ay naniniwala kung tayo ay nanalangin (hindi pagkatapos na ikaw ay tumanggap), makatatanggap ka.

Marcos 16:18: Sa pangalan Ni Jesus ang mga mananampalataya ay maka pagpapagaling sa mga sakit at magpapalayas ng demonyo.

Lucas 5:31: Kailangan ng may sakit ang manggagamot.

Lucas 7:6: Ang pananaw Ni Jesus sa hindi karapatdapat ay pananampalataya.

Lucas 7:22-23: Ang pinaka nakahihikayat na argumento ay karanasan.

Lucas 17:6: Ang maliit na pananampalataya ay magdudulot ng malaking resulta.

Lucas 18:7-8: Huwag kang susuko bago mo matanggap ang katugunan.

(Ang kuwento ni Daniel sa Lumang Tipan ay naglalarawan din ng kahalagahan ng matiyagang pananalangin: Narinig Ng Dios si Daniel mula sa una, ngunit inantala ni Satanas ng 21 mga araw.)

Juan 6:53-58: Ang katawan at dugo Ni Jesus ay nagbibigay ng buhay.

Juan 10:10: Si Jesus ay pumarito para tayo ay magkaroon ng buhay. Si Satanas ay pumarito para pumatay, magnakaw, at magwasak.

Juan 11:1-45: Ang karamdaman sa maikling panahon ay nagbibigay ng dakilang himala.

Juan 14:12-13: Ang mga ginawa Ni Jesus ay dapat natin gawin.

Juan 15:7: Ang kahalagahan ng pananatili sa paghiling at pagtanggap.

Juan 16:24: Humiling sa pangalan Niya at ikaw ay makatatanggap.

Roma 2:4: Ang kabutihan Ng Dios ay umaakay sa pagsisisi. (Pansinin na ang karamdaman ay hindi nagaakay sa pagsisisi; ang kabutihan Ng Dios.)

Roma 8:19-23: Ang buong mundo ay nasa proseso ng pagkabulok.

II Corinto 4:16: Ang panlabas na anyo ay lumilipas, ngunit ang panloob na tao ay maaaring mabago.

Efeso 3:20-21: Ang Dios ay may kapangyarihan para kumilos sa atin higit sa lahat ng ating hiniling o naiisip.

Filipos 2:25-27: Ang karamdaman ni Epafrodito.

Colosas 4:14: Si Lucas, isang manggagamot, ay bahagi ng grupo ng panghihikayat ng kaluluwa ni Pablo.

II Timoteo 4:20: Ang kaso ni Trofimo ay maikli, maliit ang makukuha mula dito. Hindi siya iniwan ni Pablo na may sakit, ngunit hindi sinabi sa atin kung siya ay mabilis na gumaling o unti-unti, o ano ang maaaring makapigil sa kanyang kagalingan.

Hebreo 4:15: Siya ay nahahabag sa ating mga kahinaan.

Hebreo 11:1: Ang pananampalataya ang katunayan ng mga bagay (kagalingan) hindi nakikita.

Santiago 1:6: Dapat tayong humiling ng may pananampalataya at hindi magalinlangan.

Santiago 1:17: Ang lahat ng mabuting kaloob (kagalingan) ay mula Sa Dios.

Santiago 5:14-15: Ang pagtawag sa mga matanda para sa pagpahid ng langis, ang panalangin ng pananampalataya, kagalingan at kapatawaran.

I Pedro 2:24: Tayo ay gumaling sa pamamagitan ng Kanyang mga sugat.

I Juan 3:22: Anuman ang ating hilingin matatanggap natin kung tayo ay masunurin.

III Juan 1:2: Ang kalusugan ay may kaugnayan sa kalagayan ng iyong kaluluwa.

Marcos 7:36; 8:26; Mateo 8:4: Huwag mong i “sensationalize” ang pagpapagaling.

Apocalipsis 20:2-3: Kung Si Satanas ay nakagapos, wala ng sakit at kamatayan.

Apocalipsis 21:4: Ang huling kagalingan: Wala ng karamdaman at kamatayan.

2. Ipinangako Ng Dios ang kagalingan at pagpapalaya. Narito ang ilang mga talata tungkol sa mga pangako Ng Dios:

Sapagkat siyang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawat sumasampalataya...(Roma 1:16)

. . .walang nagkulang na isang salita sa lahat niyang mabuting pangako... (I Mga Hari 8:56)

...sapagkat buhay sa nangakakasumpung, at kagalingan sa boo nilang katawan.(Kawikaaan 4:22)

Sapagkat maging gaano man ang mga pangako ng Dios, ay nasa kaniya ang oo: kaya nga naman na sa kaniya ang Siya Nawa sa ikaluluwalhati ng Dios sa pamamagitan namin. (II Corinto 1:20)

3. Narito kung paano ang ilan sa ibang espirituwal na mga kaloob ay ginamit kaugnay sa mga kaloob ng pagpapagaling:

-Pagtuturo at pangangaral: Base sa Salita, lumalago ang pananampalataya para sa pagpapagaling.

- Propesiya, pagsasalita ng ibang wika, at pagbibigay ng kahulugan: Maaaring magdala ng direktong salita mula Sa Dios tungkol sa sakit at / o kagalingan.

-Pagkilala ng Mga Espiritu: Ang pagkilos ng pagkilala ng mga espiritu at pagpapahayag kung kailangan ang pagpapagaling o pagpapalaya.

- Mga kaloob ng Pananampalataya: Nagbabahagi ng natatanging pagtitiwala para kumilos ayon sa pagkaunawa ng pagkilala at manalangin ng panalangin ng pananampalataya.

-Salita ng Kaalaman: Nagbibigay ng kaalaman ng pinagmulan ng karamdaman. Ito ay makatutulong sa panloob na kagalingan o kung ang pisikal na karamdaman ay kaugnay sa problema sa demonyo. Ito ay maaaring makapagbigay ng kaalaman tungkol sa mga kasalanan na kailangan na aminin, ang puwersa na may kinalaman sa demonyo, at ang kaisipan ng pag-uugali na maaaring makaharang sa pagpapagaling, at iba pa.

-Salita ng Katalinuhan: Nagbibigay ng kakayahan para gamitin ang kaalaman na ibinigay Ng Dios para magbigay ng salita ng katalinuhan (panuto) sa may sakit.

-Kaloob Ng Himala: Mabilis at malikhaing pagpapagaling, halimbawa, ang paghaba ng paa, at iba pa. Ang mga ito ay pagkakataon kung saan walang paliwanag na maibigay sa natural, isang bagay na walang maaaring mangyari sa natural na pamamaraan.

Para sa dagdag na pag-aaral ng espirituwal na mga kaloob, pag-aralan ang kurso ng Harvestime International Institute na may pamagat na *“Ang Ministeryo ng Espiritu Santo.”*

4. Isang pananalita tungkol sa mga himala: Para matanggap ang mga himala, dapat una mong tanggapin ang isahan, makalangit na puwersa na mas higit sa natural at may kakayahan na mag “control” nito. Ang puwersang ito Ay Dios. Ang mga himala ay porma ng makalangit na kapahayagan. Ang Dios ay lumikha ng natural na kaayusan, ngunit hindi Siya nakatali dito.

Sa totoo, ang mahimalang kagalingan ay panunumbalik sa normal. Ito ay kamatayan, hindi muling pagkabuhay, iyon ay hindi natural. Ang mga karamdaman at pagsapi ng demonyo na sumusira ng orihinal na kautusan ng likas ng Dios . Kaya sa totoo, ang mahimalang kagalingan , pagpapalaya, at iba pa, ay pagbalik sa normal. Sa katotohanan, hindi ang mga himala ang hindi natural, ngunit ang kawalan mula sa ating mga ministeryo.

IKA-LABING PITONG KABANATA

MGA BAGAY NA NAKAKA-APEKTO SA KAGALINGAN

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng “variables.”
- Talakayin ang mga kinaugalian ng mga tao na naka aapekto sa pagpapagaling.
- Talakayin ang ilan sa mga “variables” na naka-aapekto sa pagpapagaling.

SUSING TALATA:

Upang ang iyong daan ay malaman sa lupa, ang iyong pangligtas na kagalingan sa lahat ng mga bansa. (Mga Awit 67:2)

PAMBUNGAD

Bakit hindi maraming tao ang gumagaling? Bakit ang ilan ay gumagaling at ang iba ay hindi? Bakit ang mabababaw at makamundong Kristiyano kung minsan ay gumagaling at ang mga tapat at laan na mga tao ay hindi pa nakatatanggap ng kagalingan? Ito ang mga tanong na iyong nakakaharap kung ikaw ay nagsisimulang magministeryo ng pagpapagaling at pagpapalaya. Ang aralin na ito ay nakatuon sa mga pabagu-bago na naka aapekto sa pagpapagaling. Ang “variables” ay isang bahagi na nagiging sanhi ng iba’t iba o kakaibang mga resulta.

Ipinangako Ng Dios ang pagpapagaling sa Kanyang Salita. Gayon pa man, dapat nating alalahanin, na ang bawa’t pangako Ng Dios ay may kondisyon ayon sa tugon ng tao. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga na maunawaan ang mga pabagu-bago na naka aapekto sa pagpapagaling.

PAGUNAWA AT PAGTUGON SA MGA PABAGU-BAGO

Ang pabagu-bago sa ministeryo ng pagpapagaling at mga dahilan kung bakit ang ilan ay gumagaling at ang iba ay hindi. Bago magsimula sa pag-aaral na ito, mahalaga na tandaan na hindi ka magkakaroon ng mga sagot sa bawa’t tanong na iyong makakaharap sa pagpapagaling at pagpapalaya.

Natural sa tao na nais na maunawaan ng lahat ng mga bagay.. Ang unang pagtukso ay naka sentro sa usapin na ito. Ang naisin na ito na malaman ang lahat ng mga bagay ay nag-ugat mula sa paghihimagsik at mayroong hindi masagot na mga tanong. Ang problema na ito ng likas na tao ay isa sa dapat mong mapagtagumpayanm para makapag ministeryo ng pagpapagaling at pagpapalaya nang mabisa.

Ipinahayag ng Biblia ang ilan sa mga pabagu-bago na naka aapekto sa pagpapagaling at pagpapalaya, ngunit hindi ka kailanman magkakaroon ng mga sagot sa bawa't tanong. Kung magagawa mo, hindi mo na kailangan Ang Dios at ang pananampalataya. Maliwanag sa Biblia na ang ilang mga bagay ay ipinahayag sa atin, habang ang iba ay hindi:

Ang mga bagay na lihim ay nauukol sa Panginoon nating Dios: ngunit ang mga bagay na hayag ay nauukol sa atin at sa ating mga anak magpakailan man, upang ating magawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito. (Deutoronomio 29:29)

Sa pagpapagaling at pagpapalaya, dapat mong matutunan na ilagay sa isang tabi ang hindi masagot na mga tanong at iwanan ang sekretong mga bagay sa Panginoon.

Ang pagpapagaling at pagpapalaya ay bahagi ng Ebanghelyo katulad ng kaligtasan. Kung ikaw ay nagmiministeryo ng pagpapagaling at pagpapalaya at ang ilan ay hindi nakatatanggap, matutukso ka na sumuko na. Ngunit alalahanin mo ang tanong na ito: Tumigil ka ba ng pangangaral ng kaligtasan dahil ang bawa't isa na nakarinig ng mensahe nito ay hindi naligtas? Bakit tayo ay madaling tumigil sa pagmiinisteryo ng pagpapagaling at pagpapalaya dahil ang bawa't isa ay hindi nakatanggap? Marahil dahil sa pagpapagaling at pagpapalaya, ang pagmamataas ay pumapasok. Nauuwi tayo sa hiya kung ipinanalangin natin ang isang nakikitang tao na may sakit at hindi gumaling. Nakikita ng iba ito dahil ito ay panlabas. Kung may isang tumugon sa kaligtasan ngunit hindi talagang naligtas, hindi makikita ito dahil ito ay panloob. Ang ating "pride" ay naaapektuhan kung ano ang nakikita ng mga tao sa panlabas.

Hindi ka kailanman magkakaroon ng mga sagot sa lahat ng mga pabagu-bago na naka-aapekto sa pagpapagaling higit sa mga bagay na naka-aapekto sa mga tugon sa kaligtasan. Ang ilan ay naligtas, ang iba ay hindi. Ang ilan ay gumaling ang iba ay hindi.

Ipinahayag ng Biblia ang ilan sa pabagu-bago na naka-aapekto sa pagpapagaling at pagpapalaya, gayunpaman, mahalaga para sa iyo na maunawaan ang mga ito para matulungan mo ang iba na gumawa sa pamamagitan nila para makatanggap ng pagpapagaling. Narito ang ilan sa mga pabagu-bago:

KAKULANGAN SA PAGTUTURO

Ang kakulangan ng kaalaman tungkol sa pagpapagaling, ang mga prinsipyo nito, pinanggagalingan, paano gagamitin ang pananampalataya, at makatanggap nito ay maaaring makaapekto sa kagalingan. Sinabi Ng Dios:

Ang aking bayan ay nasira dahil sa kakulangan ng kaalaman: sapagkat ikaw ay nagtakuwil ng kaalaman, akin namang itatakwil ka, upang ikaw ay huwag maging saserdote ko: yamang iyong nilimot ang kautusan ng iyong Dios, akin namang kalilimutan ang iyong mga anak. (Oseas 4:6)

Sinabi Ni Jesus tayo ay nahuhulog sa pagkakamali kung hindi natin nauunawaan ang Salita Ng Dios at ang kanyang kapangyarihan.

Ngunit sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, Nangagkakamali kayo, sa hindi pagkaalam ng mga kasulatan, ni ng kapangyarihan man ng Dios. (Mateo 22:29)

Ang ilan sa mga tao ay hindi nakatanggap ng kagalingan dahil hindi nila nauunawaan ang Salita Ng Dios at ang Kanyang kapangyarihan. Ang pananampalataya para sa kagalingan ay galing sa pagkarinig ng Salita Ng Dios tungkol sa pagpapagaling (Roma 10:17). Ang Salita Ng Dios ay tinatawag ng Biblia na butil. Ang ilang mga tao ay nagsusubok na umani ng kagalingan ng walang Salita ng pagpapagaling na naitanim sa kanilang mga puso. Ang butil ay hindi makagagawa maliban na ito ay nasa sa atin. Bago sabihin “Ako ang Panginoon na nagpagaling sa iyo,” Unang sinabi Ng Dios, “Kung ikaw ay matiyagang sumusunod sa Aking Salita.” Ang Salita ay sinundan ng kagalingan.

Gaano karaming tao ang maliligtas kung hindi kailanman sila nakarinig ng mensahe ng kaligtasan? O gaano karami ang maliligtas kung ang pangunahing punto ng mensahe ng kaligtasan ay :

- Maaaring hindi kalooban Ng Dios na ikaw ay maligtas.
- Ang iyong kasalanan ay para sa kaluwalhatian Ng Dios.
- Ang araw ng kaligtasan ay lumipas na.

Subalit naririnig din natin ang pangungusap tungkol sa kagalingan na bahagi rin ng “atonement” /pagbabayad Ni Cristo:

- Maaaring hindi kalooban Ng Dios na ikaw ay gumaling.
- Ang iyong karamdaman ay para sa kaluwalhatian Ng Dios.
- Ang araw ng kagalingan ay lumipas na.

Ang mga tao ay dapat maturuan ng Salita Ng Dios tungkol sa kagalingan kung paano sila naturuan ng tungkol sa kaligtasan. Ang butil ng Salita ang nagdadala ng anihin ng kagalingan.

MGA KINAUGALIAN NG TAO

Ang mga kinaugalian ay mga pinaniniwalaan, tuntunin, at mga prinsipyo ng tao. Ang ating mga kinaugalian at pinaniniwalaan ay nakaaantala sa gawain Ng Salita Ng Dios:

...At niwalan ninyong kabuluhan ang salita ng Dios dahil sa inyong sali't-saling sabi. (Mateo 15:6)

Kung ang pananampalataya ay galing sa pakikinig ng Salita Ng Dios, ito ay magiiwan na ang pakikinig at pagtanggap sa mga kinaugalian at mga doktrina ng mga tao na sumisira ng pananampalataya. Narito ang ilan sa mga karaniwang kinaugalian ng tao na naka aapekto sa kagalingan:

SINASABI NG KAUGALIAN:

“Ang pagpapagaling at mga himala ay hindi sa panahon ngayon.”

Naniniwala ang ilang mga tao na ang kagalingan ay sa panahon lamang ng Biblia o sa hinaharap sa pagbabalik Ni Jesus.

ANG ATING TUGON:

Sinabi Ng Dios:

...sapagkat ako ang Panginoon na nagpapagaling sa iyo. (Exodo 15:26)

Ang ibig sabihin ng “Ako ay” ay nasa pangkasalukuyan.panahon. Paano natin mapapalitan ng “Ako noon” ay nakaraan na panahon o “Ako ay magiging” ay nasa panghinaharap? Itinuturo ng Biblia na Ang Dios ay hindi nagbabago:

Ang bawat mabuting kaloob at ang bawat sakdal na kaloob ay pawang buhat sa itaas, na bumababa mula sa Ama ng mga ilaw, na walang pagbabago, ni kahit anino man ng pagiiba. (Santiago 1:17)

Sapagkat ako, ang Panginoon, ay hindi nababago; kaya’t kayo, Oh mga anak na lalake ni Jacob ay hindi nangauubos. (Malakias 3:6)

Ang Dios ay hindi nagbago simula pa ng panahon:

Si Jesucristo ay siya ring kahapon at ngayon, oo at magpakailan man. (Hebreo 13:8)

Kung ang araw ng himala ay nakaraan na, gayun din ang araw ng kaligtasan, dahil walang mas dakilang himala higit sa kaligtasan. Ang ilang mga tao ay sinasabi na ang kagalingan ay sa panghinaharap sa pagbabalik Ni Jesus sa lupa. Kung ito ay totoo, ang ministryo ng mga guro , pastor at ibang mga lider ay dapat na sa panghinaharap na panahon din dahil ang kaloob ng pagpapagaling ay espirituwal na kaloob katulad ng ibang mga kaloob.

Ang pinaka nakahihikayat na argumento laban sa pahayag na ang mga himala ay hindi para ngayon ay ang dokumentaryo na natalang karanasan. Si Jesus ay naghimala at nagpagaling:

At sumagot siya at sa kanila’y sinabi, Magsiparoon kayo, at sabihin ninyo kay Juan ang mga bagay na inyong nangakita at nangarinig; ang mga bulag ay nangakakakita, ang mga pilay ay nagsisilakad, ang mga ketongin ay nangalilinis, at ang mga bingi ay nangakakarinig, ang mga patay ay ibinabangon, sa mga dukha ay ipinangangaral ang mabubuting balita. (Lucas 7:22) Tingnan din ang Mga Gawa 4:14-16.

Nakasulat sa aklat ng Mga Gawa ang mga himala at pagpapagaling sa unang Iglesia. Ang dokumentaryong nakasulat ng makabagong kasaysayan ng Iglesia ay nagpapatunay din ng maraming pagpapagaling at mga himala.

Ang ilan sa mga tao ay nagtatanong, “Kung ang pagpapagaling ay para sa ngayon, bakit ang mga mananampalataya ay hindi pumunta kung saan –saan para buhayin muli ang mga namatay na at pagalingin ang may mga karamdaman?” Ang muling pag buhay sa patay ay hindi bahagi ng Dakilang Utos na ibinigay sa Iglesia. Iniutos sa mga disipulo nang una silang pinahayo sa paglalakbay upang mangaral na ipahayag ang Kaharian. Ang pagtindig ng patay ay unang bunga ng muling pagkabuhay Ni Jesus na darating.

May pagkakaiba sa pagitan ng natatanging mga himala at mga himala ng pagkakatatipon. Ang natatanging mga himala ay ginawa bilang tanda sa natatanging pagkakataon, katulad ng ginawang alak ang tubig, paglakad sa dagat, pagpaparami ng tinapay at mga isda, paghati ng Dagat na Pula, at pagbuhay na muli ng patay. Ang kagalingan ay tipan ng himala sa Lumang Tipan, hindi natatanging himala. Ang Dios ay nananatiling bumubuhay ng patay, ngunit ito ay pinagpapasiyahan ng Kanyang kataas-taasang kapangyarihan at hindi bahagi ng pangkalahatang utos sa atin para magpagaling.

Habang tayo ay nasa paksa ng kamatayan, sinasabi ng ibang mga tao na nagdududa kung ang makalangit na pagpapagaling ay palaging nangyayari, walang Kristiyano ang mamamatay. Walang ganitong pahayag sa Biblia. Ang Biblia ay nagbibigay ng makalangit na kalusugan sa loob ng normal na panahon ng buhay.

Kahit ang pagbabayad Ni Cristo ng Knaiyang dugo ay binili ang ating walang-hanggang pagtubos mula sa kamatayan, ang katawan na may kamatayan ay mamamatay malibang Si Jesus ay bumalik muna at pagkatapos ay pagdagit. Katulad din ng itinuturo ng Biblia na ang pagpapagaling ay nagtatakda ng limitasyon sa haba ng buhay ng tao:

Ang mga kaarawan ng aming mga taon ay pitong pung taon. . . (Mga Awit 90:10)

At kung paanong itinakda sa mga tao ang mamatay na minsan at pagkatapos nito ay ang paghuhukom; (Hebreo 9:27)

SINASABI NG KAUGALIAN:

“Sa panahon Ni Jesus walang may kakayahan na tulong mula sa medisina. Ngayon ito ay makatutulong na, tayo ay inaasahan na gamitin ito sa halip na manalangin para sa kagalingan.”

ANG ATING TUGON:

Simula ng 400 B.C. mayroong siyensiya ng medisina na sa pangagamot. Si Hippocrates 460-370 B.C., ang ama ng medisina, siya ang nagpasimula ng siyensiya ng medisina sa mataas na lipunan. Ang ilan sa mga teknolohiya ay ginagamit hanggang ngayon. Maraming may kakayahan na mga manggagamot sa panahon Ni Jesus sa Grecia, Egipto, at Roma.

Ang makalangit na kagalingan ay walang kinalaman sa may kakayahan o walang kakayahan na medisina ng siyensiya. Ito ay pagpapala na ibinigay sa kabayaran ng kasalanan. Ang bawa't mabuting kaloob ay galing Sa Dios, kaya katanggap-tanggap na gumamit ng lehitimong tulong ng medisina. Gayunpaman, tandaan na ang medisina ay hindi kapalit para sa tipan na ipinangakong kagalingan.

Sa kabila ng maraming pakinabang sa medisina marami pa ring walang kagalingan na mga karamdaman, kaya ang makalangit na kagalingan ay kailangan pa rin. Gayundin maraming mga tao na hindi maabot ng tulong ng medisina. Halimbawa, sa Africa, 80 % ang itinaya na ang mga tao ay walang pangunahing pag-aalaga ng medisina.

SINASABI NG KAUGALIAN:

Ang makalangit na kagalingan ay itinuturo lamang ng bulaang mga kulto.”

ANG ATING TUGON:

Sina Wesley, Luther , at Zinzendorf, mga lider ng Metodista, Lutheran, at Moravian na mga iglesya ay iginagalang, lahat ay nagturo ng makalangit na kagalingan/ “divine healing”. Ang mga nagtuturo ngayon nito, kasama ang makapangyarihan na pagliligtas ng dugo Ni Jesus at ang kadiosan Ni Crsito, ay hindi higit na hindi karaniwan sa mga lider na ito. Ang ilan sa mga kulto ay nagtuturo ng kagalingan, ngunit hindi tunay na kagalingan base sa Biblia. “Ito ay “psychic” o “mind over matter” na kagalingan mula sa ibang pinanggalingan hindi Sa Dios.

Si Satanas ay manlilinlang at manggagaya. Hindi natin inaalís ang makalangit na kagalingan/ “divine healing”dahil lamang siya ay nangloloko at nagpapagaling sa pamamagitan ng masamang kapangyarihan. Maraming naloloko si Satanas na sa paniniwala na ang paghuhugas sa ilog ng Ganges sa India ay makalilinis ng kasalanan. Hihinto ba tayo ng pangangaral ng kaligtasan dahil ginagaya lamang ito ni Satanas? Sa katotohanan na binibigyan ng panahon ni Satanas na gayahin ang makalangit na kagalingan/ “divine healing” ito ay pagpapakita na may tunay na kagalingan.

SINASABI NG KAUGALIAN:

Higit na binibigyan diin ng makalangit na kagalingan/ “divine healing” ang katawan kaysa sa kaluluwa.”

ANG ATING TUGON:

Ang ilan sa mga nagmiministeryo sa pagapagaling ay nahulog sa halimbawang ito ngunit hindi ito ang halimbawa sa Biblia ng kagalingan. Ang halimbawa base sa Biblia ay tungkol sa kabuuan ng tao, katawan, kaluluwa, at espiritu. Ang kagalingan ay hindi mismong Ebanghelyo, ito ay isang aspeto ng Ebanghelyo Ni Cristo. Hindi ito dapat maipangaral hiwalay sa pagbabayad “atonement” para sa kaligtasan ng kaluluwa ng makasalanang lalake at babae. Ang pagbibigay ng panahon ng iglesya sa espiritu at gawain ng medisina sa katawan kasama ay parehong hindi nabigyan ng pansin ang kabuuan ng isang konsepto ng tao na ipinakilala sa Biblia.

SINASABI NG KAUGALIAN:

“May sakit ka dahil nagkasala ka.”

ANG ATING TUGON:

Napag-usapan na natin ang paksang ito sa pagtalakay ng pinanggagalingan at mga dahilan para sa karamdaman sa Ika-labinganim na Kabanata. Habang ang lahat ng karamdaman ay nasa mundo dahil sa kasalanan, hindi ibig sabihin na ang isang tao na may sakit ay dahil sa personal na kasalanan.

SINASABI NG KAUGALIAN:

“Kalooban Ng Dios na ikaw ay magkasakit. Ito ay para sa kaluwalahatian Niya.”

ANG ATING TUGON:

Marami ang hindi nagtatanong kung kaya ba Ng Dios o hindi na magpagaling, ngunit kung nais ba Niya. Sinasabi ng Biblia na tayo ay hindi matalino kung hindi natin maunawaan ang kalooban Ng Dios:

Kaya huwag kayong maging mga mangmang, kundi unawain ninyo kung ano ang kalooban ng Panginoon. (Efeso 5:17)

Ang pagkilala sa kalooban Ng Dios tungkol sa karamdaman ay nagbibigay ng matabang lupa kung saan ang pananampalataya ay maaaring lumago. Ang panalangin ng pananampalataya ay ang panalangin lamang na mabisa para magkamit ng kagalingan. Hindi ito maipapanalangin habang tayo ay nagtataka kung kalooban Ng Dios na mag pagaling.

Una, kung naniniwala ka na kalooban Ng Dios na ikaw ay magkasakit, mali na humiling sa isang tao na ipanalangin ka para sa iyong kagalingan. Kung ang karamdaman ay galing Sa Dios, kung ganoon ang mga manggagamot ay maaaring galing sa masama dahil sinusubukan nila na maalis ang karamdaman. Ang mga ospital ay maaaring mali dahil hinahanap nila kung paano maalis ang karamdaman ayon sa kanilang paglaban sa kalooban Ng Dios. Ang bawa’t nars ay maaaring lumalaban Sa Dios sa bawa’t pagsisikap na maibsan ang pagdurusa.

Ang mga naniniwala na ang sakit ay pagpapala ay hindi dapat tumanggap ng paggamot ng medisina para maalis ang kanilang “pagpapala,” ngunit dapat manalangin ang lahat ng kapamilya at kasamahan sa iglesya na makatanggap ng katulad na “pagpapala.” Ang mga naniniwala na ito ay galing Sa Dios ay hindi dapat hayaan na operahan ng mga manggagamot at alisin ang kanilang “pagpapala.” Kung tunay kang naniniwala na ang sakit ay kalooban Ng Dios para sa iyo bilang mananampalataya, dapat tumigil na uminom ng gamot at magkunsulta sa manggagamot dahil lumalaban ka laban sa kalooban Ng Dios.

Ngunit alam natin na ang lehitimong manggagamot, medisina, ospital, at siyensiya ng medisina ay mga dagdag na kabutihan Ng Dios. Dahil ang sakit ay galing kay Satanas, ang bawa't lehitimong paraan para ibsan ang pagdurusa ay galing sa ating Amang nasa Langit. (ang ibig sabihin ng lehitimo ay mga paraan na hindi kasama ang paraan ni Satanas o pagsuway sa Salita Ng Dios.)

Tutoo na ang ating mga katawan ay binili sa malaking halaga at dapat nating luwalhatiin Ang Dios sa mga ito, kung tayo man ay may karamdaman o mabuti. Ngunit ayon sa mga nakasulat sa Biblia, Ang Dios ay naluluwalhati kung ang mga tao ay gumagaling. Kung ang karamdaman ay lumuluwalhati Sa Dios, ninanakaw Ni Cristo ang kaluwalhatian Sa Dios sa pamamagitan ng pagpapagaling sa karamdaman. Kung ang karamdaman ay lumuluwalhati Sa Dios, dapat tayong manalangin na tayong lahat ay magkasakit. Ang Dios ay hindi naluluwalhati sa karamdaman ng katawan kung paano hindi naluluwalhati Ang Dios sa karamdaman ng kasalanan sa espiritu.

Kung minsan pinahihintulutan Ng Dios ang karamdaman na dumapo sa mananampalataya, ngunit palaging tandaan kay Satanas galing ito. (Si Job ang isang halimbawa nito.) Hindi kalooban Ng Dios ang karamdaman sa mananampalataya, Alam ng Dios ang atake ni Satanas at ginagamit Niya ang lahat ng mga bagay (kahit masama) para magkalakip-lakip para sa iyong ikabubuti. Ito ang dahilan kahit sa panahon ng karamdaman ikaw ay malalapit Sa Panginoon. Palaging hinahanap Ng Dios na magdala ng kabutihan mula sa kasamaan. Ginagamit Niya ang dulot ng kasalanan para malutas ito sa pamamagitan ng kamatayan Ni Jesus.

Si Pablo ay unang nangaral sa Galacia dahil sa nabagong “schedule” dahil sa sakit (Galacia 4:13-15). Dahil sa sakit ni Trophimus ay hindi nakatungo sa Roma kasama si Pablo at nagdusa ng katulad na kapalaran (II Timoteo 4:20). Ang karamdaman ay ginamit para mapigil ang kasalanan sa Genesis 12 at 20. Kahit ang mga halimbawang ito ay naglalarawan kung paano ito ginagamit Ng Dios, tandaan na . . .

...siya'y hindi kusang dumadalamhati... (Mga Panaghoy 3:33)

Hindi galing Sa Dios ang karamdaman sa buhay ng mananamaplataya, ngunit kinukuha Niya ang pinaplano ni Satanas na kasamaan at ginagawa ito para makamit ang espirituwal na pagtatagumpay habang ikaw ay inaatake.

Kung karamdaman lamang hindi ito magdudulot ng mga mananampalataya. Ito ay magbubunga ng poot, pagdaing, walang paniniwalang mga tao. Ang Salita ang nagpapabanal at nagbubunga ng paglago (Juan 17:17). Tutoo na kadalasan nagbabasa ka ng Biblia sa panahon ng karamdaman, hindi kinakailangan na magkasakit para espirituwal na lumago. Makatutulong na tandaan ito: Ang kalooban Ng Dios para sa mga mananampalataya ay makatulad Ni Cristo sa ugali. Ang lahat ng bagay pati ang karamdaman at kalusugan ay nagkakaroon ng halaga dahil sa makalangit na layunin na ito. (Roma 8:28-29)

Sa kalagayan ng hindi mananampalataya, ang karamdaman ay resulta mula sa kasalanan at ang kasamang paghuhukom Ng Dios na galing mula sa kasalanan. Ngunit kahit ang

mga ito ay magagamit Ng Dios para sa ikabubuti, kung paano ang pagpapagaling at pagpapalaya ay maka pag miministeryo , ang kaligtasan ang resulta nito.

Maraming ibinigay na mga pangako Ang Dios sa Kanyang Salita tungkol sa pagpapagaling at pagpapalaya. Bakit ibibigay Ng Dios ang mga ito sa Kanyang Salita kung kalooban Niya na ikaw ay magkasakit? Kung sinasabi ng mananamaplataya, “Hindi ko alam kung kalooban Ng Dios na ako ay pagalingin,” tanungin niya, “Kalooban ba Ng Dios na gawin ang Kanyang mga pangako?”

Sinabi Ni Jesus ,”Kung nakita ninyo ako, nakita ninyo ang Ama.” Sinabi Niya ito dahil ginawa Niya ang gawain at kalooban Ng Ama (Juan 14:9). Kung nagtataka kung nais o hindi nais Ng Dios na magpagaling, dapat mo lamang tingnan ang kilos ng ating Panginoon.

Kung nananalangin ka ng kagalingan, ipanalangin”Ang kalooban Mo ang mangyari” o ayon sa Iyong kalooban.” Huwag mong sasabihin “kung ito ang kalooban Mo” kung ikaw ay nananalangin para sa kagalingan at pagpapalaya. Ang isang makasalanan ay hindi nananalangin na “Panginoon, iligtas mo ako kung kalooban mo.” Ang kagalingan ay bahagi ng pagbabayad/ “atonement” katulad sa kaligtasan. Ito ay nag papahiwatig ng pag-aalinlangan na nais Ng Dios na mabuo tayo. “Ayon sa Kanyang kalooban” ay nagpapakita ng pagtitiwala ng pananampalataya, habang iniwan mo ang paraan, lawak, at panahon sa Kanya.

Kahit sa kalagayan ng karamdaman na hahantong sa kamatayan, manalangin “ayon sa kalooban Niya” hindi “kung kalooban Mo” na magpagaling. “Ayon sa kalooban Mo” ay iniwan ang panahon at kalagayan Sa Dios. Maaari Niyang piliin ang pangwakas na kagalingan sa pamamagitan ng kamatayan na mag-aalis sa mananampalataya mula sa presensiya ng karamdaman para sa walang-hanggan.

Tinuruan tayo Ni Jesus na manalangin “Mangyari nawa ang kalooban mo dito sa lupa, kahit na sa Langit.” Walang karamdaman at sakit sa Langit, kaya makakapanalangin tayo ng may pagtitiwala laban sa lupa na alam natin na hindi Niya kalooban. Si Jesus ay hindi kailanman nanalangin ”pagalingin Mo kung Iyong kalooban, Dios.” Nanalangin lamang Siya ng “Kung kalooban Mo “ nang Siya ay nanalangin tungkol sa kaugnayan Niya sa sariling pagpapasakop sa plano Ng Dios para sa kanyng buhay – hindi sa kagalingan.

Sumisira ng pananampalataya ang panalangin na “Kung iyong kalooban “. Nang ito ay ginamit ng isang taong itinakwil na ketongin na hindi niya alam ang kalooban Ni Cristo sa pagpapagaling. Itinuwid siya Ni Jesus sa kanyang kawalan ng kasiguruhan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng katiyakan, “Gagawin Ko.” Huwag babaguin ang katotohanan Ng Dios sa mga pag-asa at mga tanong. Kumilos sa mga ito bilang katotohanan at makikita mo na ang mga ito ay makapangyarihan.

Hindi ibig sabihin na ang isang tao na hindi gumaling kaagad o dahil siya ay namatay dahil sa karamdaman na humantong sa kamatayan ay hindi kalooban Ng Dios na siya ay gumaling. Tinitingnan natin ang mga bagay ayon sa panahon, habang ang pananaw Ng Dios ay pangwalang-hanggan. Dapat mong tandaan na may mga . . .

Naantalang Kagalingan: Si Sara ay hindi mabilis na gumaling sa kanyang pagkabaog. Si Job ay hindi kaagad-agad na gumaling. Ang ama ni Juan Bautista ay hindi gumaling sa kanyang pagkapipi hanggang hindi dumating ang takdang panahon. Si Jesus ay dalawang beses na nalangin para sa isang taong bulag, na nakatanggap lamang ng bahagi ng kagalingan sa unang pagkakataon. Kung minsan ang kagalingan ay naaantala para magdala ng higit na dakilang kaluwalhatian Sa Dios. Ang mabuting halimbawa nito ay ang kuwento ng muling pagkabuhay ni Lazaro.

Karamdaman na humahantong sa kamatayan: Ang kamatayan ay isa lamang pangyayari sa loob ng kaharian ng walang-hanggan sa buhay ng mananampalataya. Kahit ang karamdaman na humahantong sa kamatayan ay ginapi ng tagumpay dahil ang kamatayan sa isang mananampalataya ay pangwakas na kagalingan. Sa ating pagpasok sa presensiya ng Hari tayo ay ganap na at hindi kailanman magdurusa mula sa kasalanan o karamdaman. Tungkol sa kamatayan, sinabi ni Pablo tayo ay inihanda para sa ganitong layunin: “ Ang mawala sa katawan ay mapasa tahanan na kasama ng Panginoon” (II Corinto 5:6-9).

Kung hindi ka naniniwala na ang kagalingan ay para sa lahat, ikaw ay dapat maniwala na ang kagalingan ay pinamumunuan ng direktong kapahayagan sa bawa’t pagkakataon kung kalooban o hindi kalooban Ng Dios na gumaling. Ikaw ngayon ay umaasa sa direktong kapahayagan sa tao sa halip na sa nakasulat na Salita Ng Dios. Mawawalan ka ng basehan para sa pananampalataya hanggat hindi mo natatanggap ang natatanging kapahayagan sa bawa’t kalagayan na ang may sakit ay may pabor na mapagaling.

SINASABI NG KAUGALIAN:

“Marami ang paghihirap ng matuwid. Ang iyong karamdaman ay isang paghihirap na dapat mong tiisin dahil ikaw ay matuwid.”

ANG ATING TUGON:

Ang ibig sabihin ng salitang “paghihirap” na ginamit sa Mga Awit 34:19, ay nagmula sa kaugalian na ito, hindi tinutukoy nito ang karamdaman, ngunit pagsubok, kahirapan, pag-uusig, o pagtukso. Kahit kung ang tinutukoy nito ay karamdaman, ang ibang bahagi ng talata ay nagpapakita na nais na palayain tayo Ng Panginoon.

Sa Santiago 5:13-16 ang pagkakaiba ay napansin sa pagitan ng paghihirap at karamdaman. Kung ikaw ay naghihirap dahil; sa pagsubok, pag-uusig, at pagtukso, dapat kang manalangin para sa iyong sarili (Santiago 5:13). Kahit humingi ka ng ipanalangin ng iba, hindi sila tinawag para ipanalangin ang lahat na maalis ang mga problema mo.

Itinuturo ng Biblia na manalangin ka kung ikaw ay naghihirap dahil kailangan mong matutunan kung paano maging mananagumpay sa pamamagitan ng ipanalangin sa iyong sarili sa mga pagsubok at pagtukso sa dumarating sa iyo. Gayunman, kung sa kaso ng karamdaman, ang mga matatanda sa iglesia ay dapat ipatawag para manalagnin (Santiago 5:14). Ang may sakit ay dapat na iligtas (mula sa kanilang pisikal na karamdaman), gumaling (bumalik ang lakas), at mapatawad sa kasalanan (espirituwal na kagalingan).

SINASABI NG KAUGALIAN:

Ang iyong karamdaman ay “tinik sa laman katulad ni Pablo o ito ang iyong krus. Dapat mong matutunan na mamuhay kasama ito.”

ANG ATING TUGON:

Madaling harapin ang pagangkin na ang sakit ay iyong krus. Ang krus ay hindi problema, karamdaman, at paghihirap na ating nararanasan na hindi natin sariling pinili. Niliwanag Ni Jesus na ang “pagdadala ng krus” ay gawa na may kusang loob, hindi tinanggap natin dahil wala tayong pagpili na ginawa. Hindi itinuring Ni Jesus ang karamdaman at kamatayan bilang krus na ipinadala Ng Dios. Kanyang ipinalagay ito bilang kalaban.

Karaniwan ang “tinik sa laman” na sinasabi ay base sa tiniis sa laman ni Pablo na inilarawan sa II Corinto 12. Ang mga tao na naniniwala sa tinig ni Pablo ay karamdaman ito ang itinatampok na punto kung tinatalakay ang kagalingan. Maraming mga mananampalataya ay naloko at hindi nakatanggap ng kagalingan dahil sa tinik bilang doktrina ng karamdaman.

Ating siyasatin kung ano ang aktuwal na sinasabi ng Biblia tungkol sa tinik.

Ano Ito:

Sinasabi ng Biblia na ito ay isang “mensahero.” Ang salitang Griego na “mensahero” ay ginamit ng pitong beses sa Bagong Tipan. Ito ay isinalin ng 181 beses na “anghel”. Sa 188 beses na ginamit ito ay tumutukoy bilang isang personalidad, hindi sakit o karamdaman. Ang isang “mensahero” ay isang personalidad.

Ang paggamit sa salitang “tinik” sa Lumang Tipan ay sumusuporta dito. Ang tinik ay ginamit sa Mga Bilang 33:55 at Josue 23:13 para ilarawan ang mga tao sa lupain ng Canaan. Sa parehong mga kasong ito ay hindi pisikal na paghihirap, ngunit pagatake ng kalaban.

Kanino Galing Ito:

Sinasabi ng Biblia na ito ay mensahero mula kay Satanas.

Bakit Ito Pinahintulutan:

Sinabi ni Pablo na ang tinik ay pinahihintulutan dahil sa dami ng kapahayagan na kanyang natanggap at ang posibilidad tungo sa pagmamataas. Bago ang sinoman na mag sabi na siya ay may tinik sa laman dapat niyang isaalang-alang kung gaano karami ang mga kapahayagan at mga pangitain na kanyang natanggap. Siya ba ay karapat-dapat na magkaroon ng tinik? Marami sa mga tao na nag-iisip na sila ay may tinik sa laman ngunit hindi nakatanggap ng anumang uri ng kapahayagan at pangitain.

Ang tinik ay bahagi ng katuparan ng propesiya. Nang si Pablo ay nahikayat, Sinabi Ng Dios...

. . . aking ipakikilala kung gaano karaming mga bagay ang dapat niyang tiisin dahil sa aking pangalan. (Mga Gawa 9:16)

Ano Ang Ginawa Nito:

Ang tinik ay sumusuntok kay Pablo. Ang ibig sabihin ng “sumuntok” ay paulit-ulit na pagsuntok. Ang salitang “suntok” ay hindi permanenteng may sakit ngunit paulit-ulit na pagatake. Ang mensahero ay ipinadala para paulit-ulitin na atakihin si Pablo para subukin na pigilan na ipangaral ang Salita Ng Dios.

Hindi ipinangako Ng Dios na aalisin Niya sa mga mananampalataya ang kanilang panlabas na pag atake, ngunit ipinangako Niya na pagagalingin Niya ang sakit. Paulit-ulit tayong binigyan ng babala na kung tayo ay mamumuhay ng makaDios tayo ay nagdurusa ng pag-uusig at paghihirap, ngunit hindi karamdaman.

Paano Ito Ipinakikita:

Narito ang ilan sa mga halimbawa ng iba’t ibang mga paraan na ang tinik na ito ay nagpapasigla sa oposisyon para atakihin si Pablo:

- Nais ng mga Hudyo na patayin si Pablo pagkatapos na siya ay nahikayat: Mga Gawa 9:23
- Si Pablo ay napigilan na sumama sa mga mananampalataya: Mga Gawa 9:26-29
- Siya ay kinalaban ni Satanas: Mga Gawa 13:6-12
- Siya ay kinalaban ng mga Hudyo sa pagkakagulo ng mga tao: Mga Gawa 13:44-49
- Siya ay pinaalis sa Antioquia sa Pisidia: Mga Gawa 13:50
- Siya ay pinagkaguluhan at pinaalis sa Iconium: Mga Gawa 14:1-5
- Siya ay nagtungo sa Lystra at Derbe kung saan siya binato at iniwan na patay: Mga Gawa 14:6-19
- Siya ay patuloy na nakikipagtalo sa mga bulaang kapatiran: Mga Gawa 19:8
- Siya ay gunulpi at ibinilanggo sa Filipos: Mga Gawa 16:12-40
- Siya ay pinagkaguluhan ng mga tao at pinaalis sa Tesalonica: Mga Gawa 17:1-10
- Siya ay pinagkaguluhan ng mga tao at pinaalis sa Berea: Mga Gawa 17:10-14
- Siya ay pinagkaguluhan ng mga tao sa Corinto: Mga Gawa 18:1-23
- Siya ay pinagkaguluhan ng mga tao sa Efeso: Mga Gawa 19:23-31
- Ang buhay niya ay pinagpapanuhan ng masama ng mga Hudyo: Mga Gawa 20:3
- Siya ay dinakip ng mga Hudyo, dinumog ng mga tao, sinubukan sa korte ng limang beses, at nagdusa ng ibang mga paghihirap: II Corinto 11:23-33

Ni minsan , sa lahat ng kanyang sulat , na sinabi niya na ang sakit ay bilang pag atake na kanyang pinagdusahan. Sa I Corinto 4:11, ipinakita ni Pablo na ang kanyang pananaw sa pag ateke ay hindi permanenteng karamdaman. Sinabi niya, “Kahit sa oras na ito, pareho tayong naghahangad at nauuhaw, at hubad, at inaatake, at walang tiyak na titirhan.” Nakaranas si Pablo ng karamdaman ayon sa Galacia 4:13-16, ngunit hindi ito ang kanyang tinik dahil hindi ito permanenteng kalagayan. Sinabi niya na ito ang unang pagkakataon.

Ang ilan ay naniniwala na ang tinik ni Pablo ay ang kanyang may deperensiyang mga mata, ngunit ang kanyang mga mata ay gumaling mula sa pagkabulag (Mga Gawa 9:18). Ang paniniwala na ang kanyang mata ay patuloy na may problema ay nag papabulaan sa kapangyarihan Ng Dios sa pagpapagaling.

Isa pa, tama ba na tawagin ang problema sa mata ay resulta mula sa pagkakita ng kaluwalhatian Ng Dios bilang mensahero ni Satanas? Sinabi mismo ni Pablo sa taon ng 60 A.D., nang isinulat niya ang mga sulat, na sa panahon ng 14 na taong nakalipas na natanggap niya ang maraming kapahayagan na naging resulta ng kanyang tinik sa laman. Ito ay 12 taon pagkatapos na siya ay nahikayat kung saan niya nakita nag kaluwalhatian Ng Dios.

Kung ginagamit ni Pablo ang parirala sa Galacia 4:15 “na kung mangyayari, ay inyong dinukit sana ang inyong mga mata at ibinigay sa akin,” Ito ay “figure of speech” sa Hebreo. Ito ay katulad ng mga pariralang ginagamit para ipahayag ang malalim na pagnanais. Halimbawa, “ibibigay ko ang aking kanang kamay.” Kung si Pablo ay may sakit sa mata na sinasabi ng iba, katulad ng “ophthalmia” na may nana na lumalabas mula sa kanyang mga mata, kakaiba na ito ay magbibigay ng inspirasyon sa mga tao para sa pananampalataya para sa natatanging himala. Nang si Pablo ay sumulat sa mga taga Corinto tungkol sa kanilang mga kabiguan sa pagkilala ng katawan ng Panginoon bilang dahilan kaya may sakit at mahihina sila, maaaring itatanong “Ano ang sanhi ng iyong pagkamasakitin?”

Ang Mga Resulta:

Kung si Pablo ay nagsasabi ng kanyang mga “kahinaan” na ang ibig sabihin ay “nais ng kalakasan, kahinaan, walang kakayahan na magdulot ng mga resulta sa pamamagitan ng kanyang sariling natural na kakayahan.”

Ang pagtatapos tungkol sa tinik ni Pablo ay, kahit hindi natin alam ang tiyak na kung ano ang tinik, kung ikaw ay naturuan na ito ay sakit ilagay sa isip ang mga sumusunod:

Ang tinik ni Pablo ay nagdulot na maipakita ang kaluwalhatian ng kapangyarihan Ng Dios sa Kanyang buhay. Ang ilang mga tao ay ginagamit ang “tinik sa laman” bilang dahilan para manghina sa karamdaman. Dapat nilang tandaan na ang basehan lamang halimbawa sa Biblia ng ganitong tinik sa laman ay “out-wrote, out-preached, out-travelled” ang lahat ng kanyang kapareha sa ministeryo. Ang tinik ay hindi nakapigil sa kanyang paglilingkod sa Kaharian o sa pagpapakita ng kapangyarihan Ng Dios sa pamamagitan niya.

KAWALAN NG PANANAMPALATAYA

Ang isa pang pabago-bago na naka-aapekto sa kagalingan ay kawalan ng pananampalataya. Ang resulta ng kawalan ng pananampalataya ay maaaring...

-Pag-iisip na hindi maka pagpapagaling Ang Dios.

-Pag-iisip na makapagpapagaling Ang Dios, ngunit maaaring pinili Niya na hindi ako pagalingin.

-Pag-iisip na makapagpapagaling Ang Dios, at pagagalingin Niya ako ngunit hindi ngayon.

-Isang kapaligiran na walang pananampalataya na nakapigil sa kagalingan.

Mayroong ilang mga halimbawa sa Biblia kung paano ang kawalan ng pananampalataya ay nakapigil sa gawain Ng Dios. Sa lunsod ng Nazareth Si Jesus

...hindi gumagawa roon ng maraming makapangyarihang gawa dahil sa kawalan nila ng pananampalataya. (Mateo 13:58)

Si Jesus ay nagulat, o nabigla, na ang mga tao ay hindi naniwala:

At nanggigilalas siya sa kanilang di pananampalataya..(Marcos 6:5-6)

Sinabi ng Biblia:

Ngunit humingi siyang may pananampalataya, na walang anomang pagaalinlangan: sapagkat yaong nagaalinlangan ay katulad ng isang alon ng dagat na itinutuak ng hangin at ipinadpad sa magkabikabila.

Sapagkat huwag isipin ng taong yaon na siya'y tatanggap ng anomang bagay sa Panginoon. Ang taong may dalawang akala ay walang tiyaga sa lahat ng kaniyang mga paglakad. (Santiago 1:6-8)

Basahin ang kuwento ng pagpapagaling ng anak ni Jairus sa Marcos 5:35-40. Malalaman mo na ang mga nakapigil sa kapaligiran ng pananampalataya ay pinaalis sa silid habang Si Jesus ay nagmiministeryo ng kagalingan. Ang pangkalahatang kawalan ng pananampalataya ay isa sa pangunahing mga dahilan kaya hindi natin nakikita ang kagalingan at pagpapalaya na dumadaloy sa ating mga iglesya kung paano ito ninanais Ng Dios. Tayo ay kaanib ng bawat isa. Kung ang bahagi ng ating Katawan ay hindi naniniwala sa pagpapagaling, ang kawalan ng pananampalatayang ito ay makapigil sa pagdaloy ng kapangyarihan sa ating kalagitnaan.

Sinasabi sa Biblia, “Ang mga tandang ito ay susunod sa KANILA na sumasampalataya.” Ang talatang ito ay tumutukoy sa mga mananampalataya (ang iglesya). Hindi sinasabi ng talata “siya na sumasampalataya,” tumutukoy sa isahan. Hindi ito pananampalataya ng isa o dalawang ebangelista na nagdulot ng kagalingan na nakasulat sa Mga Gawa. Ito ay pananampalataya ng buong Iglesya na puspos Ng Espiritu .

Kung Si Jesus ay hindi gumawa ng makapangyarihang mga gawain sa Nazareth dahil sa kanilang (panglahatan) kawalan ng pananampalataya, hindi rin ba tutoo na ang ating panglahatan na kawalan ng pananampalataya ay nakapigil sa kagalingan? Ngayon ang malaking bahagi ng Iglesya ay tumututol kung ano ang ipinairal ng unang iglesya tungkol sa panalangin. Hindi nila tinatanggap ang pananaw sa karamdaman base sa Biblia. Hindi

silang naturuan ng Salita Ng Dios tungkol sa kagalingan. Gayunman, sinasabi nila na ang hindi nakatanggap ng kagalingan at inakusahan nila ang sumusubok na magministeryo ng kagalingan. Ngunit ito ay kabiguan kung saan sila - - pangkalahatan- - ang may malaking responsabilidad.

Ang mga nangangaral ng “full Gospel” ng kaligtasan na may pagpapagaling at pagpapalaya ay kadalasang may obligasyon na maghirap sa “Nazareth” ng kawalan ng pananampalataya.

Marami tayong nakikitang naliligtas dahil halos ang buong daigdig ay tumatanggap sa doktrina ng kaligtasan sa mga panguhahing iglesya. Ngunit hindi tayo nakakakita ng maraming pagpapagaling dahil tayo ay napipilitan na maghirap dahil sa kinaugalian, pagtangi, at kawalan ng pananampalataya sa maraming denominasyon.

Kung ang pangkalahatang kawalan ng pananampalataya ay hindi nakaaapekto sa daloy ng ministeryo ng pagpapagaling, bakit hindi ipinagpatuloy Ni Jesus ang pag miministeryo Niya sa Nazareth? (Ngayon, sa pangkalahatan tayo ay nagmiministeryo ng pagpapagaling sa mahihirap na bansa higit sa Kanluran na mga bansa dahil mayroong saloobin na pangkalahatang kawalan ng pananampalataya. Kung ano ang sinabi Ng Dios, sila ay naniwala. Kanilang inasahan ang hindi natural bilang bahagi ng kanilang pangaraw-araw na pamumuhay. Maraming mga tao sa bansang kanluran ay hindi handang tumanggap dahil sa kanilang pagkamateryalismong kaalaman at pangangatwiran ng tao.

KAKULANGAN SA PANANAMPALATAYA

Ang kawalan ng pananampalataya ay paniniwala na hindi kaya o hindi gagawa ng isang bagay Ang Dios. Hindi nangangahulugan na may pananampalataya ka kung wala sa iyo ang kawalan ng pananampalataya. Halimbawa, ang isang Ateista ay hindi naniniwala Sa Dios. Ang isang agnostiko ay niyutral. Ang isang mananampalataya ay may pananampalataya. Ang kakulangan ng kawalan ng pananampalataya ng isang agnostiko ay hindi ibig sabihin na siya ay may pananampalataya.

Dapat mong palitan ang kawalan ng pananampalataya ng pananampalataya Sa Dios dahil ang panalangin ng pananampalataya ay nagtitindig sa may sakit (Santiago 5:15). Dapat kang lumapit ng may pananampalataya, magsalita ng mga salita ng pananampalataya, at kumilos ng may pananampalataya. Dapat kang lumakad ng may pananampalataya at hindi ayon sa paningin (tingnan ang kalagayan ng katawan o sintomas).

Sinubukan ni Satanas na pigilan ang kagalingan sa pamamagitan na gawin kang lumalakad ayon sa paningin sa halip na sa pananampalataya. Sinubukan ka niya na tumingin sa mga sintomas. Sinubukan niya na tingnan mo ang iba na inangkin ang kagalingan, ngunit hindi naman. Hindi pananampalataya sa iyong pananampalataya o sa pananampalataya sa pananampalataya ng iba. Ang pananampalataya lamang ay hindi nakagagaling. Ang Dios ang nagpapagaling. Nakita ni Pablo na ang pilay ay may pananampalataya na pagagalingin Ng Dios (Mga Gawa 14:8-10).

Hindi kinakailangan ng malaking pananampalataya para gumaling. Sinabi Ni Jesus ang pananampalataya na kasing liit ng butil ng mustasa ay napakamakapangyarihan.

Kinakatagpo Ni Jesus ang mga tao sa antas ng kanilang pananampalataya. Kung saan nadarama nila na kinakailangan na nandoon ang presensiya Niya, Siya ay pumupunta. Kung mayroon silang pananampalataya na hindi kinakailangan, nagsasalita Siya ng Salita mula sa malayong lugar at nagkakaroon ng kagalingan.

Kung ang may sakit ay hindi gumagaling , kadalasan sinisisi ng mga tao na ang dahilan ay kulang sa pananampalataya. Ngunit katulad ng iyong natututunan sa aralin na ito, marami pang pabagu-bago na iba na dapat alalahanin. Hindi kailanman humatol si Jesus sa mga tao na humihiling ng kagalingan dahil sa kakulangan ng pananampalataya.

PERSONAL NA HINDI INAAMIN NA KASALANAN

Sinasangayunan ng Biblia ang direktong kaugnayan sa pagitan ng pangisahan na kasalanan at karamdaman sa ilang mga pagkakataon:

Mangagpahayagan nga kayo sa isa't isa ng inyong mga kasalanan, at ipanalangin ng isa't isa ang iba, upang kayo'y magsigaling. Malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid. (Santiago 5:16)

Sinabi ni David , ” hindi ako diringgin Ng Panginoon kung ako ay may kasalanan sa aking puso.”

Hindi ipinangako Ng Dios na sisirain Niya ang mga gawain ng Demonyo sa katawan habang tayo ay kumakapit sa mga gawain ng Demonyo sa ating kaluluwa. Kung mayroong kasalanan sa puso ng isang may sakit, maaaring hindi siya gumaling. Kung mayroong kasalanan sa puso ng isang nagmiinisteryo , maaaring hindi magkaroon ng kagalingan dahil hindi siya naririnig Ng Panginoon.

Ang hindi makapagpatawad na espiritu o pagkagalit ay nakapipigil sa kagalingan, “Kung hindi mo mapatawad ang tao sa kanilang mga kasalanan, hindi ka rin patatawarin Ng Ama na nasa Langit sa iyong mga kasalanan..” Kung hindi tayo mapatatawad Ng Dios kung hindi tayo maka pagpatawad sa iba, hindi rin Niya tayo pagagalingin, dahil kasama ang kabuuan ng kaluluwa, espiritu, at katawan sa kagalingan.

PAGTANGGI SA KAGALINGAN

Tinanong Ni Jesus ang pilay na lalake sa languyan ng betesda:

Nang makita ni Jesus na siya'y nakahandusay, at mapagkilalang siya'y malaon nang panahong may sakit, at sinabi niya sa kaniya, Ibig mo bagang gumaling? (Juan 5:6)

Kadalasan, hinihiling lamang natin ang kagalingan o pagpapalaya. Nais Ng Dios na pagalingin ang katawan, kaluluwa, at espiritu. Dahil ang tao ay katawan, kaluluwa, at espiritu, ang konsepto ng kagalingan ay nagpapahiwatig na pakikitungo sa lahat ng mga ito. Hindi nating mabibigyan diin ang pisikal na kalusugan hiwalay sa kaluluwa at espiritu, kagalingan hiwalay sa kaligtasan.

Ang Dios ay espiritu. Siya ay nakikipagugnayan sa iyo sa pamamagitan ng iyong espiritu. Ang iyong espiritu ay namamahala sa iyong pisikal, mental, espirituwal, at emosyonal na buhay. Ang iyong buong buhay ay base sa espirituwal. Dahil ikaw ay may espiritu na nilalang, ang kagalingan ng katawan ay nagsisimula sa espiritu.

Nang nilikha Ng Dios ang tao, ang Kanyang espiritu ang nangangasiwa na kapangyarihan ng Kanyang buhay sa lupa. Ito ay para magkaroon ng pangingibabaw sa isip, at katawan at madala ang mga ito sa nagkakaisang ganap na tao kung saan mananahan Ang Dios. Nang una, sa hardin ng Eden, ang tao ay may malapit na espirituwal na kaugnayan Sa Dios.

Sa pagbabawal sa puno ng kaalaman sa Hardin, pinagbabawalan Ng Dios na ang tao ay mamuhay sa antas ng pisikal at intelektuwal na kaalaman. Nang ang tao ay nagkasala, ang kanyang espiritu ay nalubog at pinili niya na mamuhay sa pamamagitan ng kanyang karunungan. Kung ang isip ay mas mataas sa espiritu at ito ang nangunguna, ang espirituwal na bahagi ng tao ay namamatay (o tumitigil na gumawa bilang pinanggagalingan na kanyang pagtugon Sa Dios at sa buhay). Mula sa panahon na iyon, mayroong paghihiwalay ng espiritu, isip, at katawan, na resulta ng kakulangan ng pagkakaisa sa taong nilalang, sa pagitan ng tao, ng kanyang kapaligiran, at ng kanyang Manlilikha.

KAKULANGAN SA PAGPAPASIYA AT PAGNANAIS

Tinanong Ni Jesus ang pilay na lalake sa Betesda:

Nang makita ni Jesus na siya'y nakahandusay, at mapagkilalang siya'y malaon nang panahong may sakit, at sinabi niya sa kaniya, Ibig mo bagang gumaling? (Juan 5:6)

Sa pagkakataon na ito, ang pilay ay dapat gumawa ng pagpapasiya. Ang ilang mga tao ay hindi nais na gumaling. Nalulugod sila sa simpatiya at atensiyon na kanilang tinatanggap sa kanilang pagkakasakit. Ang ilan ay nakatatanggap ng benepisyong medikal mula sa mga pensiyon o legal na mga bagay at ayaw nilang mawala ang mga ito. Ang iba ay may matinding naisin na makasama Ng Panginoon at ayaw na nilang gumaling.

MGA PROBLEMA SA ATING MGA KAHILINGAN

May ilang mga problema sa ating mga kahilingan para sa pagpapagaling na nakapipigil sa pagpapakita nito:

HINDI HUMIHINGI:

Una, at ang pangunahin, ay kung minsan hindi tayo humihiling ng kagalingan. Tayo ay bumabaling sa medisina para makatulong sa atin at sa mga kaibigan para sa kaaliwan:

...kayo'y wala, sapagkat hindi kayo nagsisihingi. (Santiago 4:2)

HINDI TIYAK ANG KAHILINGAN:

Kung minsan , ang mga panalangin ay napipigil dahil hindi ito tiyak:

Kayo'y nagsisihingi... (Santiago 4:3)

Kung masama ang iyong hinihiling , hindi ka tiyak sa iyong mga panalangin. Hindi tama ang iyong panalangin hindi mo natumbok.

MALI ANG MOTIBO SA PAGHILING:

Kung minsan mali ang ating motibo sa panalangin:

Kayo'y nagsisihingi, at hindi kayo nagsisitanggap, sapagkat nagsisihingi kayo ng masama, upang gugulin sa inyong mga kalayawan. (Santiago 4:3)

Ang ibang tao ay nais na gumaling, ngunit ayaw nilang baguhin ang kanilang makasalanang, makamundo, hindi nakatalagang uri ng pamumuhay. Nais nilang maging maayos para sila ay makabalik sa kanilang sariling gawain. Dapat isaalang-alang ng mga tao ang mga tanong na ito: Ano ang iyong motibo bakit nais mong gumaling.? Para ba ikaw ay makabalik sa makasariling pamumuhay? Para madali mong magawa ang mabubuting gawain sa halip na magawa mo ang tiyak na layunin Ng Dios para sa iyo?"

KAKULANGAN SA PAGTITIYAGA

Kung minsan hindi tayo nagtitiyaga (nagpapatuloy) sa panalangin. Nang una si Pablo ay nangangaral habang siya ay may sakit (Galacia 4:13-14) at di nagtagal siya ay gumaling. Mukhang walang bisa kaagad kay Epafrodito ang panalangin na kamuntik ng mamatay (Filipos 2:27) at si Trofimo ay naiwan na may sakit (II Timoteo 4:20). Ngunit sa katapusan pareho silang gumaling. (Pansinin na sila Pablo rin ay patuloy na nalangin para sa may sakit sa kabila na ang mga kasong ito ay walang mabilis na kagalingan).

Iniisip ng ibang mg atao na kung mahigit sa isa ka humiling sa kagalignan ito ay kulang sa pananampalataya. Hindi itinuro Ni Jesus na ang pagtitiyaga sa panalangin ay kawalan ng pananamaplataya o kulang sa pananampalataya. Kanyang hinihimok ito. Itinuturo ng Lucas 11:1-13 ang kahalagahan ng pagtitiyaga sa panalangin sa mga talinghaga ng hindi bagay na kaibigan (mga talata 5-8) at ang balo at ang hukom (mga talata 1-8). Ang halimbawa ni Daniel ay naghihimok na magtiyaga . Narinig Ng Dios ang kanyang panalangin mula nang una siyang manalangin, ngunit pinipigilan ni Satanas ang anghel na magdadala ng sagot.

Huwag kang susuko kung ang kagalingan ay hindi nangyari pagkatapos ng unang panalangin mo. Tandaan na may mga “paghingi, paghahanap, at pagkatok” na antas ng panalangin. Kung minsan humiling ka at madaling nasagot ang iyong kahilingan. Kung minsan dapat mong hanapin at patuloy kang kumatok bago makatanggap ng sagot sa ibang mga panalangin. Si propeta Elias ay nanalangin ng apoy na bumaba mula sa Langit. Kinailangan na pitong beses siya manalangin para umulan.

Patuloy na magtiyaga sa panalangin hanggang malaman mo na ang iyong petisyon ay marinig. Kung mayroon kang katiyakan sa iyong espiritu, magsimulang purihin Ang Dios kahit hindi mo pa nakikita ang resulta:

-Sina Jehoshaphat at ang mga anak ng Israel ay nagsimulang magpuri Sa Dios sa pamamagitan ng malakas na tinig bago nila aktuwal na makita ang sagot sa kanilang mga panalangin.

-Paunang pinasalamatan Ni Jesus Ang Dios para sa muling pagkabuhay ni Lazaro

-Minsan si Abraham ay nakatiyak sa pangako ng isang anak, hindi siya nagpatuloy na nalangin. Naniwala siya at niluwalhati ang Dios.

PAGSUWAY SA PROSESO NG PAGPAPAGALING

Kung minsan Ang Dios ay nagbibigay ng natatanging panuto sa proseso ng pagpapagaling. Halimbawa, sa pamamagitan ni propeta Elias, sinabi Ng Dios kay Naaman na maligo sa putik na ilog para makatanggap ng kagalingan (II Mga Hari) 5:1-14). Kung minsan ang isang simpleng gawa ng pagsunod ang lahat na kinakailangan sa pagitan mo at ng himala.

MALING PAGKILALA SA KATAWAN NI CRISTO

Basahin ang I Corinto 11:27-30. Para sa dagdag na impormasyon basahin din ang Lucas 22:2-20, Mateo 26:27-29, at Marcos 14:22-25. Ang kahinaan at karamdaman ay resulta ng hindi tamang pagkilala ng Katawan Ni Cristo. Para “makilala” ay “matutunan at maunawaan ang isang bagay sa pamamagitan ng pagsusuri , pagsisiyasat, at kilatisin.”

Maaaring hindi nating makilala ang Katawan Ni Cristo sa tatlong mga paraan:

ANG KAHULUGAN NG DUGO AT LAMAN:

Hindi natin nakilala kung hindi natin nauunawaan ang kahulugan ng bunga ng puno at ng tinapay na simbolo ng Kanyang dugo at laman. Ito ang nangyari nang unang itinuro Ni Jesus ang katuruan nito sa Juan 6:66 at marami ang tumalikod sa pagsunod Sa Kanya. Hindi nila naunawaan ang espirituwal na kahulugan ng Kanyang itinuturo . Habang marami ang kumikilala sa dugo para maalish ang mga kasalanan, kadalasan hindi nila nauunawaan ang tunay na kahulugan ng katawan. Ang katawan ay para sa kagalingan, para makain natin ito at gumaling. (Tingnan ang Juan 6:48-58 at Lucas 6:48-51.)

PAGKAKABAHA-BAHAGI SA KATAWAN:

Kung minsan hindi natin nakikilala ang ating mga kapatid na bahagi ng Katawan Ni Cristo at ang pagkakabaha-bahagi ay nangyaayri sa iglesia. Tayo ay kumakain at umiinom ng hindi karapat-dapat kung hindi natin tamang nakikilala (tunay na nauunawaan) ang ating pakikiisa sa ating mga kapatid sa Panginoon. Ipinaliwanag ni

Pablo sa I Corinto 3:1-13 na ang karnal na Kristiyano ay kasama sa pagkakabaha-bahagi ay hindi makakakain ng laman (laman, katawan) ng Salita dahil sa kanilang pagkakarnal.

PAGKAIN NG HINDI NARARAPAT:

Tayo ay kumakain ng hindi karapat-dapat kung tayo ay nagkokomunyon ng hindi inisiyasat ang buhay. Ang kahinaan at karamdaman ang resulta. Kaya sinasabi ni Pablo na siyasatin ang espirtuwal na inyong sarili at magsisi bago magkomunyon.

ANG MASAMANG ESPIRITU AY HINDI NAPALAYAS

Ang ilan ay hindi nakatanggap ng kagalingan dahil ang kanilang sakit ay gawa ng masamang espiritu na dapat mapalayas. Kailangan nila ng higit sa panalangin para sa kagalingan. Sa mga kalagayan na dulot ng masamang espiritu, nakasulat sa Biblia na ang kaaway ay pinalayas para magkaroon ng kagalingan.

PAGLABAG SA NATURAL NA KAUTUSAN

Ang parehong Dios ang nagsabi “Ako ang Panginoon na magpapagaling sa inyo” ay Siya ring nagbigay ng natural na kautusan sa kalusugan at kalinisan ng Kanyang mga tao. Ang ilang mga tao ay hindi nakatatanggap ng kagalingan dahil kanilang nilalabag ang mga natural na kautusan na ito. Halimbawa, ang isang tao ay maaaring magpatuloy sa pag-inom ng alkohol na inumin at nagtataka kung bakit sila ay hindi gumagaling sa kalagayan ng kanilang atay. Maaaring magpatuloy sila sa paninigarilyo at nagtataka kung bakit hindi sila pinagagaling Ng Dios sa kanilang kanser sa baga.

ITINAKDANG PANAHOON NG KAMATAYAN

Itinuturo ng Biblia na may takdang panahon ng kamatayan (Ecclesiastes 3:2 at Hebreo 9:27). Kahit ang dakilang propeta na si Elias, na gumawa ng maraming himala ng pagpapagaling at pagpapalaya, dahil ang “sakit na makamamatay sa kanya” (II Mga Hari 13:14). Matututunan mo kung paano ang pagharap sa ganitong pabagu-bago kung ikaw ay natuto na magministeryo sa walang lunas na karamdaman bilang bahagi ng panuto sa pagmiministeryo sa kagalingan sa Ikalabing-walong Kabanata.

HULING PAALA-ALA

Sinimulan natin ang aralin na ito ng ilang mga tanong:

Ano ang mga pabagu-bago na naka-aapekto sa kagalingan? Bakit hindi maraming tao ang gumagaling? Bakit ang ilan ay gumagaling ang iba ay hindi? Bakit ang mabababaw at makamundong Kristiyano kung minsan ay gumagaling habang ang ibang tapat at nakalaan na mga tao ay hindi pa nakatatanggap ng kagalingan?

Ang mga pabagu-bago na iyong napag-aralan sa aralin na ito ay ilan lamang sa mga bahagi na naka-aapekto sa kagalingan at pagpapalaya. Gayunman palaging tandaan.

Ang mga bagay na lihim ay nauukol sa Panginoon nating Dios: ngunit ang mga bagay na hayag ay nauukol sa atin at sa ating mga anak magpakailan man, upang ating magawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito. (Deuteronomio 29:29)

Kinakailangan lamang ng pananampalataya ang pananampalataya: Ang pananampalataya. Kung mayroon kang sagot sa lahat , hindi mo na kailangan ng pananampalataya. Hinihiling lamang Ng Dios na gumawa ayon sa pananampalataya sa Kanyang salita, hindi magbigay ng sagot.

Sa pagtatapos, narito ang mahalagang pangungusap tungkol sa pabagu-bago ng kagalingan. Ito ay ginawa ng kilalang pastor na nagministeryo ng mahabang taon sa pagpapagaling at pagpapalaya:

“Ipangagaral ko ang lahat ng Ebanghelyo kung hindi ko kailanman nakita ang isang tao na naligtas o gumaling habang ako ay nabubuhay. Ipinapasiya ko na ibase ang aking mga doktrina ayon sa walangkamatayang Salita Ng Dios, hindi dahil sa hindi pangkaraniwang karanasan.”

-F.F. Bosworth

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ibigay ang kahulugan ng “pabagu-bago.”

3. Talakayin ang mga kinaugalian ng mga tao na naka aapekto sa pagpapagaling.

4. Talakayin ang ilan sa mga pabagu-bago na naka-aapekto sa pagpapagaling.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Kung ikaw ay nananalangin ng halimbawa ng panalangin Ni Jesus (kilala din na “Ang Panalangin Ng Panginoon”), kasama dito ang pagsamo sa kagalingan:

“Ama Namin nasa langit Ka”: Kung ikaw ay sumasamo sa Ating Ama, ikaw ay sumasamo base sa lahat ng ibig sabihin ng Kanyang pangalan, kasama ang “Ang Panginoon na siyang manggagamot.”

“Dumating nawa ang kaharian Mo, Gawin nawa ang Iyong kalooban, kung paano sa langit, ngayon din naman sa lupa”: Walang karamdaman o kasalanan sa Langit. Dapat nating gawin ang kalooban Ng Dios sa lupa kung paano ito ginawa sa Langit, kaya dapat nating labanan ang sakit gayun din ang kasalanan.

“Ibigay Mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw”: Sinabi Ni Jesus na ang tinapay ay pagmamay-ari ng mga anak (mga mananampalataya). Ang pisikal na kagalingan ay bahagi ng tinapay ng mga anak (Mateo 15:21-28).

Ipatawad Mo sa amin ang aming mga utang, gaya naman namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin”: Ang talatang ito ay tungkol sa espirituwal na kagalingan.

At huwag Mo kaming ihatid sa tukso, kundi iligtas Mo kami sa masama.”: Ang sakit ay dapat tanggihan kung paano ang pagsubok.

2. Iyong natutunan na hindi Ang Dios ang pinanggagalingan ng pagdurusa ngunit ito ay maaari Niyang gamitin para magawa ang Kanyang mga layunin. Pag-aralan ang mga sumusunod na halimbawa na naglalarawan nito:

-Ang salot sa Egipto:	Exodo 7-11
-Ang ketong ni Miriam:	Mga Bilang 12:10
-Ang sakit ni Haring Jehoram:	II Cronica 21:18
-Ang ketong ni Gehazi:	II Mga Hari 5:27
-Ang pagkamatay ng Anak ni David:	II Samuel 12:18
-Ang pagkamatay ng Anak ni Eli:	I Samue 2:34
-Ang pagdurusa ni Job:	Aklat Ni Job
-Ang hindi nararapat na masamang kapalaran ni Jose	Genesis 45:5-7
-Pagpapako Kay Jesus:	Marcos 14:35-36 at Roma 5:6-12
-Pagkabilanggo ni Pablo:	Filipos 1:12,19
-Ang tinik sa laman ni Pablo:	II Corinto 12:7

3. Dagdagan ang pag-aaral tungkol sa alalahanin ng Biblia tungkol sa kagalingan:

- Kung ang tao ay nais lamang ang kagalingan, nais na harapin Ni Jesus ang buong kagalingan ng tao. Sinabi Niya sa pilay na tao sa Betesda, “Nais mo bang gumaling”? (Juan 5:6)

-Si Jesus ay pumarito para sa mga hindi pa magaling—ang mga wasak, may sakit, inaapi. Hindi kailangan ng walang sakit ang manggagamot: Mateo 9:12; Marcos 2:17; Lucas 5:31.

-Si Jesus ang pinaggalingan ng kagalingan: Mga Gawa 9:34; Juan 5:15

-Marami ang nakahipo Kay Jesus at sila ay ganap na gumaling: Mateo 9:21-22; 14:36; Marcos 5:28-34

-Pinagaling Ni Jesus ang alipin na nasa banig ng karamdaman: Lucas 7:10

-Pinagaling Ni Jesus ang pilay: Juan 5:9

-Ang mga disipulo , sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios, pinagaling ang pilay: Mga Gawa 9:34

-Pinagaling Ni Jesus ang may kapansanan: Mateo 5:31

-Pinanumbalik Niya ang kamay: Mateo 12:13; Marcos 3:5; Lucas 6:10

-Pinagaling Niya ang mga tao kung anuman ang kanilang karamdaman: Juan 5:6

-Sila ay gumaling ng husto: Juan 7:23

-Pinuri Ni Jesus ang pananampalataya ng mga tao bilang aktibong bahagi ng kanilang paggaling. “Ang pananamaplataya ninyo ang nagpagaling sa inyo”: Mateo 9:22; Marcos 5:34; 10:52; Lucas 8:48-50; 17:19

IKA-LABING WALONG KABANATA

“SA IYONG PAGHAYO, MAGPAGALING”

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Talakayin ang mga paunang paghahanda para sa ministeryo ng pagpapagaling.
- Ibuod ang panuntunan sa pagmiministeryo ng pagpapagaling.
- Talakayin ang “follow-up” na pag-aalaga para sa mga gumaling.
- Talakayin ang “follow-up” na pag-aalaga para sa mga hindi gumaling.

SUSING TALATA:

At samantalang kayo’y nangaglalakad, ay magsipangaral kayo, na mangagsasabi, Ang kaharian ng langit ay malapit na.

Mangagpagaling kayo ng mga may sakit, mangagpabangon kayo ng mga patay, mangaglinis kayo ng mga ketong, mangagpalabas kayo ng demonio: tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay ninyong walang bayad. (Mateo 10:7-8)

PAMBUNGAD

Iyong natutunan na ang pagpapagaling at pagpapalaya ang tumutupad ng Kaharian Ng Dios. Sa aralin na ito iyong matututunan kung paano magministeryo ng pagpapagaling. Sa susunod na aralin iyong matututunan kung paano mag ministeryo ng pagpapalaya.

PAUNANG PAGHAHANDA

May ilang mahalagang paghahanda bago ka magsimulang mag ministeryo ng pagpapagaling. Kasama dito ang paghahanda ng iyong sarili, bilang daluyan ng kapangyarihan Ng Dios sa pagpapagaling, at ang tao na iyong pag miministeryohan ng kagalingan.

PAGHAHANDA SA IYONG SARILI:

Darating ang pananampalataya sa pakikinig ng Salita Ng Dios tungkol sa pagpapagaling. Para mapalalim ang sarili mong pananampalataya, pag-aralaan ang lahat ng nasa Biblia tungkol sa pagpapagaling. Basahin ang Bagong Tipan ng may bagong pananaw. Anuman ang sinabi Ni Jesus na gawin ng Kanyang mga tagasunod, simulan mong gawin. Anuman ang sinabi Niya na Kanyang gagawin, asahan mong gagawin Niya ito.

Kung sinabi Niya na mapagagaling mo ang may sakit sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan, asahan mong makikita sila na gumaling. Kung sinabi Niya na palayasin ang demonyo, gawin mo ito sa pangalan Niya at asahan na sila ay susunod. Balewalain ang katuruan ng tao at personal na mga karanasan mo. Tanggapin na ang sinasabi ng Bagong Tipan ay tama. Tanggapin na ito ay tutoo at kumilos ng naaayon. Ikaw ay isang kinatawan para Kay Cristo (II Corinto 5;20). Ang isang kinatawan ay hindi kailanman nagaalinlangan na ang bansa na kanyang kinatawan ay susuportahan ang kanyang salita.

Mag ayuno at manalangin bago ka mag ministeryo. Tingnan ang halimbawa ni Pablo sa Mga Gawa 28:8. Dahil ang kapangyarihan at awtoridad para magpagaling ay galing Sa Dios, mabuti na ikaw ay makaniig! Ang ilan sa mga karamdaman na galing sa masama ay mapagagaling lamang sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno. Itinuturo ng Isaias 58 na iginagalang Ng Dios ang pag-aayuno na nakatuon sa pagmiministeryo sa mga pangangailangan ng iba.

Magsimulang mag ministeryo sa may sakit kahit nga hindi mo pa nauunawaan ang lahat ng mga bagay tungkol sa makalangit na kagalingan/ "divine healing", kung paano ka nagsimulang mag patotoo pagkatapos na ikaw ay naligtas kahit nga sa katotohanan ay marami ka pang matututunan tungkol sa Kristiyanong pamumuhay. Magsimulang mag ministeryo base sa iyong nalalaman tungkol sa pagpapagaling. Sa iyong paglakad sa liwanag na ibinigay sa iyo, makatatanggap ka pa ng maraming liwanag. Angkinin ang paniniwala na walang kalagayan na walang pag-asa. May mga tao lamang na nawalan ng pag-asa tungkol sa mga ito.

PAUNANG PAGHAHANDA SA IBA:

Kung hinihimok mo ang isang may sakit na ipanalangin na walang tamang pagtuturo, ito ay katulad ng panghihikayat sa hindi pa ligtas na tanggapin Si Jesus bilang Tagapagligtas ng walang pagkaalam kung sino Siya, pagkilala sa kanilang kasalanan, at ang kanilang pangangailangan para sa kaligtasan.

Kung minsan , Ang Dios ay nagpapagaling ng walang pagtuturo. Ngunit tandaan: Sa pagmiministeryo ng pagpapagaling, nais mong maayos na magamit ang daluyan na ibinigay ng Salita Ng Dios para makita na nagawa ang gawain. Ang pananampalataya ay isang daluyan para sa kapangyarihan Ng Dios sa pagpapagaling at ito ay nanggagaling sa pakikinig ng Salita Ng Dios, kaya ang pagtuturo ay mahalaga. Pinagsama Ni Jesus ang pangangaral at pagtuturo na may pagpapagaling at tinuruan ang Kanyang mga tagasunod na gawin din ito.

Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig ng Salita Ng Dios tungkol sa pagpapagaling. Ipangaral ito base sa kung ano ang sinasabi Ng Dios, hindi sa kaugalian o karanasan. Ang nagkakaron ng pananampalataya as pagbibigay ng patotoo lamang. Ang patotoo ay nagpapatunay sa Salita at naghihikayat ng pananampalataya, ngunit siguradong sinasabi ng Biblia na ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig ng Salita Ng Dios. (Kahit ang isang bingi na hindi nakaririnig ng sermon sa natural, ang espiritu ng bingi ay naririnig ito). Kailangan na malaman ng mga tao ang sinasabi ng Biblia tungkol sa pinanggagalingan ng kagalingan, ang pinanggagalingan at sanhi ng

karamdaman, mga pangako sa pagpapagaling , ang panuntunan sa Biblia para makatanggap at mapanatili ang kalusugan.

Sa pagtitipon ng mga mananampalataya para sa pagpapagaling, ang pag-aayuno at pananalangin ng may sakit ay maaaring makatulong. Ito ay hindi kinakailangan para sa pagpapagaling, ngunit tandaan—nais nating gamitin ang bawa't daluyan na maaaring magamit base sa Biblia. Binibigyang kahalagahan Ng Dios ang ating paghiling at binibigyang diin ang kahalagahan ng Isaias 58:6-8 ng pag-aayuno at pananalangin bilang kaugnay sa kalusugan.

ANG PANAHOON NG MINISTERYO

Narito ang ilang mga mungkahi para sa panahon ng pagmiministeryo sa may sakit. Tandaan na ito ay pangkalahatang panuntunan lamang. Dapat kang maging bukas sa iba't ibang direksiyon mula Sa Espiritu Santo. Ang ilan sa mga mungkahing ito ay maaaring iangkop sa pangisahan na ministeryo lamang, ang iba naman ay maaaring magamit para sa pagmiministeryo sa malakihang mga grupo:

LUMIKHA NG ATMOSPHERA NG PANANAMPALATAYA:

Lumikha ng atmospera ng pananampalataya. Nasimulan mo na ito nang ikaw ay nag ministeryo ng Salita sa pagpapagalng, ngunit maaari mong kailanganin ang paggawa ng dagdag na hakbang para makalikha ng atmospera ng pananampalataya. Palibutan ang may sakit ng mga tao na may pananampalataya at pagtitiwala. Hayaan silang makarinig ng mga patotoo ng mga gumaling na. Tandaan na ang kawalan ng pananampalataya ay nakapipigil kahit ng ministeryo Ni Jesus Sa Nazareth.

Ang atmospera na may pananampalataya ay may pagsamba at pagpupuri. Tayo ay pumapasok sa presensiya Ng Dios (kung saan mayroong kagalingan) sa pamamagitan ng pagsamba at pagpupuri. Ang kagalingan ay maaaring dumating sa pamamagitan ng pagsamba at pagpupuri—kahit walang panalangin sa pagpapagaling—dahil naninirahan Ang Dios sa mga papuri ng Kanyang mg anak. Kung tayo ay nagpupuri, Siya ay naroon para magpagaling. Dalhin ang mga tao sa pagkakataon ng pagpapasiya tungkol sa pagpapagaling, kung paano ang ginagawa sa kaligtasan. Tandaan kung paano tinanong Ni Jesus ang pilay, “Nais mo ba na gumaling?” (Juan 5:6).

Hilingin sa tao na ipakita na nais niyang gumaling. Sa maraming mga tao tanungin sila na tumayo, lumapit sa harapan, itaas ang kanilang kamay, o ilagay ang kanilang kamay sa may sakit na bahagi ng kanilang katawan. Ito ay makatutulong na ipakita nila ang kanilang naisin na gumaling. Ito ay gawa ng pananampalataya para sa kanila, habang ito ay makatutulong sa iyo na makilala ang pangangailangan ng pagmiministeryo.

IPANALANGIN ANG PAGKILALA:

Manalangin para sa katalinuhan at pagkilala bago ikaw ay magministeryo ng pagpapagaling. Ibahagi ang anumang makalangit na katalinuhan na ibinigay Niya sa iyo. Maaaring ipahayag Ng Dios sa iyo:

Ang Salita ng Kaalaman: Ang salita ng kaalaman ay nagbibigay ng tiyak na katotohanan tungkol sa kalagayan o kondisyon para malaman mo kung paano manalangin. Ang salita ng kaalaman ay maaaring kasama ang malalim na pagkaalam o isang impresyon sa iyong espiritu, kaisipan, mga salita, o damdamin. Ang salita ng kaalaman ay maaaring magpahayag kung ano ang dahilan ng karamdaman o bakit ang tao ay nandoon sa kalagayan na iyon.

Ang Talata sa Biblia: Maaaring bigyan ka Ng Dios ng “Rhema” (tiyak) Salita Ng Dios para sa kalagayan na iyon, sakit, tao o grupo.

Ang Pangitain: Ang mga ito ay larawan sa isipan ng mata tungkol sa taong iyong pinag miministryohan.

Mga Salita Ng Pananampalataya: Ang mga ito ay natatanging mga salita ng pampasigla at pananampalataya para sa pangisahan na tao.

Natatanging “Anointing”: Ito ay biglang pagsalin ng kapangyarihan, marahil ito ay nakakikilabot na pakiramdaman, init, o higit sa natural na kompiyansiya. Kung minsan ang natatanging “anointing” ay dumarating, at ito ay dumadaloy. Ngunit huwag maghintay sa natatanging “anointing” para manalangin sa may sakit. Dapat kang sumunod sa mga habilin Ni Jesus kung nararamdaman mo ito o hindi.

Natatanging Gawa Ng Pananampalataya: Kung minsan aakayin ka ng Dios na sabihin sa tao na gumawa ng natatanging gawain ng pananampalataya na magbubunga ng kagalingan.

MAGSAGAWA NG PAKIKIPANAYAM: (Hindi obligado)

Kung ikaw ay nakikitungo sa isahan na tao, maaaring nais mo na magsagawa ng maikling pakikipanayam. Maaaring bigyan ka ng Dios ng tiyak na mga salita ng katalinuhan tungkol sa karamdaman at hindi mo na kailangan na makipayanayam. Ngunit kung hindi higit sa natural na ipinahayg Ng Dios sa iyo ang karamdaman, huwag magalinlangan na gamitin ang pakikipanayam.

Ang pakikipanayam ay hindi kinakailangan para sa pagmiministryo ng kagalingan, ngunit makatutulong sa iyo na makakuha ng impormasyon para maipanalangin mo ng tiyak. Makatutulong din sa iyo na malaman kung ang tao ay kailangan ng dagdag na pagtuturo bago ka manalangin. Ginamit ni Jesus ang pagkikipanayam. Tinatanong Niya ang mga tao kung ano ang nais nila, mag tanong tungkol sa kanilang pananampalataya, at harapin ang negatibong mga puwersa ng kawalan ng pananampalataya bago magministryo sa kanila.

Tanungin ang tao, “Kung ano ang problema?” Si Jesus ay nagtanong ng katulad na tanong sa marami na lumalapit sa Kanya para sa kagalingan. Ang pagsasabi ng kahilingan para sa panalangin ay mahalaga para sa may sakit. Ang may sakit ay sinabihan na tawagin ang mga matanda para mag ministryo ng pagpapagaling. Kung ang Biblia ay

nagbigay ng direksiyon, ito ay may dahilan. Ang paghingi ay gawa ng pananampalataya na nagtatatag ng pagkilos sa proseso ng pagpapagaling (Santiago 5:14-15).

(Hiwalay dito, siyempre, kung ang tao ay hindi makagagawa ng kahilingan. Halimbawa, ang patay na bata na muling binuhay Ni Jesus. Ngunit kahit nga, ang kanyang mga magulang ang humiling sa Kanya para mag ministryo ng pagpapagaling.)

Humingi ng tiyak na pangungusap. Kung ang kahilingan ay sobrang malawak, maaaring hindi mo malaman ang dapat na ipanalangin at ang naapektuhan na tao ay maaaring hindi kilalanin ang kagalingan kung ito ay dumating. Kailangan mo lamang ang maikling katotohanan: “Mayroon akong “cancer” sa tiyan.” Hindi mo kailangan ang buong detalye ng medikal na pagsusuri. Huwag mong subukin na suriin ang impormasyon na ibinigay sa iyo. Ang iyong tungkulin ay manalangin, hindi magbigay ng payo. Ang ilan sa kakaibang kaso ay maaaring mangailangan ng “privacy” at maraming panahon para sa pagpaapay ng may kasanayan sa pagpapayo. Kumuha ng tagapayo para sa layunin na ito.

Tanungin ang tao kung sino ang dapat ipanalangin, “Naniniwala ka ba na Si Jesus ay may kakayahan na magpagaling?” Kung ang sagot ay positibo, itanong, “Naniniwala ka ba na gagawin Ni Jesus ngayon ito?” Kung ang sagot ay “hindi” sa dalawang tanong na ito, kailangan ng dagdag na pagtuturo mula sa Salita Ng Dios.

Kung ikaw ay nag ministeryo sa malaking grupo, maaaring hindi mo makakausap ang bawa’t tao. Maaaring ipahayag Ng Dios ang tiyak na karamdaman ng mga tao na nakikinig o maaaring akayin ka na manalangin para sa pangmaramihan na mga panalangin para sa tiyak na karamdaman, katulad ng walang pagdinig, bulag, at iba pa. Kung minsan mararamdaman mo na manalangin para sa pangkalahatang panalangin o hilingin ang mga mananampalataya na nakikinig na magministeryo ng isahan sa mga may sakit.

Pinakamabuti na turuan ang iba na mga mananampalataya kung paano mag ministeryo sa halip na gawin mo ang lahat ng pagministeryo ng mag isa. Ang utos Ni Jesus ay ang mga tanda na ito ay susunod sa KANILA na sumampalataya, hindi “siya.” Ang gawain ng ministeryo ay dapat gawin ng buong Katawan, hindi ng iisa o dalawa lamang mga mananampalataya.

KILALANIN ANG PROBLEMA:

Gamitin ang impormasyon mula sa pakikipanayam at ang katalinuhan na ibinigay Ng Dios sa iyo para makilala na ang iyong problema ay nasa:

Sa Larangan ng Espirituwal: Ang mga problema na ito ay kaugnay sa kasalanan at kinakailangan ng ministeryo ng espirituwal na kagalingan (Kaligtasan, pagsisisi, at kapatawaran sa kasalanan).

Kung mayroong kaugnayan sa pagitan ng kasalanan at karamdaman (at nakita natin na mayroon), kaya nga mayroong kaugnayan sa pagitan ng pagpapatawad at kagalingan. Marami ang pisikal na gumaling kung sila ay humihingi ng kapatawaran para sa kasalanan.

Huwag masyadong magmadali na ipalagay na ang karamdaman ay dahil sa kasalanan . Alalahanin na iyong natutunan na ang lahat ng karamdaman ay hindi resulta ng pangisahan na kasalanan. Kung may kasalanan, ito ay responsabilidad ng Espiritu Santo na malaman ito sapagkat ang Kanyang layunin ay para masumbatan at magwasto.

Sa Larangan ng Pisikal: Ito ay karamdaman ng katawan, pinsala, o sakit. Ipanalangin ang pisikal na kagalingan.

Sa Larangan ng Emosyon: Kasama dito ang mga problema katulad ng pagala-ala, takot, galit, poot, hinanakit, pagaalinlangan, kabiguan, paninibugho, makasarili, pagkalito, pagkasiphayo, hindi makapagpatawad, at epekto sa emosyon ng nakaraan na mga problema. Ang mga taong ito ay nangangailangan ng kagalingan sa larangan ng emosyon. Ito ay kadalasang tinatawag na “panloob na kagalingan,” ngunit ang termino ay naabuso ng ilang mga tao. Hindi kinakailangan na bumalik para ulitin ang lahat ng katotohanan at karanasan ng orihinal na emosyon. Hindi kinakailangan na gamitin ang mga linggo , buwan, o mga taon para gumaling mula sa ganitong “traumas”. Kung gagawin mo ito, sinusubukan mo na pagalingin ang lumang tao sa halip na tulungan sila na maging bagong nilalang Kay Cristo.

Ang mga problema sa larangan ng emosyon ay kadalasang kaugnay sa larangan ng pakikisalimuha sa buhay ng isang tao. Ang mga ito ay nakaaapekto at ang resulta ay mula sa pamilya at sosyal na pakikipag-ugnayan. Ang kagalingan ay nanggagaling sa pamamagitan ng pagkilala sa mga problema, paghingi ng kapatawaran, at pagpapatawad sa iba na kasama sa pangyayari.

Ang pinaka malaking balakid sa emosyonal na kagalingan ay kadalasang pagpapatawad, kaya ang emosyonal na kagalingan ay kasama ang kagalingan sa sosyal na kaugnayan. Tayo ay tinawag para mag ministeryo para sa pagbabalikan (II Corinto 5:18-21). Ang mga tao ay kailangan na mabalik Sa Dios at sa tao, at dito manggagaling ang emosyonal, mental, o panloob na kagalingan. Ang lahat ay magkatulad na uri ng kagalingan.

Maaaring kailangan mo na turuan ang tao ng tungkol sa pagpapatawad. Ang pagpapatawad ay hindi:

- Pagbibigay ng katuwiran sa pagkakamali ng isang tao na ginawa sa iyo. (Halimbawa, sinasabi , “Sila ay nasa malaking pagsubok.”)
- Pagtatatwa na ikaw ay nasaktan sa unang pagkakataon.
- Pagtanggap na may pagbibitiw kung ano ang ginawa sa iyo.
- Paghihintay sa panahon na gumaling ang sakit.(Hindi ito hihilom).

Ang tunay na pagpapatawad ay mangyayari sa ;

(1) Pagkilala na ang ginawa sa iyo ay mali, ang resulta ng makasalanang tao sa makasalanang mundo. Hindi kinakailangan na bumalik at maibsan ang pangyayari sa

isip, at hindi mo rin mahaharap ang pangyayari sa pagtatwa nito. Kilalanin kung ano ang nangyari at paano ito nakaapekto sa iyo.

(2) Aminin ang sakit sa Dios at hilingin na pagalingin ka sa emosyonal na sakit. Maaaring hindi mo makalimutan ang katotohanan ng pangyayari ngunit ang kailangan mo ang kagalingan para sa maling damdamin na kaugnay dito.

(3) Kasama ang pagpapatawad sa iba ay paghiling Sa Dios na mapatawad ang iba, at patawarin sila kung paano ka pinatawad Ni Cristo. Kilalanin na pinatawad ka Ng Dios para mapatawad mo ang iba: “Patawarin Mo kami sa aming mga kasalanan Kung paano kami nagpatawad sa ibang nagkasala sa amin.” Ang tao ay maaaring kailanganin na patawarin ang kanilang sarili (pagkakasala sa maling gawain nila) at kailangan na manalangin para sa emosyonal na kagalingan. Narito kung paano mo mapatatawad ang iyong sarili:

-Kilalanin ang kasalanan na nagdudulot ng “guilt” at makasalanan na emosyon, aminin ito Sa Dios, at magsisi. Hilingin sa Kanya na patawarin ang iyong kasalanan at pagalingin ang iyong emosyon.

-Kilalanin kung ikaw ay pinatawad Ng Dios, Kinakalimutan Niya ang iyong kasalanan (Kanyang pinalalayas ang mga kasalanan kung paano kalayo ang silangan sa kanluran).

-Angkinin ang I Juan 1:8-9 at Roma 8:1.

-Sa iyong sariling kalooban, pawalan ang iyong sarili mula sa paghatol. Supilin ang mga iniisip sa pamamagitan ng pagpapalayas ng masamang iniisip at kalimutan ang mga nakaraang mga bagay.

Sa Larangan ng Mental:

Ang mga ito ay problema na galing mula sa negatibong kaisipan, atake ni Satanas sa isip, pagtigil ng kaisipan, at iba pa. Manalangin para sa kagalingan.

Sa Larangan Ng Kasamaan:

Ang mga ito ay kalagayan na resulta mula sa direktong gawain ng kasamaan katulad ng pagatake ng demonyo. Iyong matututunan kung paano harapin ang mga ito sa susunod na aralin sa pag miministeryo sa pagpapalaya.

Palaging tandaan na ang problema sa isang larangan ay nakaapekto sa buong tao. Sa iyong pagmiministeryo, harapin ang kabuuan ng isang tao kung paano ginawa Ni Jesus, hindi lamang ang karamdaman. Ang tao ay katawan, kaluluwa, at espiritu. Ipinahihiwatig ng kabuuan ang pakikitungo sa lahat ng mga ito.

MANALANGIN NG PANALANGIN NG KAGALINGAN:

Pagkatapos na malaman ang kalagayan, normal na ipananalangin mo ang panalangin ng kagalingan. Ngunit kung minsan, huwag magtaka kung ikaw ay pinangungunahan Ng Panginoon na huwag manalangin o ipagpaliban ang panalangin. Halimbawa, sa pamamagitan ng pakikipanayam malalaman mo hindi nais ng tao ng kagalingan dahil mawawala ang pensiyon sa may karamdaman. (Ito ay aktuwal na nangyari sa pagtitipon ng pagpapagaling!)

Maaaring pangunahan ka rin ng Panginoon na ipagpaliban ang panalangin para sa pisikal na kagalingan hanggang sa susunod na utos ay ibinigay o ang tao ay pinakitunguhan sa problema ng kasalanan. Kung ikaw ay nanalangin, manalangin ng panalangin ng may pananampalataya na nakatuon sa tiyak na problema. Tandaan na hindi mo dapat pilitin Ang Dios na magpagaling sa pamamagitan ng haba o lakas ng iyong panalangin. Kung paano maaaring magkaroon ng kaligtasan gayun din ang kagalingan. Kung paano ang kaligtasan ay base sa kalagayan ng pananampalataya, pati ang kagalingan. Nais Ng Dios na magpagaling, kung paano nais Niyang magligtas.

Kahit nga ang kapangyarihan Ng Dios kung minsan ay naroroon sa natatanging paraan para sa pagpapagaling (Lucas 5:17), maaari ka parin manalangin kahit walang natatanging pagpahid dahil iniutos Ni Jesus na gawin ito kung paano sinabi Niya na ipalaganap ang Ebanghelyo.

Ang susi para sa natugon na panalangin ay panalangin ayon sa kalooban Ng Dios. Huwag manalangin”Kung kalooban Ng Dios.” Si Jesus ay hindi nanalangin “pagalingin Mo kung kalooban Mo.” Manalangin ng positibong panalangin para sa “kalooban Ng Dios ang mangyari kung ano ang nangyari sa Langit” o “ayon sa kalooban Mo.” Ito ay kinikilala rin na ang “sovereignty” Ng Dios.

Kung posible, gamitin ang ibang mga mananampalataya para mag ministryo na kasama mo. Mayroong pagdami ng espirituwal na kapangyarihan kung mas maraming mga tao ang nanalangin (tingnan ang Mateo 18:19). Pinipigil ng ministryo ng katawan ang isahan na nakaranas ng tagumpay sa kaloob ng pagpapagaling at sa mga nakatanggap ng kagalingan mula sa pagbibigay ng kaluwalhatian sa sarili o sa tao. Ang bawa’t kaanib ng Katawan Ni Cristo ay may kahit na isang espirituwal na kaloob. Ang pinakamabisang ministryo ay kung . . .

**Bilang mabubuting mga katiwala ng iba’t ibang kaloob ng Dios, gamitin ninyo sa kapakinabangan ng lahat ang katangiang tinanggap ng bawat isa.
(I Pedro 4:10 MBB)**

Ang iyong panalangin ng pagpapagaling ay maaaring isa sa :

- | | |
|-----------------------------|--|
| -Petisyon: | Marcos 7:32-35 |
| -Utos: | Lucas 4:38-39; Marcos 7:32-35;
Juan 5:8; Mga Gawa 3:6; 9:40 |
| -Pamamagitan: | Exodo 32 |
| -Pagsaway At Pagpapalayas : | Marcos 9:25 |

Ang iyong panalangin ay maaaring kasama ang habilin sa tiyak na gawain, kung paano pangungunahan Ng Panginoon (tingnan ang Juan 9:1-7). (Pansinin: Huwag magpatigil ng pag-inom ng gamot ang mga tao. Hayaan na akayin sila Ng Dios sa larangan na ito.) Palaging manalangin sa pangalan Ni Jesus. Gayundin, tandaan hindi kakulangan ng panalangin kung mananalangin ng higit sa isa. (Pagbalik aralan ang itinuro Ni Jesus tungkol sa matiyagang panalangin.)

PURIHIN ANG DIOS SA MGA SAGOT:

Sundan ng papuri Sa Dios pagkatapos ng kagalingan. Alalahanin sa kaso ng sampung ketongin na pinagministryuhan Ni Jesus, ang lahat ay gumaling ngunit isa lamang ang bumalik para magpuri at gumaling. Purihin Ang Dios sa pamamagitan ng pananampalataya hindi sa pamamagitan ng paningin. Iyong ginawa kung ano ang sinabi Ng Dios na gawin.

Maniwala na ginawa Niya kung ano ang sinabi Niya na gagawin. Pasalamat Siya para dito. Si Jesus ay nag pasalamat Sa Dios dahil narinig ang Kanyang panalangin bago si Lazaro ay lumabas mula sa libingan.

MINISTERYO NG “FOLLOW UP”

Mahalaga na ang mga gumaling ay makatanggap ng ministeryo ng “follow –up. Si Jesus ay nagbigay ng “follow-up” na habilin sa mga nakaranas ng kagalingan at pagpapalaya.

Kinausap Niya ang tao na gumaling sa ketong:

At ipinagbilin niya sa kaniya na huwag sabihin kanino man: kundi yumaon ka ng iyong lakad, at pakita ka sa saserdote, at maghandog ka sa pagkalinis sa iyo, alinsunod sa iniutos ni Moises, na pinakapatotoo sa kanila. (Lucas 5:14)

Sinabi Niya sa makasalanang babae na gumaling:

Umuwi ka sa inyong bahay, at ipahayag mo kung gaano kadakilang mga bagay ang ginawa ng Dios sa iyo... (Lucas 8:39)

Sinabi Niya sa taong nasa paliguan sa Betesda:

...Narito, ikaw ay gumagaling na: huwag ka nang magkasala, baka mangyari pa sa iyo ang lalong masama. (Juan 5:14)

Pasa sa babae na nahuli na nakikiapid sinabi Niya:

...Ako man ay hindi rin hahatol sa iyo: humayo ka ng iyong lakad; mula ngayo’y huwag ka nang magkasala. (Juan 8:11)

Kung ikaw ay nag-iisang nag miministeryo sa isang tao, maaaring nais mong magbigay ng “follow- up na paala-ala. Kung ikaw ay nagmiministeryo sa pangmaramihan na krusada, magbigay ng pagpapayo pagkatapos ng gawain o sa susunod na umaga. Kung ikaw ay nag miministeryo sa isang lokal na iglesya, hilingin sa pastor na magbigay ng “follow-up” na pag-aalaga para sa mga gumaling.

Ang “follow-up “ na paala-ala ay dapat na hinaharap ang :

- Ano ang dapat gawin para manatiling magaling.
- Ano ang dapat gawin kung sila ay hindi gumaling.

ANO ANG DAPAT GAWIN PARA MANATILING MAGALING:

Turuan ang mga gumaling na...

Kilalanin Ang Atake Ni Satanas:

Kung paano tinutukso ni Satanas ang bawa’t nahikayat na naligtas, kanyang tutuksuhin ang bawa’t tao na gumaling. Kung paano maaaring mawala ang espirituwal na tagumpay, maaaring mawala ang iyong pisikal na tagumpay. Anuman ang ipinagkakatiwala mo Sa Dios para sa iyong espirituwal na paglakad, ikaw ay masusubok sa larangan na iyon. Tutuksuhin ka ni Satanas sa pamamagitan ng :

-Mga sintomas: Kung minsan ang kagalingan ay unti-unti. Ang lahat ng iyong sintomas ay hindi kaagad mawawala. Ang iyong sintomas ay maaaring maging mas malala. Magkakroon ka ng lagnat, ngunit ito ay maaaring proseso ng katawan na lumalaban sa impeksiyon bilang bahagi ng proseso ng kagalingan. Lumakad sa iyong espirituwal na pakiramdam, hindi sa natural na pakiramdam. Huwag ipamalita ang impormasyon tungkol sa iyong sintomas, kung ito ay bumalik. Sa isang banda, huwag manloloko tungkol dito. Kung naitanong, sagutin ng “Oo , mayroon akong sintomas ng _____ , ngunit sa pamamagitan ng Kanyang latay ako ay gumaling.” Ituon ang iyong atensiyon sa mga bagay na hindi nakikita sa halip na sa sintomas. Makagugulo sa iyo ang sintomas sa Salita Ng Dios, sa Kanyang presensiya, mga pangako, at kapangyarihan. Huwag magsasalita ng negatibong mga salita na lumuluwalhati sa kakayanan na umatake sa iyong katawan ni Satanas. Ano ang mas nakapagpapalakas sa iyo- - kulang sa mga sintomas o Salita Ng Dios na nagsasabi na Siya ang iyong tagapagpagaling? Saan ka nakatuon?

-Kuhanin Ka Na Tumingin Sa Iba: Pagpapakita sa iyo sa mga nagisip na sila ay gumaling, ngunit may sakit na muli. Ikaw ba ay tumitingin sa mga nagsasabi na sila ay naligtas ngunit namumuhay ngayon sa kasalanan at gamitin ang ganitong halimbawa para itanggi ang katotohanan ng kaligtasan?

-Takot: Natatakot ka na ang iyong sakit ay babalik.

-Negatibong Mga Tao na Nakapalibot sa Iyo: Ang mga puno ng kawalan ng pananampalataya ang nagtatanim ng pag-aalinlangan sa iyong isip.

Labanan Ang Atake Ni Satanas:

Panatiliin ang pananampalataya sa pamamagitan ng pagpapatuloy ng pag-aaral ng Salita Ng Dios sa pagpapagaling. Purihin Ang Dios sa kagalingan. Panatilihin ang kaugnayan sa iyong Manggagamot sa pamamagitan ng panalangin. Mag patotoo sa iba tungkol sa iyong kagalingan, na nagbibigay ng kaluwalhatian Sa Dios. Isang paraan para mapagtagumpayan si Satanas ay sa pamamagitan ng iyong patotoo. Labanan ang atake ni Satanas ng “Rhema” na Salita Ng Dios sa pagbabanggit ng tiyak na mga talata tungkol sa kagalingan. Huwag kang magaalinlangan sa iyong pananampalataya, ang tao na nag aalinlangan ay hindi makatatanggap mula Sa Dios (Santiago 1:6-8). Makipaglaban (makipagbuno) ng matiyaga sa pananampalataya para sa iyong kagalingan (Roma 10:9).

Palibutan ang iyong sarili ng mga positibong kapaligiran ng pananampalataya, ang kasama mo na mga tao na patuloy na pupurihin Ang Dios para sa kagalingan at tutulong sa iyo na labanan ang atake ng kalaban. Maging bahagi ka ng Iglesia na nagtitipon.

Kasama ang paglaban sa mga atake ni Satanas kung ginagamit mo ang iyong espirituwal na kapangyarihan na:

- Ang Salita Ng Dios.
- Ang dugo ni Jesus.
- Ang salita ng sarili mong patotoo.
- Kapangyarihan na itali at pakawalan.
- Panalangin at papuri.
- Sandata sa pakikipaglaban na nakatala sa Efeso 6:10-18.
- Ang awtoridad at kapangyarihan Ng Espiritu Santo.

(Kung hindi mo pa nararanasan ang bautismo Ng Espiritu Santo dapat mong hilingin ito. Ang Espiritu Santo ay nagbibigay ng kapangyarihan na tutulong sa iyo na panatilihin ang iyong kagalingan. Sa iyong matututunan sa susunod na aralin, ito ay partikular na mahalaga sa mga kaso ng pagpapalaya mula sa gawain ng kasamaan.)

Baguhin Ang Uri Ng Iyong Pamumuhay:

Ang pagbalik sa makasalanang mga gawain ay maaaring maging pagbalik ng karamdaman (Juan 8:11). Lumakad ng may pagsunod Sa Dios at sa Kanyang Salita. Ang kusangloob na pagbalik sa kasalanan ay maAaring magdulot ng pagkawala ng kagalingan (Juan 5:14). Ang pagbabalik sa hindi malusog na mga gawain ay maAaring pagbalik ng karamdaman. Ang hindi malusog na mga gawain ay aktuwal na kasalanan, dahil dinudungisan mo ang templo Ng Dios.

Sundan Ang Panuntunan Base sa Biblia Para sa Kalusugan at Kagalingan:

Ang Biblia ay nagbigay ng panuntunan para sa malusog na pamumuhay. Pag-aralan ang kurso ng Harvestime International Institute na may pamagat na “*Mga Usaping Pangkalusugan*” para sa detalyeng pag-aaral.

Bumalik Para sa Pagpapatunay ng Medisina:

Kung ikaw ay nasa ilalim ng medikal na pag-aalaga, bumalik ka sa iyong doktor para mapatunayan ang iyong kagalingan. Sa ilalim ng Lumang Tipan, ang mga saserdote ay katulad ng manggagamot. Sinusuri nila ang mga sakit at nagsasabi ng kagalingan. Sinabi Ni Jesus sa may ketong na Kanyang pinagaling:

...kundi yumaon ka ng iyong lakad, at pakita ka sa saserdote, at maghandog ka sa pagkalinis sa iyo, alinsunod sa iniutos ni Moises, na pinakapatotoo sa kanila. (Lucas 5:14)

ANO ANG GAGAWIN KUNG HINDI SILA GUMALING:

Huwag hahayaan na ang mga tao ay umalis na naghihina ang loob o “guilty “ dahil hindi sila gumaling. Iwasan ang tukso ng paggawa ng dahilan dahil kulang ang kanilang kagalingan (maliban na tiyak na ipinahayag ito Ng Dios). Bago sila umalis sa gawain, paalalahanan sila na hindi dahil hindi sila nakakita ng resulta ay hindi ibg sabihin na sila ay hindi gumaling. Ang kagalingan ay nagsisimula sa espiritu. May mga detalyeng mga kagalingan halimbawa, ang pagkabaog nina Abraham at Sara, kahit nga ang Salita ay ibinigay mga taon bago ito mangyari.

May kasama ring oras . Alalahanin ang pilay sa templo ng pintuan sa Mga Gawa 5. Si Jesus ay maraming beses naglakad sa pintuan ng templo, ngunit tayo ay sinabihan na ang pilay ay nandoon sa mahabang taon. Siya ay gumaling sa pamamagitan nina Pedro at Juan (Mga Gawa 5:15-16). May nakatakdang panahon sa kaso ni Job at Lasaro.

Maaaring mag takda ka ng isang tao para ipagpatuloy nag gawain sa may sakit na mga tao sa “follow-up” na mga hakbang:

1. Magpatuloy sa pagtitiyagang panalangin para sa kagalingan: Itinuro Ni Jesus ang pagtitiyaga sa panalangin. Hindi Niya pinigilan ito. Tawagin ang mga matatanda sa Iglesya para ipanalangin ka.
2. Patuloy na palakasin ang iyong pananampalataya: Magagawa mo ito sa pag-aaral ng “Rhema” Salita Ng Dios sa pagpapagaling.
3. Patuloy na aminin ang iyong mga kasalanan: Sabihin ang iyong mga kasalanan araw-araw para hindi lumala ang iyong pisikal na kalagayan. Mamuhay at lumakad na may pagsunod sa Salita Ng Dios.
4. Gamitin ang iyong espirituwal na kapangyarihan: Ang lahat ng mananampalataya ay mayroong pangunahin para sa pagpapagaling at pagpapalaya. Simulan ang paggamit sa mga ito: Ang mga ito ay:

- Ang Salita Ng Dios.
- Ang dugo ni Jesus.
- Ang salita ng sarili mong patotoo.
- Kapangyarihan na itali at pakawalan.
- Panalangin at papuri.
- Sandata sa pakikipaglaban na nakatala sa Efeso 6:10-18.
- Ang awtoridad at kapangyarihan Ng Espiritu Santo.

5. Kung angkop, baguhin ang iyong uri ng pamumuhay: Alisin ang makasalanan at hindi malusog na gawain. Ang kagalingan ay kadalasan nanggagaling kung ang uri ng iyong pamumuhay ay ka isa at sumusunod sa Salita Ng Dios.

6. Sundin ang espirituwal na panuntunan para sa buhay at kalusugan.

7. Gumawa ng kapaligiran na may pananamaplataya: Palibutan ang iyong sarili ng kapaligiran na may pananamaplataya at maging bahagi ng “fellowship” ng mga mananamaplataya.

8. Italaga ang iyong sarili na may buong pagtitiwala Sa Dios: Ang ibig sabihin ng buong pagtitiwala ay sa buhay o kamatayan, karamdaman, o kalusugan, alam mo na ikaw ay nasa Kanyang kamay : Juan 10:29; Job 13:15; 19:26

9. Tumugon ng positibo sa pagdurusa: Habang ikaw ay naghihintay para sa ganap na kagalingan, tumugon sa iyong pagdurusa na ang iba ay ma-apektuhan sa positibong paraan. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng :

-Pagpapasalamat: I Tesalonica 5:16-18.

-Hayaan na gawing ganap Ng Dios ang Kanyang kalakasan sa kahinaan:
II Corinto 12:9-10

-Pagpapakita ng pagtitiyaga habang ikaw ay naghihintay. Ang mga tao ay naghihintay sa opisina ng mga doktor para sa resulta ng pagsusuri ng medisina. Tayo ay naghihintay na tumalab ang gamot. Bakit hindi tayo makapaghintay Sa Dios? Ang mga matiisin ay maka mamana ng mga pangako: Hebreo 6:12; 12:2-3; Santiago 1:2-4; 5:10-11; Mga Awit 27:14; 37:34; Isaias 40:31; Roma 5:3-5

-Pagkilala na walang pagdurusa na walang layunin. Pag-aralan ang nakatala sa Biblia ng mga nagdusa na nagpapatunay dito:

10. Angkinin ang mga pangako Ng Dios: Kahit iyong nadarama na iniwan ka ng Dios, patuloy mong angkinin ang mga pangakong ito at manalangin ng ganitong panalangin: Mga Awit 5:1-3; 6:2-9; 13:1-6; 22:19; 27:7; 31:21-22; 42:9-11; 54:1-2; 55:1-2; 70:1; 71:9-21; 86:6-7; 94:19; 102:1-7; II Corinto 4:17-18

11. Magbigay at ikaw ay makatatanggap: Ang Biblia ay nagtuturo ng pangunahing mga prinsipyo sa Kaharian Ng Dios kaya tayo ay nakatatanggap kung tayo ay magbibigay.

Kung ikaw ay mananampalataya, simulan na mag ministryo ng kapangyarihan ng pagpapagaling Ng Dios sa iba. Habang ikaw ay nagbibigay , ikaw ay makatatanggap.

PANSARILING PAG-SUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Talakayin ang mga paghahanda para sa ministeryo ng pagpapagaling.

3. Ibuod ang panuntunan sa pagmiministeryo ng pagpapagaling.

4. Talakayin ang “follow-up” na pag-aalaga para sa mga gumaling.

5. Talakayin ang “follow-up” na pag-aalaga para sa mga hindi gumaling.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Pag-aralan ang mga halimbawang ito na Si Jesus ay nakikipanayam sa mga may sakit bago mag ministryo ng pagpapagaling:

-Marcos 5:1-20:	Tinatanong Ni Jesus ang taong inaanihan ng demonyo.
-Marcos 8:22-26:	Pagtatanong sa bulag na lalake.
-Marcos 9:14-27:	Pakikipanayam sa batang lalake na may masamang espiritu.
-Marcos 10:46-52:	Pagtatanong sa bulag na Si Bartimeo.

2. Narito ang ilang mga “follow up” na pag-aalaga para sa pagmiministryo ng kagalingan:

Iwanan ang resulta Sa Dios. Huwag mag-alaala tungkol sa tingin natin na kabiguan. Paano ka magiging bigo kung Ang Dios ang nagpapagaling? Hindi ikaw ang kukuha ng papuri para sa nakikitang resulta ng “divine” /makalangit na kagalingan, ikaw ba? Bakit ikaw ang sisisihin kung walang nakikitang resulta?

Tayong lahat ay magkakasama na natututo tungkol sa kapangyarihan Ng Dios sa pagpapagaling. Hindi mo susubukin na tumigil na mamuhay ng Kristiyanong pamumuhay dahil nakakikita ka ng mga kabiguan sa iyong paligid. Huwag kang titigil sa pag miministryo ng pagpapagaling dahil sa nakikita na pagkabigo. Ang tugon sa takot ng pagkabigo ay hindi bawasan ang pag-asa, ngunit pagbutihin ang ministryo.

Maliban na ipinahayag Ng Dios ang dahilan kung bakit walang nakikitang mga resulta, iwanan ang walang tugon na mga tanong sa Panginoon (Deuteronomio 29:29). Huwag subukin na gumawa ng dahilan o gumawa ng paghuhusga base sa hindi ganap na kaalaman ng tao at katuwiran. Tandaan na ang unang kasalanan ng tao ay kasama ang naisin na maging katulad Ng Dios at malaman ang lahat ng mga bagay. Tanggapin ang misteryo Ng Dios bilang bahagi ng buhay.

Ang mga doktor ay kumikilos sa pinakamabuting panggagalingan ng kagalingan. Kung minsan ang mga may sakit ay hindi gumagaling, ngunit ang mga doktor ay hindi sumusuko sa panggagamot ng medisina kung ang may sakit ay namatay. Hindi ba tayo makakikilos ng parehong tiwala kasama ang mga espirituwal na pinanggagalingan na ibinigay ng Panginoon—ipagpatuloy ang paggamit sa mga ito at paunlarin ang ministryo ng pagpapagaling sa kabila ng nakikitang mga kabiguan?

Palaging tandaan: Ang nakikitang mga resulta ay maganda, ngunit ang walang-hanggan na mga bagay ay hindi nakikita. Ito ang dahilan kung bakit sinabi Ni Jesus sa Kanyang mga disipulo nang sila ay nakatuon sa mga resulta ng kanilang mga pangangaral at pagpapagaling:

...inyong ikagalak ito, na ang mga espiritu ay nagsisisuko sa inyo; kundi inyong ikagalak na nangasusulat ang inyong mga pangalan sa langit. (Lucas 10:20)

3. Narito kung paano makabuo ng grupo ng mga manggagawa para mag ministeryo ng pagpapagaling na kasama mo:

-Gamitin ang mga aralin sa bahaging ito at Salita Ng Dios para turuan at patatagin ang pananampalataya.

-Pumili ng grupo ng mga manggagawa na iyong naturuan.

-Gumugol ng panahon sa pag-aayuno at pananalangin ng magkakasama.

-Alamin kung sino ang gagawa sa paglilingkod ng pagpapagaling para ang kaanib ng grupo ay makapagministeryo ng may pagkakaisa sa iba. Isang tao ang dapat mag ayos ng pagtitipon para maiwasan ang kaguluhan.

-Gamitin ang kaanib ng grupo para makatulong sa paghahanda sa iba para sa ministeryo ng pagpapagaling. Huwag magsagawa ng paglilingkod ng pagpapagaling na kinakalimutan ang paghahanda para makapaglingkod, kung saan ang iba ay matututo kung paano gamitin ang kapangyarihan Ng Dios na ibinigay sa lahat ng Katawan Ni Cristo.

4. Gamitin ang balangkas na ito para makatulong sa iyong pag miministeryo sa mga tao na malubha ang karamdaman:

I. May sakit na hahantong sa kamatayan: Sa Juan 11:4 Sinabi Ni Jesus na ang sakit ni Lasaro ay hindi hahantong hanggang sa kamatayan. Ang ibig sabihin nito may mga sakit na hahantong sa kamatayan.

II. May dalawang uri ng natural na kamatayan:

A. Maagang pagkamatay: Bumaling sa pagkawasak ng laman para ang espiritu ay maligtas.

B. Itinakdang kamatayan: Dahil sa natural na proseso ng buhay (Hebreo 9:27; Ecclesiastes 3:2; II Mga Hari 13:14; Isaias 38; II Mga Hari 20).

III. Ang layunin ng pagpapagaling ay hindi kawalang kamatayan:

A. Kahit ang muling binuhay Ni Jesus mula sa mga patay ay sa katapusan ay namatay .

B. Ang ilang mga tao ay higit sa natural na napigilan na maapektuhan ng katandaan katulad ni Moises. Ang iba ay sumunod sa natural na daan ng pagkatanda, katulad ni Josue.

C. Hindi ipinangako ng Biblia ang kawalang kamatayan sa mundong ito bilang bahagi ng tipan ng kagalingan. Huwag maguluhan kung ang mga Kristiyano na mga naniniwala at nagministeryo ng makalangit na kagalingan ay namatay mula sa sakit. Ito ay nangyari kay Elias, ngunit pagkatapos ng ilang taon ang kanyang

mga buto ay nagkaroon ng kapangyarihan na muling bumuhay ng patay na tao. Ito ay nagpapatunay na hindi siya namatay dahil kulang sa pananampalataya!

IV. Kung ikaw ay nag miministeryo sa may malubhang karamdaman hanapin ang Dios para sa katalinuhan: Ito ba ang itinakdang panahon para mamatay ang tao?

A. Kung ipinahayag ng Dios na ito na ang itinakdang panahon ng kamatayan ng tao, tulungan silang maghanda katulad ng ginawa Ni Jesus sa magnanakaw na nasa krus:

1. Tiyakin na kilala nila Si Jesus bilang kanilang Tagapagligtas.
2. Kung sila ay mananampalataya, siguruhin na walang hindi ikinukumpisal na kasalanan.
3. Hikayatin sila na ayusin ang kanilang hanap buhay.
4. Hikayatin sila na ayusin kung may mga problema sa kanila at sa ibang tao.
5. Tulungan silang maunawaan na ang kamatayan ay dumarating sa lahat. Para sa mga mananampalataya, ang kamatayan ay nasa hangganan ng walang-hanggang buhay na nasa atin. Dapat nating baguhin ang ating saloobin tungkol dito. Hindi natin dapat hanapin ang kamatayan, ngunit hindi natin dapat pagtuunan ang pangkasalukuyan na buhay na mas nais natin ito sa darating na buhay. Ang mawala sa katawan at mapasa tahanan na kasama ng Panginoon (II Corinto 5:8). Ang kamatayan ay kalaban, at ito ang huling kalaban na mawawasak (I Corinto 15:26). Ang muling pagkabuhay Ni Jesus ay ang “unang bunga” para ipakita na ang kamatayan ay nagapi na ngunit hindi pa wasak. Ang kalupitan ng kalaban na ito na nagalis para sa mananampalataya (I Corinto 15:15).
6. Tulungan sila na maunawaan na Ang Dios ay pinakamakapangyarihan. Maaari pa Siyang makialam anumang oras para pahintulutan sila na mabuhay pa ng mahaba.
7. Paalalahanan sila na ang kamatayan ay pangwakas na kagalingan. Wala ng sakit o karamdaman. Tayo ay buong papasok sa presensiya Ng Dios. Ang sakit ay katulad ng kasalanan: Tayo ay naligtas sa kabayaran ng kasalanan (karamdaman) nang tinanggap natin Si Jesus bilang Tagapagligtas at Manggagamot. Maaari tayong patuloy na mapalaya mula sa kapangyarihan bilang mananampalataya, ngunit sa panghinarp lamang tayo maliligatas sa presensiya nito kung kailan tayo patungo sa Panginoon. Ang Dios ay may paraan na gamitin ang masamang balak ni Satanas para sa ating ikabubuti. Ang kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, at dahil sa kamatayan Ni Cristo nagkaroon ng buhay. Ito ang dahilan kung bakit ang kamatayan ay ginapi ng tagumpay. Sa kamatayan, Ang Dios ay gumawa ng pangwakas na kagalingan.

8. Ituon ang kanilang atensiyon sa walang-hanggan t muling pagkabuhay.
Gamitin ng sumusunod na mga reperensiya: Juan 11:5-6 ; Job 19:25-27;
Roma 8:10-11,17-18, 22-23; 10:11; I Corinto 15:42-44, 54-58; II
Corinto 4:16-18; 5:1; I Tesalonica 4:13-18

B. Kung hindi ka nakatanggap ng Remah na salita mula Sa Dios kung ito ang
nakatakdang oras ng kamatayan:

1. Magpatuloy na ipanalangin ang kagalingan ayon sa kalooban Ng Dios.
Ito ay hindi paghingi natin ng sapilitan , ngunit hinahayaan Ang Dios
na gawin ayon sa Kanyang kalooban, kung sila ay kukunin o muling
bubuhayin. Mabuti rin na manalangin sa Espiritu, dahil alam Ng
Espiritu Santo ang kalooban Ng Dios at maayos na makakapamagitan
(Roma 8:26).
2. Hikayatin na ang mga may sakit ay italaga ang kanilang mga sarili ng
buong pagtitiwala Sa Dios, kung ito man ay sa pagkabuhay o
kamatayan: Juan 10:29; Job 13:15

IKA-LABING SIYAM NA KABANATA

“SA IYONG PAGHAYO, MAGPALAYA”

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Kilalanin ang tatlong pangunahing mga uri ng demonyo na umaatake sa katawan, kaluluwa, at espiritu ng tao.
- Ipaliwanag ang halaga ng kaloob ng pagkilala sa mga espiritu sa pagharap sa masamang kapangyarihan.
- Ipaliwanag ang ibig sabihin na maging “demon obsessed”.
- Kilalanin ang mga katangian ng isang “demon obsessed” na tao.
- Ipaliwanag ang ibig sabihin na maging “demon oppressed”.
- Kilalanin ang mga katangian ng isang “demon oppressed” na tao.
- Ipaliwanag ang ibig sabihin na maging “demon possessed”.
- Kilalanin ang mga katangian ng isang “demon possessed” na tao.
- Ibuod ang ministeryo Ni Jesus kaugnay sa masamang mga kapangyarihan.
- Gamitin ang panuntunan base sa Bilbia para mapagtagumpayan ang masamang mga kapangyarihan.

SUSING TALATA:

Sa makatuwid baga’y si Jesus na taga Nazaret, kung paanong siya’y pinahiran ng Dios ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan: na naglilibot na gumagawa ng mabuti, at nagpapagaling sa lahat ng mga pinahihirapan ng diablo; sapagkat sumasa kaniya ang Dios. (Mga Gawa 10:38)

PAMBUNGAD

Sa mahabang panahon ang gawa ng mga demonyo ay pinawalang saysay ng marami bilang kakaibang gawain ng mga kultura ng pagano. Hindi ito ibinilang na problema na sumasalakay sa mga buhay, tahanan, mga iglesya, at mga bansa. Ngunit may mga tao na nakapalibot sa iyo na nagdurusa, naguguluhan, at maaaring “possessed” ng mga kapangyarihan ng kadiliman na kilala bilang mga demonyo. Si Jesus ay nag ministeryo sa mga naapektuhan ng kapangyarihan ng mga demonyo (Mga Gawa 10:38) at inutusan Niya ang Kanyang mga tagasunod na gawin din ito sa kanilang pagpapalaganap ng Ebanghelyo ng Kaharian (Mateo 10:1).

Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng panuntunan para sa pag miministeryo sa mga naapektuhan ng kapangyarihan ng demonyo. Para makatanggap ng Ebanghelyo ang mga bilanggong ito ay dapat munang mapalaya mula sa pagkabilanggo. (Ang Harvestime International Institute ay naghahain ng kursong may pamagat na “*Mga Estratehiyang Espirituwal: Isang Manwal Sa Pakikibakang Espirituwal*” na nakadetalye ang mga gawain ni Satanas at ang kanyang masamang puwersa. Kung hindi ka pamilyar sa espirituwal na pakikibaka, dapat mong pag-aralan ang kursong ito bago ka magsimula ng ministeryo ng pagpapalaya.)

SI JESUS AT ANG MGA DEMONYO

Ang ministeryo ng pagtuturo Ni Jesus ay nagpapakita na ang masamang espiritu ay tunay na puwersa ng kasamaan. Ang mga itinuro Ni Jesus tungkol sa mga demonyo at kung paano Niya hinarap ang mga ito ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon tungkol sa estratehiya ni Satanas.

Tinatanggap Ni Jesus ang katotohanan na si Satanas ay tagapanguna ng kampon ng demonyo. Kanyang itinuro ang katotohanan at kapangyarihan ng mga demonyo. Sinabi Niya na ang pagpapalayas ng mga demonyo ay isa sa mga tanda na ang Kaharian Ng Dios ay dumating na. (Basahin ang Mateo 12:22-30, Marcos 3:22-27, at Lucas 11:14-23 para sa buod ng kung ano ang itinuro Ni Jesus tungkol sa mga demonyo.)

Malaking bahagi ng ministeryo Ni Jesus ay kasama ang pagharap sa mga demonyo. Ang halimbawa Ni Jesus at ang kapangyarihan ng Kanyang pangalan ang nagbigay ng basehan sa Biblia para sa pakikipagharap sa masamang kapangyarihan. Si Jesus ay nag ministeryo sa lahat ng mga lumapit ng may problema sa mga kasamanan:

Sa makatuwid baga’y si Jesus na taga Nazaret, kung paanong siya’y pinahiran ng Dios ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan: na naglilibot na gumagawa ng mabuti, at nagpapagaling sa lahat ng mga pinahihirapan ng diablo; sapagkat sumasa kaniya ang Dios. (Mga Gawa 10:38)

Sa bahagi ng pag-aaral na ito na “Para sa dagdag na pag-aaral” maaari mong dagdag na pag-aralan ang tiyak na mga kaso na nakasulat sa Biblia kung saan Si Jesus ay hinarap ang masamang mga kapangyarihan.

PAANO KUMILOS ANG MGA DEMONYO

Ang mga demonyo ay ginamit ni Satanas para salungatin Ang Dios, ang Kanyang mga plano at mga layunin, at ang Kanyang mga anak. Ang mga ito ay nakikipaglaban sa mga mananampalataya para sila ay mailayo mula sa katotohanan ng Ebanghelyo. Namamahala ang demonyo sa tiyak na mga teritoryo (kapangyarihan), sa pamamgitan ng mga lalake at babae, para magawa ang mga layunin ni Satanas sa mundo.

Ang oposisyon sa kalooban Ng Dios ang pangunahing layunin ni Satanas. Ang ibig sabihin ng salitang “Satanas” ay “kalaban.” Si Satanas ang pangunahing kalaban Ng

Dios (Job 1:6; Mateo 13:39). Siya ang ikalawang kalaban ng tao (Zacarias 3:1; I Pedro 5:8).

Ang mga demonyo ay may iba't ibang likas. Isang demonyo ang kinilala sa kanyang sarili sa I Mga Hari 22:23 bilang manlolokong espiritu. Ang bingi at pipi na espiritu ay nabanggit sa Marcos 9:25. Ang mga demonyo na iba't ibang likas ay kumikilos bilang espiritu ng karamdaman, espiritu ng panunukso, at maruming mga espiritu. Ginagamit ni Satanas ang mga ito para labanan ang tao sa katawan, kaluluwa, at espiritu.

MGA ESPIRITU NG KARAMDAMAN

Ang mga espiritong ito ang nagbibigay ng karamdaman sa katawan ng mga mananampalataya gayun din sa mga hindi mananampalataya. Basahin ang Lucas 13:10-17. Ang babaing ito ay may sakit ng espiritu ng karamdaman. Siya ay nandoon sa pagtitipon sa "Sabbath" at siya ay tinawag Ni Jesus na "anak ni Abraham." Ang parehong mga katotohanan na ito ay nagpapakita na maaaring ito ay tagasunod Ng Dios, subalit ang kanyang katawan ay may sakit sa loob ng labing-walaong taon dahil kay Satanas.

(Para sa ibang mga halimbawa ng kapangyarihan ng kasamaan na nagbibigay ng sakit sa katawan tingnan ang Mateo 12:22; 17:15-18; Mga Gawa 10:38; II Corinto 12:7.)

MGA ESPIRITU NG PANUNUKSO:

Ang mga espiritong ito ay nagbibigay ng sakit sa espiritu ng tao, tinutukso sila na maniwala sa panloloko sa doktrina at hinuhusgahan sa walang-hanggang kaparusahan. Ang mga ito ay espiritu ng bulaang doktrina, kulto, huwad na mga cristo, at bulaang mga guro:

Ngunit hayag na sinasabi ng espiritu na sa mga huling panahon ang iba'y magsisitalikod sa pananampalataya, at mangakikinig sa mga espiritong mapanghikayat at sa mga aral ng mga demonio. (I Timoteo 4:1)

At ibinuhos sa ikatlo ang kaniyang mangkok sa mga ilog at sa mga bukal ng tubig; at nangaging dugo. (Apocalipsis 16:14)

Siya, na ang kaniyang pagparito ay ayon sa paggawa ni Satanas na may boong kapangyarihan at mga tanda at mga kahangahangang kasinungalingan.

At boong daya ng kalikuan sa nangapapahamak; sapagkat hindi nila tinanggap ang pagibig sa katotohanan, upang sila'y mangaligtas. (II Tesalonica 2:9-10)

Kasama sa espiritu ng panunukso ang espiritu ng panghuhula na nabanggit sa Mga Gawa:

At nangyari, na nang kami'y nagsisiparoon sa mapapanalanginan, ay sinalubong kami ng isang dalagang may karumaldumal na espiritu ng

panghuhula, at nagdadala ng maraming pakinabang sa kaniyang mga panginoon sa pamamagitan ng panghuhula. (Mga Gawa 16:16)

Ang mga ganitong espiritu ng panghuhula o “familiar spirit” ay kimikilos sa mga manghuhula, mangkukulam, at bumabasa ng palad at bolang kristal, at dahon ng tsaa. Sa pamamagitan ng paraan na hindi naaayon sa Biblia ang espiritu ng panghuhula at pagsasabi sa panghinaharap o madiskubre ang kaalaman na natural na hindi nalalaman. Ang babala laban sa “familiar spirit” ay ibinigay sa Levitico 19:31; 20:6; Deuteronomio 5:9; 18:10; Levitico 20:27; at I Samuel 28:3.

Ang espiritu ng panunukso ay sinusunog ang konsiyensiya, tinutukso, inaakit, sinusubok, hinihikayat, pinapawili, hinahalina, pinupukaw, ginigising, tinatawag ang pansin, at niloloko. Ang espiritu ng panunukso ay aktibo para magdulot ng “espirituwal na kasamaan sa “high places”. Ang presensiya nila ay kumikilos at nasa bawa’t kulto, saanman mayroong maling katuruan. Tandaan na si Satanas ay nagnanais na pagsamba at kanyang kukunin ito sa anumang paraan. Ang espiritu ng panunukso ay inaakit ang mga lalake at babae na sumamba sa mga idolo kahit nga mismong si Satanas.

MARUMING MGA ESPIRITU:

Ang kapangyarihan ng demoniyo ay inaalihan ang kaluluwa ng tao. Sila ang responsable sa mga imoral na mga gawa, maruming pad-iisip, mga tukso at lahat ng mga estratehiya ni Satanas na gumagapos sa mga lalake at babae. Kung hinahawakan ni Satanas ang mga taong may maruruming espiritu, kaya rin niyang gawin ito sa mga tahanan, mga iglesia, at mga bansa. Sa ganitong paraan gumagawa si Satanas sa iba’t ibang lebel ng lipunan. Para sa mga halimbawa ng maruruming espiritu tingnan ang Mateo 10:1; 12:43; at Marcos 1:23-26.

PAGPAPAHIRAP, PAGKABUYO, PAGSANIB

Ang masamang espiritu ay maaaring magpahirap sa mga tao. Ang ibig sabihin ng pagpapahirap ay dalhin paibaba, labanan o igapos mula sa labas. Ang pagpapahirap na ito ay nagagawa ng masamang espiritu sa iba’t ibang mga kaparaanan. Ito ay nagiging sanhi ng kalungkutan, lumilikha ng negatibong pangyayari, at naglalagay ng maling kaisipan sa isip katulad ng pagpapakamatay, imoralidad, kawalan ng pananampalataya, takot, at iba pa. Ang mga demonyo ay gumagawa ng napakasamang pagkakataon at sitwasyon na tumutukso sa tao na magkasala:

Sa makatuwid baga’y si Jesus na taga Nazaret, kung paanong siya’y pinahiran ng Dios ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan: na naglilibot na gumagawa ng mabuti, at nagpapagaling sa lahat ng mga pinahihirapan ng diablo; sapagkat sumasa kaniya ang Dios. (Mga Gawa 10:38)

Ang mga demonyo ay maaaring sumanib sa tao. Ang pagsanib ng demonyo ay isang kalagayan kung saan ang isa o higit sa isa na masamang espiritu (mga demonyo) ay nananahan sa katawan ng tao at kunin ang buong pangangasiwa sa kanilang biktima at kalooban. Mas gustong gamitin ng ilang mga tao ang salitang “dinemonyo” sa halip na

“sinaniban”, ngunit anuman ang termino, ang isang tao na “sinaniban” ay tinitirahan ng mga demonyo. Hindi ibig sabihin na kapag ang tao ay sinaniban ng demonyo ay wala na siyang responsabilidad sa kanyang sariling kasalanan. Ang kanyang responsabilidad ay nakaatang sa mga bagay na nagdala sa kanyang kalagayan.

Ang pagsanib ay maaaring mangyari ng kusangloob. Ang isang tao ay maaaring magapi ng kapangyarihan ng espiritu para makipag-usap sa espiritu ng patay, manumpa, maging mangkukulam, o magkaroon ng ibang higit sa natural na kapangyarihan. Ang pagsanib ay maaari ring mangyari ng hindi kusang loob. Ang isang tao ay hindi hinihiling na siya ay saniban, ngunit sa pamamagitan ng makasalanang isipan, mga gawain, o makipag-usap sa nasasapian na resulta ng okultismo, ito ay nangyayari.

Ang masamang kapangyarihan na kumikilos sa mga magulang at sa mga kasalanan ng mga magulang ay maka-aapekto sa susunod na henerasyon. (Tingnan ang Exodo 20:5; 34:7; at Deuteronomio 5:9). Ang pangyayaring ito ng pagsanib ng demonyo o pagpapahirap ng mga anak ay nasulat sa Marcos 7:24-30 at 9:17-21.

Mayroon ding pagkabuyo ng isip sa demonyo. Ito ay kalagayan kung ang isang tao ay naging buyo sa pagkawili sa o mga gawain ng demonyo. Ito ay hindi karaniwan na pagkawili sa okultismo, demonyo, at kay Satanang nangunguna sa naisin at pagnanasa sa paraan ng pagdidikta. Ang ganitong pagkabuyo sa mga kapangyarihan ng demonyo ay maaaring mauwi sa pagsanib ng mga ito.

ANG MGA DEMONYO BA AY MAY BISA SA MGA MANANAMPALATAYA?

Ang tunay na mananampalataya ay hindi maaaring saniban ng demonyo dahil ang Espiritu Santo ay hindi mananahan sa isang templo na may masamang espiritu:

O hindi бага ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios? At hindi kayo sa inyong sarili;

Sapagkat kayo’y binilli sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Dios. (I Corinto 6:19-20)

Kung ikaw ay pagmamayari Ng Dios at puspos ng Espiritu Santo, hindi ka maaaring maging kay Satanang mapuspos ng kanyang espiritu na magkasabay. Ang Espiritu Santo ay hindi mananahan sa magkaparehong templo kasama si Satanang.

Ngunit hindi ibig sabihin nito na ang mananampalataya ay hindi ma-apektuhan ng masamang kapangyarihan. Sa mga kapangyarihan na ito tayo nakikipagbuno. Ginagamit ni Satanang ang masamang mga kapangyarihan para atakihin ang mga mananampalataya mula sa labas sa pamamagitan ng pagpapahirap, ang mga sintomas nito ay natalakay na. Ngunit hindi niya kayang ma saniban ang tunay na mananampalataya. Ang pagsanib ay nagpapakita ng gawain sa panloob. Ang pagpapahirap o igapos ay nagpapahiwatig ng impluwensiya mula sa labas. Ang mga gawain ng mga mananampalataya ay maaaring pinangungunahan ni Satanang kung hahayaan nila ang masamang kapangyarihan para sila

ay pahirapan. Ang ganitong pagpapahirap o paggapos ng masamang kapangyarihan ay pinahihintulutan si Satanas na gamitin sila para sa masamang mga layunin.

Ito ang nangyari nang si Pedro, isang disipulo Ni Jesus, ay ginamit ni Satanas para subukin na ilihis ang pagdurusa Ni Jesus para sa mga kasalanan ng lahat ng sangkatauhan. Nang inilarawan Ni Jesus ang pagdurusa na kanyang mararanasan, Sinabi ni Pedro:

...malayo ito sa iyo: kailan man ay hindi mangyayari ito sa iyo. (Mateo 16:22)

Sinabi ni Jesus kay Pedro:

...Lumagay ka sa likuran ko, Satanas: ikaw ay tisod sa akin: sapagka't hindi mo pinagiisip ang mga bagay ng Dios, kundi ang mga bagay ng tao. (Mateo 16:23)

Hindi tinutukoy Ni Jesus na si Pedro ay aktuwal na si Satanas. Kinilala Niya sa oras na iyon na pinahintulutan ni Pedro na si Satanas ay gumawa sa pamamagitan niya. Siya ay hindi sinaniban ng demonyo, ngunit hinahayan niya ang napakasamang espiritu ay ma impluwensiyahan siya. Sa kanilang sariling mga gawain, ang mga mananampalataya ay “nagbibigay ng lugar” (nagbibigay ng pagkakataon) para sila ay gamitin ni Satanas (Efeso 4:27)

Kung ang isang tao ay “born again”, ang kanyang pangalan ay nakasulat sa natatanging aklat sa Langit na tinatawag na aklat ng buhay. Ang mga pangalan lamang ng nasa aklat na ito ang mananahan sa Langit ng walang-hanggan:

At kung ang sinoman ay hindi nasumpungan nakasulat sa aklat ng buhay, ay ibinulid sa dagatdagatang apoy. (Apocalipsis 20:15)

Posible na ang iyong pangalan ay nakasulat sa aklat ng buhay, ngunit sa katagalan maalis dahil sa muling pagbalik sa makasalanang pamumuhay:

Ang matagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa ano mang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipapahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng kaniyang mga anghel. (Apocalipsis 3:5)

Kung ang mananampalataya ay nagpapatuloy sa alam niyang hindi kinukumpisal na kasalanan, darating ang panahon na siya ay titigil na maging Kristiyano. Ipinahayag ni Pablo ang kanyang alalahanin na siya ay hindi mapalayas pagkatapos ng kanyang pangangaral sa iba:

Ngunit hinahampas ko ang aking katawan, at aking sinusupil: baka sakaling sa anomang paraan, pagkapangaral ko sa iba, ay ako rin ay itakuwil. (I Corinto 9:27)

Napagtanto ni Pablo na ang kasalanan, lalo na ang patuloy na hindi inaamin na kasalanan ng laman, ay maaaring magdulot ng pagkawala ng kanyang sariling kaluluwa kahit nga siya ay nangaral sa iba.

Sa patuloy na pamumuhay sa kasalanan di magtatagal ikaw ay hahantong sa kalagayan ng panlalamig. Ang ibig sabihin nito hindi ka na tunay na tagasunod Ni Jesu Cristo. Kung ikaw ay magpapatuloy sa alam at hindi inaamin na kasalanan, walang sinoman ang makapagsasabi sa iyo kung saang punto ka titigil na maging tunay na tagasunod Ni Jesus at maging bahagi muli ng Kaharian ni Satanas. Ang Dios ang makaaalam ng puntong iyon. Ngunit kung ito ay mangyari, binubuksan mo ang iyon sarili sa malaking atake ng kalaban, kasama ang posibilidad ng pagsanib ng demonyo. Ito ang dahilan kung bakit mahalaga na kung ikaw ay nagkasala aminim mo kaagad ang iyong kasalanan at tumalikod muli sa walang katwiran:

Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan.

Kung sinasabi nating tayo'y hindi nangagkasala, ay ating ginagawang sinungaling siya, at ang kaniyang salita ay wala sa atin. (I Juan 1:9-10)

Si Jesus ay tinawag na Salita ng Dios sa maraming lugar sa Biblia. Kung ang Salita Ng Dios ay hindi nananahan sa iyo, Si Jesus ay hindi nananahan sa iyo.

PAANO ANG MGA DEMONYO AY NAKAPAMAMAHALA

Ang demonyo ay nakapamamahala sa ilang mga paraan:

1. **Sa pamamagitan ng henerasyon:** Ang demonyo ay makapagpapahirap o makasasanib sa tao kung ang kanyang mga magulang ay nakaranas din nito. Ito ang dahilan kung bakit ang mga anak ay mayroon ding impluwensiya ng demonyo (Exodo 20:5; 34:7; Deuteronomio 5:9).

Sa pamamagitan ng isip: Ang isip ang lugar ng labanan ni Satanas. Kung mapapamahalaan ni Satanas ang iyong diwa, sa huli pamamahalaan niya ng iyong kilos. Ang kakulangan ng pagpigil sa isip sa kalaunan ay naguuwi sa pagkawala ng “will power” na magaakay sa makasalanang kilos. Ang pag papatuloy sa makasalanang diwa at kilos ay maaaring magdala mula sa pagpapahirap at sa pagsanib, at sa wakas sa napakasamang isip na inilarawan sa Roma 1. Ang isip na ito ay buong pinamamahalaan ng masamang mga kaisipan.

Ang demonyo ay magkakaroon ng pagkakataon sa pamamagitan ng pagbabago ng kaisipan dulot ng masamang gamot na nagpapahina sa kakayahan na labanan ang mga demonyo at bigyan ng maraming pagkakataon. Ang “brain washing” o pagtuturo ng pamamahala sa isip ay nagbibigay din ng punto para makapasok.

Sa pamamagitan ng makasalanang gawain: Ang makasalanang na kaisipan sa di katagalan ay gagawa ng makasalanang kilos. Halimbawa, ang kaisipan ng pakikiapid ay magagawa sa aktuwal na gawain ng pakikiapid. Ang paghihimagsik ay kasalanan, ang pag-iisip ng paghihimagsikat at mga gawa nito ay nagbibigay ng punto na makapasok ang mga gawain ng demonyo.

Kung ang mananampalataya ay nagpapatuloy sa makasalanang isipan o gawain "nagbibigay sila ng lugar" sa Demonyo (Efeso 4:27) . Higit na lugar ang ibinibigay para makagawa ang kalaban. Ang kasalanan ng pagsama sa okultismo , kasama ang mga bagay, babasahin, pakikipag-usap sa patay, at iba pa, ay mga kilos na natatanging delikado at nakakatawag ng pansin sa makasalanang kapangyarihan.

Ang hindi mananampalataya na namumuhay sa kasalanan ay kadalasang bukas hindi lamang sa pagpapahirap ng makasalanang kapangyarihan, gayundin ang pagsanib. Walang niyutral na lugar sa espirituwal na pakikipaglaban. Ikaw ay alinman sa dalawa, sa panig ng mabuti o masama. Ikaw ay kasama alin sa dalawa, Sa Dios o kay Satanas. Kung ikaw ay kay Satanas at hindi nakaranas ng bagong kapanganakan Kay Cristo, ikaw ay kanyang gagamitin, pagpapahirap o pagsanib ayon sa kanyang kalooban.

Sa pamamagitan ng pagnanasa: Ang naisin ng ilang mga tao ay mapailalim sa masamang kapangyarihan. Ginagawa nila ito para sa layunin ng higit sa natural na kapangyarihan o makagawa ng gawaing higit sa natural.

Sa pamamagitan ng walang laman na tahanan: Itinuturing ng demonyo na tahanan ang katawan na kanilang tinitirhan (Mateo 12:44). Kung ang tao ay lumaya mula sa makasalanang kapangyarihan at hindi pinunan ang kanyang espirituwal na bahay sa pamamagitan ng pagiging "born again" at tanggapin ang Espiritu Santo, ang muling pagpasok ay mangyayari.

Sa pamamagitan ng pahintulot: Kung minsan pinahihintulutan Ng Dios ang makasalanang kapangyarihan para magawa ang natatanging mga layunin. Ito ay maaaring pahintulutan bilang pagsubok ng mga mananampalataya katulad ng kaso ni Job. Maaari rin itong paghuhukom para sa kasalanan katulad ng kaso ni Haring Saul.

SINO ANG DAPAT HARAPIN SA MAKASALANANG KAPANGYARIHAN

Ang pagharap sa masamang kapangyarihan ay hindi isang bagay na dapat iwan sa propesiyonal na mga pastor. Sinabi Ni Jesus na ang lahat ng mga mananampalataya ay mayroong kakayahan na mapagtagumpayan ang masamang kapangyarihan;;

**At lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya:
mangagpapalabas sila ng mga demonio... (Marcos 16:17)**

Binigyan Ni Jesus ang Kanyang mga tagasunod ng kakayahan na harapin ang masamang kapangyarihan. Una Niyang ipinagkatiwala ang ganitong kapangyarihan sa mga disipulo:

**At pinalapit niya sa kaniya ang kaniyang labindalawang alagad, at
binigyan niya sila ng kapamahalaan laban sa mga karumaldumal na**

espiritu, upang mapalabas nila, at upang kanilang mapagaling ang lahat ng sarisaring sakit at ang lahat ng sarisaring karamdaman. (Mateo 10:1)

At pinalapit niya sa kaniya ang labindalawa, at nagpasimulang sinugo sila na daladalawa; at binigyan niya sila ng kapamahalaan laban sa mga karumaldumal na espiritu (Marcos 6:7)

Kanyang ipinagkatiwala ang magkatulad na kapangyarihan sa lahat ng mga mananampalataya:

At lalaking ang mga tandang ito sa magsisisampalataya: mangagpapalabas sila ng mga demonio... (Marcos 16:17)

Mangagpapagaling kayo ng mga may sakit, mangagpapabangon kayo ng mga patay, mangaglilinis kayo ng mga ketong, mangagpapalabas kayo ng mga demonio: tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay ninyong walang bayad. (Mateo 10:8)

Walang batayan sa Biblia na paniwalaan na hangad Ng Dios ang mahalagang ministryo na ito na limitahan sa pagtikular na grupo ng mga tao. Si Felipe na isang layko ay ginamit Ng Dios para magpalayas ng masamang mga espiritu sa Samaria (Mga Gawa 8). Ngunit hindi ibig sabihin nito na ang mga mananampalataya ay dapat magmadali sa pakikipagtagpo sa masamang kapangyarihan ng walang tamang paghahanda, katulad ng na diskubre ng anak ni Sceva (Mga Gawa 19).

Mahalaga rin na ang mga mananampalataya ay hindi sobrang bigyan ng pansin ang demonyo. Hindi tayo tinawag para pahalagahan ang mga demonyo. Walang espirituwal na kaloob na ‘pagpapalayas ng demonyo.’ Ngunit hindi ka dapat matakot sa masamang kapangyarihan. Kung humaharap sa mga naapektuhan ng mga demonyo, mayroon kang kapangyarihan na magdala ng kalayaan mula Sa Dios.

PAGTUKLAS NG MASAMANG PRESENSIYA

Para mapagtagumpayan ang masamang kapangyarihan mahalaga na makilala ang kanilang presensiya at mga taktika. Ang Espiritu Santo ay nagbigay ng natatanging kaloob para sa layunin na ito, tinatawag itong “pagkilala sa mga espiritu” (I Corinto 12:10).

Ang ibig sabihin ng “pagkilala” ay “madiskubre, tayain, at gumawa ng pagkakikilalan sa pagitan.” Ang kaloob ng pagkilala ng mga espiritu ay para magkaroon ng kakayahan ang mga mananampalataya na makilala ang mga espiritu na kumikilos sa iba. Ito ay nagbibigay ng pahintulot sa kanya na madiskubre, magtaya, at kilalanin ang masamang espiritu.

Ang kaloob ng pagkilala sa mga espiritu ay napakahalaga kung humaharap sa masamang kapangyarihan. Madali mong makikilala kung ang tao ay may masamang espiritu na kumikilos o laban sa kanya. Pinipigilan nito ang panloloko ng panunukso o manlolokong

mga espiritu. Ang isang may kaloob nito ay makakikila sa masamang taktika at mga motibo ng masamang kapangyarihan.

Halimbawa, ang ilang mga kabingihan o pagkapipi (ayon sa nakasulat sa Biblia) ay dulot ng espiritu. Ang ibang kabingihan o pagkapipi ay maaaring resulta ng aksidente o sakit. Ang pagkilala ay tutulong sa iyo para malaman kung ano ang sanhi sa likod ng kalagayan na nag pahintulot sa natatanging ministeryo.

Pansinin lahat ng mga mananampalataya ay may ganitong natatanging espirituwal na kaloob ng pagkilala ng mga espiritu. Kung ang mananampalataya ay walang ng ganitong kaloob may mga tanda ng masamang presensiya na maaaring maobserbahan. Nang ang Syrophenician na babae ay lumapit Kay Jesus na nagsasabing kaya Niyang palayasin ang masamang espiritu mula sa kanyang anak, sinabi niya” Ang aking anak ay pinahihirapang lubha ng isang demonyo” (Mateo 15:22). Paano niya nalaman ito? Alam niya dahil sa mga tanda. Obserbahan kung ano ang ginagawa ng masamang espiritu sa tao para malaman.

Narito ang ilang mga sintomas ng mga gawain ng demonyo:

Pagkabuyo sa demonyo ay kinikilala sa hindi mapigilan at hindi karaniwang kaabalahan sa mga demonyo, kay Satanas, o okultismo. Ang ganitong tao ay nakikilalam sa gawain ng okultismo, pirmihan na ibinibigay ang papuri kay Satanas at sa mga demonyo, o abala sa pag-aaral ng demonyo at kay Satanas.

Pagpapahirap ng demonyo ay maaaring makilala sa sumusunod na mga tanda:

1. **Ang pisikal na paggapos:** Ang “anak ni Abraham” na pinagaling Ni Jesus ng espiritu ng karamdaman ay pisikal na nakagapos . Tingnan ang Lucs 13:10-17. Ang paulit-ulit na sakit ay maaaring “oppression” ng demonyo. Ang lahat ng sakit ay hindi ang masamang kapangyarihan ang sanhi. Ang ilang mga sakit ay sanhi ng pagsuway sa natural na kautusan, katulad ng hindi tamang pagkain o pag-inom ng masamang tubig. Ang ilang mga sakit ay parusa. Ang isang Hari sa Biblia na hindi ibinigay Sa Dios ang kaluwalhatian ay dinapuan ng uod sa tiyan at namatay!

2. **Ang mental na pagpapahirap:** Ang kaguluhan sa isip o kaisipan katulad ng pagpapahirap sa isip, kaguluhan, pag-aalinlangan, kawalan ng memorya, at iba pa. Pagkabalisa, walang kakayahan na makinig at mangatwiran sa iba, hindi normal na kadalalan o katahimikan ay maaaring magpakita. Hindi lahat ng problem sa isip ay sanhi ni Satanas. Ang pagkawalan ng loob at kalungkutan, at kaguluhan ay maaaring sanhi dahil sa “allergies” sa tiyak na pagkain o maling kemikal na hindi pagkabalanse sa isip. Kayang pagalingin Ng Dios ang problema sa isip at ang mga sakit na sanhi ng masamang espiritu. Kung minsan ang simpleng pagbabago ng pagkain o uri ng pamumuhay ay makapag aalis ng problema kung ito ay sanhi ng pisikal na dahilan.

3. **Emosyonal na mga problema:** Patuloy o paulit-ulit na kaguluhan sa emosyon, kasama ang hinanakit, poot, galit, takot, pagtangga, awa sa sarili, pagseselos, kalungkutan, pag-aalala, walang seguridad, pagkamahiyain, at iba pa.

4. Espirituwal na mga problema: Sobrang pagdurusa para mapagtagumpayan ang kasalanan, kasama ang mga masamang gawi. Pagtanggì sa espirituwal na solusyon sa mga problema. Anumang uri ng mali sa katuruan o pangloloko, kasama ang pagkaalipin sa mga bagay at babasahin tungkol sa kulto.

5. Pangyayari: Ang mga demonyo ay maaaring gumawa ng mahirap na pangyayari katulad ng pagpapahirap. Ang ganitong pangyayari ay kadalasang kasama ang pagkalito at madaling makikilala bilang masama dahil Ang Dios ay hindi gumagawa ng kaguluhan (I Corinto 14:33; Santiago 3:16).

Pagsanib ng Demonyo ay maaaring makilala sa sumusunod na mga tanda:

1. Pinaninirahan ng masamang espiritu: Ito ay pinakikita ng pangunahing moral na karumihan at kalaswaan. Kasama dito ang naisin na lumabas ng hubad. Halimbawa tingnan ang Marcos 5:2 at Lucas 8:27.
2. Hindi karaniwang kalakasang pisikal: Ang isang tao na nagpapakita ng lakas higit sa normal na kakayahan. Halimbawa tingnan ang Marcos 5:3 at Lucas 8:27.
3. “Fits of rage/biglang galit: Ang mga galit na ito ay kasama ang pagbubula ng bibig. Tingnan ang Marcos 9:14-29
4. Pagtanggì sa espirituwal na mga bagay: Sa pangyayari sa Marcos 6:7 at 1:21-28, kilala ng mga demonyo si Jesus at hiniling na sila ay iwanan Niya. Ang takot sa pangalan Ni Jesus, panalangin, at ang Salita at kalapastanganan sa mga espirituwal ay sintomas ng “possession” ng demonyo. Ang sobrang kalapastanganan ay maaaring makita o pagkangiwi ng pisikal at pabago–bago na paguugali kung ang mga espirituwal na bagay ay nababanggit.
5. Pagbabago sa personalidad at / o boses: Ang tao na normal na mahiyain ay nagiging agresibo o marahas. Ang mga gawain o anyo ay maaaring maapektuhan. Ang moral na pag-uugali at katalinuhan ay maaaring mabago. Ang boses ay maaaring maiba. Tingnan ang Marcos 5:9.
6. Pagkakaroon ng pisikal na karamdaman: Sa mga kaso ng pagsanib ng demonyo, ang mga ito ay madalas na nakikita bilang sakit ng mental o nervous system. (Tingnan ang Mateo 9:33; 12:22; Marcos 5:4-5). Maaaring kasama ang pangkalahatang pagkasira ng katawan (Marcos 9:14-29).
7. Saktan ang sariling katawan: Sa Mateo 17:14-21 may kuwento ng anak ng isang lalake na nabubuwal sa apoy. Sa Lucas 8:26-29 ang lalaking ito na inaalihan ng demonyo ay sinusugatan ang kanyang sarili sa pamamagitan ng bato.
8. Masidhing poot: Ikinukuwento sa Lucas 8:28 na ang lalaking ito ay umiiyak dahil sa masidhing paghihirap na dulot ng pagsanib ng demonyo sa kaniya.

9. Walang kakayahan para normal na makapamuhay: Ang lalaking ito ay hindi makapamuhay sa lipunan ngunit nakatira sa puntod sa sementeryo. Tingnan ang Lucas 8:27.
10. Ang kakayahang manghula o madiskubre ang hindi nalalaman sa mga pamamaraang hindi ayon sa Biblia: Ang babae sa Mga Gawa 16:16 ay sinabing inaalihan ng espiritu ng panghuhula.

Ang sumusunod ay maaaring nagsasabi ng pagpapahirap, pagkabuyo, o pagsanib ng demonyo:

1. Sobrang imoralidad katulad ng pagkasangkot sa pornograpiya, pakikiapid, “masturbation,” kabaklaan, at ibang “sexual” na mga kasalanan. Malakas na pagnanais sa maling pagkain, pagpapakamatay, pagsira sa sarili, pamiminsala at pagpatay.
2. Sugapa sa ipinagbabawal na gamot o alcohol.
3. Kawalan ng ulirat, pangitain, at pagmumuni-muni na hindi nakatuon sa o mula sa nag-iisa at tunay Na Dios.
4. Pagkagapos ng emosyon katulad ng takot, pag-aalala, kalungkutan, galit poot, pagseselos, paninira sa iba, inggit, pagmamataas, poot, pagkanegatibo, pamimintas.

PAGMIMINISTERYO NG PAGPAPALAYA

Narito ang ilang mga panuntunan para sa pagmiministeryo sa mga naapektuhan ng masamang espiritu:

PANIMULANG PAGHAHANDA SA IYONG SARILI:

Nagkakaroon ng pananampalataya sa pakikinig ng Salita Ng Dios, ang tiyak o “Rhema” na Salita. Magsimula na patatagin ang pananampalataya sa iyong puso sa pamamagitan ng pagbabasa ng Bagong Tipan na may bagong pananaw.:

-Anuman ang sinabi Ni Jesus sa Kanyang mga tagasunod na gawin, simulan mong gawin ito.

-Anuman ang sinabi Niyang gagawin, asahan na gagawin Niya ito.

-Kung sinabi Niyang mapalalaya mo ang mga pinahihirapan ni Satanas, asahan mong sila ay palalayain.

-Kung sinabi Niyang magpalayas ng demonyo, gawin mo sa pangalan Niya at asahan na sila ay susunod sa iyo.

Balewalain ang lahat ng katuruan ng mga tao at personal na mga karanasan mo. Tanggapin na ang sinasabi ng Bagong Tipan ay tama. Tanggapin na ito ay tutoo at kumilos ng naaayon. Ikaw ay isang kinatawan para Kay Cristo (II Corinto 5:20). Ang isang kinatawan ay hindi kailanman nagaalinlangan na ang bansa na kanyang kinakatawan ay susuportahan ang kanyang salita.

Magayuno at manalangin bago ka magministeryo ng pagpapalaya. Dahil ang kapangyarihan at awtoridad para magpalaya ay galing Sa Dios, mabuti na ikaw ay makipaghihikayat! Ang ilan sa mga demonyo ay aalis lamang sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno. Itinuturo ng Isaias 58 na iginagalang Ng Dios ang pag-aayuno na nakatuon sa pagmiministeryo sa mga pangangailangan ng iba.

PAUNANG PAGHAHANDA SA IBA:

Kung may posibilidad, isang grupo ng mga mananampalataya ang dapat magamit kung gumagapos o nagpapalayas ng mga demonyo. Ipinadala Ni Jesus ang Kanyang mga disipulo ng dalawahan para sa ministeryong ito:

At pinalapit niya sa kaniya ang labindalawa, at nagpasimulang sinugo sila na daladalawa; at binigyan niya sila ng kapamahalaan laban sa mga karumaldumal na espiritu (Marcos 6:7)

Hindi ibig sabihin nito ay hindi ka puwede na makapagministeryo sa taong sinasapihan ng demonyo kung ikaw ay nagiisa kapag sila ay nakatagpo mo, ngunit may lakas sa panalangin na nagkakaisa kasama ang ibang mananampalataya. Dahil ang lakas ay nanggagaling sa pagkakaisa, ang mga kasama mo sa ministeryo ng pagpapalaya ay dapat na parehong nakapaghanda sa panalangin at pag-aayuno.

Sa kaso ng pagpapahirap at pagsanib (katulad ng pagkalungkot, sakit na sanhi ng kasamaan, at iba pa), ihanda ang tao na tatanggap ng ministeryo. Kailangan nilang patatagin ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “Rhema” na Salita Ng Dios tungkol sa pagpapalaya. (Maaaring hindi posible ito sa kaso ng pagsanib).

Kung hihikayatin mo na ang nasapihan ng masamang espiritu ay ipanalangin ng walang tamang pagtuturo, ito ay katulad ng panghihikayat sa hindi ligtas na tao na tanggapin Si Jesus bilang Tagapagligtas na hindi niya kilala kung sino Siya, pagkilala sa kanilang kasalanan at pangangailangan ng kaligtasan. Ang matalinong nanghihikayat ng kaluluwa ay hindi minamadali na magpasiya ang kanyang hinihikayat. Mayroong paunang ministeryo na dapat magawa. Ang tamang pagtuturo ay dapat maibigay.

Tutoo rin ito sa pagpapalaya. Kung minsan, Ang Dios ay nagpapalaya ng walang ganitong pagtuturo. Ngunit sa pagmiministeryo ng pagpapalaya nais mo na tamang magamit ang bawat daluyan na ipinayo ng Salita Ng Dios para makita na ang gawain ay nagawa. Ang pananampalataya ay isang daluyan para sa makapangyarihang pagpapalaya Ng Dios at ito ay nangyayari sa pakikinig ng Salita Ng Dios, kaya mahalaga ang pagtuturo. Pinagsama Ni Jesus ang pangangaral at pagtuturo sa pagpapagaling at pagpapalaya at inutusan Niya ang Kanyang mga tagasunod na gawin din ito.

ANG LUGAR NG MINISTERYO:

Ang pagmiministeryo sa mga naapektuhan ng masamang kapangyarihan ay maaaring gawin sa pirmihan na bahagi ng pagtitipon sa iglesya. Ang ganitong ministeryo ay hindi dapat malimitahan sa pribadong pagtitipon. Ito ay tunay na ministeryo ng iglesya.

Si Jesus ay nagministeryo sa pirmihan na pagtitipon ng iglesya (Marcos 1:21-25). Subalit, ito ay kinakailangan na maghintay hanggang ang pirmihan na pagtitipon ay harapin ang masamang kapangyarihan. Si Jesus ay nagpapapalaya kung kailan o saanman sila nagtagpo.

ANG PANAHOON NG MINISTERYO

Kung ikaw ay handa na mag ministeryo ng pagpapalaya. . .

1. Magsimula sa pagsamba at pagpupuri:

Tayo ay pumapasok sa Kanyang presensiya (kung saan may pagpapalaya at kagalingan) sa pamamagitan ng pagsamba at pagpupuri. Ang pagpapalaya ay maaaring dumating sa pamamagitan ng pagsamba at pagpupuri, kahit walang ministeryo ng panalangin dahil Ang Dios ay naninirahan sa papuri ng Kanyang mga anak. Kung tayo ay nagpupuri, Siya ay nandoroon para magpagaling at magpalaya.

2. Lumikha ng atmospera na may pananampalataya:

Nasimulan mo ng gawin ito nang ikaw ay nagministeryo ng Salita sa pagpapalaya, ngunit kailangan mong magdagdag ng mga hakbang para lumikha ng atmospera na may pananampalataya. Ang kawalan ng pananampalataya ay nakapigil kahit sa ministeryo Ni Jesus sa Nazareth. Kung minsan pinaalis Ni Jesus ang hindi mananampalataya kung Siya ay nagmiministeryo (Marcos 5:35-40). Sa ibang pagkakataon Kanyang inaakay ang mga tao sa ibang nayon (ang kapaligiran ng kawalan ng pananampalataya) para makapagministeryo sa kanila (Marcos 8:23). Sa ibang pagkakataon ayon sa pagakay ng Dios, maaari mong tanungin ang mga nakikipaglaban sa kawalan ng pananampalataya, takot, at iba pa, na umalis.

3. Manalangin muna:

Humiling ng katalinuhan at pagkilala ng espiritu bago ka magsimula ng pagmiministeryo ng pagpapalaya. Sa panahon ng panalangin, Maaaring ipahayag sa iyo Ng Dios . . .

Ang salita ng kaalaman: Ang tiyak na katotohan at impormasyon tungkol sa tao o kalagayan para malaman mo kung paano manalangin. Kasama sa “salita ng kaalaman” ang malalim na pagkaalam o “impression sa iyong espiritu, kaisipan, mga salita, o pakiramdam. Ang Salita ng kaalaman ay maaaring ipahayag kung ano ang sakit o bakit ganoon ang kalagayan ng tao.

Ang talata sa Biblia: Ang “rhema” na salita para sa sitwasyon, kalagayan, tao o grupo.

Ang pangitain: Ang larawan sa mata ng isipan patungkol sa tao na iyong pag miministryohan.

Ang salita ng pananampalataya: Ang natatanging mga salita ng panghihikayat at pananampalataya para sa tiyak na tao.

Ang natatanging “anointing”: Ang biglang pagkakaroon ng kapangyarihan, maaaring nakakikilabot na init, o higit sa natural na katapangan.

Natatanging gawa ng pananampalataya, kung ang tao na gagawa, ay mapalalaya.

2. Magsagawa ng maikling pakikipanayam:

Ito ay hindi kinakailangan. Hindi ito obligado at dapat magawa ayon sa pangunguna ng Panginoon. Maaaring bigyan ka Ng Dios ng tiyak na mga salita ng katalinuhan tungkol sa kalagayan ng tao ay hindi na kailangan ng pakikipanayam.

Ngunit kung hindi higit sa natural na ipinahayag Ng Dios sa iyo ang ilang mga bagay, huwag magatubili na gamitin ang pakikipanayam. Parehong ginamit Ni Jesus ang natural at higit sa natural na paraan. Sa mga pagkakataon nalaman Niya ang kalagayan ng mga tao sa pamamagitan Ng Espiritu Santo. Sa ibang pagkakataon Siya ay nagtanong kung ano ang nais nila at gaano na katagal ang kanilang sakit.

Makatutulong ang pakikipanayam para makakuha ng impormasyon para makapanalangin ka nang mas tiyak. Makatutulong din sa iyo kung kailangan ng tao ng dagdag na pagtuturo bago ka manalangin. Madalas gawin ito Ni Jesus. Tinatanong niya ang mga tao tungkol sa kanilang pananampalataya at harapin ang negatibong puwersa ng kawalan ng pananampalataya bago mag ministryo. Pag-aralan ang sumusunod na mga halimbawa:

- Marcos 5:1-20: Tinatanong Ni Jesus ang taong inaalihan ng demonyo.
- Marcos 8:22-26: Pagtatanong sa bulag na lalake.
- Marcos 9:14-27: Pakikipanayam sa batang lalake na may masamang espiritu.
- Marcos 10:46-52: Pagtatanong sa bulag na Si Bartimeo.

Tanungin ang tao, “Ano ang problema?” Ang pagsasabi ng problema para sa panalangin ay mahalaga. Pinalaya Ni Jesus ang maraming tao na lumapit sa Kanya na sinabi ang kanilang sariling pangangailangan. Ang kahilingan mismo ay isang gawa ng pananampalataya na maaaring magtatag ng pagkilos ng proseso ng pagpapagaling (Santiago 5;14-15). Magtanong ng tiyak na pangungusap. Kailangan mo ng maikling katotohanan. Hindi mo kailangan ang buong salaysal o istorya ng buhay.

Huwag mong subukin na suriin sa isipan ang mga impormasyon na ibinigay sa iyo. Ang iyong tungkulin ay mag ministryo ng pagpapalaya. Ang ilang mga di karaniwang kaso ay kailangan ng sarilinan at maraming oras sa pagpapayo kasama ang nasanay na tagapayo. Kumuha ng tagapayo para sa layunin na ito.

Tanungin ang tao kung sino ang ipapanalangin , “Naniniwala ka ba na kaya kang palayain Ni Jesus?” Kung sila ay tumugon ng positibo, tanungin sila, naniniwala ka ba na gagawin Ni Jesus ito ngayon?” Kung ang sagot ay “hindi” sa dalawang tanong na ito, ang dagdag na pagtuturo mula sa Salita Ng Dios ay kinakailangan.

Kung ikaw ay nag miministeryo sa maraming tao, maaaring hindi mo makausap ang bawa’t isa. Maaaring ipahayag Ng Dios ang tiyak na masamang kalagayan ng mga tao sa mga tagapakinig o maaaring pangunahan ka na manalangin sa tiyak na mga panalangin para sa isahang tao.

Kung ikaw ay nagmiministeryo ng pagpapalaya sa maraming tao, pinakamabuti na magsanay ng iba para makasama mo sa halip na gawin mo ang lahat ng pag miministeryo. Ang utos Ni Jesus ay ang mga tanda na ito ay susunod sa KANILA na sumampalataya, hindi “siya”. Ang gawain ng ministeryo ay sa pamamagitan ng katawan, hindi lamang isa o dalawa na mga mananampalataya o ebanghelista.

5. KILALANIN ANG PROBLEMA:

Gamitin ang impormasyon mula sa pakikipanayam at ang katalinuhan na ibinigay Ng Dios sa iyo para makilala na ang iyong problema ay nasa:

Sa Larangan ng Espirituwal: Mga problema kaugnay ng kasalanan. Ang mga ito ay kinakailangan ng ministeryo ng espirituwal na kagalingan (Kaligtasan, pagsisisi, at kapatawaran sa kasalanan).

Sa Larangan ng Pisikal: Ito ay karamdaman ng katawan, pinsala, sanhi ng masamang mga espiritu ng karamdaman.

Sa Larangan ng Emosyon: Kasama dito ang mga problema katulad ng pagala-ala, takot, galit, poot, hinanakit, may pagkakasala, pag-aalinlangan, paninibugho, makasarili, pagkalito, kaganapan sa lakas ng laman, hindi makapagpatawad, nakaraan na pangyayari.

Ang mga taong ito ay nangangailangan ng kagalingan sa larangan ng emosyon. Ito ay kadalasang tintawag na “panloob na kagalingan,” ngunit ang termino ay naabuso ng ilang mga tao. Hindi kinakailangan na gamitin ang mga linggo , buwan, o mga taon para gumaling mula sa ganitong “traumas”. Kung gagawin mo ito, sinusubukan mo na pagalingin ang lumang tao sa halip na tulungan sila na maging bagong nilalang Kay Cristo.

Ang mga problema sa larangan ng emosyon ay kadalasang kaugnay sa larangan ng pakikisalamuha sa buhay ng isang tao. Ang mga ito ay nakaaapekto at ang resulta ay mula sa pamilya at sosyal na pakikipag-ugnayan. Ang kagalingan ay nanggagaling sa pamamagitan ng pagkilala sa mga problema, paghingi ng kapatawaran, at pagpapatawad sa iba na kasama sa pangyayari. Ang pinaka malaking balakid sa emosyonal na kagalingan ay kadalasan na pagpatawad, kaya kasama sa emosyonal na kagalingan ang kagalingan sa kaugnaang sosyal.

Tayo ay tinawag para mag ministryo para sa pagkakasundo (II Corinto 5:18-21). Kasama sa pagkakasundo Sa Dios at sa tao at dito manggagaling ang emosyonal, mental, o panloob na kagalingan.(ang lahat ay magkatulad na uri ng kagalingan at may isang diwa).

Maaaring kailangan mo na turuan ang tao ng tungkol sa pagpapatawad. Ang pagpapatawad ay hindi:

- Pagbibigay ng katuwiran sa mali ng isang tao na ginawa nila sa iyo. (Halimbawa, sinasabi , “Sila ay nasa malaking pagsubok.”)

- Pagtatatwa na ikaw ay nasaktan sa unang pagkakataon.

- Pagtanggap na kinalimutan na kung ano ang ginawa sa iyo.

- Paghihintay sa panahon na gumaling ang sakit.(Hindi ito hihilom).

Ang tunay na pagpapatawad ay mangyayari sa ;

- Pagkilala na ang ginawa sa iyo ay mali, ang resulta ng makasalanang tao sa makasalanang mundo.

- Aminin ang sakit sa Dios at hilingin na pagalingin ka sa emosyonal na sakit. (halimbawa, galit, poot, at iba pa.) Maaring hindi mo makalimutan ang katotohanan ng pangyayari - -Ngunit kailangan mo ang kagalingan para sa maling damdamin na kaugnay dito.

- Kasama ang pagpapatawad sa iba ay paghiling Sa Dios na mapatawad ang iba, at patawarin sila kung paano ka pinatawad Ni Cristo. Kilalanin na pinatawad ka Ng Dios para mapatawad mo ang iba: “ Patawarin Mo kami sa aming mga kasalanan Kung paano kami nagpatawad sa ibang nagkasala sa amin.” Ang tao ay maaaring kailanganin na patawarin ang kanilang sarili (pagkakasala sa maling gawain nila) at kailangan na manalangin para sa emosyonal na kagalingan:

- Kilalanin ang kasalanan na nagdudulot ng “guilt” at makasalanan na emosyon, aminin ito Sa Dios, at magsisi. Hilingin sa Kanya na patawarin ang iyong kasalanan at pagalingin ang iyong emosyon.

- Kilalanin kung ikaw ay pinatawad Ng Dios, Kinakalimutan Niya ang iyong kasalanan (Kanyang pinalalayas ang mga kasalanan kung gaano kalayo ang silangan sa kanluran).

- Angkinin ang I Juan 1:8-9 at Roma 8:1.

- Sa iyong sariling kalooban, pawalan ang iyong sarili mula sa paghatol. Supilin ang mga iniisip sa pamamagitan ng pagpapalyas ng masamang iniisip at kalimutan ang mga nakaraang mga bagay.

Sa Larangan ng Mental:

Ang mga ito ay problema na galing mula sa negatibong kaisipan, atake ni Satan sa isip, pagtigil ng kaisipan. Tandaan: Dahil ang tao ay binubuo ng katawan, kaluluwa at espiritu, ang problema sa isang larangan ay naka-aapekto sa buong pagkatao. Sa iyong pagmiministeryo, harapin ang buong pagkatao, hindi lamang isang bahagi nito. Ang tao ay katawan, kaluluwa at espiritu: Ipinahihiwatig nito na ang kabuuan ay pagharap sa lahat ng mga ito.

6. Tiyakin kung panahon ng ipanalangin:

Tiyakin kung panahon o oras ng manalangin ng panalangin para sa kagalingan. Kadalasan, ipapanalangin mo, ngunit sa ilan, huwag mabigla kung pangungunahan ka Ng Panginoon na huwag manalangin o ipagpaliban ang panalangin.

Ipinagpaliban Ni Jesus na ipanalangin ang anak ng “Syrophoenician” na babae at Lazaro. Hindi Siya gumawa ng maraming gawain sa Nazareth dahil sa kawalan ng pananamaplataya. Maaaring pangunahan ka Ng Panginoon para ipagpaliban hanggang magbigay ng dagdag na habilin, halimbawa, maaaring kailangan na harapin ang problema sa kasalanan, kailangan ng higit na pagtuturo sa pagpapalaya, at iba pa.

7. Manalangin ng panalangin ng pagpapalaya:

Manalangin ng panalangin ng pagpapalaya na nakatuon sa tiyak na problema ng masamang impluwensiya na iyong nalaman. Hindi mo dapat pilitin Ang Dios sa pagpapalaya sa pamamagitan ng iyong panalangin. Kung paano maaaring magkaroon ng kaligtasan gayunman ang pagpapalaya. Kung paano ang kaligtasan ay base sa kalagayan ng pananampalataya, pati ang pagpapalaya. Nais Ng Dios na magpalaya, kung paano nais Niyang magligtas.

Kahit nga ang kapangyarihan Ng Dios ay kung minsan ay naroroon sa natatanging paraan para sa pagpapalaya (Lucas 5:17), maaari ka parin manalangin kahit walang natatanging pagpahid dahil iniutos Ni Jesus na gawin ito kung paano sinabi Niya na ipalaganap ang Ebanghelyo.

Hingin ang tulong ng iba para sa iyong pagmiministeryo kung ikaw ay may ka grupo. Dumadami ang espirituwal na kapangyarihan kung mas maraming tao ang nananalangin (Mareo 18:19). Pinipigil ng ministeryo ng katawan ang isahan na nakaranas ng tagumpay sa pagpapalaya at sa mga nakatanggap nito sa pagbibigay ng kaluwalhatian sa sarili o sa tao.

Unang itinuro Ni Jesus na dapat mong igapos ang kalaban, pagkatapos ay gamitin ang kapangyarihan laban sa kanya:

O papaano bagang makapapasok ang sinoman sa bahay ng malakas, at samsamin ang kaniyang mga pagaari, kung hindi muna gapusin ang malakas? at kung magkagayo’y masasamsaman niya ang kaniyang bahay. (Mateo 12:29)

Kung ang masamang kapangyarihan ay gumagapos sa pagpapahirap mula sa labas, ipanalangin na ang kanilang kapit ay makalas at ang kanilang kapangyarihan ay maigapos. Halimbawa, Pinawalan Ni Jesus ang babae sa sinagoga mula sa espiritu ng sakit. Hindi siya sinaniban, ngunit pinahirapan. Hindi kinakailangan ang pagpapalayas.

Sa kaso ng pagsanib, mayroon kang kapangyarihan na palayasin ang mga demonyo sa pangalan Ni Jesus. Hindi sarili mong kapangyarihan ito o kakayahan, ngunit sa Kanyang pangalan. Mahalaga na gamitin ang pangalan Ni Jesus sa aktuwal na panalangin ng pagpapalayas ng demonyo.

Ang pananampalataya, pag-aayuno, at panalangin at kinakailangan para palayasin ang mga demonyo. (Basahin ang pangyayari sa mateo 17:14-21). Ito ang dahilan kung bakit ang paunang paghahanda ay hinihikayat sa mga larangan na ito. Ang Salita Ng Dios (Efeso 5:17; Hebreo 4:12); ang dugo Ni Jesus (Apocalipsis 12:11), at ang kapangyarihan Ng Espiritu Santo (Mga Gawa 1:8; 2:38) ay mga kagamitan para sa pagpapalaya na ibinigay Ng Dios sa iyo.

Ang pagsigaw at pagtili sa mga demonyo ay hindi kinakailangan. Iyong kapangyarihan sa pangalan Ni Jesus ang sanhi ng kanilang paglayas, hindi ang lakas ng iyong boses habang nananalangin ng pagpapalaya. Palaging pagbawalan ang mga demonyo na muling pumasok. Ito ay mahalagang bahagi ng panalangin ng pagpapalaya:

At nang makita ni Jesus na dumaragsang tumatakbo ang karamihan, ay pinagwikaan niya ang karumaldumal na espiritu, na sinasabi sa kaniya, Ikaw bingi at piping espiritu, iniuutos ko sa iyo na lumabas ka sa kaniya, at huwag ka nang pumasok na muli sa kaniya. (Marcos 9:25)

Huwag mag laan ng oras sa pakikipag-usap sa demonyo, hindi ito dapat marinig sa mga salita. Sinansala Ni Jesus ang mga demonyo at sinabihan sila na tumahimik (Lucas 4:34-35). Tandaan anumang pakikipag-usap sa mga demonyo ay delikado dahil ang mga ito ay espiritu ng panloloko.

Papatnubayan ka Ng Espiritu Santo sa iyong panalangin ng pagpapalaya, ngunit kung ikaw ay bago sa ministeryong ito narito ang halimbawa ng panalangin para pag-aralan:

“Sa pangalan Ni Jesu Cristo at base sa otoridad ng Kanyang kapangyarihan, ang Kanyang Salita, dugo, at Ng Espiritu Santio. . .”

. . . Itinatatag nito ang kapangyarihan base sa pagpapalaya. . .

“ . . . Iginagapos kita . . . ”

. . . Itinuro Ni Jesus na igapos muna ang malakas na tao bago subukan na palayasin palabas ito. . .

“ . . . at Inuutusan kita. . . ”

... Ang pagmiministryong pagpapalaya ay panalangin na may kapangyarihan, hindi pagsamo. Maaaring tahimik na magsalita, ngunit dapat kang may kapangyarihan laban sa puwersa ng kasamahan sa pangalan Ni Jesus. Tumingin ng tuwid sa mga mata ng tao habang ikaw ay nagsasalita.

“... ang espiritu ng _____ “o” ... ikaw masamang espiritu ni Satanas. . .”

... kung ang espiritu ay nakilala sa pamamagitan ng espirituwal o natural na pagkakilala, tawagin ito ng tiyak; kung hindi, pangkalahatan.

“... para umalis. . .”

... ito ang proseso ng pagpapalayas. . .

“... ng hindi nakakasakit _____ (pangalan ng tao na pinalalaya), o sinoman na nasa bahay na ito, at walang ingay o kaguluhan”

... Kung minsan susubukan ng demonyo na saktan ang tao o gumawa ng kaguluhan.

“... Pinagbabawalan kita na muling pumasok sa taong ito. . .”

... Tandaan ang utos na ito ay ginamit Ni Jesus. . .”

“... at pinawawalan ko ang Espiritu Santo na puspusin ang taong itong nakalilinis at nagpapalayang kapangyarihan ng dugo Ni Jesus.”

... Tayo ay tinuruan na magpakawala gayundin ang maggapos. Kung nakilala mo ang espiritu na gumawa nito, pakawalan ang kabaliktaran na espiritu. Haimbawa, igapos ang espiritu ng pagmamataas at pakawalan ang espiritu ng pagpapakumbaba.

Huwag gumawa ng palabas sa ganitong ministryo at subukin na maakit ang maraming tao nito. Nang makita Ni Jesus ang gawa ng demonyo sa pagakit ng maraming tao, kaagad Niyang itinigil ang ginagawa na ipinakikita ng masamang espiritu at pinalayas ito:

At nang makita ni Jesus na dumaragsang tumatakbo ang karamihan, ay pinagwikaan niya ang karumaldumal na espiritu, na sinasabi sa kaniya, Ikaw bingi at piping espiritu, iniuutos ko sa iyo na lumabas ka sa kaniya, at huwag ka nang pumasok na muli sa kaniya. (Marcos 9:25)

Huwag subukan na palayasin ang mga demonyo sa Impiyerno. Si Jesus at ang Kanyang mga disipulo ay hindi ginawa ito. Mayroon tayong kapangyarihan na magapos, magpakawala, at magpalayas. May nakatakdang oras para sa huling paghuhukom ng mga demonyo sa panghinaharap. Sinabi ng demonyo kay Jesus:

...Anong aming ipakikialam sa iyo, ikaw na Anak ng Dios! naparito ka baga upang kami'y iyong pahirapan bago dumating ang kapanahunan? (Mateo 8:29)

Ang panalangin sa mga naapektuhan ng mga demonyo ay maaaring magawa ng hindi nagpapatong ng mga kamay. Ginamit Ni Jesus ang pagpatong ng kamay para mag ministryo sa babaeng sinasapian ng espiritu ng sakit sa Lucas 13;11-13. Sa ibang mga pagkakataon, hindi Siya nagpatong ng mga kamay ngunit kinausap lamang ang mga demonyo (Lucas 9:42).

8. Purihin Ang Dios sa tugon:

Sundan ng papuri ang panalangin ng pagpapalaya. Alalahanin ang halimbawa sa Biblia ng sampung ketongin, ang lahat ay gumaling ngunit isa lamang ang bumalik para magpuri at gumaling nang husto. Magpuri sa pamamagitan ng pananampalataya at hindi sa paningin. Iyong ginawa kung ano ang sinabi ng Salita ng Dios na dapat gawin. Maniwala ka na ginawa na Niya ang Kanyang sinabing gagawin. Pasalamatang Siya para dito.

PAGKILALA SA MGA TANDA NG PAGPAPALAYA:

Sa kaso ng pagsanib ng demonyo, kung minsan ang demonyo ay umaalis ng may paglaban, katulad ng pag iyak o pagtapon sa tao sa sahig. Kung ang demonyo ay umalis (kung ito man ay sa pagsanib o pagpapahirap), mayroong damdamin ng pagpapalaya, kagalakan, katulad ng pagbuhat ng pabigat.

PAGBIBIGAY NG “FOLLOW UP CARE”:

Pagkatapos ng pagpapalaya, ang mga sinapian ay dapat maakay sa panalangin ng pag-amin ng kasalanan, pagsisisi, at pagtakwil ng anumang mga kasalanan o paglahok sa anumang gawain ng kasamaan. Kung ang tao ay may anumang bagay na may kaugnayan sa okultismo (halimbawa, rebulto, gamit sa “voodoo, kagamitan ng mangkukulam, at iba pa.) ang mga ito ay dapat sirain.

Ang dagdag na “follow-up care” ay napaka halaga para sa mga napalaya sa pagsanib ng demonyo. Kung ang demonyo ay pinalayas, siya ay maghahanap ng ibang katawan kung saan siya makakikilos. Itinuro Ni Jesus na ang umalis na masamang espiritu ay nagiiwan ng walang laman na lugar. May panganib na bumalik sa dati niyang biktima kasama ang mas masamang mga espiritu:

Pagka ang karumaldumal na espiritu ay lumabas sa isang tao, ay lumalakad sa mga dakong walang tubig, na humahanap ng kapahingahan, at pagka hindi makasumpong, ay sinasabing, Babalik ako sa aking bahay na nilabasan ko.

At pagdating niya ay nasusumpungang walis na at nagagayakan.

Kung magkagayo’y yumayaon siya, at nagsasama ng pito pang espiritu na lalong masasama pa kay sa kaniya; at sila’y nagsisipasok at nagsisitahan doon: at nagiging lalo pang masama ang huling kalagayan ng taong yaon kay sa una. (Lucas 11:24-26)

Kung ang demonyo ay pinalayas ito ay dimapakali at hindi kontento sa labas ng katawan ng tao. Sa pamamagitan lamang ng pagpasok at pangunguna sa buhay ng tao na ang demonyo ay matutupad ang masamang mga layunin ni Satanas. Kaya ang pagpapalayas ng demonyo ay hindi sapat. Ang espirituwal na bahay ay dapat mapunan ng karanasan ng bagong kapanganakan at mapuspos ng Espiritu Santo. Ang “follow-up” na pagpapayo at ministryo ay kinakailangan. Ang tao ay dapat mailubog sa Salita Ng Dios at panalangin at maging bahagi ng komunidad ng mga mananampalataya.

Ang mga nakaranas ng pagpapalaya mula sa masamang kapangyarihan ay dapat mahikayat na magbigay ng patotoo. Sinabi Ni Jesus sa “demoniac Gadarene”:

... Umuwi ka sa iyong mga kaibigan, at sabihin mo sa kanila kung gaano kadakilang mga bagay ang ginawa sa iyo ng Panginoon, at kung paanong kinaawaan ka Niya.

At siya’y yumaon ng kaniyang lakad, at nagpasimulang ihayag sa Decapolis kung gaanong kadakilang mga bagay ang sa kaniya’y ginawa ni Jesus: at nangagtaka ang lahat ng mga tao. (Marcos 5:19-20)

PROTEKSIYON MULA SA MASAMANG KAPANGYARIHAN

May mga tiyak na paraan para ma proteksiyonan ang iyong sarili mula sa gawain ng masamang kapangyarihan. Ang pinakamahalagang proteksiyon ay tanggapin Si Jesu Cristo bilang Tagapagligtas dahil hindi masasapian ng mga demonyo ang tunay na “born-again” na mananampalataya. Iwasan na magkasala ka, dahil sa pamamagitan ng kasalanan “binibigyan mo ng puwang ang Demonyo.” Aktuwal mong binibigyan ng pagkakataon para siya ay magamit sa masamang mga gawain ng pagpapahirap laban sa iyo.

Maging puspos Ng Espiritu Santo. Ang masamang espiritu at ang Espiritu Ng Dios ay hindi maaaring tumira sa iisang espirituwal na sisidlan.

Iwasan ang sobrang pag kaabala sa mga demonyo. Hindi mali na pag-aralan kung ano ang sinasabi ng Salita Ng Dios tungkol sa mga ito, o mga kurso katulad nito na base sa Salita Ng dios. Ngunit huwag magbabasa ng mga sekular na mga aklat, dadalo sa mga pagtitipon ng mga espiritista na kumakausap sa mga patay, at iba pa para matutunan ang maraming bagay tungkol sa mga demonyo. Iwasan ang pakikipagtagpo sa mga okultismo. Huwag sasangguni sa mga mangkukulam, “shaman”, astronomo, horoscope, baraha, manghuhula o nagbabasa ng dahon ng tsaa. Huwag maglilingkod sa bulaang dios o pahintulutan na ang mga rebulto ay dalhin sa inyong tahanan:

Sunugin ninyo ang kanilang mga diyus-diyusan. Huwag inyong pag-iimbutan ang mga pilak o gintong ginamit sa mga iyon pagkat siyang magiging patibong na iyong kahuhulugan DAHIL IYON AY KASUKLAM-SUKLAM KAY YAWEH.

**Huwag kayong maguwi ng anumang bagay na kasuklam-suklam pagkat iyon ang magiging dahilan ng pagsumpa Niya sa inyo. Lahat ng tulad noon ay sinumpa, kaya, dapat ituring na kasuklam-suklam.
(Deuteronomio 7:25-26 MBB)**

Mahalaga na pangunahan ang iyong isip , iyong dila, at maingat na piliin ang iyong mga kasama. Mahalaga rin na maging matagumpay sa mundo at laman at itaguyod ang parehong depensa at opensa napakikipaglaban sa masamang kapangyarihan.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ano ang tatlong pangunahing mga uri ng demonyo na umaatake sa katawan, kaluluwa, at espiritu ng tao.

3. Ano ang kahalagahan ng kaloob ng pagkilala sa mga espiritu sa pagharap sa masamang mga kapangyarihan?

4. Ano ang ibig sabihin ng sinasaniban ng demonyo?

5. Ano ang mga katangian ng isang taong sinasaniban ng demonyo?

6. Ano ang ibig sabihin na maging buyo sa mga demonyo?

7. Ano ang katangian ng isang taong buyo sa mga demonyo?

8. Ano ang ibig sabihin ng pinahihirapan ng demonyo?

9. Ano ang mga katangian ng isang taong pinahihirapan ng demonyo?

10. Ibuod ang panuntunan base sa Bilbia na ibinigay sa araling ito para mapagtagumpayan ang masasamang kapangyarihan.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Mula sa 3,774 na mga talata sa apat na aklat ng Ebanghelyo, 484 ang tiyak na may kaugnayan sa kagalingang espirituwal at mental na mga sakit at ang muling pagkabuhay ng mga patay. Sa Marcos ,209 na mga talata mula sa 666 ay kaugnay sa mga himala Ni Jesus. Ang 1,257 na mga kuwento ng mga talata sa Ebanghelyo, 484 (38.5 %) ang nakatuon sa paglalarawan ng himala ng pagpapagaling. Gamitin ang mga sumusunod na balangkas ng pag-aaral tungkol sa ministeryo Ni Jesus sa pagpapagaling:

I. Ang layunin Ni Jesus:

A. Si Jesus ay pumarito para sabihin ang mga salita Ng Dios:

...at wala akong ginagawa sa aking sarili, kundi sinalita ko ang mga bagay na ito, ayon sa itinuro sa akin ng Ama. (Juan 8:28)

B. Si Jesus ay pumarito para sa gawin ang gawain at kalooban Ng Dios:

Sapagkat bumaba akong mula sa langit, hindi upang gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin. (Juan 6:38)

Kinakailangan nating gawin ang mga gawa niyaong nagsugo sa akin, samantalang araw: dumarating ang gabi, na walang taong makagagawa. (Juan 9:4)

...ang kalooban ng sa akin ay nagsugo, at tapusin ang kaniyang gawa. (Juan 4:34)

C. Ang mga ito ang mga layunin:

...Sa bagay na ito'y nahayag ang Anak ng Dios, upang iwasak ang mga gawa ng diablo. (I Juan 3:8)

...ang gayon ding mga gawa na aking ginagawa, ay nagpapatotoo tungkol sa akin, na ako'y sinugo ng Ama. (Juan 5:36)

D. Ang pagkahabag ang emosyon na motibasyon :

Halimbawa tingnan ang Mateo 9:36; 12:9-13; 14:14; 18:27; 20:29-34; 29:34; Marcos 1:41; 3:1-5; 5:19; Lucas 6:6-10; 7:12-15; 10:33; 14:1-6; at Juan 11:38-44.

Ang ibang mga emosyon na ipinahayag sa pagpapagaling ay pagdadalamhati, galit, hinagpis, at pagtangis. Ang pagkahabag ay katulad ng ibig sabihin ng awa. Ang Kanyang awa at umaabot sa lahat ng

henerasyon at magpawalang-hanggan. . . . Dahil dito alam natin na Ang Dios ay tumutugon ng magkatulad na paraan sa mga sakit ngayon. Ikaw ay kahahabagan sa pamamagitan ng pagpapakita nito: Mapalad ang mahabagin , sapagkat sila ay kahahabagan.

E. Ang mga ginawa Ni Jesus ay kalugod-lugod Sa Ama:

...sapagkat ginagawa kong lagi ang mga bagay na sa kaniya'y nakalulugod. (Juan 8:29)

II. Mga reperensiya kung saan silang lahat ay pinagaling Ni Jesus:

- Mga Gawa 10:38
- Lucas 4:40; 6:17-19
- Lucas 9:11
- Mateo 12:15
- Mateo 4:23-25
- Mateo 9:6; 35
- Mateo 10:1; 14:14,34-36

III. Ang huling salita Ni Jesus:

Kasama sa Kanyang salita ang Utos na ipangaral at ituro ang Ebanghelyo ng Kaharian at ilarawan ang kapangyarihan nito sa pamamagitan ng pagpapagaling at pagpapalayas ng mga demonyo (Marcos 16:18).

IV. Mga sakit na tiyak na pinagaling Ni Jesus:

- Epilepsy
- Pamamanas
- Pipi at bingi
- Palsy o Paralysis
- Paulit-ulit na pagdurugo
- Sinaspian ng demonyo
- Tuyong kamay (pagkasira o paralisis)
- Pagkabulag
- Kahinaan
- Naalis na tainga
- Muling pagbuhay sa patay sa tatlong magkakaibang antas
- Baldado (putol; Marcos 9:43 maliwanag na nagsasabing may nawawalang bisig-
- ang malikhain na himala)

V. Iba't ibang paraan ang ginamit:

A. Kung minsan tinawag Ni Jesus mismo ang may sakit: Marcos 3:1-6

B. Sa ibang pagkakatapon , sila ang tumawag Sa Kanya:

1. Ang alipin ng Centurion: Mateo 8:5-13; Lucas 7:1-10

2. Anak ni Jairus: Mateo 9:18-19; 23-26

C. Hinarap Niya ang buong pagkatao:

1. Pagpapatawad sa kasalanan kasama ang pagpapagaling.
2. Ang mga tao ay madaling tumanggap ng pisikal na kagalingan higit sa buong pagkatao: Lucas 8:26-29
3. Kung minsan pinagagaling muna Niya, pagkatapos pinatatawad sa kasalanan: Lucas 17:9; Juan 5:14
4. Sa ibang pagkakataon Kanyang pinatatawad muna, pagkatapos pagpapagaling: Marcos 2:1-12

D. Kung minsan may gumagaling na walang pananampalataya ang taong may sakit (hindi ito nabanggit):

- Lazaro : Juan 11:1-44
- Tainga ni Malcus: Juan 22:50-51
- Lalaking taga Gadara: Marcos 5:1-20
- Bingi at pipi na lalaki: Marcos 7:32-35
- Biyenan ni Pedro: Lucas 4:38-39
- Anak ng balo: Lucas 7:12-15
- Lalaking patay ang isang kamay: Marcos 3:1-5
- Lalaking ipinanganak na bulag: Juan 9:1-7
- Anak na babae ni Abaraham: Lucas 13:10-13
- Anak ng pinuno : Juan 4:46-50
- Alipin ng kapitang Romano: Mateo 8:5-13
- Anak ng Cananea: Mateo 15:21-28
- Anak ni Jairo: Marcos 5:35-43

E. Kung minsan nagkakaroon ng kagalingan dahil sa pananampalataya ng isang tao:

- Dalawang bulag na lalaki: Mateo 9:27-31
- Isang ketongin: Mateo 8:2-4; 20:29-34; Marcos 1:40-44
- Sampung Ketongin: Lucas 17:11-19
- Dalawang bulag na lalaki: Mateo 20:29-34
- Si Bartimeo na bulag: Marcos 10:46-52; Lucas 18:35-43
- Ang babae na inaagasan ng dugo: Mateo 9:20-22; Marcos 5:25-34; Lucas 8:43-48

F. Kung minsan nagkakaroon ng kagalingan dahil sa pananampalataya ng iba:

- Alipin ng kapitang Romano: Mateo 8:5-13
- Anak ng pinuno sa Capernaum: Juan 4:46-53
- Apat na lalaking nagdala sa paralitiko: Mateo 9:1-8; Marcos 2:1-12; Lucas 5:17-26
- Anak ng Cananea: Mateo 15:21-28
- Piping inaalihan ng demonyo: Mateo 9:32-33
- Bulag/ pipi, sinaniban: Mateo 12:22-23

- Anak ni Jairo: Marcos 4:35-43
- Lalaking bingi at pipi : Marcos 7:32
- Lalaking bulag: Marcos 8:22-26

- G. Gumamit Siya ng iba't ibang paraan ng pagsasalita:
1. Kung minsan nagpapahayag lamang siya ng Salita:
 - Anak na babae ni Abraham: Lucas 13:10-13
 - Anak ng pinuno: Juan 4:46-50
 - Si Bartimeo na bulag: Marcos 10:46-52
 - Ang dalawang bulag na lalaki: Mateo 9:27-31
 - Alipin ng kapitnag Romano: Mateo 8:5-13
 2. Kung minsan nagsasalita Siya ng Salita na pautos:
 - Ang lalaking may paralitiko: Lucas 5:17-26
 - Anak ni Jairo: Marcos 5:22-24; 35-43
 3. Kanyang pinagsasama-sama ang utos at hipo:
 - Ang ketongin: Mateo 8:2-4
 - Ang dalawang lalaki: Mateo 9:27-31
 - Ang biyenan ni Pedro: Lucas 1:38-39
 - Ang lalaking bingi at pipi: Lucas 32-35
 - Ang anak ng balo: Lucas 7:12-15
 - Ang anak na babae ni Abraham: Lucas 13:10-13
 4. Siya ay nanalangin:
 - Biyenan ni Pedro: Lucas 4:38-39
 - Ang lalaking bingi at pipi: Marcos 7:32-35
 - Ang anak ng balo: Lucas 7:12-15
 - Lazaro: Juan 11:38-44
 - Ang lalaking patay ang kamay: Marcos 3:1-5
- H. Karagdagan sa personal na pakikipagtagpo, Siya ay nagpagaling ng nasa malayo:
- Ang alipin ng kapitang Romano: Mateo 8:5-13
 - Ang anak ng pinuno: Juan 4:46-50
 - Ang anak ng babaeng Cananea: Mateo 15:21-28
- I. Kadalasan inuutusan Niya ang may sakit na gumawa ng isang bagay bilang bahagi ng proseso ng pagpapagaling:
1. Ang lalaking patay ang kamay: Iunat ang kamay: Lucas 6:6-11
 2. Ang paralitiko na lalaki sa Betesda: Tindig, dalhin ang iyong higaan at lumakad: Juan 5:1-9
 3. Ang pinuno na may sakit na anak: Umuwi na kayo. . . : Juan 4:46-54
 4. Sampung ketongin: Ipakita sa saserdote: Lucas 17:11-19
 5. Ang bulag na lalaki: Maligo sa paliguan ng Siloam: Juan 9:7
- J. Siya ay nagpagaling sa publiko (grupo, sinagoga) at pribado na sitwasyon (tahanan, isahan pagtatagpo).
- K. Gumamit Siya ng hindi karaniwang bagay:

1. Laway
2. Putik
3. Mga daliri sa tainga
4. Laylayan ng Kanyang damit
5. Paghuhugas sa tubig

L. Kung minsan hinipo Siya ng may sakit:

- Marcos 5:23-24
- Lucas 6:17-19
- Marcos 3:10
- Marcos 6:56

M. Kung minsan hinihipo Niya ang may sakit:

1. Dalawang bulag na lalaki: Mateo 9:27-31
2. Mga tao na may iba't ibang sakit: Lucas 4:40
3. Ketongin: Lucas 5:13
4. Ang babaeng may espiritu ng karamdaman: Lucas 13:10-13

N. Ang mga habilin sa “follow-up” ay magkakaiba: Halimbawa, Ina ni Pedro ay tumindig mula sa higaan at nag ministeryo sa mga nasa tahanan. Tinawag Ni Jesus ang anak ni Jairo para mapagministeryohan at para mabigyan siya ng pagkain.

O. Ang pagpapagaling Ni Jesus ay nangyari sa :

- Mga tahanan (sa hapap ng pintuan, loob)
- Pagtitipon sa bukas na lugar: Daan, paliguan, tabi ng bundok, bangka
- Sa libing
- Libingan ng patay
- Templo
- Libingan
- Sa oras ng pagkain
- Patungo sa kanilang patutunguhan
- Hardin

P. May iba't ibang tugon sa mga himala at pagpapagalilng:

- Pagkamangha
- Takot Sa Dios
- Kontrobersyal
- Pagtanggig ng pamilya at pinuno ng relihiyon
- Pag-iyak ng mga demonyo
- Galit
- Kasikatan
- Pagluwalhati sa Dios
- Pagtatanong (“Ano ito?”)
- Talakayan (parehong ulat ay balita)
- Kaligtasan ng buong sambahayan

Gamitin ang sumusunod na panuntunan sa pag-aaral ng detalye sa mga pagpapagaling na ginawa Ni Jesus:

Isahan na Pagpapagaling

Masamang Impluwensiya na Nakilala

- Pilay na babae: Lucas 13:10-17
- Ang lalaking may masamang espiritu sa Sinagoga: Marcos 1:23-28;
- Lucas 4:31-37
- Inaalihan ng demonyo sa Gadareno: Mateo 8:28-31; Marcos 5:1-13; Lucas 8:26-33
- Ang babaeng dinudugo: Mateo 9:20-23; Marcos 5:25-34; Lucas 8:43-48
- Ang anak ng Cananaeo: Mateo 15:21-28; Marcos 7:24-30
- Ang batang may masamang espiritu: Mateo 17:14-21; Marcos 9:14-29; Lucas 9:37-45
- Ang pipi na inaalihan ng masamang espiritu: Mateo 12:22-30; Marcos 3:22-27; Lucas 11:14-26

Ibang pagkakataon: Karagdagan sa mga tiyak na pagtatagpo Kay Jesus, ang Biblia ay gumawa ng pangkalahatang reperensiya ng Kanyang ministryo sa mga naapektuhan ng masamang kapangyarihan.

-Sa mga sumusunod na reperensiya ang terminong “gumaling” ay ginamit para ilarawan kung paano hinarap Ni Jesus ang mga demonyo: Mateo 4:24; Lucas 6:18

-Sa mga sumusunod na reperensiya ang terminong “palayasin” ay ginamit para ilarawan ang Kanyang estratehiya: Marcos 1:32-34, 39; 6:13

-Nakasulat sa Lucas 4:41 na ang mga demonyo ay “lumayas”. Sinabi sa Lucas 7:21 na sila ay Kanyang “pinagaling”. Nakasulat sa Mateo 8:16 na Kanyang “sila ay pinalayas ng Kanyang Salita.”

-Sinabi sa Marcos 16:9 at Lucas 8:2-3 na pinalayas Ni Jesus ang pitong mga demonyo na nasa kay Maria Magdalena.

Sa maraming tao, hindi pinahintulutan Ni Jesus na magsalita ang mga demonyo: Marcos 1:32-34

Isahan na Pagpapagaling: Walang Tiyak na Masamang Impluwensiya na Nabanggit

- Biyenan ni Pedro: Mateo 8:14-15; Marcos 1:30-31; Lucas 4:38-39
- Ketongin: Mateo 8:2-4; Marcos 1:40-42; Lucas 5:12-13
- Paralitiko: Mateo 9:1-8, 35; Marcos 2:1-12; Lucas 5:17-26
- Ang lalaking patay ang kamay: Mateo 12:9-13; Marcos 3:1-5; Lucas 6:6-11
- Anak ni Jairo: Mateo 9:18-19; 23-26; Marcos 5:22-24, 35-42; Lucas 8:41-42, 49-56

- Ang bingi at piping lalake: Marcos 7:32-37
- Bulag na lalake sa Betesda: Marcos 8:22-26
- Bulag na si Bartimeo: Mateo 20:30-34; Marcos 10:46-52; Lucas 18:35-43
- Alipin ng kapitang Romano: Mateo 8:5-13; Lucas 7:1-10
- Dalawang bulag na lalake: Mateo 9:27-30
- Anak ng bala: Lucas 7:11-15
- Lalaking namamamas: Lucas 7:11-15
- Sampung ketongin: Lucas 14:1-6
- Tainga ng alipin: Lucas 22:49-51
- Anak ng pinuno: Juan 4:46-53
- Masasakting tao: Juan 5:1-47
- Lalaking ipinanganak na bulag: Juan 9:1-14
- Babaeng nahuli na nakikiapid: Juan 8:1-11
- Makasalanang babae: Lucas 7:36-50

Pagpapagaling Sa Malaking Bilang ng Mga Tao

- Bulag at pilay sa templo: Mateo 21:14
- Marami sa Galileo: Mateo 4:23-24; Marcos 3:7-12; Lucas 6:17-19
- Ang maraming tao sa pintuan ni Pedro: Mateo 8:16-17; Marcos 1:32-34; Lucas 4:40-41
- Maraming mga demonyo: Marcos 1:39
- Mga tao pagkatapos na pagalingin ang ketongin: Lucas 5:14-16
- Iba't ibang mga tao: Lucas 13:32
- Maraming tao: Mateo 9:35; 12:15-21; Marcos 3:10-11
- Pagsunod sa mga tanong ni Juan Bautista: Mateo 11:2-6; Lucas 7:18-23
- Bago magpakain ng 5,000: Mateo 14:13-14; Lucas 9:11
- Gennesaret: Mateo 14:34-36; Marcos 6:53-56
- Bago magpakain ng 4,000: Mateo 15:29-31
- Mga tao sa kabila ng Jordan: Mateo 19:1-2
- Ang bulag at pilay sa templo: Mateo 21:14
- Ilang mga may sakit sa Nazareth: Mateo 13:53-58; Marcos 6:1-6

Pangkalahatang Pangungusap Tungkol Kay Jesus Bilang Manggagamot

- Gumagaling ang lahat ng uri ng karamdaman at sakit: Mateo 4:23; 9:35-36
- Gumaling ang humipo sa Kanya: Marcos 6:56
- Gumaling ang lahat ng pinahirapan ng Demonyo: Juan 10:38
- Maraming ibang mga bagay—sa dami hindi kayang matala ang mga ito kung isusulat lahat: Juan 20:30-31

2. Marami pang matututunan ang tungkol sa pagpapagaling at pagpapalaya sa pag-aaral ng ministryong ng mga disipulo:

Ang mga disipulo ay parehong itinalaga at ipinadala Ni Jesus para sa ministryong pagpapagaling.

	<u>Mateo</u>	<u>Marcos</u>	<u>Lucas</u>	<u>Mga Gawa</u>
Pagpapadala ng 12	10:1-42	6:7-13	9:1-6	
Pagpapadala ng 70			10:1-24	
Kapangyarihan para magapos at magpalaya	16:17-19			
Huling pag-uutos	28:16-20	16:14-20	24:44-53	1:1-11

Nakaranas sila ng kabiguan: Mateo 17:14-21; Marcos 9:14-29; Lucas 9:37-45

Nakaranas sila na ipinagpaliban ang mga kagalingan: Epafrodito (Filipos 2:25-30); Timoteo (I Timoteo 5:23); Tropimus (II Corinto 8:18-22)

Ang mga disipulo ay matagumpay na hinarap ang katulad na uri ng mga problema na naharap Ni Jesus:

<u>Pagkakataon:</u>	<u>Gawa Ni Pedro</u>	<u>Gawa Ni Pablo</u>
Pagpapagaling sa pilay	Sa Pintuan Mga Gawa 3:1	Sa Listra Mga Gawa 14:8
Pagpapagaling sa Nakaratay sa banig	Aenas: Nakaratay ng 8 taon sa banig Mga Gawa 3:1	Ama ni Publio na may lagnat sa higaan Mga Gawa 28:7
Hindi karaniwan Lugar ng pagtatagpo	Anino Mga Gawa 5:12	Panyo/ “apron” Mga Gawa 19:11
Ang mga tao ay gumaling	Mga Gawa 5:16	Mga Gawa 28:9
Patay na bumangon	Mga Gawa 9:36	Mga Gawa 20:7

Hinarap nila ang mga sumusunod na mga kalagayan:

-Lagnat at disintirya:	Ama ni Publio	Mga Gawa 28:8
-Pagkabulag	Pablo	Mga Gawa 9:8
-Pinsala sa ulo(patay):	Eutico	Mga Gawa 20:9
-Nakamamatay na sakit, sanhi , hindi alam	Tabitha	Mga Gawa 9:37
-Paralitiko	Aeneas	Mga Gawa 9:33
-Pagkapilay:	Maraming pilay	Mga Gawa 8:7; 3:2;14:8
-Inaalihan ng demonyo	Filipos	Mga Gawa 16:16-40
-Kagat ng ahas	Pablo	Mga Gawa 28:3-6

Sila ay nag miministeryo ng pagpapagaling sa isahan at grupo base sa ginawa Ni Jesus.

Pangisahan na Pagpapagaling

<u>Pangyavari</u>	<u>Mga Gawa</u>	<u>Uri</u>
Kagalingan ng pilay na pulubi	3:1-4:22	Pisikal
Mga mata ni Pablo	9:10-19; 22:10-21	Pisikal
Pinagaling ni Pablo si Aenaes	9:32-35	Pisikal
Pinagaling ni Pablo si Dorcas	9:36-43	Muling binuhay
Ang lalaking pilay sa Listra	14:8-18	Ang patay
Pagtindig ni Pablo sa Listra	14:19-20	Pisikal
Alipin na bata sa Filipos	16:16-40	Pisikal
Kagat ng ahas ni Pablo	28:3-6	Pagpapalayas sa Demonyo
Ama ni Publio	28:8-9	Pisikal

Pangmaramihan na Pagpapagaling

<u>Pangyavari</u>	<u>Mga Gawa</u>
Maraming kababalaghan at mga tanda	2:42-47
Panalangin para sa kompiyansiya at tanda ng pagpapagaling	4:23-31
Maraming pinagaling sa Jerusalem	5:12-16
Si Esteban ay maraming ginawang himala	6:8-15
Maraming pinagaling si Felipe sa Samaria	8:5-25
Sina Pablo at Bernabe ay gumawa ng mga tanda at kababalaghan	14:3
Si Pablo ay nagpagaling ng may sakit sa Efeso	19:11-12
Mga taong may sakit ay gumaling sa Malta	28:8-9

Ginawa ng mga disipulo kung ano ang iniutos sa kanila na gawin, at umasa na gagawin Ni Jesus ang Kanyang mga pangako (Mga Gawa 3:4-7; 8:4-8; 28:3-6). Nauunawan ng mga disipulo na ang kanilang kapangyarihan at kakayahan para magpagaling ay hindi sa kanilang sarili ngunit mula Kay Cristo: Mga Gawa 3:4-7; 9:17-18. Ang panalangin ay bahagi ng ministeryo ng pagpapagaling: Mga Gawa 4:23-31; 9:40-41; 28:8; Santiago 5:16. May parehong pamamagitan at “charismatic” na pagpapagaling”panalangin” na diwa: Mga Gawa 3:4-7; Santiago 5:14-16. Katulad Ni Jesus, ang mga disipulo ay nakaranas ng pag-uusig dahil sa kanilang ministeryo. Mga Gawa 4:3,29; 5:17-18; 6:9-15

Kasama sa ibang mga saloobin sa kanilang ministeyro, na nakatala sa Mga Gawa :

- Dakilang kagalakan: 8:5-25
- Takot: 2:43
- Pagdagdag sa iglesia: 2:42-47; 5:14
- Pagtataka at pagkamangha: 3:10-11

- Pagtindig ng maraming mga dakilang lider (Pablo): 9:10-19
- Panghihiikayat ng kaluluwa: 4:4; 8:5-25; 9:35-43
- Ministryo ng “follow-up”: 9:35
- Pinatunayan ang Salita Ng Dios: 14:3
- Kaluwalhatian Sa Dios: 4:21
- Pagpapatunay sa ministryo at ng mga tao, kahit sila ay ignorante at hindi nakapag-aral: 4:13
- Katunayan laban sa anumang argumento na walang makasansala: 4:14-16
- Pagalis ng mga mangkukulam: 8:5-25
- Pangmaramihan na ministryo ng malaming mga tao: 5:16; 28:8-9
- Maling pagbibigay ng pagsamo at papuri na dapat maituwid: 14:8-18; 3:12-13
- Pagkakataon na mangaral ng Salita sa pangunahing mga lider: Mga Kabanata 3,4 at 7

Walang pirmihan na paraan ng pagpapagaling. Ginamit nila:

- Pagpatong ng mga kamay: Mga Gawa 5:12; 14:3; 19:11; 28:8
- Salita kasama ang pagpatong ng mga kamay: Lalaking pilay (Mga Gawa 3:1-10); Mga mata ni Pablo (Mga Gawa 9:17-19)
- Salita kasama ang pagtataas ng kamay: Lalaking pilay (Mga Gawa 3:1-42); Mga mata ni Pablo (Mga Gawa 9:36-43)
- Pagsasalita ng Salita (utos o kapangyarihan): Batang alipin (Mga Gawa 16:18); Pilay sa Listra (Mga Gawa 14:10)
- Panalangin: Mga mata ni Pablo (Mga Gawa 9:36-43); Ama ni Publio (Mga Gawa 28:8-9)
- Damit ng panalangin: Mga Gawa 19:11-12
- Anino: Mga Gawa 5:12-16
- Yakap: Mga Gawa 19:12
- Kapaligiran: Mga Gawa 14:19-20
- Walang paraan. . . Patuloy na proteksiyon: Mga Gawa 14:19-20
- Salita at utos na gumawa: Aenaes (Mga Gawa 9:33-34); pilay na lalaki (Mga Gawa 3)

Ang kanilang dahilan sa pagtugon sa sakit ay magkakaiba:

Tugon Sa Kahilingan:

Pilay na lalaki: Mga Gawa 3:2
 Ng Kaibigan: Tabitha: Mga Gawa 9:38

Tugon Sa Pangangailangan:

Si Aenas na paralitiko: Mga Gawa 9:33
 Eutico: Mga Gawa 20:10
 Ama ni Publio: Mga Gawa 28:8
 Ang may sakit sa Malta: Mga Gawa 28:9

Tugon Sa Pananampalataya:

Paralitiko sa Listra: Mga Gawa 14:9

Reaksiyon Sa Pagkainis:

Alipin na bata sa Filipos: Mga Gawa 16:18

Patotoo Sa Ebanghelyo:

Ang lahat ng pagpapagaling na resulta nito, ngunit tiyak na nabanggit ang Mga Gawa 8:5-7.

Kung minsan. . .

-Ang may sakit ang nagkukusa: Ang pilay na lalaki sa pintuan ng templo: Mga Gawa 3:3

-Ang mga kaibigan ang nagkusa: Tabitha: Mga Gawa 9:38

-Ang apostol ang nagkusa:

Pedro: Si Aeneas sa Listra: Mga Gawa 9:34

Pedro: Ang paralitiko sa Listra: Mga Gawa 14:9

Pablo: Ang alipin na bata sa Filipos: Mga Gawa 16:18

Pablo: Eutico: Mga Gawa 20:10

Pablo: Ama ni Publio: Mga Gawa 28:8

Gamitin ang sumusunod na mga reperensiya para ipagpatuloy ang ministryo ng mga disipulo sa pagpapagaling at pagpapalaya:

Pangisahan na Pagpapagaling sa Aklat ng Mga Gawa

Kagalingan ng pulubing pilay: 3:1-4:22

Taong gumaling: Lalaking pilay.

Anung kalagayan: Pagkapilay mula sa kapanganakan.

Tao na nag ministryo: Pedro (at Juan)

Talaan:

Mga Mata Ni Pablo: 9:10-19; 22:11-13

Taong gumaling: Pablo

Anong kalagayan: Ang mga mata ay nabulag sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Panginoon.

Tao na nagministryo: Ananias, na pumunta sa kanya bilang resulta ng isang pangitain at direktong utos Ng Panginoon.

Talaan:

Pagpapagaling Ni Pedro Kay Aeneas: 9:32-35

Taong gumaling: Aeneas

Anong kalagayan: (Paralitiko) . Siya'y walong taon na nararatay sa banig.

Tao na nagministeryo: Pablo

Talaan:

Pagpapagaling Ni Pedro Kay Dorcas: 9:36-43

Taong gumaling: Dorcas (Tabitha).

Anong kalagayan: Siya ay namatay sa hindi nalalaman na sakit.

Tao na nagministeryo: Pedro

Talaan:

Pilay Na Lalaki Sa Listra: 14:8-18

Taong gumaling: Isang “lalaki” na hindi ibinigay ang pangalan

Anong kalagayan: Walang silbi ang kanyang mga paa, pilay mula sa kapanganakan. Hindi kailanman nakalakad.

Tao na nagministeryo: Pablo

Talaan:

Pagtindig Ni Pablo Sa Listra: 14:19-20

Taong gumaling: Pablo

Anong kalagayan: Si Pablo ay binato ng kanyang kalaban at iniwan na patay.

Tao na nagministeryo: Mga Disipulo

Talaan:

Batang Alipin Sa Filipos: 16:16-40

Taong gumaling: Isang bata, na hindi ibinigay ang pangalan.

Anong kalagayan: Pagsanib ng demonyo. Siya ay espiritu ng mangkukulam at ginamit para sa pakinabang sa panghuhula ng kanyang panginoon.

Tao na nagministeryo: Pablo

Talaan:

Eutico: 20:7-12

Taong gumaling: Ang batang lalaki na si Eutico

Anong kalagayan: Nahulog siya mula sa itaas na bintana habang si Pablo ay nangangaral. Siya ay kinuha na patay.

Tao na nagministeryo: Pablo

Talaan:

Kagat Ng Ahas Kay Pablo: 28:3-6

Taong gumaling: Pablo

Anong kalagayan: May lason na kagat ng ahas

Tao na nagministeryo: Wala

Talaan:

Ama ni Publio: 28:8

Taong gumaling: Ang ama ni Publio, na pangunahing lalaki sa isla ng Melita.

Anong kalagayan: Lagnat at disinterya

Tao na nagministeryo: Pablo

Talaan:

Pagpapagaling Sa Aklat Ng Mga Gawa

- Maraming kababalaghan at mga tanda: 2:42-47
- Panalangin para sa kompiyansiya at mga tanda ng pagpapagaling: 4:23-31
- Maraming gumaling sa Jerusalem: 5:12-16
- Si Esteban ay maraming himalang ginawa: 6:8-15
- Maraming pinagaling si Felipe sa Samaria: 8:5-8
- Sina Pablo at Bernabe ay maraming ginawang mga tanda at kababalaghan: 14:3
- Nagpagaling si Pablo sa may sakit sa Efeso: 19:11-12
- May sakit na mga tao sa Malta: 28:8-9

PAMBUNGAD SA IKATLONG BAHAGI

“Habang Ikaw Ay Naroon”

Ang bahaging ito ng “*Panghihikayat Ng Kaluluwa Tulad Ng Pagkalat Ng Lebadura*” ay nakatuon sa halimbawa na ipinahayag sa Iglesya sa Bagong Tipan kung ano ang gagawin kung ikaw ay nandoon. Iminumungkahi nito na ang panghihikayat ng kaluluwa ay hindi buo kung walang iglesya na naitanim sa grupo ng bagong mga mananampalataya.

Bawa’t lugar na ang panghihikayat ng kaluluwa ay naisagawa sa Bagong Tipan, isang lokal na iglesya ang bunga nito. Ang mga apostol ay nagtanim ng bagong iglesya habang sila ay nandoon bago sila magtungo sa susunod na komunidad para manghikayat ng kaluluwa. Ang “Pagtanim ng Iglesya” ang termino na ginamit para ilarawan ang proseso ng pagsisimula ng bagong iglesya. Ang terminong ito ay ginamit dahil ang isang nagtanim ng bagong iglesya ay katulad ng isang magsasaka na nagtanim ng butil ng halaman sa natural na mundo. Sa matabang lupa, ang butil ay magbubunga ng bagong halaman katulad ng “ina” na halaman kung saan nanggaling ang butil.

Ang terminong “pagtanim” ay higit na mabuti dahil hindi sapat na basta lamang mag organisa ng iglesya sa hindi angkop sa lokal na kultura. Hindi sapat na basta lamang magtatag ng iglesya at iwanan ito na magpumilit. Ito ay dapat na itanim, ang ibig sabihin ay inugatan, lumalago at patuloy sa espirituwal na pag-ikot ng buhay.

Ang panghihikayat ng kaluluwa na walang pagtatatag ng lokal na mga iglesya ay katulad ng pagsilag ng mga bata sa mundo at hindi inaangkin ang responsabilidad para sa kasunod na pag-aalaga. Ang isang tao ay hindi dapat ibilang na nahikayat ang kaluluwa hanggat hindi siya nagiging bahagi ng iglesya na naglilingkod sa isang lokal na pagtitipon ng iglesya. Para magawa ito, mayroong dapat na lokal na iglesya. Ang isang lugar ay hindi dapat ibilang na nahikayat hanggat walang iglesya na naitayo.

Sa bahaging ito iyong matututunan ang halimbawa ng Bagong Tipan para sa Iglesya at matututunan ang mga prinsipyo ng pagtanim ng iglesya, paglago at pag-unlad. Ang lahat ng mga sumusunod na kurso ng Harvestime International Institute ay nakatuon sa iba’t ibang aspeto ng pagtanim ng Iglesya. Para sa buong pag-aaral ng paksa kailangan mong makuha ang mga kursong ito:

Mga Paraan Ng Pagpaparami - ipinapaliwanag nito kung paano magparami ng espirituwal na kayamaan at mapalawak ang bagong iglesya sa pamamagitan ng panloob, pagpapalawak, pagdagdag at pagtawid sa paglago.

Mga Prinsipyo Ng Pangangasiwa Salig Sa Biblia ay papatnubay sa iyong pagpili at pagpapaunlad ng mga lider para sa iglesya.

Mga Prinsipyo Ng Pagsusuri Ng Kapaligiran ay tutulong sa iyo na makilala ang lugar na handang tumugon sa Ebanghelyo at handa para sa panghihikayat ng kaluluwa at pagtatanim ng iglesya.

Pangangasiwa Batay Sa Layunin ay magtuturo sa iyo kung paano kilalanin ang layunin ng lokal na pagtitipon , paggawa ng mga plano, at magorganisa ng iglesya.

Mga Paraan ng Pagpapakilos Sa Mga Tao ay tutulong sa iyo na pakilusin ang mga kaanib ng iglesya, hikayatin sila na mag ministryo sa larangan ng kanilang espirituwal na mga kaloob.

Panghihikayat Ng Kaluluwa Tulad Ng Pagkalat ng Lebadura ipinakilala na ang pagtatanim ng iglesya ang huling layunin ng panghihikayat ng kaluluwa.

IKA-DALAWAMPUNG KABANATA

PAGTATANIM NG IGLESYA: ANG MODELO

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng salitang “iglesya”.
- Kilalanin ang ulo ng iglesya.
- Kilalanin ang katawan ng iglesya.
- Kilalanin ang mga lider sa iglesya.
- Ibuod ang misyon ng iglesya.
- Kilalanin ang modelong iglesiya sa Bagong Tipan.

SUSING TALATA:

Ano pa’t kayo’y naging uliran ng lahat ng nangananampalatayang nangasa Macedonia at nangasa Acaya.

Sapagkat mula sa inyo’y nabansag ang salita ng Panginoon, hindi lamang sa Macedonia at Acaya, kundi sa lahat ng mga dako ay natanyag ang inyong pananampalataya sa Dios; ano pa’t kami ay wala nang kailangan magsabi pang anoman. (I Tesalonica 1:7-8)

PAMBUNGAD

Ang utos Ni Jesus ay pumunta sa lahat ng mga bansa na dala ang Ebanghelyo, magsimula sa Jerusalem, at Judea, at pagpapalawak sa Samaria at sa lahat ng mundo. Iniutos din Ni Jesus, “Sa iyong paghayo magpagaling ng may sakit, at magpalayas ng mga demonyo. .”

Ngunit karagdagan sa mga dalawang responsabilidad na ito, makikita natin ang ikatlong bagay ng panghihikayat ng kaluluwa na galing sa Bagong Tipan. Saan man magtungo ang mga mananampalataya, habang sila ay nandoon sila ay nagtatanim ng mga iglesya na maaaring makapagpalago sa bagong mga nahikayat para maging ganap. Ito ang unang bahagi ng tatlong aralin sa pagtatanim ng iglesya. Ang kabanatang ito ay tungkol sa modelo ng Bagong Tipan kung saan ka matututo kung paano magsimula ng mga iglesya. Ang susunod na aralin ay nakatuon sa mga paraan ng pagtatanim ng iglesya base sa Biblia , at ang Ika-Dalawampu’t Dalawang Kabanata ay nagpapaliwanag kung paano ang iglesya ay makapagpaparami.

ANG MODELO NG BAGONG TIPAN

Ang isang “modelo” ay isang halimbawa na idinisenyo para sundan. Ang talaan ng unang iglesya sa panahon ng Bagong Tipan ay naingatan para magbigay ng modelo para sa susunod na pagtatanim ng bagong mga iglesya.

ANG KAHULUGAN NG IGLESYA:

Ang ibig sabihin ng salitang “iglesya” ay “pagtitipon ng mga tao na nasa Panginoon” o “ang mga tinawag mula sa .” Ang tunay na iglesya ay hindi gusali o organisasyon. Ito ay ang lahat ng “born –again” na mga mananampalataya, mga tao na tinawag na “buhay na mga bato” sa I Pedro 1:5. Ang salitang “iglesya” ay ginamit din para sa lokal na pagtitipon ng bawat isa na bahagi ng masmalaki , pandaigdigang Katawan Ni Cristo.

ANG ULO NG IGLESYA:

Si Jesus ang ulo ng iglesya. Sinabi Ng Dios. . .

...lahat ng mga bagay ay pinasuko niya sa ilalim ng kaniyang mga paa, at siyang pinagkaloobang maging pangulo ng lahat ng mga bagay sa iglesia.

Na siyang katawan niya, na kapuspusan niyaong pumupuspos ng lahat sa lahat. (Efeso 1:22-23)

Ang iglesya ay itinayo sa bato na Si Jesu Cristo at sa ibabaw ng pundasyon ng “nakabababang mga bato” na inilagat ng unang mga apostol at propeta.

ANG KATAWAN NG IGLESYA:

Ang lahat ng “born-again” na mga mananampalataya ay bahagi ng Katawan Ni Cristo. Tayo ang mga tao kung saan nagagawa Ng Dios ang Kanyang gawain sa mundo. Ang iglesya ay inilarawan bilang katawan dahil ito ay nagsisilbing katulad ng katawan ng tao. Ang bawat kaanib ay may espirituwal na kaloob para sa ministeryo at may natatanging layunin sa plano Ng Dios, kung paano ang bawat bahagi ng katawan ng tao ay may kakaibang tungkulin (I Corinto 12).

Ang katawan ng tao ay isa lamang sa ilang mga metapora ng Bagong Tipan na ginamit para ilarawan ang Iglesya. Ang “metapora” ay salita o parirala na ginagamit sa isang bagay para ilarawan ang isang bagay. Tingnan ang bahagi ng “Dagdag Na Pag-aaral” sa aralin an ito para sa dagdag na metapora ng Bagong Tipan na naglalarawan ng Iglesya.

ANG MGA LIDER NG IGLESYA:

Ang Dios ang naglalagay ng mga lider na may natatanging kaloob sa Iglesya. Kasama sa mga ito ang apostol, propeta, ebanghelista, pastor, at guro (Efeso 4:11-16). Ang kanilang layunin ay maihanda ang mga mananamaplataya para sa gawain ng ministeryo. Ginagawa nila ito sa pagtulong sa kanila na madiskubre at magamit ang kanilang espirituwal na mga

kaloob. Ang mga matatanda at diakono ay naglilingkod din sa iglesia sa praktikal na larangan ng ministryo. Tingnan ang Tito 1 at I Timoteo 3.

ANG MISYON NG IGLESYA:

Ang misyon ng iglesia ay para matupad ang layunin at plano Ng Dios na inilarawan sa Efeso 1:9-11 at 3:10-11. Ang talaan ng Bagong Tipan ay nagpapahayag na ang lahat ng gawain ng iglesia ay nasa larangan ng dalawang pangkalahatan.

-Ang una ay panghihikayat ng kaluluwa: Ang mga mananampalataya ay palagiang abala sa pangangaral at pagtuturo ng Ebanghelyo, bautismuhan ang bagong nahikayat, akayin sila na maranasan ang bautismo Ng Espiritu Santo, kagalingan, at pagpapalayas ng mga demonyo.

-Ang ikalawa ay pagpapalakas: Ang ibig sabihin ng pagpapalakasan ay pagpapatatag. Ang mga mananampalataya ay nagtatanim ng iglesia para turuan, at pakainin ang bagong nahikayat hanggang sila ay maging ganap na mga disipulo.

Mayroong anim na susing mga prinsipyo na makikita sa pag-aaral ng misyon sa iglesia ng Bagong Tipan:

Una: Sila ang may responsabilidad na dalhin ang Ebanghelyo sa kanilang komunidad, bansa, at mundo. Ipinakikilala Ng Iglesia Si Jesus sa Mundo bilang Panginoon at Tagapagligtas. Inaakay nila ang mga tao sa tamang kaugnayan Kay Jesus para maranasan nila ang kaligtasan at bagong buhay.

Ikalawa: Ang Ebanghelyo ay naipangaral sa mga hindi pa ligtas kung saan sila nandoon. Ang mga apostol ay hindi umupa ng bulwagan o kulungin ang kanilang sarili sa mga gusali. Sila ay nagtitipon sa templo, tahanan, o silid sa itaas (Mga Gawa 2:46 at 5:42). Sila ay nangaral sa pangmaramihan at personal na panghihikayat ng kaluluwa.

Ikatlo: Ang Ebanghelyo ay ipinangaral bilang kaligtasan sa pamamagitan Ni Jesus, hindi sistema ng pinaniniwalaan ng relihiyon o mga seremonya. Ito ay base sa Biblia, naka sentro Kay Cristo, kaugnay sa pangangailangan, at pagpapakita ng kapangyarihan.

Ika-apat: Ang mga matatamda ang pinagtutuunan ng pansin dahil kung ang mga matatanda ang mahikayat Kay Cristo, ang kanilang mga anak ay mahihikayat din. Sa ganitong paraan ang buong pamilya ay magiging mananampalataya. (Tingnan ang pagkahikayat ng kuwento ni Cornelio sa Mga Gawa 10; Ang bantay sa bilangguan sa Filipos sa Mga Gawa 16:31-33; Si Lydia sa Mga Gawa 16:14-15; Estefanas sa I Corinto 1:16; Onesiforo sa II Timoteo 1:16; At Filemon sa Filemon 2.)

Ika-lima: Ang bagong mananampalataya ay isinasama sa buhay ng lokal na iglesia. Sila ay naturuan at pinakakain sa panalangin at pagtitipon sa ibang mga kaanib ng katawan (Mga Gawa 2:42). Ang mga mananampalataya ay pinatatatag sa mga doktrina, prinsipyo, at mga gawain ng pamumuhay Kristiyano. Sila ay naturuan na “pansinin ang lahat ng mga bagay” na itinuro Ni Jesus.

Ika-anim: Kinilala ng iglesia at ipinadala ang mga tinawag para magdala ng Ebanghelyo sa ibang lugar (Mga Gawa 13:1-3).

ANG HALIMBAWA SA TESALONICA

Inilarawan ng iglesia sa Tesalonica ang modelo sa panghihikayat ng kaluluwa at pagpapalakas na katangian ng Bagong Tipan na mga iglesia. Isinulat ni Pablo sa kanila at sinasabi. . .

Sapagkat hindi kami nasusumpungang magsisigamit kailan man ng mga salitang paimbabaw, gaya ng nalalaman ninyo, ni ng balabal man ng kasakiman, saksi ang Dios;

Ni nagsihanap man sa mga tao ng kapurihan, ni sa inyo man, ni sa mga iba man, na maaaring magsigamit kami ng kapamahalaan gaya ng mga apostol ni Cristo.

Kundi kami ay nangagpapakalumanay sa gitna ninyo, na gaya ng isang sisiw pagka inaamo ang kaniyang sariling mga anak:

Gayon din kami, palibhasa’y may magiliw na pagibig sa inyo, ay kinalugdan naming kayo’y bahaginan, hindi lamang ng evangelio ng Dios, kundi naman ng aming sariling mga kaluluwa, sapagkat kayo’y naging lalong mahal sa amin.

Sapagkat inaalaala ninyo, mga kapatid, ang aming pagpapagal at pagdaramdam: amin ngang ipinangaral ang evangelio ng Dios na kami ay gumagawa gabi’t araw, upang huwag kaming maging isang pasanin sa kanino man sa inyo.

Kayo’y mga saksi, at ang Dios man, kung gaanong pagkabanal at pagkamatuwid at pagkawalang kapintasan ang inugali namin sa inyong nagsisisampalataya. (ITesalonica 1:5-10)

Pansinin ang sumusunod na halimbawa ng talatang ito:

“ANG AMING EBANGHELYO AY DUMATING SA INYO”:

Ang mensahe ay dumating sa mga tao sa Tesalonica sa pamamagitan ng Salita at may pagpapakita ng kapangyarihan. Ito ay naipangaral mula sa personal na kombiksiyon at may kapangyarihan Ng Espiritu Santo.

“IYONG NATANGGAP ANG SALITA”:

May malaking oposisyon sa Ebanghelyo, para sa mga tao ang nakatanggap nito sa gitna ng matinding pagdurusa. Kanilang tinanggap ang mensahe na may kagalakan Ng Espiritu Santo.

“IKAW AY NAGING MANGGAGAYA”:

Ang mga nahikayat ay sumunod sa turo at halimbawa Ni Jesus at ng mga apostol.

**“IKAW AY NAGING HALIMBAWA SA LAHAT NG MGA
MANANAMPALATAYA”:**

Pinarisan nila ang modelo, pagkatapos ay naging modelo na sila.

“ANG SALITA NG PANGINOON AY NARINIG MULA SA IYO”:

Ang mga taong ito ay walang radyo, telebisyon, “video” o “audio tapes”, o pagpapahayag kung paano ang ilan sa atin ay ginagawa ito ngayon. Ginagamit nila ang paraan base sa Biblia ng “person-to person” na pagbabahagi ng Ebanghelyo.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ibigay ang kahulugan ng salitang “iglesya”.

3. Sino ang ulo ng iglesya?

4. Sino ang katawan ng iglesya?

5. Sino ang mga lider sa iglesya?

6. Ano ang misyon ng iglesya?

7. Ano ang halimbawa na tinalakay sa Bagong Tipan ng iglesya sa aralin na ito?.

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NAPAG-AARAL

1. Basahin ang aklat ng Mga Gawa at ang mga sulat sa Bagong Tipan. Pag-aralan ang reperensiya kung saan ang iglesya ay nabanggit. Tandaan ang mga reperensiya “PH” para sa panghihikayat ng kaluluwa at “PL” para sa pagpapalakas. Ang iyong pag-aaral ay dagdag na paglalarawan kung paano ang unang Iglesya ay natupad ang dalawang larangan ng makalangit na misyon.

2. Narito ang ilang mga iba pang “metapora” na ginamit sa Biblia para ilarawan ang Iglesya:

- Ang pamilya ng Panginoon: Mateo 6:9; Lucas 11:2; Roma 8:15; Hebreo 2:10-11; Efeso 3:14-15; Roma 8:17; I Timoteo 3:15
- Ang pagtitipon ng mga mananampalataya: I Juan 1:3; Mga Gawa 2:42-44
- Ang grupo ng atleta: I Corinto 9:24-26; Galacia 2:2; 5:7; Filipos 2:16; II Timoteo 2:5; 4:7; Hebreo 12:1; I Timoteo 6:12
- Ang kawal Ng Panginoon: II Corinto 9:7; I Pedro 2:11
- Isang Kawan: Mga Gawa 20:28; I Pedro 5: 2-4
- Isang paaralan: (Ang kaisipan na ang Iglesya ay paaralan ay nakikita sa katotohanan na ang pagtuturo at pagsasanay ay nangyayari bilang bahagi ng ministryong nito.) Mateo 28:18-20
- Alipin o tagapangasiwa: (Ng Ebanghelyo) Mateo 25:14-30; I Corinto 4:1-2; Efeso 4:12
- Isang gusali: I Corinto 3:9-15; Efeso 2:20-22; Mateo 16:18; 21:42; I Pedro 2:4-7; Lucas 6:46-49; Mga Gawa 4:11; Roma 15:20; Mga Awit 118:22
- Isang hiwaga: Efeso 3:4-6
- Isang bukirin: I Corinto 3:6-9; II Timoteo 2:6; Mateo 13:3-8, 18-20
- Isang maharlikang saserdote: I Pedro 2:5-9
- Ang asawang babae Ni Cristo: Juan 3:29; I Corinto 11:2; Efeso 5:21-32; Apocalipsis 19:7-9
- Sugo Ng Panginoon: Efeso 6:20; II Corinto 5:20
- Ang haligi at saligan ng katotohanan: I Timoteo 3:15
- Ang santuwaryo Ng Panginoon: Mga Gawa 17:24; I Corinto 3:15-17; Efeso 2:21-22; I Pedro 2:4-5.
- Manlalakbay: Filipos 3:20; Roma 12:2; Hebreo 11:3
- Ang daan: Mga Gawa 9:2; Juan 14:6
- Ang pamana Ng Panginoon: Efeso 1:18
- Ang nilalang Ng Panginoon: Efeso 2:10; I Juan 3:2
- Ang ilaw ng mundo: Mateo 5:14-16; Efeso 5:14
- Ang asin ng mundo: Mateo 9:49-50; Lucas 14:33
- Mamalakaya ng tao: Marcos 1:17; Mateo 4:18-20; 13:47
- Mainit na pagdurusa: I Pedro 1:6-7; 4:12-17; Santiago 1:3
- Ang ligaw na sanga ng olibo: (Pagano na idinugtong sa Kanyang Katawan): Roma 11:16-24

IKA-DALAWAMPU'T ISANG KABANATA

PAGTATANIM NG IGLESYA: MGA PARAAN

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Kilalanin ang sampung mga hakbang sa "cycle" ng pagtatanim ng iglesia.
- Kilalanin ang pitong prayoridad ng ministeryo kung saan nakatuon ang pagsisikap sa panghihikayat ng kaluluwa.

SUSING TALATA:

Ay sumakaniya nawa ang kaluwalhatian sa iglesia at kay Cristo Jesus sa boong panahon magpakailanman. Siya nawa. (Efeso 3:21)


PAMBUNGAD

Sa aralin na ito iyong matututunan kung paano ang panghihikayat ng kaluluwa ay tutungo sa pagtatanim ng mga iglesia na ang mga kaanib ay nasanay para ulitin ang katulad na "cycle" ng espirituwal na panganganak. Sa pagsunod sa halimbawang ito, ang pagtatanim ng iglesia ay magiging isang makapangyarihang nagpapatuloy na puwersa ng panghihikayat ng kaluluwa.

Karagdagan sa pagkatuto tungkol sa "cycle" ng pagtatanim ng iglesia, ang bahagi ng "Dagdag Na Pag-aaaral" ay magbibigay ng praktikal na panuntunan para sa aktuwal na pagtatanim ng bagong iglesia.

MGA PARAAN NG "CYCLE" NG PAGTATANIM NG IGLESYA

Ang ministeryo ni Apostol Pablo ay nagbibigay ng pinakamagandang halimbawa ng "cycle" ng pagtatanim ng iglesia sa panahon ng Bagong Tipan. Suriin ang sumusunod na tsart, pagkatapos pag-aralan ang talakayan na sumunod. Siguruhin na basahin ang reperensiya sa iyong Biblia:



Narito ang mga hakbang ng “cycle” ng pagtatanim ng iglesya na ginamit sa panahon ng Bagong Tipan na maaaring maiangkop sa makabagong pagsisikap:

1. PAGTATALAGA SA MGA MANGGAGAWA: Mga Gawa 13:1-4; 15:39-40

Ang mga manggagawa ay nasanay at itinalaga para maabot ang tiyak na lugar ng Ebanghelyo. Ang mga mananampalataya sa iglesya sa bahay ay tumulong maghanda, ipadala, sumuporta, at makiisa sa mga itinalaga Ng Dios para sa gawain.

2. KINATAGPO ANG MGA TAO: Mga Gawa 13:14-16; 14:1; 16:13-15

Kung siya ay pumasok sa bagong lugar, kadalasan si Pablo ay humihingi ng paunlak para makatagpo ang mga lider ng relihiyon sa sinagoga. Sinusubukan niya na makuha ang pagkaunawa at hanggat maaari ang suporta ng mga lokal na lider. Ang grupo at isahan na pagtatagpo ay susunod, ang layunin ay maraming makuha na makikinig sa mensahe ng Ebanghelyo.

3. IPINAHAYAG ANG EBANGHELYO: Mga Gawa 13:17; 16:31

Ang Ebanghelyo ay napararating sa pamamagitan ng pangangaral, pagpapatotoo, at pagpapakita ng kapangyarihan. Iba’t ibang paraan ang ginamit para mabisang maiparating ang Ebanghelyo. Ang paraan sa ilang mga lunsod ay pagtuturo sa sinagoga (Mga Gawa 14:1). Sa iba, ang mga tao na handang tumanggap ng mensahe ay inihihwalay bilang natatanging mga grupo (Mga Gawa 19:9). Ang natatanging ministeryo sa isahan na grupo ng mga tao ay nangyari sa ibang mga lugar (Mga Gawa 13:42) at ang lengguwahe at ang mga paraan ay iniayos para makasiguro ng tamang paghahatid ng Ebanghelyo (Mga Gawa 22:2)

4. NAHIKAYAT ANG MGA NAKARINIG: Mga Gawa 13:48; 16:14-15

Ang mabisang paghahatid ng Ebanghelyo ay nagdulot ng pagkahikayat, kasama ang mga tao na tumanggap ng mensahe ng kaligtasan at pagsisisi sa kasalanan.

5. TINIPON ANG MGA MANANAMPALATAYA: Mga Gawa 13:43

Si Pablo ay hindi tumigil sa panghihikayat ng kaluluwa at pagkahikayat. Nagorganisa siya ng mga mananampalataya para maging lokal na iglesya. Ang mga bagong mananampalataya ay mabilis na pinakilala sa “fellowship” at pagdidisiplina ng lokal na Katawan. Ang oras at lugar ay itinakda para sa pagtitipon na magkakasama ng bagong iglesya.

6. NATIYAK ANG PANANAMPALATAYA: Mga Gawa 14:21,22; 15:41

Bilang pahiwatig sa Dakilang Utos (Mateo 28:19-20), pagkatapos ng pagkahikayat ang pagtuturo ay sumunod. Ang pagtuturong ito, ay sa loob ng konteksto ng lokal na iglesya, pinatatag ang bagong mga nahikayat habang natututunan nila ang pangunahing pananampalataya ng Kristiyano at kung paano mamuhay sa Kaharian Ng Dios. Ang “pagpapatotoo ng pananampalataya” ay nagdulot ng espirituwal na kaganapan at natulungan ang mga mananampalataya na madiskubre ang kanilang espirituwal na kaloob at maging kaanib ng Katawan Ni Cristo na gumagawa.

7. ITINALAGA ANG MGA LIDER: Mga Gawa 14:23

Habang ang mga mananampalataya, ang lokal na mga lider ay naitayo Ng Dios. Ang bawa’t iglesya ay nakabuo ng organisasyon base sa Biblia, na gumagawa, at mabisa sa kanilang heograpiyang lugar. Ang kapangyarihan na magamit ang espirituwal na mga kaloob ay ibinigay sa iglesya, kasama ang mga lideratura na itinindig mula sa loob ng bagong kongregasyon. Nang si Pablo ay pumili ng mga matatanda, sila ay napili mula sa mga tao, hindi nanggaling sa ibang rehiyon.

Dahil dito’y iniwan kita sa Creta, upang husayin mo ang mga bagay na nagkukulang, at maghalal ng mga matanda sa bawat bayan, na gaya ng ipinagbilin ko sa iyo. (Tito 1:5)

8. PINURI ANG IGLESYA: Mga Gawa 14:23; 16:40

Nang ang mga lider ay nasa lugar at mabisang naglilingkod, ang pagdepende sa nagtatanim ng iglesya ay tapos na. Ang maayos na pagsasalin ay ginawa ng nagumpisa sa bagong lokal na mga lider. Ang iglesya ay ibinibilin o isinasalin sa Panginoon bilang gumagawa, lokal na Katawan ng mga mananampalataya. Kahit ang bagong mga iglesya ay kaugnay sa “mother church” ayon sa “fellowship” at lideratura, ang mga ito ay hindi nakadepende sa unang iglesya. Ang mga ito ay iglesya na sariling sumusuporta, may kakayahan na gawin ang gawain ng Ebanghelyo na hindi nakadepende sa suporta ng pananalapi na galing sa labas.

Ang lahat ng pinansiyal na pagsasaayos na ginawa para sa bagong iglesya ay dapat na mismo ang mga tao ang mangangasiwa ng kanilang sariling kalakal. Kung ang iglesya ay nakatatanggap ng suporta mula sa ibang iglesya, denominasyon, o mga mananampalataya sa ibang bansa ito ay naka-depende sa kanila. Kung ang sumusuporta na iglesya o denominasyon ay nabigo, ang bagong iglesya ay mabibigo rin. Kung ang kaugnayan sa

mga bansang ito ay maputol, ang iglesia ay makararanas din ng paghihirap kung ang suporta mula sa kanila ay matigil.

Ang parehong Panginoon na ginawang alak ang tubig at nagparami ng kakaunting tinapay at mga isda para pakainin ang maraming tao ay tiyak na may kakayahan na magpundar ng kinakailangang pondo para sa pagpapalawak ng Ebanghelyo. Sinimulan Ni Pablo ang bagong mga iglesia sa Salita Ng Dios at ang Bato, Si Jesu Cristo. Hindi niya nasimulan ang mga ito sa organisasyon o denominasyon o sa kanyang sariling personalidad. Ang pagsasarili ay hindi nagsasanay para makapamuhay ng sarili.

9. NAGPATULOY ANG KAUGNAYAN: Mga Gawa 15:36; 18:23

Ang kaugnayan ay nagpapatuloy sa pagitan ng bagong “fellowship”, ang nagtatanim ng iglesia (Pablo), at ng “mother church” (Jerusalem). Ang kaugnayan ay naitatag sa pagitan ng bagong “fellowship” at ibang mga iglesia sa buong rehiyon para mapalawak ang pagpapalaganap ng Ebanghelyo.

10. ANG “CYCLE” AY INULIT: I Tesalonica 1:8

Katulad sa Iglesia sa Tesalonica, ang “Salita Ng Dios ay narinig “ mula sa bagong iglesia tungo sa hindi pa naabot na mga tao at ang “cycle” ng panghihikayat ng kaluluwa ay naulit para magtanim ng karagdagang mga iglesia.

PRAYORIDAD PARA SA MINISTERYO

Si Pablo ay may tiyak na estratehiya na pangmalawakan sa panghihikayat ng kaluluwa at pagtatanim ng iglesia. Ang talaan sa Biblia ay nagpahayag ng kanyang malasakit para sa Asia, Galacia, Macedonia, Acacia, at Espana, na ang mga ito ang buong lalawigan sa panahon na iyon. Pag-aralan ang mga lugar na ito kung saan si Pablo ay nagtanim ng mga iglesia:

-Filipos: (Mga Gawa 16) Ito ang nangungunang lunsod ng Macedonia.

-Tesalonica: (Mga Gawa 17:1-10) Ito ay malaki, maimpluwensiya na lunsod ng komersiyo.

-Corinto: (Mga Gawa 18:1-11) Isang pangunahing komersiyo sa Grecia.

-Efeso: (Mga Gawa 19:1-10) Kung saan ang pangunahing daang bayan ng emperyo ng Roma sa kahabaan mula sa Roma hanggang sa silangan ay naroon. Ang Efeso ay mahusay na daungan at sentro ng kalakalan.

Ang mga halimbawang ito ay nagpapahayag ng pitong prayoridad para sa ministeryo:

MGA LUNSOD:

Ang mga lokasyon kung saan nagtanim ng iglesia si Pablo ay mga sentro ng pangangasiwa ng Roma, sibilisasyon ng Grecia, impluwensiya ng Hudyo, o mahalaga sa

komersiyo. Alam ni Pablo na makaaabot siya ng malaking bilang ng mga tao sa mga lunsod na puno ng mga tao. Napagtanto rin niya na ang pagbabago ay nagsisimula sa mga lunsod at ito ay lalaganap sa mga lugar na liblib. Ang mga malaking sentro ng kalakal at turismo ay maraming mga tao na mula sa maraming mga bansa ang dumadaan para sa hanapbuhay at kasiyahan. Ang mga lunsod ay dinadaan ng mga paglalakabay kung saan ang natural na pagkilos ng mga tao ay nangyayari. Habang ang mga bisita ang naabot ng Ebanghelyo, kanilang dinadala ang mensahe sa pagbalik nila sa kanilang tahanan.

Si Pablo ay kumikilos sa malawak na mga lugar mula sa mga naitatag na base ng misyon. Pagkatapos na umalis si Pablo sa Jerusalem ibinaling niya ang kanyang atensiyon sa Asia Minor, unang naglingkod sa Tarso at Antiochia (Mga Gawa 11:25-30; 13:1-13), pagkatapos Kanlurang Asia-Minor na ang sentro ay Efeso (Mga Gawa 19:1-20; 16:8). Mula dito, si Pablo ay lumipat sa kanluran na ang Roma ang sentro at ang Espana ang pinakamalayong bahagi na naabot (Mga Gawa 19:21; 23:11; 18:14-31; Roma 1:9-15; 15:24,28).

NAKAHANDANG MGA BUKIRIN:

Sa Mateo 10, sinabi Ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na huwag magtungo sa mga Samaritano o Pagano ngunit magtungo sa Israel. Ang panahon ay tama para sa Israel. Ang ibang grupo ay magiging handa sa bandang huli. Kahit sa mga Hudyo, ang mga disipulo ay dapat magministeryo sa mga handa na. Sila ay dapat manatili at magbahagi kung saan sila nakatanggap ng mabuting tugon at magpatuloy kung sila ay nakatagpo ng hindi handang mga tao. Dapat nilang ituon ang kanilang paghihirap sa mga lugar na may maraming nakahandang tumanggap na mga tao.

Sinunod din ni Pablo ang ganitong estratehiya. Nang tinanggihan ng mga Hudyo ang Ebanghelyo, si Pablo ay bumaling sa mga Pagano (Mga Gawa 13:42-51). Nang ang Atena ay hindi handa, si Pablo ang nagtungo sa Corinto. Sa Corinto, si Pablo ay bumaling mula sa mga Hudyo tungo sa mga Pagano. Ang mga handang Griego ay nagalak at marami ang sumampalataya at nabautismuhan (Mga Gawa 18:5-11). Sinangayunan Ng Panginoon ang gawain ni Pablo sa pamamagitan ng pangitain na nagsasabi sa kanya na manatili sa Corinto at walangtakot na ipahayag Si Cristo (Mga Gawa 18:5-11). Nang ang komunidad sa sinagoga ay tumanggi sa kanya, si Pablo ay nagsimula sa mga kongregasyon na mga handa. Nang ang pag-uusig ay nagpaalis sa kanya, siya ay nagtungo sa ibang lunsod.

ANG KANYANG SARILING MGA TAO:

Si Pablo ay may malasakit na abutin ang kanyang sariling mga tao ng Ebanghelyo:

Mga kapatid, ang nais ng aking puso at ang aking panalagin sa Dios ay patungkol sa kanila, upang sila'y mangaligtas. (Roma 10:1)

HINDI PA NAAABOT NA MGA TAO:

Binigyan ni Pablo ng prayoridad ang mga lugar kung saan Si Cristo ay hindi pa naipangangaral:

Aking nilayon na maipangaral ang evangelio, hindi doon sa napagbalitaan na kay Cristo, upang huwag akong magtayo sa ibabaw ng pinagsaligan ng iba;

Kundi gaya ng nasusulat, Makakakita silang mga hindi dinatnan ng mga balita tungkol sa kaniya, at silang hindi nangakapakinig, ay mangakakatalastas. (Roma 15:20-21)

Ang mga lugar na walang patotoo ng Ebanghelyo ay dapat na palaging prayoridad. Basahin ang talinghaga ng tupa sa Lucas 15:3-7. Ang prayoridad ay ang nawawalang tupa, hindi ang mga nasa kulungan. (Tingnan din ang Roma 10:13-14.)

GRUPO NG MGA TAO:

Si Pablo ay naglingkod sa iba't ibang grupo ng mga tao sa loob ng lunsod o rehiyon. Halimbawa, siya ay nagministeryo sa parehong Griego at grupo ng mga tao na Hudyo sa Antiochia (Mga Gawa 13:42). Katulad ng iyong natutunan sa Ika-anim na Kabanata, ang grupo ng mga tao ay tribo, "caste" o anumang grupo na may magkakatulad na kultura, salita, at katutubong pinagmulan. Mahalaga na tingnan ang lunsod o rehiyon ayon sa mga gupong ito ay gawin ang pagtatanim ng iglesya ng naaayon.

Halimbawa, sa isang lunsod sa Estados Unidos ay may malaking populasyon ng mga taong nagsasalita ng Espanol, nagsasalita ng Ingles, at nagsasalita ng Mandarin na Intsik. Ang pagtawid sa paglago para magtanim ng mga iglesya sa lunsod na ito ang dapat bigyan ng pansin sa mga tiyak na grupo ng mga tao. Ang pagtatanim ng iglesya sa nagsasalita ng tagalog sa lunsod na ito ay hindi magiging pakinabang dahil walang mga grupo sa lunsod na nagsasalita ng Tagalog. Ito ang dahilan kung bakit ang pagtatanim ng iglesya ay dapat palaging nakatuon sa mga grupo ng tao sa loob ng isang lugar, hindi lamang basta sa pangkalahatang lunsod .

Mabilis na maipasusulong ang Ebanghelyo sa mga pagtatanim ng iglesya sa tiyak na grupo ng mga tao. Ang kaanib ng grupo ng mga tao ay nagsasalita ng magkatulad na lengguwahe at magkatulad ang kinaugalian. Walang balakid sa salita o kultura na makapigil sa paglaganap ng Ebanghelyo. Dahil dito, ang Ebanghelyo ay mabilis na lalaganap.

Ang Harvestime International Intitute ay nagaalok ng kursong may pamagat na "*Pagsusuri ng Kapaligiran*" na makatutulong sa pagsusuri ng lugar bago ang pagmiministeryo. Aming iminumungkahi na kunin ang kursong ito para matulungan ang pagtatanim ng iglesya. Ang kurso ay makatutulong sa iyo sa :

1. Kilalanin ang mga to na aabutin. Anu-anong grupo ng mga tao ang bumubuo ng isang lunsod o rehiyon? Sino ang pinaplano mong maabot? Ano ang kanilang relihiyon, kultura, katutubo, at pinagmulan ng lengguwahe?
2. Alamin ang kanilang espirituwal na pangangailangan. Halimbawa, kailangan ba ng iglesya para sa nagsasalita ng Espanol sa isang lunsod? Marahil ang kailangan nila ay

napaglilingkuran ngunit ang nagsasalita ng Frances sa lugar na iyon ay espirituwal na napababayaan.

3. Kilalanin ang handang tumanggap ng Ebanghelyo.

4. Alamin ang mga paraan na iyong gagawin para maabot ang mga taong ito. Paano ang pinakamabuting gawin para sila ay maabot? Sino ang dapat umabot sa kanila?

PANGMARAMIHAN NA PAGBABAHAGI NG EBANGELIYO:

Ibinahagi ni Pablo ang Ebanghelyo sa pamamagitan ng pangmaramihan na paghahatid. Kanyang kinuha ang pagkakataon na kausapin ang malaking bilang ng mga tao:

At nangyari sa Iconio na sila'y magkasamang nagsipasok sa sinagoga ng mga Judio, at nangagsalita ng gayon na lamang na ano pa't nagsisampalataya ang lubhang marami sa mga Judio at sa mga Griego. (Mga Gawa 14:1)

PANG-ISAHAN NA PAGDIDISIPULO:

Si Pablo ay nangaral sa maraming mga tao ngunit alam din niya ang halaga ng paglalaan ng buhay sa kakaunti na pangunahing mga tao na maaaring makapagturo rin sa iba. Si Timoteo ang isa sa mga taong ito gayun din sina Tito at Juan Marcos, na minsan ng tinanggihan para sa pagsasanay na maging disipulo (Mga Gawa 15:36-40). Sa pamamagitan ni Pablo ipinahayag Ng Espiritu Santo ang plano Ng Dios para sa bawa't mananampalataya na espirituwal na magpadami (II Timoteo 2:2).

Ang paggawa kasama ang ibang mga mananampalataya katulad nina Bernabe at Silas, gayundin ang mga disipulo na kanyang nasanay, ay tunay na nagpadami ng ministryo ni Apostol Pablo. Sa kanyang ikalawa at ikatlong paglalakbay sa pagmimisyon, isinama ni Pablo ang pagtulong ng mga kamanggagawa na nakatira sa rehiyon kung saan nila planong maglingkod. Ito ay susing prinsipyo. Ang mga Africano ang pinakamabisang aabot sa mga Africano. Ang mga Indians ang pinakamabisang makaaabot sa kanilang sariling mga tao. Ang mga Asiano ay pinakamabuting makapapasok sa kanilang kontinente para madala ang Ebanghelyo. Nagsasalita sila ng lengguwahe, nauunawaan ang kinaugalian, at naka ayos na sa uri ng pamumuhay.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ano ang sampung mga hakbang sa "cycle" ng pagtanim ng iglesya?

3. Ano ang pitong prayoridad ng ministeryo ni Apostol Pablo?

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Ang panghihikayat ng kaluluwa at pagtanim ng iglesia na ginawa ni Apostol Pablo ay kadalasang ibinubuo sa tatlong paglalakbay pangmision:

Ang unang paglalakbay:	Mga Gawa 13:1-14:28
Ang ikalawang paglalakbay:	Mga Gawa 15:36-18:22
Ang ikatlong paglalakbay:	Mga Gawa 18:23-21:14

2. Pag-aralan ang maraming bagay tungkol sa “cycle” ng pagtanim ng iglesia na ginamit ni Pablo sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw sa mga pangyayari sa lunsod ng Efeso:

Kinatagpo ang mga tao:	Mga Gawa 18:19; 19:1,8,9
Ipinahayag ang Ebanghelyo	Mga Gawa 19:4,9,10
Nahikayat ang mga nakarinig:	Mga Gawa 19:5,18
Tinipon ang mga mananampalataya:	Mga Gawa 19:9-10
Natiyak ang pananampalataya:	Mga Gawa 20:20, 27
Itinalaga ang mga lider:	Mga Gawa 20:17,28; I Timoteo 1:3,4
Pinuri ang iglesia:	Mga Gawa 20:17; Efeso 1:1-3,15,16

3. Narito ang praktikal na “checklist” para sundan sa pagtanim ng iglesia:

ESPIRITUWAL NA PAGHAHANDA:

___ Naglaan ako ng oras sa pananalangin at pinag-isipan ko ang tungkol sa pagtanim ng iglesyang ito.

___ Ako ay nakatitiyak na pinangungunahan ako Ng Dios na magtanim ng iglesia.

___ Hindi ko ginagawa ito para malugod sa akin ang mga tao.

___ Mayroon akong pangitain kung bakit kailangan ang iglesyang ito ay kung paano ito magiging kakaiba.

(Isulat ito sa Salaysay ng Layunin/ “Statement of Purpose.” Ang bawa’t kongregasyon ay may tiyak at kakaibang layunin para magawa ang napapaloob na pangkalahatang layunin Ng Dios na ang buong mundo ay maabot ng Ebanghelyo. Ang Harvestime International Institute na kursong “*Pangangasiwa Batay Sa Layunin*” ay magtuturo sa iyo na kilalanin ang iyong layunin at isulat nang maliwanag ito.)

___ Naniniwala ako na mayroon akong tamang espirituwal na katangian para sa pagtanim ng iglesia.

Narito ang ilang mga katangian na mahalaga para sa isang nagtanim ng iglesia. Siya ay dapat na :

- Tinawag Ng Dios para sa tiyak na ministryong ito.
- Binigyan ng kaloob Ng Dios bilang lider para maturuan ang iba para sa ministryo.
- Maabot ang mga katangian base sa Biblia para sa lideratura sa I Timoteo 3:17.
- May disiplina sa sarili.
- Maykakayahan na matagalan ang kalungkutan at kabiguan na hindi pinanghihinaan ng loob.
- Marunong makibagay sa iba't ibang sitwasyon at mga kultura.
- Nakalaan at may kakayahan na manguna sa iba.
- Isang taong may pananampalataya, sumasampalataya na Ang Dios ay nakalaan na gumawa ng dakilang mga bagay.
- Nakatalaga para sa gawain ng pagtatanim ng iglesya.

(Kung may asawa):

___ Ang aking pamilya ay kaisa sa pangitain na ito.

PAGPILI SA LUGAR NA PATUTUNGUHAN:

___ Ipinalangin ko ang tungkol sa lugar kung saan itatayo ang iglesyang ito.

___ Ako ay gumawa ng pagsusuri sa kapaligiran.

(Gamitin ang kurso ng Harvestime International Institute na “*Pagsusuri ng Kapaligiran*” para sa layunin na ito. Ipinaliliwanag nito kung paano gamitin ang iba't ibang pinanggagalingan ng impormasyon para makagawa ng ganitong pag-aaral at makatutulong sa iyo na malaman ang lugar na handa para sa panghihikayat ng kaluluwa at pagtatanim ng iglesya. Ipinapaliwanag nito kung paano magsuri ng grupo ng mga tao, heograpiyang lugar, bansa, o rehiyon ng mundo para sa paghahanda para mapasok ito ng Ebanghelyo.)

___ Ang nasasakupan ng heograpiya ng iglesyang ito ay maliwanag na nalaman.

(Kumuha ng mapa para matulungan ka dito, kasama ang impormasyon na naipon sa pagsusuri ng kapaligiran.)

___ Natapos ko na ang pagsisiyasat sa pangangailangan ng komunidad ng pinaka kaunti na 100 hindi pa naabot na mga tao sa lugar na ito.

(Ang pagsisiyasat na ito ay makatutulong sa iyo na gumawa ng personal na panghihikayat ng kaluluwa at malaman ang espirituwal na pangangailangan at ang kahandaan ng lugar.)

Sa mga sumusunod na pahina ay may “form” na maaaring mong magamit sa iyong pagsisiyasat.

PAGSISIYASAT SA KOMUNIDAD

Petsa ng Pagbisita: _____

Pangalan: _____ Tirahan: _____

Kaanib ng sambahayan: Asawang lalaki: _____ Asawang babae: _____
Bilang ng mga anak _____

(1) Ikaw ba ay aktibong kaanib ng iglesia? (Ang tanong na ito ay maaaring mag-akay sa iyo para malaman mo kung sino ang maaaring mabahaginan ng Ebanghelyo. Alalahanin na ikaw ay pumapasok sa bagong lugar para sa layunin ng panghihikayat ng kaluluwa, hindi para maakay ang mga tao na lumayo mula sa mga iglesia na naitatag na.)

____ Siya ay aktibong kaanib. ____ Siya ay hindi aktibong kaanib.

(2) Ano sa tingin mo ang pinakamalaking pangangailangan ng mga tao sa lugar na ito?
(Ang sagot na iyong matatanggap sa tanong na ito ay makatutulong sa iyo na malaman ang mga ministryo na maaaring kailangan sa partikular na lugar na ito. Makatutulong din sa iyo na maiugnay ang pagsisikap sa panghihikayat ng kaluluwa sa mga pangangailangan ng mga tao.)

(3) Ano sa tingin mo bakit karamihan sa mga tao dito ay hindi dumadalo ng iglesia?
(Ang tanong na ito ay nagbibigay ng pagkakataon para harapin ang pagtutol na mayroon ang mga tao.)

(4) Bilang pastor sa bagong iglesia sa inyong lugar, ano ang tiyak na maaari kong magawa para sa iyo at sa iyong pamilya? (Ang tanong na ito ay magbibigay ng pagkakataon para magsimulang maglingkod sa pamilyang ito, na ang huling layunin ay panghihikayat ng kaluluwa.)

(5) Mayroon ka bang kaibigan o mga kamaganak na maaaring interesado sa iglesia katulad nito? (Ito ay magbibigay ng dagdag na “contact” para sa panghihikayat ng kaluluwa.)

Lagyan ng tsek ang angkop na mga bagay: ____ Mabuting kandidato.
____ aktibo sa ibang Iglesia. ____ Nais ng isa pang bisita. ____ Nais ng Biblia
____ Nais ng Kristiyanong babasahin tungkol sa _____

PAG-ORGANISA SA PAGSISIMULA NG IGLESYA

Isulat ang mga pangalan ng mga maaaring sumama sa pangkat ng mananalangin para sa bagong iglesya:

_____	_____
_____	_____
_____	_____

Kilalanin ang mga maaaring bumuo ng pagsisimula ng bagong iglesya. Maaaring may bagong mananampalataya na kahihikayat lamang sa lugar na iyon o ganap na mga mananampalataya na maaaring ipadala ng “mother “ na iglesya para tumulong sa pagtatanim ng iglesya sa tiyak na lugar.

_____	_____
_____	_____
_____	_____

____. Nakapili na kami ng pangalan para sa iglesya.

____ Mayroon na kaming Salaysay ng Layunin/ “Statemnet of Purpose”

____ Mayroon kaming nakasulat na Pahayag ng Pananampalataya na nagsasabi kung ano ang pinaniniwalaan ng iglesya.

____ Nakumpleto na namin ang mga legal na dokumneto na kinakailangan ng gobyerno para sa bagong iglesya.

____ Nakumpleto na namin ang kinakailangan ng denominasyon.

____ Mayroon na kaming naitakdang kinakailangan para sa mga kaanib.

____ Mayroon na kaming naitatag na badyet sa pananalapi .

(Ang kurso ng Harvestime International Institute na “*Pangangasiwa Batay sa Layunin*” , ay nagbigay ng detalyeng habilin kung paano gawin ito.)

PAGTATATAG NG LIDERATURA SA IGLESYA:

____ Nalaman na namin ang kailangan na mga lider para masimulan ang iglesya.

____ Nalaman na namin ang kailangan ng liderato sa panghinaharap para sa iglesya.

___ Pinakikilos na namin ang mga tao na gagawa ng ministryo base sa kanilang espirituwal na mga kaloob.

(Ang kurso ng Harvestime International Institute na *“Mga Paraan ng Pag-papakilos Sa Mga Tao,”* ay makatutulong sa iyo na gawin ito).

Ang kurso ng Harvestime International Institute na *“Pangangasiwa Batay Sa Layunin,”* ay nagbibigay ng paglalarawan ng tungkulin para sa mga sumusunod na tungkulin sa lideratura ng iglesya

- Pastor
- “Assistant” Pastor
- Apostol
- Propeta
- Guro
- Ebanghelista
- Mga matanda
- Diakono
- “Chairman” sa panalangin
- Direktor ng “Christian Education”
- Direktor ng panghihikayat ng kaluluwa at misyon
- Direktor ng ministryo ng kalalakihan
- Direktor ng ministryo ng kababaihan
- Direktor sa Musika
- Kalihim ng iglesya
- Direktor ng pananalapi
- Direktor ng “property maintenance”
- Direktor ng “Audi-Visual”
- “Ushers”
- “Publicity Chairman”
- Natatanging Komite

Ang kurso ng Harvestime International Institute na *“Mga Prinsipyo ng Pangangasiwa Salig Sa Biblia”* ay papatnubay sa iyo sa pagpili at pagpapaunlad ng mga lider para sa iglesya. Nagbibigay din ito ng mga prinsipyo para maging mahusay na lider at mahusay na tagasunod batay sa Biblia.

PAGPILI NG LUGAR NG PAGTITIPON:

___ Ang lugar na aming napili para magtipon ay nakikita sa komunidad (madaling makita ng mga tao).

___ Ito ay madaling marating (madaling maabot ng pampublikong sasakyan at malalakad).

___ Ito ay may maayos na paradahan (kung ang mga kaanib ay may sasakyan tungo sa iglesya).

___ Ang lugar ay nasa sona ng lokal na gobyerno para sa paggamit ng iglesya.

___ May sapat na kanal (para maiwasana ng baha).

___ Walang utang , buwis, o daanan /“right of way” na ating responsabilidad.

___ Ang pasilidad ay nasa mabuting kalagayan.

(Alalahanin kung ano ang maaaring gawin sa suwelo, bubong, dinding, bintana, pinto, maaaring magalawan na lugar para maging kagamit-gamit. Kung iniisip mong bilhin ang lugar, humingi ng payo sa mahusay sa pagpapagawa para masiyasat ito.)

___ Ang pasilidad ba ay sapat para sa iyong pangkasalukuyan at panghinaharap na pagpapalawak? Narito ang pangunahing mga pangangailangan sa pasilidad:

- Isang “multi-purpose” na silid na maaaring magamit para sa pagsamba, pananalangin, at “fellowship”.
- Lugar na maaaring magamit sa pagbabautismo.
- Silid-aralan ng Pastor.
- Opisina ng Kalihim.
- Silid para sa mga bata.
- Silid-aralan para sa Lingguhang pag-aaral o pag-aaral ng Biblia.
- Lutuan.
- Palikuran.

___ May posibilidad ba ng pag-aayos/”remodelling”?

Narito ng bentahe at hindi bentahe ng iba’t ibang pasilidad na kadalasang ginagamit ng mga iglesya:

Ang Iglesya sa Tahanan:

Mga Bentahe:

- Nagbibigay ng malapit na “fellowship”
- Walang bayad sa paggamit ng pasilidad.
- Ito ang paraan ng Bagong Tipan.
- Kung ito ay sumisikip, ito ay magbibigay ng motibasyon sa mga nagumpisa na grupo para maghanap ng sapat na pasilidad para magkaroon ng paglago.

Posibleng Disbentahe:

- Ang iba ay hindi komportable na magtungo sa pribadong tahanan maliban na kilala nila ang may ari.
- May limitadong paradahan at upuan.
- Kung minsan ang mga kapit-bahay ay hindi natutuwa na may iglesya na bahay na malapit sa kanila.

- Maaaring magpahirap ito sa may ari ng bahay para buksan ang kanilang tahanan maraming beses sa isang linggo.
- Ang lugar ng tahanan ay maaaring hindi maganda. Maaaring mahirap makita.

Ang Niyutral Na Bulwagan ng Komunidad:

Ang ganitong uri ng posibilidad ay maaaring bulwagan ng pagtitipon ng bayan, pang-pribadong pag-aari na “conference center”, lugar ng pinagdarausan ng pagtitipon ng samahan, paaralan, “conference room” ng “motel o hotel”, palaruan. (Pansinin: Sa pagpili ng bulwagan ng komunidad, ang paggamit para sa “funeral chapel” ay hindi iminumungkahi. Iniuugnay ng mga tao ang kapilya sa mga patay at maaaring magbalik sa alaala para sa mga nagdusa ng kalungkutan.)

Bentahe:

- May sapat na upuan at paradahan.
- Kadalasan madaling makita.
- Karamihan sa mga tao alam nila kung saan lugar ang mga bulwagan.
- May silid para lumago bago magkaroon ng permanenteng pasilidad.

Posibleng Disbentahe:

- Mahirap panatiliing malinis ang lugar dahil ito ay ginagamit ng iba.
- Ang dekorasyon at mga kagamitan ay maaaring hindi angkop sa gawain ng pagsamba.
- Maaaring mahirap ang pagtatakda ng gawain dahil may ibang gumagamit.
- Maaaring kailanganin na ang mayari o manggagawa ang mga bukas at magsara ng pasilidad.

Pakikibahagi Sa Iba Ng Gusali Ng Iglesya :

Bentahe:

- May sapat na upuan at paradahan.
- Kadalasan madaling makita.
- May lugar sa paglago bago gumawa ng pinansiyal na pangako para bumili ng iyong sariling iglesya.
- Ang iglesya ay nagbibigay ng magandang kapaligiran sa pagsamba.

Posibleng Disbentahe:

- Maaaring mahirap panatiliing malinis ang lugar dahil ito ay ginagamit ng iba.
- Maaaring mahirap ang pagtatakda ng gawain dahil may ibang gumagamit.

Bumili ng Bahay, Gawin itong Iglesya at Bahay Pastoral kung hindi na kailangan:

Bentahe:

-Sa maraming pagkakataon, mas madaling umutang para sa bahay sa halip na iglesya. Pag nagtagal maaaring gawing tirahan ng pastor. May limitadong pamumuhunan sa pananalapi ng proyekto.

-Kadalasan, ang mga kapit-bahay ay sangayon kung alam nila na ang iglesya ay pansamantala lamang gagamitin ito.

-Makagagawa ng “worshipful atmosphere”.

Posibleng Disbentahe

-Ang kongregasyon ay maaaring abalahin ang aktuwal na pasilidad ng iglesya.

-Ang posibilidad ng paglago ay limitado.

-Kakulangan sa sapat na pasilidad.

PAGPAPLANO AT PAGSASAGAWA NG UNANG GAWAIN:

___ Mayroon natayong itinakdang petsa, oras, at lokasyon para sa unang gawain.

___ Naipamalita na sa komunidad.

(Maaaring kasama sa pagpapahayag ang pamamalita, telebisyon, radyo, pulyetto, karatula, pahayagan, talaan ng telepono, tanda, at iba pa, depende sa heograpiyang lugar at pananalapi.)

-Naka pagplano na kami ng unang paglilingkod para sa mga hindi pa mananampalataya at magbigay ng pagkakataon para sa pagsamba, pangangaral, at pagtugon.

PAGSASAGAWA NG PIRMIHANG MGA GAWAIN:

Maaaring kasama sa gawain ang:

-Pagsamba: Ito ay dapat nakasentro Sa Dios, batay sa Biblia, pinangungunahan Ng Espiritu Santo, at kaugnay sa pangangailangan. Ang musika ay dapat kasama ang partisipasyon ng buong “fellowship” gayun din ang natatanging grupo katulad ng soloista, koro, at iba.

-Paghahandog.

-“Communion”.

-Pagbasa, pangangaral, at pagtuturo mula sa Salita Ng Dios. Ito ay dapat sumunod sa organisadong halimbawa ng panghihikayat ng kaluluwa at pagdidisipulo para ikaw ay patuloy na magtitindig ng bagong nahikayat at paghahanda sa kanila para sa gawain ng ministeryo.

-Bautismo sa tubig.

-Pagkakataon para sa paghahandog at pagtatalaga sa Panginoon para sa parehong mananampalataya t hindi mananampalataya.

-Pagkilos ng kaloob ng Espiritu Santo.

-Pagmiministeryo ng katawan, kung saan ang mga kaanib ay nagmiministeryo sa kapatiran.

Ang paggamit ng iba't ibang makabagong mga paraan para maipahayag ang Ebanghelyo katulad ng “video at audio cassettes”, pelikula, organisadong kagamitan sa pagtuturo/“curriculum,” konsiyerto, at iba pa.

Narito ang ilan sa mga mungkahi para sa pagpapalano ng mga gawain para maabot ang hindi pa ligtas:

-Ituon Sa Kanilang Pangangailangan: Pagpapahayag ng “Puspos Ng Espiritu Santo na paglilingkod” maaaring hindi maka-akit sa mga hindi pa ligtas at maaaring aktuwal na makapag-paalis sa ibang mga tao. Sa halip, ituon sa kanilang pangangailangan. Halimbawa, maaaring magpahayag ng paglilingkod “Paano Mapagtatagumpayan Ang Mahirap na Sitwasyon Ng Iyong Buhay.”

-Maging Lahat ng Bagay Para sa Lahat Para Makaabot ng Ilan: Tingnan ang I Corinto 10:19-23. Walang pamantayan na paraan para maabot ang hindi pa ligtas. Sa halip manalangin. “Tungkol saan ang dapat kong ipangaral?” Ipanalangin, “Para kanino ako mangangaral?” Tingnan ang mga tao na dinadala sa iyo Ng Dios para alagaan mo.

-Ituon Ang Iyong Mensahe Tungkol Sa “ Mabuting Balita” Ng Ebanghelyo: Hindi ito Ebanghelyo maliban ito ay mabuting balita. Isaalang-alang ang sumusunod na mga tanong:

-Ipinahihiwatig ba ng pamagat ng mensahe na ako ay may mabuting balita na ibabahagi?

-Ang mensahe ba ay nagaalok ng praktikal na tulong mula sa Salita Ng Dios?

-Ano ang pinaka positibong paraan para maipahayag ang mensaheng ito?

-Ano ang pinaka simpleng paraan para ipahayag ito? (Ang simple ay hindi mababaw. Si Jesus ay nagbabahagi ng napaka simple ngunit napaka lalim na mga mensahe).

-Paano ko maibabahagi ito na may matinding epekto? (Ang mga Pariseo ay nagsipi mula sa iba at hindi nagkaroon ng matinding epekto. Ang mga disipulo ay nagbahagi mula sa karanasan, at ang mga buhay ay nabago. Magbahagi ng personal, tapat, at may kasigasigan at kombiksiyon.)

-Ano ang pinaka nakakawili na paraan na sabihin ito? (Si Jesus ay gumamit ng nakakawili na kuwento ng tao at mga talinghaga na naunawaan ng karaniwang tao.)

-Bawasan ang anunsiyo ng Iglesia: Ito ay maaaring gawin sa pamamagitan ng nakaimprentang “bulletin” o iba pang mga paraan.

Ang hindi pa ligtas na mga tao ay dumalo dahil mayroon silang pangangailangan sa kanilang mga buhay, hindi para makinig ng tungkol sa sosyal na programa ng iglesia, at mga pangyayari.

-Maingat Na Pumili Ng Talata Sa Biblia At Mga Awitin: Siguruhin ang mga ito ay nakatuon sa hindi pa ligtas at madaling maunawaan. Halimbawa, Talata tungkol sa “dashing your little ones against the wall” propesiya sa Lumang Tipan ay hindi madaling maunawaan ng hindi pa ligtas. Siguruhin na ang mga awit ay madaling maunawaan at nakatuon a hindi pa ligtas.

-Mag-alok Ng Pagkakataon Para Sa Tugon: Palaging mag-alok ng pagkakataon para tanggapin Si Jesus at asahan na ang mga tao ay tutugon.

PAGTATATAG NG MGA PLANO PARA SA PATULOY NA GAWAIN NG MINISTERYO:

Dapat kang patuloy na magtakda, magpatupad, at magtaya ng mga layunin para sa panghinaharap na pag-unlad ng iglesia. Ang pangunahing tuon ng mga planong ito, siyempre, ang patuloy na panghihikayat ng kaluluwa, pagdidisipulo, at pagtatanim ng iglesia. Ang Ika-labing apat na Kabanata ng kursong ito at ang Harvestime International Institute na kursong, “*Pangangasiwa Batay Sa layunin,*” ay tutulong sa iyo ng pagtatakda, pagpapatupad, pagtaya ng mga plano.

4. Kung may ibang mga iglesia sa lugar kung saan ka nagpaplanong magsimula ng bagong iglesia, huwag kang maging ka kompetensiya. Ang sulat o bisita sa mga pastor ng mga iglesia ay dapat magbigay ng sumusunod na kasiguruhan:

*“Pahintulutan po ninyo ako na ipakilala ang aking sarili. Ako po si _____
(pangalan _____)
kinatawan _____ (pangalan ng iyong iglesia) _____.*

Mga kinatawan ng aming iglesia ay makikipagtagpo sa mga tao sa komunidad na ito para sa layunin ng pagbabahagi ng Ebanghelyo, pagabot sa bagong nahikayat, at pagtatatag ng lokal na iglesia.

(Ipaliwanag pa nang mabuti ang iyong layunin sa puntong ito: Ang bago bang iglesia ay magmiministeryo sa tiyak na grupo ng mga tao o lugar? Ano ang kakaibang layunin sa komunidad?)

Sa proseso ng ating pakikipagtagpo sa mga tao sa komunidad, posible ba na ang ilang mga kaanib ng iyong iglesia ay maaaring makausap. Hindi namin layunin na maimpluwensiyahan ang mga kaanib ng ibang iglesia para iwan ang kanilang “fellowship”. Ang aming naisin ay para ibahagi ang Ebanghelyo sa mga hindi pa naaabot sa komunidad at gumawa na nakikiisa sa iyong iglesia sa pag-abot sa lugar para sa Panginoong Jesu Cristo.”

IKA-DALAWAMPU'T DALAWANG KABANATA

PAGTATANIM NG IGLESYA: ANG PAGPAPARAMI

MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng “panloob na paglago ng iglesya.”
- Ibigay ang kahulugan ng “pagpapalawak na paglago ng iglesya.”
- Ibigay ang kahulugan ng “pagdagdag na paglago ng iglesya.”
- Ibigay ang kahulugan ng “pagtawid na paglago ng iglesya.”

SUSING TALATA:

At...nangangapit sa Ulo, na sa kaniya'y ang boong katawan, na inaalalayan at nakalakip sa pamamagitan ng mga kasukasuan at mga litid, ay lumalago ng paglago mula sa Dios. (Colosas 2:19)

PAMBUNGAD

Pagkatapos na ang bagong iglesya ay naitanim, ito ay dapat na makaranas ng paglago pagsunod sa halimbawa ng Bagong Tipan na pagpaparami. Ito ay kinakailangan para ang Iglesya ay maging mahalagang puwersa ng panghihikayat ng kaluluwa sa kanyang sariling komunidad gayun din sa mundo. Ipinapaliwanag ng Kabanatang ito ang apat na uri ng paglago na dapat maranasan ng bawa't iglesya: Panloob, pagpapalawak, pagdagdag, at pagtawid na paglago.

PANLOOB NA PAGLAGO

Kung pinaguusapan ang “panloob na paglago” ng Iglesya, ang tinutukoy natin ay espirituwal na paglago at pag-unlad ng mga kaanib nito. Ang Iglesya ay espirituwal na lumalago ayon sa kasukat na paglago ng bawa't isang kaanib nito.

Tinutukoy ni Pablo ang prosesong ito, paghambingin ito sa panloob na paglago sa natural na katawan:

At...nangangapit sa Ulo, na sa kaniya'y ang boong katawan, na inaalalayan at nakalakip sa pamamagitan ng mga kasukasuan at mga litid, ay lumalago ng paglago mula sa Dios. (Colosas 2:19)

Ang tinutukoy ng espirituwal na paglago ay Ang “paglakas Sa Dios”. Habang ang mga kaanib ay espirituwal na lumalago, ang Iglesya ay nakararanas ng panloob na paglago. Ang buong Katawan ay naalagaan at lumalakas sa paglakas Sa Dios. Ang espirituwal na

paglago ay paglakas sa espirituwal na kaganapan na resulta ng pag-unlad ng buhay Ni Cristo sa mananampalataya. Ito ay paglago sa kaalaman Kay Jesus:

Datapuwa't magsilago kayo sa biyaya at sa pagkakilala sa ating Panginoon at tagapagligtas na si Jesu Cristo. (II Pedro 3:18)

Ito ay paglago Kay Jesus:

Kundi sa pagsasalita ng katotohanan na may pagibig, ay mangagsilaki sa lahat ng mga bagay sa kaniya, na siyang pangulo, sa makatuwid baga'y si Cristo (Efeso 4:15)

Ang ibig sabihin ng espirituwal na paglago ay pagkamatay sa sarili at paglakas ng buhay Ni Cristo sa iyo.

Siya'y kinakailangang dumakila, ngunit ako'y kinakailangang bumaba. (Juan 3:30)

Ang espirituwal na paglago ay hindi kaagad nangyayari dahil resulta ng tagal ng panahon na pagiging mananampalataya. Ito ay resulta ng pag-unlad ng buhay Ni Cristo sa mananampalataya.

Kasama sa mga ebidensiya ng espirituwal na paglago ay:

1. Pagdami ng espirituwal na kaalaman.
2. Tamang paggamit ng kaalaman na ito sa buhay at ministeryo.
3. Ang malalim na kasiyahan sa espirituwal na mga bagay.
4. Dakilang pag-ibig Sa Dios at sa iba.
5. Pag-unlad ng pagkatulad Kay Cristo na mga katangiang espirituwal
6. Ang pagtaas ng naisin at kakayahan na magbahagi ng Ebanghelyo sa iba.
7. Pag-unlad at epektibong paggamit ng espirituwal na mga kaloob.

Ang paglago ay natural na resulta ng buhay. Kung mayroong espirituwal na buhay sa iglesya, ang resulta nito ay panloob na paglago gayundin naman ang paglawak, pagdagdag, at pagtawid na mga paglago.

PAGLAWAK NA PAGLAGO

Ang paglawak na paglago ay nangyayari kung ang mga mananampalataya ay nakahikayat ng bagong mananampalataya Kay Cristo at dinala sila sa pagtitipon sa kanilang sariling lokal na iglesya. Ang resulta nito ay paglago sa kanilang ng lokal na iglesya. Ang paglawak na paglago ay dapat pinangungunahan at pagpapataas sa Kaharian Ng Dios. Kung ang ikalawang Iglesya ay magdaragdag ng 100 mga kaanib mula sa Unang Iglesya sa pamamagitan ng paglipat ng mga kaanib, walang nangyaring paglago sa Kaharian. Mayroong pagtaas sa bilang ng mga kaanib sa Ikalawang Iglesya subalit walang paglawak na paglago sa Kaharian Ng Dios. Ang paglago sa Kaharian ay mangyayari lamang kung ang mga bagong nahikayat ay nailapit Kay Jesus at naturuan para maging responsableng kaanib ng Katawan Ni Cristo.

Ang paglawak na paglago ng iglesya ay inilarawan sa aklat ng Mga Gawa:

At nang mga araw na ito'y nagtindig si Pedro sa gitna ng mga kapatid at nagsabi (at nangagkakatiapon ang karamihang mga tao, na may isang daat dalawangpu) (Mga Gawa 1:15)

Ang Iglesya ay nagsimula sa silid sa itaas sa isang grupo ng 120 mga disipolo. Sa araw ng Pentecostes 3,000 ang nadagdag sa iglesya sa Jerusalem:

Yaong ngang nagsitanggap ng kaniyang salita ay nangabautismuhan: at nangaparagdag sa kanila ng araw na yaon ang mga tatlong libong kaluluwa. (Mga Gawa 2:41)

Pagkatapos ng Pentecostes, ang paglawak na paglago ay araw-araw na nangyayari.

Nang nangagpupuri sa Dios, at nagtatamo ng paglingap ng boong bayan. At idinaragdag sa kanila ng Panginoon araw-araw yaong nangaliligtas. (Mga Gawa 2:47)

Ang bilang mga lalake sa Jerusalem ay tumaas hanggang 5,000. Ang bilang na ito ay hindi kasama ang babae at mga bata na bahagi ng iglesya:

Datapuwa't marami sa nangakarinig ng salita ay nagsisampalataya; at ang bilang ng mga lalake ay umabot sa mga limang libo. (Mga Gawa 4:4)

Di nagtagal, maraming tao ang nadagdag sa iglesya:

At ang mga nagsisampalataya ay lalo pang nangaparagdag sa Panginoon, ang mga karamihang lalake at babae: (Mga Gawa 5:14)

Ang salitang nadagdag ay unang ginamit para ilarawan ang paglawak ng iglesya. Sa madaling panahon ang paglago ay naging mabilis na ang salitang dumami ay ginamit:

At lumago ang salita ng Dios; at dumaming lubha sa Jerusalem ang bilang ng mga alagad; at nagsitalima sa pananampalataya ang lubhang maraming saserdote. (Mga Gawa 6:7)

Mula sa puntong ito, binigyang diin ng aklat ng Mga Gawa ang pagpaparami sa mga iglesya gayundin naman sa mga kaanib ng lokal na iglesya sa Jerusalem. Bagong mga iglesya ay naitayo sa bawat sentro ng pagano sa kilalang mundo sa loob ng kukulangin na 40 mga taon. Halimbawa, sa Samaria...

Datapuwat nang magsipaniwala sila kay Felipe na nangagraral ng mabubuting balita tungkol sa kaharian ng Dios at sa pangalan ni Jeicristo ay nangabautismuhan ang mga lalake't mga babae.

Datapuwat nang magsipaniwala sila kay Felipe na nangaral ng mabubuting balita tungkol sa kaharian ng Dios at sa pangalan ni Jesucristo, ay nangabautismuhan ang mga lalake't mga babae (Mga Gawa 8:12)

Ang mga iglesya sa Judea, Galilea, Samaria, Lidda, Sarona, at Joppa lahat ay nakaranas ng paglawak na paglago:

Sa gayo'y nagkaroon ng kapayapaan ang iglesya sa boong Judea at Galilea at Samaria palibhasa'y pinagtibay; at sa paglakad na may takot sa Panginoon at may kaaliwan ng Espiritu Santo, ay nagsisidami. (Mga Gawa 9:31)

At siya'y nakita ng lahat ng mga nangananahan sa Lidda at sa Sarona, at sila'y nangagbalik-loob sa Panginoon.

At ito'y nabansag sa boong Joppe: at marami ang mga nagsisampalataya sa Panginoon. (Mga Gawa 9:35,42)

May paglago sa iglesya sa Antioquia (Mga Gawa 11:21,24,26); Iconium (Mga Gawa 14:1); Derbe(Mga Gawa 14:20-21); Galacia(Mga Gawa 16:5); Filipos (Mga Gawa 16:14); Tesalonica (Mga Gawa 17:4); Berea (Mga Gawa 17:12); at Corinto (Mga Gawa 18:8-11).

Ang iglesya ay lumawak sa pamamagitan ng:

-Espirituwal na Pangitain: Juan 4:25

-Pagmiministeryo Sa Mga Lugar na Handa at Napapanahon: Mateo 10:5-6,14; Mga Gawa 9:20-31; 16:6

- Ang paraan ng “Humayo” Sa Halip na “Pumarito”: Sila ay nagtungo sa mga tao sa halip na maghintay na ang mga tao ay dumalo sa iglesya.

-Ang bawa't mananampalataya ay namumunga: Mga Gawa 8:4

-Paggamit ng Pakikipag-ugnayang sosyal: Mga kaanib ay umabot sa mga kamag-anak at mga kaibigan. Ang Ebanghelyo ay lumaganap ng pinaka mabilis sa mga “sosyal networks”.

- Ginamit ang pamamaraan Ni Jesus: Sa buong aklat ng Mga Gawa, ang unang Iglesya ay ginamit ang itinuro at ipinakitang pamamaraan Ni Jesus. Ipinangaral nila ang Ebanghelyo, itinuro ang Salita, binautismuhan ang bagong mga mananampalataya, at sinanay ang mga disipolo (Mateo 28:19-20).

- Mga Grupo sa Bagong Tipan:

Ang mga grupo ay mahalaga sa pagpapalawak sa Bagong Tipan. Tinuruan ni Pablo ang natatanging grupo ng mga disipulo sa dagdag na paaralan (Mga Gawa 19:9). Sa ibang pagkakataon, nagturo si Pablo sa nakabukod na mga grupo ng Mga Hudyo at Pagano (Mga Gawa 13:42). Ang maliit na mga grupo ay nagtitipon sa mga tahanan (Mga Gawa 12).

- Ang bawa't tahanan ay sentro ng Ebanghelyismo: Ang bawa't tahanan ay naging sentro ng panalangin, pangangaral, pagtuturo, pagpapagaling, at pagpapalaya.

-Ang Ministeryo Ng Espiritu Santo: Ang Espiritu Santo ay kapangyarihan na sumusumbat sa makasalanang lalake at babae ang humihikayat sa kanila na tanggapin ang mensahe ng Ebanghelyo. Ang resulta nito ay bagong nahikayat patungo sa paglawak ng iglesia.

-Espirituwal na Mga Kaloob: Ang paglago ng tao ay nangangailangan ng pagunlad ng estruktura ng buto para suportahan ang pagpaparami ng mga selula. Para ang Katawan Ni Cristo ay lumago, ang estruktura ay mahalaga rin. Sinabi ni Jesus ang anihin ay hinog na, subalit kakaunti ang taga-ani, at sila ay dapat epektibong maorganisa para maani ang anihin.

PAGDAGDAG NA PAGLAGO

Ang pagdagdag na paglago ay nangyayari kung ang iglesia ay nagsimula ng isa pang iglesia sa magkatulad na kultura. Ang bagong iglesia ay dagdag ng “ina/unang” iglesia, kung paano ang isang bata sa natural na mundo ay pisikal na dagdag ng mga magulang. Ang talaan ng dagdag sa aklat ng Mga Gawa ay nagpapahayag na ang mga iglesyang nasimulan ng iglesia sa Jerusalem sa Juda, Galilea, Lidda, Saron, at Joppa. Ang mga ito ay magkakatulad na kultura ng mga Hudyo.

Mayroong apat na mga paraan kung paano ang bagong iglesia ay nagsimula:

1. Ang isang iglesia ay nagsimula ng isa pang iglesia.
2. Ilang mga iglesia ay nagtulong-tulong para makapagsimula ng isa pang iglesia.
3. Ang isang malaking iglesia ay naghati para makabuo ng dalawa o higit pa na magkahiwalay na mga iglesia.
4. Ang bawa't isang mananampalataya ay inatasan sa tiyak na lugar para magsimula ng iglesia. Ang may espirituwal na kaloob ng pagiging apostol ang kadalasan ng ginagamit sa paraan na ito. Kung minsan ang taong ito ay tinatawag na “magtatanim/magsisimula ng iglesia.”

Sa mga ito, ang pagpaparami ay nangyayari sa pamamagitan ng pagdagdag ng mensahe ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng pagbuo ng bagong Katawan ng mga mananampalataya.

Ang mga bagong iglesia ay maaaring magkakaiba ng uri ng pagdagdag:

1. Mga Iglesia Na Nagmiministeryo sa Partikular Na Komunidad:

Ang mga iglesyang ito ay natatag para magministeryo sa pagtikular na komunidad, nayon, o lugar sa bayan. Ito ay maaaring resulta ng pagbabahagi ng ebanghelio na nagtayo ng grupo ng bagong mananampalataya sa tiyak na lugar. Maaaring ito ay naitatag para magministeryo sa mga hindi pa naaabot o mga lugar na handang tumugon.

2. Mga Iglesia Na Nagmiministeryo Sa Mga Partikular Na Grupo Na Katutubo:

Ang “fellowship” na ito ay nag miministeryo sa particular na grupo ng katutubo na magkatulad ng kultura, angkan at lengguwahe. Halimbawa, ang iglesia ay maaaring nagsimula para sa mga tao na marunoong magsalita ng Espanol at hindi nakakaintindi ng Ingles na “service”. Ang isa pang halimbawa ay para sa mga Asiano na takas nanasa kampo o para sa mga Indians sa “American reservation.”

3. Mga Iglesia Na May Natatanging Layunin:

Ang iglesia ay maaaring maitatag para sa natatanging layunin: Halimbawa, ang iglesia ay maaaring naitanim malapit sa kolehiyo para maka pagministeryo para sa mga mag-aaral.

PAGTAWID NA PAGLAGO

Ang pagtawid na paglago ay nangyayari kung ang iglesia ay tumawid ng bansa, ibang salita, o katutubong puwang para magtanin/ magsimula ng bagong iglesia sa ibang kultura. Ang terminong “pagtawid” ay ginamit dahil nang ang prosesong ito ay nangyari isang “tulay “ ang ginawa mula sa isang kultura tungo sa isang kultura para maparating ang Ebanghelyo. Dahil sa sa modernong pamamaraan ng paglalakbay at pag-uusap, naging malaking bentahe ito para ang kakayahan na pagtawid na paglago ng iglesia ay mangyari kahit nga sa malayong mga lugar.

Ang pagtawid na paglago ay bahagi ng plano Ng Panginoon para sa pagpalawig ng Ebanghelyo sa buong mundo. Ang mga disipolo ay dapat magsimula sa kanilang pagsaksi sa kanilang sariling kultura sa Jerusalem at palawakin ang pagtatanim/pagsisimula ng mga iglesia sa ibang lugar na parehong kultura. Sumunod, ang mga disipolo ay dapat maging tulay sa ibang bansa, sa ibang salita, at puwang sa ibang lahi para maipangalat ang Ebanghelyo sa mga kultura na kakaiba sa kanila tungo sa mga lugar katulad ng Samaria at sa “dulong bahagi ng mundo” (Mga Gawa 1:8). Madaling natupad ng mga disipolo ang utos na magparami sa loob ng kanilang sariling kultura (Mga Gawa 2). Ang pagdagdag ng iglesia sa ibang rehiyon na magkatulad na kultura ay resulta ng pag-uusig.

Nang mabalitaan nga ng mga apostol na nangasa Jerusalem na tinanggap ng Samaria ang salita ng Dios, ay sinugo nila sa kanila si Pedro at si Juan. (Mga Gawa 8:1,4)

Nakasulat sa Mga Gawa 8 na si Felipe ang unang tumawid sa puwang ng kultura sa “revival” sa Samaria. Sina Pedro at Juan ang nagpatuloy ng ministeryo sa lugar na iyon. Nahirapan si Apostol Pedro na tanggapin ang pagtatalaga na maglingkod “cross culturally”. Siya ay debotong Hudyo at dating limitado ang pakikitungo sa mga Pagano (ibang bansa na hindi Hudyo). Ang Dios ay nagsalita kay Pedro sa pangitain na nakatala sa Mga Gawa 10 at dinala ni Pedro ang Ebanghelyo sa mga Pagano sa Cesaria. Ang pinakamagandang paglalarawan sa pagtawid na paglago ay ang ministeryo ni Apostol Pablo. Tinawag Ng Dios si Pablo para sa tiyak na ministeryong ito. Si Pablo ay Hudyo, ngunit sinabi Ng Dios sa kanya na siya ay:

...sapagkat siya’y sisidlang hirang sa akin upang dalhin ang aking pangalan sa harapan ng mga Gentil at ng mga hari, at ng mga anak ni Israel. (Mga Gawa 9:15)

MGA PRAYORIDAD PARA SA PAGTATANIM NG IGLESYA

Napag-aralan mo na ang mga prayoridad para sa panghihikayat ng kaluluwa. Ang mga prayoridad para sa pagtatanim ng iglesya ay katulad nito. Ayon sa talaan ng Bagong Tipan , ang prayoridad sa pagsisimula ng mga iglesya ay dapat na maibigay sa mga hindi pa naaabot na mga grupo, handang mga lugar, una ang lunsod pagkatapos ay mga liblib na mga lugar.

PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

2. Ano ang ibig sabihin ng “panloob” na paglago ng Iglesia?

3. Ano ang ibig sabihin ng “paglawak” na paglago ng Iglesia?

4. Ano ang ibig sabihin ng “pagdagdag” na paglago ng Iglesia?

5. Ano ang ibig sabihin ng “pagtawid” na paglago ng Iglesia?

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanta ng manwal na ito.)

PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Para sa dagdag na pag-aaral ng panloob, paglawak, pagdagdag, at pagtawid na paglago kunin ang kurso ng Harvestime International Institute na “ *Mga Paraan ng Pagpaparami.*”
2. Para tamang maging ganap , ang bawa’t bagong pagdagdag ng iglesya na naitanim ay dapat na:

Maunawaan Ang Naisin at Layunin:

Ang bawa’t programa o grupo sa iglesya ay dapat nakikiisa sa naisin at mga layunin. Ipinaliwanag ito ng detalye sa kurso ng Harvestime International Institute na “ *Pangangasiwa Batay Sa Layunin.*”

Maunawaan Ang Mga Prinsipyo ng Biblia Ng Organisasyon:

Kasama ang mga espirituwal na mga kaloob at mga katungkulan at pagsasanay sa bagong mga nahikayat para maging espirituwal na mga lider na may kakayahan na gamitin ang kanilang mga kaloob. Ang kurso ng Harvestime International Institute na “*Mga Prinsipyo Ng Pangangasiwa Batay Sa Biblia*” at “ *Pangangasiwa Batay Sa Layunin,*” ay makatutulong sa iyong paggawa nito.

Maunawaan ang Katangian Batay Sa Biblia Para Sa Mga Lider:

Ang kurso ng Harvestime International Institute na “*Mga Prinsipyo Ng Pangangasiwa Batay Sa Biblia*” ay ipaliliwanag ito ng detalye.

Maturuan Ng Saligan Ng Pananampalataya:

Ang mga kurso ng Harvestime International Institute sa “*Deputizing module*” ay tutulong sa iyo para magawa ito.

Ayusin Ang Mga Praktikal Na Mga Tanong:

Kasama dito ang mga sumusunod na mga bagay:

- Paggawa ng Pahayag Ng Pananampalataya, para malaman ng mga bisita ang pinaniniwalaan ng iglesya Batay sa Biblia.
- Legal na mga bagay na kailangan ng gobyerno para sa bagong iglesya.
- Organisasyon ng iglesya kasama ang mga lider, opisyaes, at proseso para sa pananalapi ng iglesya.
- Lugar at pagmamay-ari ng iglesya.
- Ang kaugnayan ng “mother church” sa mga bagong karagdagang iglesya.

APENDISE

ANG HULING PANANALITA . . .

. . . Sa Mga Nakatala Sa Harvestime International Institute

Kung ikaw ay nakatala sa Harvestime International Institute at kinukuha ang buong serye, ito ang huling kurso sa huling “module” ng buod ng kurso ng pagsasanay. Sa pamamagitan ng pagsasanay ng Harvestime ikaw ay nakakuha ng malaking detalye ng kaalaman at karanasan na maayos na magamit, at magbibigay ng kakayahan sa iyo na maabot ang iyong bansa ng mensahe ng Ebanghelyo.

Palaging tandaan, gayunman, na mas mahirap panatilihin kaysa sa makakuha ng kaalaman. Para “makakuha” ay kumuha ng isang bagay. Para “panatilihin” ay para itago at gamitin ito. Ang pananatili ang palaging usapin sa anumang bagay sa buhay. Hindi kung ano ang iyong nakuha, ngunit kung ano ang iyong napanatili ang higit na mahalaga. Halimbawa, hindi sapat na basta lamang tanggapin Ang Panginoon bilang iyong Tagapagligtas, ngunit dapat kang manatili sa Kanya para makasiguro ng iyong walang-hanggang kahihinatnan.

Tinukoy ng Biblia ang usapin na ito ng pagpapanatili sa mga talinghaga na sinabi Ni Jesus sa Lucas 19:12-26. Basahin ang talatang ito sa iyong Biblia. Iyong mapapansin na ang alipin na gumamit at nagpalago ng salapi sila ang binigyan ng mas higit na salapi. Ang isa na walang ginawa sa salapi nakatanggap siya at nawala. Ang kuwentong ito ay naglalarawan na kung iyong gagamitin ang ibinigay sa iyo ito ay darami. Alin sa dalawa gamitin mo o mawawala ito:

Sinasabi ko sa inyo, na bibigyan ang bawat mayroon; datapuwat ang wala, pati ng nasa kaniya ay aalisin sa kaniya. (Lucas 19:26)

Ang layunin ng Harvestime na pagsasanay ay hindi lamang magbigay ng karanasan sa ibabaw ng bundok at pabalikin ka sa iyong burol at mawala ito. Ang karanasan sa ibabaw ng bundok ay para maihanda ka para sa pamumuhay sa burol, kung paanong naranasan ni Moises ito sa Bundok ng Sinai.

Para mapanatili ang iyong nakuha sa Harvestime na pagsasanay, dapat mong dalhin sa burol ng pang araw-araw na pamumuhay at ministeryo at gamitin ito. Dapat mong ipagpatuloy ang iyong pag-aaral ng Salita Ng Dios at ang panalangin. Dapat mong gamitin ang mga estratehiya ng espirituwal na pagaani na iyong natutunan at umabot para magturo sa iba ng saligan ng pananampalataya, paano mamuhay sa Kaharian Ng Dios, paano makilala ang tinig Ng Dios, at mga prinsipyo ng espirituwal na pakikibaka.

Dahil ang manggagawa sa espirituwal na anihin ay kakaunti, dapat kang magpatuloy na magturo at mangaral ng Ebanghelyo na may pagpapakita ng kapangyarihan . Dapat mong patnubayan ang iba para madiskubre nila ang kanilang espirituwal na mga kaloob at ibahagi ang prinsipyo ng kapangyarihan sa kanila, hamunin sila na maging manggagawa

na namumunga. Hindi ka dapat tumigil sa pagpaparami, mag organisa, at pakilusin ang espirituwal na kayamanan para sa hinog na espirituwal na anihin na bukirin ng mga bansa sa mundo.

Itinuturo ng Biblia na ang “sinomang maraming ibinigay, marami ang inaasahan.” Marami kaming itinalaga sa iyong mga kamay sa pamamagitan ng pagsasanay ng Harvestime. Iyong matatandaan na ang buong programa na ito ay batay sa prinsipyo na “ang bawa’t isa ay magturo ng isa para makaabot ng isa.” Ikaw ay naabot ng pagsasanay na ito. Nagyon ikaw ay responsable na magturo ng iba na may kakayahan na makapagturo ng iba:

At ang mga bagay na iyong narnig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba. (II Timoteo 2:2)

Nang ikaw ay nagsimula sa pagsasanay sa Harvestime, gumawa ka ng mahalagang hakbang. Hindi ka nagpatala sa programa ng isang denominasyon o organisasyon. Ikaw ay nagpatala sa “paaralan ng espiritu”. Ito ay pagsasanay ng iyong espiritu sa pamamagitan Ng Espiritu Santo—at ang pag-aaral ay hindi kailanman natatapos.

Kaya nga, sa iyong pagtatapos ng iyong pagsasanay sa Harvestime, hindi ito ang pagtatapos, ngunit pasimula. Hindi ito “graduation”, ngunit pasimula. Iyong pinatalas ang iyong espirituwal na “karit” at handa ka nang pumasok sa bukirin na anihin.

Sa iyong pagkatuto ng iyong pinagalaran, ang mga magaani ay nagtutungo sa hinog na anihin at handa. Kung saan ka dadalhin ng anihin, ang Dios lamang ang nakakaalam. Ngunit makasisiguro ka na hindi ka nag-iisa. Sumama ka sa malaking hukbo ng mga manggagawa, kasama ang mga disipulo Ni Jesus, na nakarinig ng tawag at tumugon:

Nakarinig ako ng tawag, “Halika sumunod”
... yaon lamang.
Ang kagalakan ng mundo ay dumilim:
Ang aking kaluluwa ay sumunod sa Kanya.
Ako ay nagtindig at sumunod. . .
.. yaon lamang.

Ano ang halaga nito sa iyong pagtugon, Ang Dios lamang ang nakakaalam, ngunit tandaan na dapat kang palaging. . .

...Makipagtiis ka sa akin ng mga kahirapan , na gaya ng mabuting kawal ni Cristo Jesus. (II Timoteo 2:3)

Huwag ma kontento sa hindi pagkaabot sa huling layunin. Manatiling nagtatanim at umaani, sa oras ng butil at oras ng pag-aani hanggang ang bawa’t grupo ng mga tao, bawa’t tribo, at bawa’t bansa ay maabot ng mensahe ng Ebanghelyo.

Huwag kailanman mawala ang paningin ng pangitain ng espirituwal na pag-aani:

“Ako ay nakatanggap ng pangitain ng gumugulong na mga bukirin ng puting anihin hanggang sa dulo ng daigdig. Kahit sa aking pagtingin sa bawa’t ulo ng trigo ay nagiging mukha ng tao; ang bawa’t baliktad na dahon, ang nakataas na kamay.

Binigyan ako Ng Panginoon. . . ng matalas na karit ng Kanyang mahal na Salita, Inutusan Niya ako na tipunin ang mga butil, ngunit huwag kailanman gamitin ang aking karit para putulin o saktan ang isa pang mag-aani, huwag kailanman sumagot sa puna. . . . ngunit gawin ang gawain na sa ngayon at gumawa habang maaga pa.”

-Aimee Semple McPherson, Founder
-International Church of the Foursquare Gospel

MGA SAGOT SA PANSARILING PAGSUSULIT

UNANG KABANATA:

1. At muling sinabi niya, sa ano ko itutulad ang kaharian ng Dios?
Tulad sa lebadura na kinuha ng isang babae, at itinago sa tatlong takal na harina, hanggang sa ito'y nalebadurang lahat. (Lucas 13:20-21)
2. Ang panghihikayat ng kaluluwa na katulad ng lebadura ay ang Ebanghelyo ng Kaharian Ng Dios na lumalaganap sa buong “tipak” ng mundo dahil sa panloob na kapangyarihan ng Kaharian na katulad ng masa ng tinapay.
3. Ang “kahulugan ng naliligaw” ang tinutukoy nito ay ang pagkaunawa na ang lahat ng tao na hindi nagsisi sa kanilang mga kasalanan at nakaranas ng bagong kapanganakan na inilarawan Ni Jesus sa Juan kabanata 3 ay itinuring na naliligaw dahil nawala ang kanilang makasalang likas na sa orihinal na pagkalikha Ng Dios sa tao. Maaari din nating masabi na sila ay “hindi pa ligtas” o “hindi mananampalataya” dahil hindi sila naligtas mula sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng paniniwala Sa Panginoong Jesus Cristo bilang Tagapagligtas.
4. Ang kahihinatnan ng “naliligaw” ay pagkaunawa na ang hindi ligtas ay nahaharap sa espirituwal na kamatayan ng walang-hanggang pagkalayo mula Sa Dios. Ang kanilang kahihinatnan ay Impiyerno.
5.

-Presensiya	-Pagtatanim
-Pagpapahayag	-Kaganapan
-Paghikayat	-Pakikilahok

IKALAWANG KABANATA:

1. Pagka aking sinabi sa masama, Oh masamang tao, ikaw ay walang pagsalang mamamatay, at ikaw ay hindi nagsasalita upang magbigay alam sa masama ng kaniyang lakad; ang masamang yaon ay mamamatay sa kaniyang kasamaan, ngunit ang kaniyang dugo ay sisiyasatin ko sa iyong kamay. (Ezekiel 33:8)
2.

-Utos
-Kalagayan
-Malasakit
-Kompetisyon
-Katuparan
3. Ang tatlong bagay na kinakailangan para matupad ang utos ng panghihikayat ng kaluluwa ay:

-Ito ang dapat na prayoridad.

- Ito ay dapat na binigyan ng kapangyarihan Ng Espiritu Santo.
- Ito ay dapat na sumunod sa halimbawa ng Bagong Tipan.

IKATLONG KABANATA:

1. Sapagkat ibinigay ko sa inyo una sa lahat, ang akin namang tinanggap: na si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan,

At siya'y inilibing; at siya'y muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan. (I Corinto 15:3-4)

2. Ang ibig sabihin ng salitang “Ebanghelyo” ay “mabuting balita.” Kung pinag-uusapan natin ang Ebanghelyo batay sa Biblia, tinutukoy nito ang mabuting balita ng Kaharian Ng Dios at kaligtasan sa pamamagitan Ni Jesu Cristo.

3. Ang pangunahing elemento ng Ebanghelyo ay pagkamatay Ni Cristo para sa ating mga kasalanan batay sa Biblia. Siya ay inilibing, at batay sa Biblia muli Siyang bumangon . Sa pinakapayak na diwa, ang Ebanghelyo ay ibinuod sa mensahe ng Juan 3:16. Sa pinakamalawak na diwa , kasama dito ang lahat ng itinuro Ni Jesus sa Kanyang mga disipulo.

4.

- (1) Ang kasalanan ay pangkalahatan: Roma 3:23
- (2) Ang alok ng kaligtasan ay pangkalahatan: I Timoteo 2:4
- (3) Ang utos na magsisi ay pangkalahatan: Mga Gawa 17:30
- (4) Ang paanyaya para sumampalataya ay pangkalahatan: Roma 10:9-11

5. Ang Ebanghelyo ay makapangyarihan dahil:

- Ito ay kapahayagan ng kapangyarihan Ng Dios para sa tao.
- Ito ay nagdadala ng kaligtasan sa lahat ng tao, hindi pansin ang lahi, kulay, o kredo
- Ito ay nagpahayag ng maaaring malaman ng tao tungkol Sa Dios.
- Ito ay nagpahayag ng paghuhukom at poot Ng Dios laban sa kasalanan.
- Ito ay nagpapahayag ng katuwiran Ng Dios.
- Pinakikita nito ang pag-arang ganap (pinatawad, nanumbalik ang tamang kaugnayan Sa Dios) sa pamamagitan ng pananampalataya.
- Ito ang basehan ng pananampalataya kung saan tayo nabubuhay.

IKA-APAT NA KABANATA:

1. Sapagkat hindi ko ikinahihiya ang evangelio: sapagkat siyang kapangyarihan ng Dios sa ikaliligtas ng bawat sumasampalataya; una'y sa Judio, at gayon din sa Griego. (Roma 1:16)

2. Ihambing ang buod sa talakayan sa Ika-apat na Kabanata.

3. Ihambing ang buod sa talakayan sa Ika-apat na Kabanata.

4. Ihambing ang buod sa talakayan sa Ika-apat na Kabanata.
5. Ihambing ang buod sa talakayan sa Ika-apat na Kabanata.
6. Ihambing ang buod sa talakayan sa Ika-apat na Kabanata.
7. Ihambing ang buod sa talakayan sa Ika-apat na Kabanata.
8. Para magpatoto ay sabihin kung ano ang iyong nakita, narinig, o naranasan. Sa korte ng batas, ang isang saksi ay ang nagpapatotoo tungkol sa isang tao o isang bagay. Bilang saksi, dapat tayong magpatotoo tungkol Kay Jesus at sa Kanyang plano para sa kaligtasan ng lahat ng tao.
9. Ang ibig sabihin ng terminong “layko” ay “kasama sa piniling mga anak Ng Dios.” Ang pangunahing kahulugan ng salita ay “ang lahat ng anak Ng Dios.” Ang terminong “layko” ay ginamit para sa mga hindi naglilingkod ng “full-time” na tungkulin sa iglesia.
10. Ang terminong “pastor” ay nabuo para kilalanin ang propesyonal na mga pastor sa iglesia. Ang tinutukoy ng pastor ay ang nagtuturing na ang ministryo ang kanilang propesyon at kadalasan ay empleyado ng “full-time” sa iglesia.
11. Ang tawag ng layko ay tungkol sa responsabilidad ng bawa’t mananampalataya para maging saserdote o pastor ng Ebanghelyo para sa mga hindi pa mananampalataya.

IKA-LIMANG KABANATA:

1. Upang ang pakikipagkaisa ng iyong pananampalataya, ay maging mabisa sa pagkaalam ng bawat mabuting bagay na nasa iyo, sa kay Cristo. (Filemon 6)
2. Ang pagbabahagi ng Ebanghelyo ay dapat na:
 - Kasama ang parehong tao at makalangit na elemento.
 - Para sa lahat ng uri ng tao.
 - Balanse sa pagitan ng mga grupo at isahan.
 - Maunawaan sa loob ng konteksto ng kultura .
 - Higit sa pagbabahagi.
 - May pagkakaisa sa iyong uri ng pamumuhay.

3. Mga Gawa 26:18.

IKA-ANIM NA KABANATA:

1. At ang mga bagay na iyong narinig sa akin sa gitna ng maraming saksi, ay siya mo ring ipagkatiwala sa mga taong tapat, na makapagtuturo naman sa mga iba. (II Timoteo 2:2)
2. Ang plano ng Dios ay ibinuod sa Mga Gawa 1:8. Ang Espiritu Santo ang makalangit na kapangyarihan sa likod ng proseso ng pagpaparami, Si Jesus Cristo ang nilalaman ng

mensahe at ang buong mundo ang tagatanggap ng mensahe. Ang mga mananampalataya ang ahente ng pagpaparami. Ang paraan Ng Dios ay ang bawa't mananampalataya ay maging “saksi” ng mensahe ng Ebanghelyo, tinuturuan ang mga tao na maaaring magturo sa iba (II Timoteo 2:2).

3. Andres at Ananias.

4. Ang prayoridad ng panghihikayat ng kaluluwa ay :

- Mga naitayong “social networks”
- Sambahayan
- Hindi naabot na mga tao
- Handang mga lugar
- Mga lunsod

5. Apat na uri ng mga makasalanan na inilarawan sa Biblia ay:

- Makatwiran na makasalanan
- Nabagong makasalanan
- Relihiyosong makasalanan
- Tinanggihan na makasalanan

IKA- PITONG KABANATA:

1. Samantala ngang sila’y hinihintay ni Pablo sa Atenas, ay namuhi ang kaniyang espiritu sa loob niya sa pagkamasid niya sa bayan na puno ng diosdiosan. (Mga Gawa 17:16)

2. Ihambing ang iyong buod sa talakayan sa Ika-pitong Kabanata.

3. Sinabi ng Biblia na tunay nilang “binaliktad ang mundo” ng Ebanghelyo.

IKA-WALONG KABANATA:

1. At sa pamamagitan ng gayong maraming talinghaga ay sinasaysay niya sa kanila ang salita, ayon sa makakaya ng kanilang pakinig; (Mateo 4:33)

2. Ang talinghaga ay kuwento na gumagamit ng halimbawa mula sa natural na mundo para ilarawan ang espirituwal na katotohanan. Ang aktuwal na kahulugan ng salitang “talinghaga” ay “ilatag sa tabi, maghambing.” Sa mga talinghaga Si Jesus ay gumamit ng natural na mga halimbawa at inihambing ang mga ito sa espirituwal na mga katotohanan. Ang talinghaga ay makalupang kuwento na may makalangit na kahulugan.

3. Ang pagkaunawa sa espirituwal na mga katotohanan ay itinuro sa mga talinghaga ay ibinigay sa mga disipulo dahil sila ay may espirituwal na mga isip. Ang mga walang espirituwal na pag-iisip ay nakarinig ng mga talinghaga at nabigo na maunawaan ang mga ito.

4. Tingnan ang talakayan sa talinghaga sa Ika-walong Kabanata.

IKA-SIYAM NA KABANATA:

1. ...At marami sa mga Samaritano sa bayang yaon ang sa kaniya'y nagsisisampalataya dahil sa salita ng babae, na nagpatotoo. Sinabi niya sa akin ang lahat ng mga bagay na aking ginawa. (Juan 4:39)
2. Ang personal na panghihikayat ng kaluluwa ay kung ano ang ipinakikita ng pangalan; ito ay pagbabahagi na personal na Ebanghelyo sa isang tao. Ito ay "person-to-person," "one -to- one" na panghihikayat ng kaluluwa.
3. Ang personal na panghihikayat ng kaluluwa ay ginagawa sa :
 - Tahimik na pagpapatotoo
 - Mga babasahin
 - Pagsasabi ng patototoo
4. Ihambing ang iyon paliwanag sa talakayan sa ika-siyam na Kabanata.

IKA-SAMPUNG KABANATA:

1. Sapagkat ang mga bagay niyang hindi nakikita buhat pa nang lalangin ang sanglibutan ay nakikitang maliwanag, sa pagkatanto sa pamamagitan ng mga bagay na ginawa niya, maging ang walang hanggan niyang kapangyarihan at pagka Dios; upang sila'y walang maidahilan. (Roma 1:20)
2. Kung minsan si Satanas ay naglalagay ng mga tanong o pagtutol sa isipan ng tao. Ang ilan sa mga tao ay nagpapakita ng pagtutol sa hindi galing sa kanila. Narinig nila sa iba at nais lamang nila na makaabala o mawala ka sa paksa. Ang iba ay nagpapakita ng pagtutol na tunay na nakasasagabal sa kanila sa paggawa ng pagpapasiya para Kay Cristo. Ito ay dapat na matagumpay na maiayos bago sila tumanggap ng Ebanghelyo.
3. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan ng bawa't paksa sa Ika-sampung Kabanata.

IKA-LABINGISANG KABANATA:

1. Sa bisa ng mga tanda at mga kababalaghan, sa kapangyarihan ng Espiritu ng Dios; ano pa't buhat sa Jerusalem, at sa palibotlibot hanggang sa Ilirico, ay aking ipinangaral na lubos ang evangelio ni Cristo. (Roma 15:19)
2. Ang pagbababad na panghihikayat ng kaluluwa ay isang paraan para sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo na ang tungkulin ay katulad ng lebadura sa masa ng tinapay. Ang layunin nito ay mapalaganap ang Ebanghelyo hanggang ang buong lugar ay mapasok at maapektuhan. Magsisimula sa unang lokal na komunidad, ang pagbababad na panghihikayat ng kaluluwa ay lumalaganap para mapasok ang iyong estado o lalawigan at di magtatagal ang iyong bansa.
3. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan sa Ika-labing isang Kabanata.

4. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan sa Ika-labing isang Kabanata.
5. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan sa Ika-labing isang Kabanata.
6. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan sa Ika-labing isang Kabanata.

IKA-LABINDALAWANG KABANATA:

1. Mangagmasid kayo sa gitna ng mga bansa, at tumingin kayo at mamangha kayo ng kagilagilalas; sapagkat ako'y gumagawa ng isang gawain sa inyong mga kaarawan na hindi ninyo paniniwalaan bagaman saysayin sa inyo. (Habacuc 1:5)
2. Ang pangmaramihan na pagtititpon ay umaabot sa mga tao na sa ilang tao ay naghahanap Ng Dios. Ito ay nagbibigay ng pagkakataon para sa pagpapakita ng kapangyarihan Ng Dios sa mga mananampalataya. Ito ay madaling umaabot sa mga tao ng mensahe ng Ebanghelyo at isang mahalagang paraan para sa pagabot sa mabilis na lumalagong populasyon ng mundo. Ang krusada ng pangmaramihan na panghihikayat ng kaluluwa ay nakatutulong makilala ang espirtuwal na lupa na handa sa anihin at ang resulta ay kadalasang patatayo ng bagong mga iglesya. Kung mayroon nang mga iglesya sa lugar, ang paglago ay nararanasan habang ang mga bagong nahikayat ay nadaragdag sa kanilang "fellowship".
3. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan ng bawa't paksa sa Ika-labing dalawang Kabanata.

IKA-LABINTATLONG KABANATA:

1. Nang magkagayo'y sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad, Kung ang sinomang tao'y ibig sumunod sa akin ay tumanggi sa kaniyang sarili at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin.
2. Ang tinutukoy ng salitang "nahikayat" ay ang bagong mga mananampalataya Ni Jesus na naging "born again" sa pananampalataya at naging bahagi ng Kaharian Ng Dios.
3. Ang "disipulo" ay nahikayat na naturuan sa pangunahing pananampalataya ng Kristiyano at may kakayahan na magtindig ng bagong nahikayat at turuan sila na maging disipulo. Ang kahulugan ng salitang "disipulo" ay mag-aaral, isang estunyante, isang tao na natututo sa pamamagitan ng pagsunod. Ito ay higit sa kaalaman sa isip. Ito ay pagkatuto na nabago ang uri ng pamumuhay ng isang tao.
4. Ang anim na bahagi ng kinakailangan ng madaling "follow-up" na pag-aalaga ay:
 - Kasiguruhan ng kaligtasan
 - Pagpaphayag Kay Cristo sa publiko
 - Bautismo sa tubig
 - Bautismo Sa Espiritu Santo
 - Pagpapaunlad ng "devotional life"

-Maging bahagi ng lokal na iglesya.

5. Ang siyam na prinsipyo na ipinahayag sa pag-aaral Nina Jesus at ng Kanyang mga disipulo ay :

-Pagpili	-Panuto
-Pagsama	-Pagpapakita
-Pagtatalaga	-Paggawa
-Pangitain	-Pangangasiwa
-Pagsugo	

6. Ang tunay na pagsubok ng pagdidisipulo ay nangyayari kung hindi ka na kasama ng mga dinisipulo mo. Sila ba ay nagpapatuloy na maging tapat at nagtuturo ng iba na may kakayahan na ipagpatuloy ang proseso ng pagpapadami?

IKA-LABINGAPAT NA KABANATA:

1. Sumasa akin ang Espiritu ng Panginoon, sapagkat ako'y pinahiran niya upang ipangaral ang mabubuting balita sa mga dukha: Ako'y sinugo niya upang itanyag sa mga bihag ang pagkaligtas, at sa mga bulag ang pagkakita, upang bigyan ng kalayaan ang nangaapi. (Lucas 4:18)

2. Ang pagpapalano ay makatutulong sa iyo na maging matalinong tagapamahala ng Ebanghelyo at mga pinagkukunan ng ministeryo katulad ng mga gusali, pag-aari, kagamitan, pananalapi, at espirituwal na mga kaloob ng mga mananampalataya sa iyong pangangalaga. Ang pagpapalano ay nagbibigay ng direksiyon, tumutulong sa iyo na gumawa ng magandang mga pagpapasiya, nagtatatag ng mga prayoridad para sa ministeryo, at ginagawa kang may pananagutan sa pamamagitan ng pagtataya. Ito ay nagbibigay sa iyo na kumilos ng may pagpapasiya sa halip na magbunsod sa panahon ng kagipitan.

3. Ihambing ang iyong paliwanag sa talakayan sa Ika-labing apat na Kabanata.

IKA-LABINLIMANG KABANATA:

1. Ay lubusin ninyo ang aking katuwaan, upang kayo'y mangagkaisa ng pagiisip, mangagtaglay ng isa ring pagibig, na mangagkaisa ng akala, at isa lamang pag-iisip;

Na huwag ninyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampikampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo, kundi sa kababaan ng pagiisip, na ipalagay ng bawat isa ang iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili;

Huwag tignan ng bawat isa sa inyo ang sa kaniyang sarili, kundi ang bawat isa naman ay sa iba't iba. (Filipos 2:2-4)

2. Ang “networking” ay pag-uugnay –ugnay ng maraming bahagi para makabuo. Sa payak na kahulugan, ang “network” ay binubuo ng mga tao na nag-uusap sa isa't isa ,

nagbabahaginan ng ideya, impormasyon, at mga pinagkukunan para matupad ang isang layunin.

3. Basahin ang I Corinto 12:4-31. Sa talatang ito ang Iglesia ay inilarawan bilang nagkakaisang katawan na maraming bahagi na may mga mananamapalayang may kaloob na magkakasamang gumagawa ng tungkulin sa ministeryo at misyon. Ito ay halimbawa ng “networking.”

4. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan sa Ika-labing limang Kabanata.

5. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan sa Ika-labing limang Kabanata.

6. Pagkakaisa sa espiritu.

7. Ihambing ang iyong paliwanag sa ibinigay sa Ika-labing limang Kabanata.

IKA-LABINGANIM NA KABANATA:

1. Ngunit lubhang magaan pa ang mangawala ang langit at ang lupa, kay sa mahulog ang isang kudlit ng kautusan.

Ang bawat lalaki na inihihiwalay ang kanyang asawa, at mag asawa sa iba, ay nagkakasala ng pangangalunya: at ang babaing inihiwalay ng kaniyang asawa ay nagkakasala ng pangangalunya. (Lucas 16:17-18)

2. Ihambing ang iyong mga sagot sa talakayan sa Ika-labing anim na Kabanata.

3. Limang uri ng karamdaman ay:

- Espirituwal na karamdaman
- Pisikal na karamdaman
- Emosyonal na karamdaman
- Mental na karamdaman
- Pinahihirapan ng demonyo

4. Ang “divine healing ay kung ang isang tunay Na Dios ay ipinahayag ang Kanyang kalikasan, tinupad ang Kanyang mga pangako, at kumilos sa Kanyang probisyon sa pagbabayad Ni Cristo sa pamamagitan ng pagpapagaling sa tao at gawing ganap ang katawan, kaluluwa, at espiritu ng isang tao.

5. Si Satanas ang pinanggagalingan ng karamdaman.

6. Ihambing ang iyong talaan sa talakayan sa Ika-labing anim na Kabanata.

7. Ang sakit na hahantong sa kamatayan o sakit para sa kaluwalhatian Ng Dios.

8. Ihambing ang iyong talaan sa talakayan sa Ikalabing-anim na Kabanata.

IKA-LABINGPITONG KABANATA:

1. Upang ang iyong daan ay malaman sa lupa, ang iyong pangligtas na kagalingan sa lahat ng mga bansa. (Mga Awit 67:2)
2. Ang “pabago-bago” ay isang bagay na nagdudulot ng iba’t ibang mga resulta.
3. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan sa Ika-labing pitong Kabanata.
4. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan sa Ika-labing pitong Kabanata

IKA-LABINGWALONG KABANATA:

1. At samantalang kayo’y nangangalakad, ay magsipangaral kayo, na mangagsasabi, Ang kaharian ng langit ay malapit na.

Mangagpagaling kayo ng mga may sakit, mangagpabangon kayo ng mga patay, mangaglinis kayo ng mga ketong, mangagpalabas kayo ng demonio: tinanggap ninyong walang bayad, ay ibigay ninyong walang bayad. (Mateo 10:7-8)

2. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan sa Ika-labing walong Kabanata.
3. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan sa Ika-labing walong Kabanata
4. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan sa Ika-labing walong Kabanata.
5. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan sa Ika-labing walong Kabanata

IKA-LABING SIYAM NA KABANATA:

1. Sa makatuwid бага’y si Jesus na taga Nazaret, kung paanong siya’y pinahiran ng Dios ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan: na naglilibot na gumagawa ng mabuti, at nagpapagaling sa lahat ng mga pinahihirapan ng diablo; sapagkat sumasa kaniya ang Dios. (Mga Gawa 10:38)

2. Nang-aakit na espiritu, espiritu ng karamdaman, masamang espiritu.
3. Ang kaloob ng pagkilala sa espiritu ay tumutulong sa mananampalataya para makilala ang espiritu na kumikilos sa iba at para madaling makilala kung ang tao ay may masamang espiritu na kumikilos o lumalaban sa kanya. Naiiwasan ang panloloko ng nangaakit na espiritu o espiritu ng panloloko. Ang isa na may kaloob nito ay makakikilala ng taktika at masamang motibo ng masamang kapangyarihan.
4. Ang pagsanib ng demonyo ay isang kalagayan na ang isa o higit sa isa na masamang espiritu (mga demonyo) ay nakatrira sa katawan ng tao at nangangasiwa sa kanilang biktima at kalooban nito.
5. Ihambing ang iyong talaan sa talaan na ibinigay sa Ika-labing siyam na Kabanata.

6. Ang ibig sabihin ng buyo sa demonyo ay maging interesado ka sa mga demonyo, kay Satanas, at sa okultismo.

7. Ihambing ang iyong sagot sa talakayan sa Ika-labing siyam na Kabanata.

8. Ang ibig sabihin ng pinahihirapan ng demonyo ay ang masamang kapangyarihan ay nagpapabagsak, lumalaban, o nanggagapos mula sa labas.

9. Ihambing ang iyong talaan sa talaan na ibinigay sa Ika-labing siyam na Kabanata

10. Ihambing ang iyong buod sa talakayan sa Ika-labing siyam na Kabanata.

IKA-DALAWAMPUNG KABANATA:

1. Ano pa't kayo'y naging uliran ng lahat ng nangananampalatayang nangasa Macedonia at nangasa Acaya.

Sapagkat mula sa inyo'y nabansag ang salita ng Panginoon, hindi lamang sa Macedonia at Acaya, kundi sa lahat ng mga dako ay natanyag ang inyong pananampalataya sa Dios; ano pa't kami ay wala nang kailangan magsabi pa ng anoman. (I Tesalonica 1:7-8)

2. Ang ibig sabihin ng salitang “iglesya” ay “isang pagtitipon ng mga tao na nasa Panginoon” o “ang mga tinawag mula” Ang salitang “iglesya” ay ginamit din para sa lokal na “fellowship” ng isahan na bahagi ng malaki ang pandaigdigan na Katawan Ni Cristo.

3. Si Cristo ang ulo ng iglesya.

4. Ang mga “born-again” na mga mananampalataya, ang mga tao na tinawag na “buhay na mga bato” sa I Pedro 1:5.

5. Mga apostol, propeta, ebanghelistang, pastor, guro, (Efeso 4:11-16)

6. Ang misyon ng iglesya ay:

Panghihikayat ng kaluluwa: Ang mga mananampalataya ay palagi ang abala sa pangangaral at pagtuturo ng Ebanghelyo, bautismuhan ang bagong nahikayat, akayin sila na maranasan ang bautismo Ng Espiritu Santo, kagalingan, at pagpapalayas ng mga demonyo.

Pagpapalakas: Ang ibig sabihin ng pagpapalakasan ay pagpapatatag. Ang mga mananampalataya ay nagtatanim ng iglesya para turuan, at pakainin ang bagong nahikayat hanggang sila ay maging ganap na mga disipulo.

7. Ang iglesya sa Tesalonica.

IKA-DALAWANGPU'T ISANG KABANATA:

1. Ay sumakaniya nawa ang kaluwalhatian sa iglesia at kay Cristo Jesus sa boong panahon magpakailanman. Siya nawa. (Efeso 3:21)

2. Ang sampung hakbang sa “cycle” ng pagtanim ng iglesia ay:

- Pagtatalaga sa mga manggagawa
- Kinatagpo ang mga tao
- Ipinahayag ang Ebanghelyo
- Nahikayat ang mga nakarinig
- Tinipon ang mga mananampalataya
- Natiyak ang pananampalataya
- Itinalaga ang mga lider
- Pinuri ang Iglesia
- Nagpatuloy ang kaugnayan
- Ang “cycle ay inulit

3. Ang pitong prayoridad ni Pablo ay:

- Mga lunsod
- Nakahandang tumanggap na bukirin
- Ang sarili niyang mga tao
- Hindi naabot na mga tao
- Grupo ng mga tao
- Pangmaramihan na paghahatid ng Ebanghelyo
- Isahan na pagdidisipulo

KA-DALAWAMPU'T DALAWANG KABANATA:

1. At...nangangapit sa Ulo, na sa kaniya'y ang boong katawan, na inaalalayan at nakalakip sa pamamagitan ng mga kasukasuan at mga litid, ay lumalago ng paglagong mula sa Dios. (Colosas 2:19)

2. Ang tinutukoy ng panloob na paglago ay espirituwal na paglago at ang pagunlad ng mga kaanib nito. Ang Iglesia ay lumalago ayon sa paglago ng bawa't isang kaanib nito.

3. Ang paglawak na paglago ay nangyayari kung ang mananampalataya ay makaaabot ng bagong nahikayat Kay Cristo at dalhin sila sa “fellowship” ng kanilang sariling lokal na iglesia. Ito ay magdudulot ng paglago sa bilang ng lokal na iglesia.

4. Pagdagdag na paglago ay nangyayari kung ang iglesia ay magsisimula ng isa pang iglesia sa magkatulad na kultura. Ang bagong iglesia ay dagdag na iglesia ng “mother church”, kung paano ang isang bata sa natural na mundo ay pisikal na dagdag ng mga magulang.

5. Ang pagtawid na paglago ay nangyayari kung ang Iglesia ay nagdaragdag ng kanyang sarili sa pagtawid ng bansa, pampalawikaan, o puwang na katutubo para magtanim ng bagong iglesya sa magkaibang kultura.